

Voiceless

(former Stop in the Name of Love!)

Written by:

Denny R.

HaveYouSeenThisGirl

Property of

www.haveyouseenthisgirlstories.com

CREDITS

Word Copy Compiled by:

Purpleyhan of Wattpad

Written year 2011.

AUTHOR'S NOTE:

Hi! I'm Denny, the epal author of this story. XD

Umm... enjoy reading the story kahit sho-shonga shongang katulad ko. XD

sa offline readers, sana magkatime po kayong magleave ng comments pagkatapos niyong mabasa ang story.

Pede po kayong magpost sa website ko o kaya naman sa facebook page ko:

<https://www.facebook.com/haveyouseenthisgirlstories>

I accept any comments from you guys kahit constructive criticisms. That'll be a good help for me to improve.

Kung may problems po sa copy na ito, please report it to me sa e-mail ko:

haveyouseenthisgirlstories@gmail.com

DO NOT COPY, DO NOT REDISTRIBUTE, DO NOT PLAGIARIZE, DO NOT PRINT AND SELL, DO NOT BUY A DONUT. (pero joke lang yung sa donut XD)

Ayun, shaddap na talaga ako para makabasa na kayo XD

enjoy!

Prologue

It's so **noisy**...
Can someone turn it **off**..
Please **stop** making noises...
Stop, *listen* to me please...

With all the **voices** around me, even if I try speaking...

I'll end up feeling so...

"Voiceless"

...can someone hear me?

Her name's **Momoxhien Clarkson**.
She loves Syntax Error, her fave band.
She meets 'em in a very embarrassing situation.
She gets to work for them.
She discovers a lot of things about her favorite band.

Then suddenly her life gets complicated, from a fan turns to a friend and... also a lover.

But she discovers **more**... can she bear all of it?

Up to what point can she consider herself a fan?

Introduction

From www.haveyouseenthisgirlstories.com

"34x54362746328+34242/34242x34325643342423427663264725 equals," tynype ko lahat ng yun sa calculator ko and voila, "Syntax Error! Mwahahaha!"

Tuwang tuwa ako sa tuwing nilalaro ko ang calculator ko at "syntax error" ang result. If it's a math test at yun ang result ng calculator ko eh magpapanic na ako syempre pero this is not a math test... this is L♥VE! Bwahaha. Syntax Error is L-HEART-V-E! Mwahaha. Ang landi landi ko. :)"3

Sino ba ang Syntax Error? Syempre sila ang BUHAY ko! Pero kidding aside, ang S.E. ay isang sikat na banda, new&rising. SE consists of 4 awesome, hot undeniably gorgeous inhumanly beautiful band members, 3boys and a girl:

Si **Zeke Micheal**, ang boy-next-door na guitarist ng banda.

Si **Mirko Capobianco**, ang hot&sexy half Italian basist.

Si **Corrine Laranza**, ang maganda but a bit tomboy-ish drummer.

And lastly, ahem... Hayaan nyo muna akong huminga ng malalim para mapigilan ang kilig ko...

"And lastly, si **Sync Mnemosyne** --- ang gwapong gwapong lead singer ng SE na palaging nire-rape ni Momo sa kanyang panaginip."

"Aila! How dare you! Ako dapat magpapakilala sa mga readers ng aking boyfriend!" opo, yung babaeng umepal sakin ay ang bestfriend kong si **Aila Santiez**, fanatic din yan ng SE pero more on "Drummerines" fan sya, Drums+Corrine = Drummerines. Patay na patay yan sa kagandahan ni Corrine, dyosa daw sa paningin nya si Corrine sa tuwing nagda-drums ito.

"Eh ang bagal mo eh, may pa-inhale exhale ka pang nalalaman," sabay kagat nya sa pringles na kinakain nya, recess na kasi namin, "Oo nga pala Momo, may concert sa Wattpad Coliseum ang SE sa Friday ah. Pupunta ka?"

"CONCERT?! SA FRIDAY?!" naitapon ko yung calculator ko sa table ko ng hindi oras, "HINDI NGA?! UWAAAAAAAAAAA! I'll definitely go! GORA NA! TARA NA! AS IN NOW NA!"

Pinagtinginan ako ng mga kaklase ko sa malakas kong sigaw, pasensya naman ganto lang talaga ako kaadik sa SE. v(*w*)v

"Hoy bruha, wag kang sumigaw. Tsaka OA mo ha, anong now na?! Sabi ko sa Friday pa po, Friday ba ngayon? Monday pa lang po iha!"

Nanlumo naman ako by the fact na Monday pa nga lang, "Di bale, tutulog na lang ako sa Wattpad Coliseum para ako kauna-unahan dun sa concert day para naman magkaclose up view man lang ako sa Syntax Error."

"Gagey. Ipinis ka sana dun. Hayaan mo na, 4days to go na lang naman before Friday eh."

Psh. Excited na ako eh. T3T

Oo nga pala, inuna ko pang ipakilala ang LOVE♥SE ko kesa sa sarili ko. Ako nga pala si **Momoxhien Clarkson**, senior sa

post-grad level ng Willford Academy. May kaya kami kaya dito ako napasok and I sing and play the piano eh kaso hindi ko sya pinapangalandakan, mas kuntento akong makinig sa iba kesa ako yung kumanta. :D

Pero kahit may kaya kami, hindi sinusupportahan ng parents ko ang fandom ko sa SE, hindi nila ako binibigyan ng pambiling CD at concert tickets. Boo them. T3T

Pero rain or shine, life or death, hunger or freedom... Whatever happens, pupunta ako sa concert ng Syntax Error sa Friday! By hook or by crook! Bwahahaha!

Sama ka? Wag na, bigay mo na lang sakin ticket mo! :D

Voice 1: Die hard fan

From www.haveyouseenthisgirlstories.com

"Aila! HUHUUH!" tawag ko kay Aila habang umiiyak ako sa harap ng computer ko.

"O Momo, anong nangyari?! Bakit ngumangawa ka dyan?!" bumangon naman sa highan ko si Aila(nasa bahay ko kasi sya) at lumapit sakin para tignan kung ano ba yung iniinyakan ko sa computer.

"Ano ba meron?"

"Basahin mo yung latest news about sa SE! Huhuhu!" ginawa naman nya ang sinabi ko and she reads it aloud.

"It is finally confirmed that the leader of Syntax Error's Sync Mnemosyne and the lead vocalist of ShoutLove! Grace See are not in a relationship anymore. It has been told... blahblah." nung matapos basahin ni Aila yung article ay nalungkot din sya.

"Sayang naman sila," sambit nito na sinang-ayunan ko naman. Oo, dead na dead ako kay Sync ng SE pero syempre pag nagkagirlfriend ang idol ko ay botong boto pa rin ako sa kanya as long as hindi mala-octopus ang pagmumukha at lalong lalo na ang ugali ng girlfriend nya. Maganda yung recent girlfriend nya at sa tuwing napapanuod ko sa tv yung Grace eh wala naman akong makitang problema o maipipintas sa kanya kaya naman todo support ako sa loveteam nila dati pero ngayon...

"AHUUH! Bessy! Paano na yan? Nakakabuang ang break up ng boyfriend ko kay GraceyGrace!" T_____T

"Ok lang yan bessy, don't take it too hard." she pats my shoulder to comfort me. Palibhasa kasi maka-Corrine sya kaya hindi super big deal sa kanya ang pangyayari sa Syncbabes ko, "Tsaka isa pa, atleast single na ulit ang loveydovey mo diba?"
smirk

Sa sinabing yun ni Aila, natauhan ako. Pinunasan ko ang mga luhat ko at unti unting nag-form ang isang wide grin sa aking mukha, "You're right bessy. Ngayong single na ang Syncbabes ko, gagawa ako ng paraan para mapansin nya and in all ways! BWAHAHAHA."

"Wait lang bestfriend, hanap lang ako sa youtube ng thunder sound effect para bumagay sa evil laugh mo. Para ka kasing baliw dyan eh. Asa pa namang mapapansin ka ng isang sikat na tao. Nasa northpole sya, nasa southpole ka lang kaya wag ka masyadong mangarap na maging boyfriend yun."

Sinimangutan ko si Aila at sarcastic na sinabi, "Napakasupportive mong bestfriend." (>__<)/°

xxx-xxx

Concert Day.

Sobrang dami ng tao sa Wattpad Coliseum, sa labas pa lang ha! Paano pa kaya sa loob! !(O__O)!

"Ayan, malapit na tayo sa gate," sabi ni Aila, nakapila kasi kami para ibigay sa entrance ang ticket namin, "Handa mo na ticket mo, Momo."

"Ah, oo." binuksan ko na yung mini bag ko sa side para kunin yung ticket ko na naghahalagang 5thou pesos! Oo, yung pinakamahal binili ko para may up close view ako ng SE. Ilang araw nga akong nagdiet at hindi nagrecess para lang mabili yung ticket na yan! >__<

Kalkal sa bag, bukas ng zipper ng bag, kalkal... sarado zipper, binuksan ulit at nagkalkal ng panibago.

"Oh ano na?" (?__?)<

"Teka lang Aila," nagpapanic na ako kasi halos itapon ko na sa floor ang laman ng bag ko pero wala pa ding ticket ang nag-a-appear, "Hindi ko makita ticket ko!"

"HA?! ANO?!" nagpanic na din si Aila, "Asan mo nilagay?! Dala mo ba?!"

"Hindi ko alam! Pero andito lang ata sa bag ko yun kanina eh!" chineck ko na rin ang bulsa ko pero wala.

"Hala Momo! Paano na yan?! Malapit na tayo sa entrance oh?" panic na panic na kami. /(*A*)\

"Nako, ano ba yan! Asan ba yung ticket na yan," iiyak na ako, "Aila sige, mauna ka na. Susunod na lang ako."

"Sigurado ka ba? Paano ka?"

"Bastaaaa! Sige mauna ka na, susunod na lang ako. Dont worry about me!" hindi ko na sya inantay sumagot at umalis na ako sa pila. Umupo ako sa isa sa mga pavements sa tabing kalsada.

"Asan na ba yun!" tinaktak ko yung lahat ng laman ng bag ko. Kinuha ko wallet ko, kinalikot ko din yun pero wala din dun. Chineck ko rin sa may face powder at lipstick ko pero wala din dun. Binuksan ko cellphone ko pero wala sa loob, chineck ko rin sa lagayan ng battery at memory card ng camera ko pero wala din dun. Binuksan ko din yung bottle ng tubig ko at tinapon ang laman nun pero wala pa din.

"Asan ba yung punyemas na ticket na yun?!!!" tumayo na ako para kapain ang damit ko. *Kapa kapa* sa mga bulsa, sa back and front pero wala. Chineck ko rin sa underwears ko pero wala din. Nilugay ko din buhok ko at kinapa sa buhok ko pero wala. Chineck ko sa rin sa sapatos at medyas ko pero...

WALA TALAGA.

Napatigil ako sa pagkapa ko ng makarinig ako ng tugtog ng drums at sumunod dun ang malakas na hiyawan mula sa loob.
No, it can't be...

"I woke up

*In the middle of the night
Out of luck
With this girl on my mind..."*

UWAAAAA! Kumakanta na si Sync! Boses nya yun! Sya yun! Uwaaa! Yung "What Does it Take" pa kinakanta nya! SHETTT!
Punyemas na ticket yan, asan ka ba! Ang mahal mahal ng binayad ko tapos mawawala lang?!

Nanlumo akong napaupo sa pavement.

"Buti pa si Aila nakapasok, sigurado up close ang view nya sa Syntax Error. Ito ang kauna-unahang concert na hindi ko mapupuntahan," pagpapadyak ko sa kalsada. Para akong bata dun na nagdadabog kasi hindi nabili ng nanay ng laruan.
(T3T)

*"She got away now
I'm trying to explain how..."*

"I fell inlove. That's what I like to call it..." sumabay ako sa pagkanta ni Sync. AHHH! Nakakainlove talaga ang boses nya!
♥ ___ ♥

I have to see him! Bilang #Zero fan, I'll do anything just to get in there with or **without** ticket! Pero kung hindi ako makakapasok sa main entrance, meron pa namang other entrance! BWAHAHAH! *Evil laugh*

*"But not enough
It's like I never saw it
Drifting away I am
Finding words to say
But it all goes..."*

Tumayo na ako sa pavement at sinimulan na ang "**Papasok ako, barilin nyo man ako**" operation.

"Woahh...But it all goes...Woahh..."

At dahil ilang beses na akong pumunta sa Wattpad Coliseum to watch SE's concerts eh memorize ko na lahat ng entrance/exit doors. Lakad, lakad and ta-da! Narating ko ang back door ng Wattpad Coliseum! At ito lang ang pintong may iisang bantay, yung ibang mga pinto kasi ay may 3-4guards at may naglalakihang bouncers. Sobrang higpit. Ito lang pinto ang chance ko. I'll barge in no matter what! Isa akong fan with a spartan spirit! *Determined eyes* \((+ ______ +)/

"But it all goes...Woahh..."

Inayos ayos ko ang buhok ko at nagretouch ng konti tapos lumapit dun sa manong guard.

"Excuse me," with my sweetest smile na sabi ko. Mabighani ka sa alindog ng ngiti ko! >:D

"Bawal dito Miss." straight-faced na sabi nito.

Tss. Inichapwera lang ang ngiti ko, mukhang mahihirapan ako sa isang 'to ah. Nilapitan ko nga sya tapos hinawakan ko sa shoulder at bumulong sa tenga nya with all my seducing power tone, "Gusto ko lang naman pumasok eh... pleaaaaseee?"

Pero... tinulak nya lang ako. = ___ =

"Bawal dito miss, umuwi ka na."

Bwisit. Hindi sya nadaan sa pang-aakit. Tumulikod na lang ako at nagtago muna to prepare plan B.

*"What does it take to get you
If I never met you
I wouldn't have ran
Across the country like
I'm out of my mind..."*

Kinuha ko yung polbo ko at pinolbohan ko yung buong katawan at mukha ko hanggang sa naging espasol na ako tapos kinuha ko lipstick ko at nilagyan lagyan ng mga ilang red line ang braso at mukha ko para magmukhang dugo kuno at pagkatapos nun nilagay ko ilang strand ng buhok ko sa mukha ko at bumalik ulit ako kay manong guard na nakataas ang dalwang kamay ko, shoulder level, sa harap ko.

"AWOOOOO! Ako ang kaluluwa ng babaeng nirape dito sa gilid ng Wattpad Coliseum. Papasukin mo akoooo kung ayaw mong mamatay, mamatayyyyy!" sabi ko sa pananakot na boses.

"Miss, hindi 'to child's play o halloween day. Umuwi ka na sa inyo." nanlumo ako sa sinabi nya, hindi umeffect yung plan B ko. T3T

Tinanggal ko na mga buhok ko sa harapan ko at pinunasan ang mukha ko ng kamay ko at humawak sa pantog ko, "Manong! Please na papasukin mo na ako! Jingle na jingle na ako oh! Pleaseeeeeee!"

"Edi dyan ka umihi!"

"Hindi pede manong, maarte ang pantog ko! It won't pee hangga't hindi nasa banyo! Pero manong, saglit lang, papasukin mo lang ako sa banyo! Sasabog na talaga pantog ko! Pag ito sumabog, mamamatay ako! Pag namatay ako mumultuhin kita! Sige ka manong! Kayaa pleaaaseeee?!!" pagfe-fake kong pagmamakaawa.

"No." sa dami kong sinabi yan lang sinagot nya. Isang malinaw na "No."

No-nohin ko mukha nitong guard na 'to! = ___ =

Inichapwera ang plan A, plan B at pati na plan C ko! I guess I have no choice, plan letter D! Plan naDedesperada na ako. T____T

"Manoooooooooong!!!" bigla akong lumuhod sa may paanan nya at niyakap ang legs nya na sinisipa ako para mapaalis.

"Huy ano ka bang bata ka!"

"Manong!" mas humigpit pa yung hawak ko na parang linta, "Parang awa nyo na po! Mamamatay na po ako bukas kaya papasukin nyo na po ako! May malalang sakit ako at ang makita lang ang SE ang syang pag-asa kong gumaling manong! Makita ko man lang sila! Pleaaaseee. I beg you manong from the bottom of my heart and lungs!!! Nagmamakaawa na ako kasama na po ang pasasalamat!!!"

"Ineng ano ba! Tumayo ka nga!"

"Ayawwww!! Manong naman eh!!" T__T hagulgol na ako sa paanan nya.

Pero I found a chance ng biglang magbukas ang pinto at may isang babae na staff ang lumabas, "Ano ba yang ingay na y----"

Hindi ko na sya pinatapos magsalita, ginrab ko na yung chance na parehas silang distracted at tumayo ako mula sa pagkakaupo ko at kumaripas ng takbo papasok! Not minding na natulak ko na yung babaeng staff.

*"What does it take to hold you
(Ah Ohh aah Ohhhhh)
When I'm here without you
(Ah Ohh aah Ohhhhh)
I don't know where to start
I gotta find you and your heart*

Before it falls apart..."

Pagkapasok na pagkapasok ko mas naging clear sakín yung kumakantang boses ni Sync.

*"I stayed up
In the dead of the night
I made plans
If they turn out right
You'll close your eyes and
Think about the times when
Think about it..."*

"Hoy! Tumigil ka ngayon din!!" nagwhi-whistle na si manong guard habang hinahabol nila ako.

*"We fell in love
But didn't try to say it
Knew what it was
The moment that we played it
We all lose sometimes
I can't get her off my mind
Whoa whoa
I'm Finding words to say
But it all goes
Whoa whoa..."*

Takbo lang ako ng takbo. Nakuuu!! Sa kabaliwan ko sa SE, pinasok ko ang sarili ko sa gulo. Ito na ata yung sinasabi nilang die hard fan syndrome. Shett. Wala ng urungan 'to, kelangan makahanap ako ng way para matakasan 'tong mga guards na 'to.

*"What does it take to get you
If I never met you
I wouldn't have ran
Across the country like
I'm out of my mind
What does it take to hold you
(Ah Ohh aah Ohhhhh)
When I'm here without you
(Ah Ohh aah Ohhhhh)
I don't know where to start
I gotta find you and your heart
Before it falls apart..."*

"Pigilan nyo sya!" sigaw nila sa ilang staff sa paligid pero dahil unaware pa sila ay nagawa ko silang itulak palayo sakín habang patuloy pa rin ako sa pagtakbo. Hindi ko na nga alam kung saan ako natakbo eh. >___<

*"What does it take to make it real
The world still spins and
I'm still feeling
Your hand right next to mine
I play it back thousand times
I wish I took a photograph*

*For every moment that we laughed
I'm hung up and can't relax
Because she's so far way..."*

Tae oh. Pag ako nahuli nila, patay talaga ako sa parents ko nito. > ___<

Pero teka... sa bawat pagtakbo ko, bakit parang palakas ng palakas ang kanta at sigawan ng mga tao?

*"What does it take to get you(x3)
If I never met you
I wouldn't have ran
Across the country like
I'm out of my mind
What does it take to hold you
(Ah Ohh aah Ohhhhh)
When I'm here without you
(Ah Ohh aah Ohhhhh)
I don't know where to start
I gotta find you and your heart
Before it falls apart..."*

Ah tama! Baka may malapit na entrance na sa concert hall! Tama!!! Takbo lang Momo, takbo. Pag nakapasok ka na sa concert hall tapos makihalubilo ka lang sa mga fans na nakikinuod hindi ka na nila mapapansin sa sobrang daming tao. Tama! Takbo lang! Takbo!

"Hoy tigil!" eek. Nasa likod pa rin si manong guard with companies na! Nakalingon ako sa kanila habang takbo ng takbo kaya hindi ko na namamalayan kung asan na ako nakakarating.

*"What does it take
I'm finding words to say
Before it falls apart
Yeah yeah
Before it falls apart..."*

Pero napatigil ako sa pagtakbo at nabato sa kinatatayuan ko kasi saktong pagkatapos na pagkatapos ng kanta eh bigla ko

lang namalayan kung asan na ako... Kasi saktong pagkatapos ng kanta... andito na ako sa may stage kasama ang SE...

Tumigil ang lahat. Tumigil ang kanta, tumigil sa pagtugtog ang banda, napatigil din sa paghiyaw ang mga audience, napatigil din ang mga humahabol sakin...

Silence. Complete silence. Lahat nagugulat sa pangyayari. At ako naman parang tangang nakakagat sa aking labi habang nakatayo sa may stage na parang tuod sa harap ng madaming tao, sa harap ng mga idol ko...

Punyemas. Ano 'tong pinasok kong gulo?!

Flash flash there, click click here ng mga camera. Patay, scadal 'to.

Patay ako sa mga magulang ko, patay ako kay Aila, patay ako sa mga SE♥LOVE fansclub, patay ako sa media, patay ako sa Syntax Error, patay ako kay Syncbabes.

Oo, patay ako, punta kayo sa burol ko. UWAAAAA!!! = _____ ="

Voice ♪ 2: Blonde Girl

From www.haveyouseenthisgirlstories.com

"Ahuhuhu! Next tissue please!"

"O," inabot ko yung tissue na binigay sakin ni Aila at siningahan ito ng malakas.

"AHUHUUHUHU! AJUUUUUU! AWOOWOO! UWAAAA!"

!!!!----WAPAK-----!!!!

"Aray! Bakit mo ako sinapak, Aila!" (T^T)

"Magtigil ka nga sa kakaiyak mo, mukha ka ng asong ulol dyan. Tignan mo nga 5box of tissue na nauubos mo! Maawa ka sa mother Earth, maawa ka sa bawat punong pinuputol para lang makagawa ng tissue na walang pakundangan mong sinisingahan!"

"Eh Aila naman kasi, look at this picture!" I hand her out my "TeenMag" na nakatiklop sa right article na gusto ko ipakita sa kanya, "Look how horrible I am in that picture! Para akong ginahasang multo dyan! Hindi ko pinangarap na humarap sa SyncBabes ko na mukhang espasol na may mga lipstick stains sa katawan!!!" (T_____T)

"Eh sino ba kasi may kasalanan? Sino bang nagplanong buhusan ang sarili ng sandamakmak na pulbo at sinulutan ng lipstick ang katawan tapos sumugod sugo sa backdoor ha?!"

"Ako..." nanlulumo kong sabi, "Ako may kasalanan..." (T3T)

"Yun naman pala eh! Kaya tumahan ka na dyan!"

"Bakit napaka-comforting mong kaibigan?" sarcastic kong sabi, "Imbis na damayan mo ako at sabihang 'ok lang yan friend, you looked like snow white naman there eh' eh dina-down mo pa ako lalo."

"Down-down mo mukha mo, I'm just being straight forward Momo."

"Can't you curl backward at times?"

"Ha?" (??_??)

"Lagi ka kasing straight forward, mag-curl backwards ka naman." T3T

!!!!----WAPAK-----!!!!

Sinapak nanaman po ako, battered bestfriend na talaga ako. Brutal masyado 'tong kaibigan ko. =___=

"Wag ka ngang korni. Umayos ka nga ng buhay mo Momo, kaya ka nato-trouble eh puro ka kasi kalokohan. Wala na tayong magagawa, andyan na yan eh. Nangyari na ang nangyari, na-expose mo na ang sarili mo sa madlang people, sikat ka na at #1 ka na sa laughing stock or target ng SE♥LOVE fansclub at other madlang people. Just look on the bright side, bukod sa nakita mo ng sobrang lapit ang SE especially ang SyncBabes mo eh sinong may alam, baka binabasa rin nila itong article na 'to at currently pinaguusapan o bukambibig ka na rin sa usapan ng Syntax Error. Who knows baka nakuha mo na talaga ang attention ng Syncbabes mo. Atleast he knows your existence na! Diba that's something great?"

"Maganda, magandang hypothesis," pumalampak ako sarcastically, "Alam nya na nga existence ko pero sirang sira naman ang image ko sa kanya at sa buong SE." =___=

"Well, hindi lang naman sa SE. Remember, sa madalang people ka mas in trouble. Pag lumabas ka sa malls especially sa concert tours ng SE ay malaki ang possibilities na may makakilala sayo at who knows kung anong pede nilang gawin sayo? Pero I'll bet na kukuyugin ka lang naman nila or pede rin namang bugbugin ka nila or mas better, ilalagay ka nila sa sako then itatapon sa ilog pasig." *big smile*

"Bruha ka. Hindi ko lubos maisip kung paano kita naging bestfriend." = __ =

She taps my shoulder, "Okay lang yan my friend. Don't worry, wag ka lang magpakita sa madlang people for a month at makakalimutan ka din nila agad. Madaling kukupas ang chismis."

Sa sinabi nyang yun, nagbrighten up ang mood ko, "Tama ka dyan bessie!"

"Pero syempre may mall tour sila sa Wednesday kaya ako pupunta ako. Videohan ko na lang para sayo ha?" (^w^)/≡

"Mall tour sa Wednesday?! Shett! I have to be there bessie! Uwaaaa!" _|_ |o

"Well, pede ka namang pumunta basta dapat ready ka lang sa consequences. Remember, hot stuff ka pa sa madlang people especially sa madlang SE♥LOVE."

Nanlumo lalo ako by the thought na hindi ako makakapunta sa mall tour. Yung uhog ko kelangan ko ng i-refill, paubos na kakasinga ko sa pag-iyak. (┌__┐)

•◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆•◦ •◦ •◦ •◦ •◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆

Sync's POV

•◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆•◦ •◦ •◦ •◦ •◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆

"#1 Fan's desperate move:

It was Syntax Error's recent concert when a girl totally white with messy hair and red stains in some parts of the body(which was claimed to be lipstick lines) appeared on the stage just after SE sang the song What Does It Take. It shocked everyone in the coliseum...blahblahblahblah... Some think it's just pure fandom, others say she's just crazy and some says she might be an anti trying to sabotage Syntax Error's concert."

"HAHAHAHA! Hindi ako maka-get over sa girl na 'to!" tumawa ng malakas si Mirko pagkabasa nya dun sa article.

"Bagay na bagay sa kanya yung kantang 'What Does It Take!' Hahaha! Parang she did everything just to get you Sync!

HAHAHA!" naghighfive sina Zeke at Mirko habang nagtatawanan.

(^ v ^)人(^ v ^)

"Magtigil nga kayo!" pagsaway ko sa kanila habang ini-a-adjust ko ang guitar ko, "Tsaka wag nyo nga mabanggit banggit sa akin yun, kinikilabutan ako dun sa babaeng yun eh. Whether anti or fan sya, she's just totally creepy!"

"Chos!" pinukpok ako bigla ni Corrine ng drumstick nya, "Taray mo talaga kahit kelan Sync. Okay naman yung girl ah, dapat nga magthank you tayo sa kanya fan man sya o anti kasi pinainit nya ang pangaln ng Syntax Error sa madlang people, naging usap usapan ang last concert natin at mas tumaas pa ang mga kanta natin! And besides din, na-cover up agad ang issue sa inyo ni Grace! O diba, instant tahimik ang lovelife scandal mo dahil sa crazy girl sa concert! Kaya wag mo ng tarayan yun, may utang na loob ka sa kanya in a way!"

Sabagay may sense si Corrine. Parang bula na nakalimutan na ng mga tao ang issue tungkol samin ni Grace. And I'm cool with that kasi ayokong sirain ng mga issue ang image naming parehas ni Grace. We went into a relationship pero hindi kami nagwork out kaya parehas kaming nainlove sa ibang tao and eventually we broke up. No hard feelings kami ni Grace, we're still friends kaya nga ayokong gawan pa kami ng issue ng mga taga-media at fans. Pero may new girl ako, nililigawan ko pa lang sya but I'm trying as hard as I can na itago sa madla ang tungkol sa kanya kasi ayokong kuyugin sya ng media. Hindi kasi sya artista or lumalabas sa tv pero sometimes, nagmomodel sya sa mga magazines. Kabatch mate ko sya nung naging highschool ako, ultimate crush ko sya noon at nagbalik yung pagkacrush ko sa kanya nung magmeet kami 2months ago sa reunion ng school ko sa Willford. Oo, alma mater ko ang Willford, kaka-graduate ko lang 2yrs ago pero hanggang post-secondary level lang ako hindi ko na natuloy magcollege dahil sa career ko pero siguro someday itutuloy ko studies ko.

"Amico mio," umakbay sakin si Mirko ang half-Italian basist ng banda, calling me 'Amico mio' whiche means 'my friend' in Italian, "Diba may mall tour tayo sa Wednesday, hindi ka ba natatakot na magshow up si Sadako? HAHAHAHA!" ㄟ (^v^)"

Nilagay ko kamay ko sa mukha nya at tinulak sya, "Tantanan mo nga ako!" (^ ^ λ)

I really can't help it, kahit may 'utang na loob in a way' ako dun sa sadako girl na yun eh hindi ko pa rin mapigilang wag magcreep out. Ang sabi kasi sa 'rumor', yung girl daw na yun ay patay na patay daw sakin. Sa bandang Syntax Error, mas sakin daw naka-focus yung sadako girl na yun. Brrr. Just the mere thought of it gives me the shivers.

•◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆•◦ •◦ •◦ ◦ •◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆

Momo's POV

•◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆•◦ •◦ •◦ ◦ •◦ •◦ ★•◦ •◦ ☆

Wednesday.

Jusko, kahit sa school kinukuyog ako sa kababalaghang ginawa ko sa concert ng SE. Total suffering din ako sa school. MYGOLLYNESS. Pero hindi lang ako sa school naghirap kasi simula ng concert na yun, hindi pa ako lumalabas ng bahay except pag papasok lang sa school but other than that, nakakulong na ako sa bahay. Bukod kasi sa grounded ako ay wala akong lakas ng loob para maggala sa kahit saang parte ng Manila baka kasi anytime may makakilala sa byutipul face ko at kuyugin ako. /Scared (> < ;)

Pero ito na, Wednesday na. May mall tour ang SE at itong walangyang bestfriend ko tinext pa ako.

From: Bessie ~ ★

Mwahahaha. Malapit na dumating ang SE! Kakantahin daw nila yung bago nilang song! Mwahaha (◡ω◡) ~ ★

O diba, the best ang bestfriend ko? The best mang-asar. (σ__σ)

Masisira na ang unan ko kasi kanina ko pa 'to kinakagat sa inis at lungkot... I badly need to go to that concert. T__T

Eh paano? Hindi naman pa ako pedeng humarap sa madlang people eh. T3T

"Bunso!" biglang may kumatok sa pinto ng kwarto ko, yung kuya Memo ko, "Kakain na."

"Che! Lubayan nyo ako! AJUUUU!" oo, dahil sa pagluluksa ko sa hindi ko pagpunta sa malltour ngayon ng SE eh kanina pa akong hindi nalabas ng kwarto ko, ni hindi pa ako nagtatanghalian eh samantalang 8pm na. Ganto ako kabaliw sa SE, oo I'M OUT OF MY MIND I KNOW. T____T

"Bunso naman eh!" katok pa rin ng katok si kuya Memo.

"Cheee! Leave me alooooooneee! Lemme die in peace! Ajujuju!"

Pero ayaw nya ako mamatay in peace kasi kinuha nya yung duplicate key ng kwarto ko at pumasok tapos umupo sa tabi ko sa aking kama, "Bunso, it's time to eat."

"Che!" galit ako sa mundo. T__T

"Iniiyakan mo pa rin ba yang SE na yan, bunso?"

"Eh kasi naman kuya eh," humarap ako sa kanya at nagsumbong, kuya's girl kasi ako eh palibhasa laging wala ang parents namin sa bahay, "May mall tour ngayon ang SE eh!"

"Eh anong problema? Bakit hindi ka pumunta?"

Sumimangot ako, "Kuya naman eh sa tingin mo makakapunta ako dun kung hot stuff ako sa paningin ng mga fans ng SE?! Baka hindi ako makauwi ng buhay noh, yung iba kasi iniisip na anti-SE ako at may balak isabotage ang concert ng SE."
T__T

"Ikaw naman kasi kung anu-ano kasi kalokohan ginagawa mo sa buhay eh."

"KUYAAAAAAAA! Gusto ko talagang pumunta sa mall touurrrrr!" para na akong tangang nagngangangawa dito. River na ng luha sa kwarto ko.

"O sige bunso," bigla nyang kinuha ang phone nya at nagdial, "Tatawagan ko si Aly para may maitulong sayo."

"Ayy shett, si Ate Aly?! Sige kuya Memo!" yeee! Si Ate Aly? Ah, sya lang naman ang lovelife ng kuya Memo ko. (●> ω •)

"Aly," uyy si kuya huminhin yung boses, nagpapasweet voice effect kay Ate Aly, lakas tama talaga oh, "Umm yeah, gusto kasi pumunta ni bunso sa mall tour ng Syntax Error pero diba nabasa mo naman yung article tungkol sa kanya? Yup, yun nga kaya hindi nya magawang makalabas at makapunta sa mall tour."

Yikes. Nabasa din ni Ate Aly ang kalokohan ko, hiyang hiya na talaga ako sa katawang lupa ko.

(*´д`*)

"Yeah, yun nga pero pede mag-ask ng favor? Ayusan mo naman sya in a way na hindi sya makikilala ng mga tao para naman makapanuod sya ng mall tour later. Yeah, pede ngayon? Okay okay, sige... See ya, Aly."

Binaba na ni kuya yung phone kaya naman para akong puppy na nagtanong sa kanya, "Anong sabi ni Ate aly? Anong sabi? Anong sabi?" (♡'v'♡)

"Kain muna tayo tapos magbihis ka na, pupunta tayo sa bahay nya ngayon." hindi maitago tago ang mga ngiti sa labi ni kuya Memo.

"Asus, malandi ka kuya Memo. Ginagamit mo lang ata ako para makapunta kina Ate Aly eh. Ayeeee!"

Haha! Namumula si kuya Memo which means guilty! Pero ok lang, boto naman ako kay ate Aly para kay kuya. (^__^)/

xxx-xxx

Sa bahay ni Ate Aly...

"Ochibiiii!" excited na niyakap ako ni Ate Aly.

Syempre hinug-back ko sya, "Oneeee-chaaaann!"

Dahil parehas kaming mahilig sa anime, we use japanese terms like 'ochibi' which means 'bunso' and 'onee-chan' for 'big sister'.

"I heard kelangan mo ng 'look' na hindi ka makikilala para mapanuod mo ang mall tour ng SE ngayong gabi?"

"Oo, onee-chan!" T__T

"Don't worry, ang onee-chan mo ang bahala sayo. Memo," humarap si Ate Aly kay kuya Memo na kasalukyang hindi mapakaling nakatayo pa rin sa may pintuan ng bahay nina Ate Aly, "Pede kang pumasok sa bahay ko, alam mo yun?"

"A-oh o-okay," kelan pa naging bulol ang kuya ko? Mehehe. Kinikilig ang bilbil ko sa kanila! :D

"Maupo ka muna sa sofa. Mama!" tinawag ni ate Aly ang nanay nya na nasa kusina ata, "Kayo po muna bahala sa bisita ko dito sa sala, pupunta lang ako sa kwarto ko!"

Tapos humarap ulit si Ate Aly kay kuya Memo, "Fishy, dyan ka muna ah? Akyat lang kami ni Momo sa kwarto ko ah? Aayusan ko lang sya. Babalik din agad kami, saglit lang 'to. Pag may kelangan ka, tawagin mo lang mama ko."

"Mama!" sumigaw uli sya para tawagin mommy nya, "Iwan ko na po bisita ko sa iyo ha? Wag mo pong re-rape-in, thank you!"

Natawa ako sa sinabi ni Ate Aly at na-freak out naman si kuya Memo.

Nagdiretso kami sa kwarto ni Ate Aly, ang cute lang ng kwarto nya punong puno ng anime posters tapos may big shelf sya dun na puro manga ang laman tapos andami nya pang chibi stufftoys, otaku na otaku talaga si ate Aly.

"I think you'll need a wig," pumunta sya sa "costume" closet nya, oh have I mentioned na cosplayer si Ate Aly? Yup, she attends cosplay cons kaya madami syang wigs and stuff, "Anong gusto mong wig? I got lots of variations here, pili ka lang."

Iniscan ko mga wigs nya at pumili ako ng isa, "Ito! This is perfect! Walang makakakilala sakin!"

Isinuot na ni Ate Aly ang wig na napili ko, isang blonde wig na shoulder level na may big curls sa bawat dulo tapos may pink bonnet pa sya. After that, minake up-an nya ako in a way na medyo ma-a-adjust ng konti ang features ko para hindi ako agad agad marerecognize basta wag lang ako titigan ng matagal.

Nang matapos na kami, hinatid ako nina kuya Memo at Ate Aly sa mall. Humiwalay na ako sa kanila syempre pagkarating sa mall para naman magka-quality time together sila... mwahaha.

Pumunta na ako sa floor kung saan andun ang Syntax Error. Andaming tao at kitang kita ko kahit nasa malayo ako ang poging poging hot SyncBabes ko na kumakanta sa stage habang ini-strum ang gitara.

"Check yes Juliet

*Are you with me
Rain is falling down on the sidewalk
I won't go until you come outside"*

Waaa ang ganda ng new song nila! Ito ata yung Check Yes Juliet! :)"3

"UWAA! KYAAA!" parang back up singers 'tong mga fans sa sigaw nila, "CHECK YES JULIET!"

Gusto ko din makisigaw at makikanta at magcheer sa SE kaso baka may makapansin saakin... I don't want to attract anyone's attention right now, ayoko ng trouble kaya naman relax na tatayo lang ako dito at manunuod at ieenjoy na lang ang pakikinig sa Syncbabes ko.

*"Check yes Juliet kill the limbo
I'll keep tossing rocks at your window
There's no turning back for us tonight..."*

Yeah... Peace and Calm. ♪♪

*"Lace up your shoes
A O A O O
Here's how we do*

*Run baby run
Don't ever look back
They'll tear us apart if you give them the chance
Don't sell your heart, don't say we're not meant to be
Run baby run, forever will be
You and me..."*

Yeah... Peace and Calm. ♪♪

"Teka, yan yung Syntax Error diba? Yan ba bago nilang kanta?"

Yeah... Peace and Calm. ♪♪

"Yucks and baduy. Tapos feeling pa sila na matatalo nila ang Runaway? Mas magaling pa rin talaga ang Runaway, pwet lang ang Syntax Error."

Yeah... Peace and Calm. ♪♪

Peace and Calm. ♪♪

Peace and...

ANONG SABI NILA?! HINDI BA AKO NAGKAKAMALI NG PANDINIG?! NILAIT BA NILA ANG SE♥LOVE KO?! AT IKINOMPARA PA NILA SA BANTUTING BANDANG RUNAWAY?! WALANG PEACE AND CALM! GYERA AT DUGO ANG MANGYAYARI SA MGA BINITAWAN NILANG SALITA AGAINST MY BELOVED SYNTAX ERROR!

"Hay nako waste of time lang talaga sila," tumalikod na yung dalwang babae pero dahil sa SEBLOOD na nananalaytay sakin ay hindi ko sila hinayaang umalis. Hinigit ko silang parehas sa mga buhok nila at dahil dun napa-aray sila at lumingon sakin.

"Hey! How dare you pull our hair!"

"HOW DARE YOU MO DING LAIT LAITIN ANG SE HA?! GUSTO MONG MAKALBO NG HINDI ORAS?!"

"So you're one of these freakazoid fans ng bobong syntax error?" tinaasan ako ng kilay nitong dalwang Avatar na 'to.

"Anong tinawag nyo sa Syntax Error?!" naninigkit na yung mga mata ko. + _____ +

"B-O-B-O." at talagang ini-spell pa nila? Talagang sinusubukan nila ang temper ko ah. =__=

"Bobo?! Sino kayo?! Oo bobo kayo! Bakit maka-ano ba kayo? Mga fans ba kayo ng Runaway ha?! Nung bulok buluking bandang yun?!"

"Sinong tinawag mong bulok?!" hah! Nahuli ko din sila, mga anti-SE nga 'tong mga 'to at maka-Runaway. Malaki talaga ang feud between SE at Runaway fans dahil best rival sa music industry ang dalwang banda ito. Laging nagkakatalo sa ratings, hitcharts at ranking ang dalwa. Pero of course, mas prefer ko ang SE♥LOVE ko noh! Ayaw ko sa Runaway, mukha silang mga maangas at mayabang. =__=

"Yang kaderder na Runaway! Bulok! Bulok! Saging na bulok! Ipakain na sa mga unggoy!" pinoprovoke ko pa sila. Sila naman nagpanimula eh, kung ayaw nila sa SE eh bakit andito pa sila at nakikinuod?! Mga leche! >__<

"Kapal mo eh! Tignan mo nga yang Syntax Error, pangalan pa lang ang bantot bantot na! Sino ba naman magpapangalan sa banda nila ng isang mathematical term? Bagay sa kanila pangalan nila, isa silang malaking ERROR sa music industry!"

Pigilan nyo ako, ingungudngod ko na sa floor 'tong mga avatar na 'to, "HOY! HOY! Atleast ang SE♥LOVE ko marunong gumamit ng mathematical terms hindi tulad ng Runaway! Napakabantot ng name! Runaway? Oo, mga runaway sila! Mga duwag, mga walang binatbat kaya dapat mag-runaway na nga sila. As in, shuupiiii shuupiiii!" niwave ko pa kamay ko na parang nagpapaalis ng aso.

"Aba! sumusobra ka na ah! Gusto mo ng away?!"

"Aba! Hinahamon nyo ako? Suntukan gusto nyo? Ano ano?!" tinaas taas ko sleeves ng damit ko, "ARF ARF! GRRRR!"

"Ohmygosh sister, may rabies ata yan. Wag na nating patulan!"

"Naku uu nga im so scared na. Tara na! Eek!"

"Hoy bumalik kayo dito! Grrr! Mga duwag, mga runaway nga kayo! Duwaaag!" pahabol sigaw ko dun sa mga avatar na tumakbo na palayo pero saktong pagsigaw ko eh naka-catch ako ng attention ng ilang mga fans sa likod at dahil nagbanggit ako ng word na "Runaway" eh ang sama ng tingin nila sakin.

May isang lumapit sakin at tinitigan akong mabuti sa mukha, "You look familiar."

Shitroubles. Mabubuking pa ata ako ng hindi oras nito ah. >__<

"He-he-he. Hindi ah, we never met before. Taga ibang planet ako, kahapon lang ako nag-land sa Earth specifically sa Philippines." (°u°)v

"No! You're familiar! Hindi ako pedeng magkamali, iba lang ang hair color mo at may maayos ka lang na make up pero nakikilala kita, ikaw yung sadako girl na nagbalak isabotage yun last concert ng SE! Ikaw yun! Girlsss!!!" ay shett, nagtawag pa sya, "Si Sadako girl andito! May balak nanaman syang isabotage ang SE♥LOVE!"

Parang mga terminator slash zombies silang mga tumingin sakin, mga halos sampo ata sila sa backline at...

TAKBOOOOOOOOOOOOOOOOOOO!!

Oo, hinabol nila ako. Alam ko gusto nila akong kuyugin. >__<

Nagpapasalamat na nga lang ako na 11 lang silang nakapansin at humahabol sakin.

*"Check yes Juliet
I'll be waiting
Wishing wanting yours for the taking
Just sneak out and don't tell a soul goodbye*

*Check yes Juliet
Here's the countdown:
3,2,1 you fall in my arms now
They can change the locks,
don't let them change your mind.."*

Shett. Para akong nagnakaw ng something at hinahabol ng maraming mga asong may rabies na gustong gusto akong lapain. Shett. Ang hirap pa lang maging wanted. >__<

"Lace up your shoes

A O A O O

Here's how we do

Run baby run

Don't ever look back

They'll tear us apart if you give them the chance

Don't sell your heart, don't say we're not meant to be

Run baby run, forever will be

You and me..."

Saan? Saan ako tatakbo? Saan ako magtatago? Kelangan kong makapagtago bago ako mapagod at maabutan ng mga werewolves na 'to!

"We're flying through the night

We're flying through the night

Way up high

The view from here is getting better with you

By my side

Run baby run

Don't ever look back

They'll tear us apart if you give them the chance..."

Left, right, up and down! Kung saan saan na ako nagpalinga linga ng matataguan! Napapagod na ako kakatakbo. >__<

PARKING LOT.

Okay sa alright! Naghyper speed na ako sa takbo at pumasok sa parking lot, naghanap agad ako ng matataguan... hinihingal na ako ng may makita akong isang manong na bumaba ng van at iniwang bukas ang pinto at dahil naririnig ko na ang mga yabag ng mga serial killers ko ay hindi na ako nagdalwang isip pa at pumasok ako dun sa loob ng van at sumuksok sa may ilalim ng upuan sa likod. Maraming kalat sa sahig kaya naman kinuha ko yung isang bag na nakakalat at tinakip sa kin habang para akong pusang nakapilipit sa ilalim ng upuan.

"Asan na yun? Nakita ko syang dumaan sa parteng ito eh! I know!" naririnig ko sila, malapit lang sila sa kin. Shett, sasabog na ata puso ko sa sobrang lakas at kaba.

"Baka pumunta na dun sa kabilang parte! Hala tara!" unti unting naririnig ko ang paglayo ng mga yabag nila hanggang sa mawala na sila ng tuluyan.

"I think I'm safe." tatayo na sana ako para umalis ng mawala sa isip kong nasa ilalim ako ng upuan kaya naman walang ingat akong tumayo, una munang inangat ang ulo ko in a way na sobrang bilis na biglang nauntog ng malakas sa may upuan sa taas ko. At dahil sa lakas ng pagkakauntog ko sa upuan eh nahilo ako ng sobra at unti unting nawalan ng malay...

*"Don't sell your heart, don't say we're not meant to be
Run baby run, forever will be
Run baby run, don't ever look back
They'll tear us apart if you give them the chance
Don't sell your heart, don't say we're not meant to be
Run baby run, forever will be
You and me
You and me..."*

◦ ◦ ◦ ★ ◦ ◦ ☆ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ★ ◦ ◦ ☆

Sync's POV

◦ ◦ ◦ ★ ◦ ◦ ☆ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ◦ ★ ◦ ◦ ☆

"Kyaaaa! Ampogi mo Sync!"

"Uwaa! I love you Syntax Error!"

"Mirko te amoooo!"

"Uwaaa! Ang kyoot kyoot mo Corrine, pakasal na tayo!"

"Zekeee! Makalaglag panty ka!!!" "Ate, pati brief ko noh nalaglag!" "Ay bakla manahimik ka!"

"Waaa! Syntax Error is love!!!"

Jusme. Nakakabingi! Humina lang ang volume ng makapasok na kami sa van at umandar na ito. Pero maririnig pa rin ang sigawan nila at ang mga camera nila ay patuloy pa rin na nagfa-flash kahit tinted naman yung van namin. Abnormal din 'tong mga fans na 'to eh, sino ba naman magpipicture ng van na tinted? =__=

"Ah nakakapagod!" sambit ni Corrine pagkasalampak nya sa upuan sa tabi ko. Sina Mirko at Zeke, dropdead ding nakaupo sa harapan namin ni Corrine habang tahimik lang nagdadrive si manong driver katabi ang manager namin. Nakakapagod talaga kasi after ng mga kanta eh may autograph signing pa. Walandyek lang. =__=

"Guys, maaga ang gising bukas ha?" lumington samin si manager, "May practice pa kayo para sa bago nyong music video."

Aaah grabe, hindi na maubos ubos ang activities. Nakakapagod talaga. =__=

"Sync,"

"Oh?"

"Patingin nga kung andyan yung pouch ng mga guitar picks ko." paguutos sakin ni Zeke.

Hinanap ko naman sa may sulok sulok ng upuan pero wala kaya sinubukan kong kapain sa makalat na sahig ng van. Grabe, ang kalat ng sasakyan. =_=_

kapa kapa sa sahig

Teka... nung kumapa ako sa ilalim ng upuan ko bakit parang may nahahawakan ata akong malambot? Pinisil pisil ko pa ito... ano 'to? Bakit parang may...

Hindi na ako nagdalwang isip at lumuhod sa sahig para silipin kung ano yung nasa ilalim...

Nagitla akong makakita ng isang blonde girl sa ilalim ng upuan, "SINO KA?! ANONG GINAGAWA MO DYAN?!" O__O

"He-he... H-hi?"

Voice ♪ 3: Miracle in disguise

From www.haveyouseenthisgirlstories.com

"Guys, maaga ang gising bukas ha?" naalimpungatan ako sa nagsalita "May practice pa kayo para sa bago nyong music video."

T-teka?! Asan ako?! Bakit nasa ilalim ako ng upuan ng kotse? Bakit nararamdaman kong gumagalaw 'to?!

~~~ Woosh FLASHBACK ~~~~



Yikes! Pumasok nga pala ako dito as only hope of escape sa mga serial killers ko! >\_< Pero... nauntog ata ako ng pagkalakas? Actually, ang sakit pa nga ng ulo ko, bumukol ata. >\_\_<

"Sync," what?! May nagbanggit ng pangalan ng SyncBabes ko?! Teka boses ata yun ni Zeke ng SE? O\_\_\_O

"Oh?" teka... yung nag-"oh" ba ay si Syncbabes? At nanggagaling sa taas ko yung boses nya. O\_\_\_O

"Patingin nga kung andyan yung pouch ng guitar picks ko..." hindi ako nagkakamali, boses nga ni Zeke ng Syntax Error yung nagsalita at kung ganun...

Bukod sa nakaupo sa taas ko si Syncbabes ay... nasa mismong van ako ng Syntax Error! I can't believe this! Kyaaa! Kinikilig ako pero hindi ko magawang i-express kasi konting galaw at ingay ko lang eh mabubuko ako ng hindi oras. Matotrouble nanaman ako pag nagkataon. >\_\_<

Pero teka... bakit may kamay na kumakapa sa sahig... at teka, palapit na sakin yung kamay, sinubukan kong umurong pero wala naman akong mauurungan kaya nahawakan nya ang braso ko... yikes! Pinisil pisil nya pa! Diyos ko po, wag Nyo naman po sanang hayaang mabuko nila ako. Sana isipin nya na marshmallow lang yung nahawakan nya. >\_\_<

Tumigil sya sa pagpisil at bumitaw sa braso ko, hihinga na sana ako ng maluwag ng bigla biglang lumuhod ito sa sahig at sinilip ako...

Nagsalubong yung mga mata namin...

( \*\_\* ) --> eye to eye <-- (\*\_\* )

then...

( >\_< ) --> eye to eye <-- (o\_\_\_O)

"Sino ka?! Anong ginagawa mo dyan?!!!"

"He-he-he..." hindi ko alam ang gagawin ko pinagpapawisan ako kahit de-aircon ang kotse, "Hi?"

"STOP THE VAN!" mabibingi ata ako sa sigaw nya na nagpatigil ng biglaan sa van at bigla nyang hinawakan ang pulso ko at hinigit ako palabas ng van. Kikiligin na sana ako kasi hinahawakan nya pulso ko pero imbis na kilig ang nananaig sakin eh takot. Kasi naman sino bang hindi matatakot sa mga naninigkit nyang mga mata? >\_<

"Sino ka?!" pagkababang pagkababa sa van eh binitawan nya ako at itinulak, napasandal tuloy ako sa van.

"Woah, woah. Saan nanggaling yan?" unti unti ng nagbabaan ang members ng SE pati na rin yung driver at isang babae mula sa front seat ng van.

Hindi ako makaimik dun, kagat kagat ko ang labi ko habang nakatungo at nakasandal ako sa may van. Pinapaligiran nila ako. >\_\_<

"Sino ka?! Anong ginagawa mo sa loob ng van namin ha?!" uwaaa. Sinisigawan ako ni SyncBabes. Hindi ko pinangarap na masigawan ng idol ko. T\_\_T

Paano ba ako makakatakas sa situation na 'to?! Baka anytime ay mamukhaan na nila ako. >\_<

Isip Momo, isip isip ng paraan. >\_\_\_\_<

\*TWEAK!!\*

"Look! May octopus na lumilipad!" sa sinabi kong iyon mga nagsilingunan sila sa direksyon na itinuro ko kaya ginrab ko na yung chance na makatakas.

Tatakbo na sana ako ng may nakahawak sa dulo ng buhok ko, "Saan ka pupunta!!"

"Ayo!!!" napasigaw ako kahit hindi masakit yung pagkakahigit nya sa buhok ko, ang kaso lang... sa pagkahigit nya ay natanggal ang wig ko tapos hinawakan nya agad ako sa braso para hindi ako makatakas. >\_<

"Wig?!" nabigla silang lahat tapos bigla akong nilapitan ni Corrine at waring sinisipat ng mabuti.

"Aha!" bigla nya akong pinukpok ng drumstick nya sa ulo pero mahina lang, "Sabi ko na may kamukha ka eh! Ikaw yung sadako girl sa concert!"

"WHAT?! SYA YUN?!" bigla akong binitawan ni Syncbabes at hinagis sa sahig yung wig na wari mo ay nandidiri sa akin.  
T\_\_T

"Yup," hinawakan ako ni Corrine sa balik at hinarap sa kanila, "Sya nga." (^\_\_^)\

"IKAW! Stalker ka talaga noh?!" ewan ko, hahampasin ata sana ako ni Syncbabes kaya naman nilagay ko ang dalwa kong kamay sa harap ko para patigilin sya sa kung anumang gagawin nya saakin.

"STOOOOPPPP!" napatigil naman sya, eto na since nahuli na nila ako, I might as well confess, "Bago nyo man ako dalhin sa aking libingan, may mga huling habilin lang akong gustong sabihin."

"Huling habilin?" =\_ =

"Ang totoo nyan, hindi ako isang stalker... medyo lang? Tapos hindi ako katulad ng sinasabi nila na anti nyo, fan nyo ako! Wala din sa plano ko ang sabotaje kayo! At higit sa lahat, hindi ako tao! DYOSA AKO!" V(^\_\_^)\

"Sasapakin kita eh!"

"Eek!" napaurong ako sa takot kay SyncBabes at dahil dun napahawak ako sa likod ni Corrine.

"Haha! Chill pre," hinawakan sya ni Mirko sa balik, "Masyado kang hot eh, let's hear her out muna."

"Oo nga naman, bayolente ka masyado Sync." pagkukumento din ni Zeke.

"Tss! Umayos ayos ka kasi ng page-explain, magloko ka pa sasapakin na talaga kita." dinuro nya ako ng hintuturo nya kaya napatango na lang ako sa kanya. Eek, bakit ganto Syncbabes ko? Don't tell me he hates me that much na?! (ToT)

"Sorry po. Yung nangyari kasi sa concert, gusto ko lang naman makapasok at mapanuod po kayo ang kaso lang yung ticket na binili ko ay nawala. Sa sobrang desperation ko, sinubukan kong pumasok sa back door kaso hinabol ako ng guard at mga staff kaya tumakbo ako at hindi ko na namalayan na napunta na pala ako sa stage." >\_<

"Eh bakit parang espasol ka nun tapos may red lines ka pa? Bakit parang sadako ka?" pagtatanong ni Corrine.

"Plan B lang yun."

"Plan B?"

"Plan B para makapasok sa back door. I was that desperate na mapanuod kayo eh." T\_\_T

"Oh yun naman pala Sync eh! Si miss blonde gusto lang naman pala tayo makita eh! Kaya wag ka ng masyadong harsh!"  
natatawang comment pa ni Mirko.

"Eh bakit ka nasa loob ng van ha?! Sige nga explain mo nga sakín yun?!!" - \_\_\_ -

Huminha muna ako ng malalim saka nagpaliwanag. Nakinig naman sila sa explanation ko at mukhang hindi naman sila nagdoubt sakín well, maliban sa SyncBabes ko. T\_\_T

"I don't believe you! Sinadya mo lang siguro talaga lahat ng yun! You're planning something or maybe you're really just out of your head! You're crazy!"

"Oo, baliw ako!" hindi ko na matiis 'to. >\_\_<

"See, 'ya heard her guys, sabi sa---"

"Oo baliw ako! Baliw na baliw ako sayo Sync Mnemosyne! Alam ko imposible ito pero I think I'm inlove with a rockstar, with you..." >\_\_<

Lahat sila natulala sa confession ko. >\_\_<

"Bata, studyante ka ba?" nabigla ako sa biglang pagsasalita nung isang middle aged woman whom I think is their manager. Familiar kasi yung mukha nya eh, madalas kong nakikita mukha nya sa shows, interviews at sa magazines kasama ang SE.

"Ha? Opo. Hala wag nyo po ako irereport sa school ko please." >\_\_<

"Gusto mo ba ng part time?"

"Po?" hindi ko talaga nage-gets kung bakít nya ako tinatanong ng mga gantong questions. >\_\_<

"Manager! Anong binabalak mo ha? Mabuti pa tumawag na tayo ng pulis at ireport yang babaeng iyan."

"HUWAAAA! WAg po! Please wag nyo po akong isumbong. Promise hindi na po mauulit." T\_\_T

"Talagang hindi na mauulit dahil ipapakulong na kita!"

"Manahimik ka nga Sync," biglang pinigilan nung manager nila sa pagda-dial sa telepono si Syncbabes, "Bata, anong pangalan mo?"

"Po? Ako po?" dumbfounded na tinuro ko sarili ko, "Momo po, Momoxhien Clarkson."

*"Kung may spare time ka pa, pede kang magpart time as P.A. ng Syntax Error."*

Sari-sari yung reactions naming lahat sa sinabi nung manager ng SE.

Sync: "Ano?! Nahihibang ka na ba? Magha-hire ka ng baliw? Gusto mo bang ma-curse ang SE?! This is so unbelievable!"

Mirko: "Mi piace!(I like) Nice one manager! Welcome sa family, blonde baby!"

Zeke: "Walang problema sakín yan." (^\_\_^)

Corrine: "Yeeee! Exciting 'to. May bago tayong PA! Don't worry kid, you can treat me as your ate. Marunong ka bang magdrums? Gusto mo turuan kita?" (^\_\_^)\

Driver: "Wala na atang gasolina, makapagpagasolina na mamaya. SA na hindi nagtaas ang diesel."

"PA, as in personal assistant po ng Syntax Error?" O\_\_O

"Yup, kung studyante ka pa lang, we can always work out with your schedule."

"Ok po!!" /( \* \_\_ \* )\

Ok po... ok po... Hindi na ako nag-isip, um-oo na lang agad ako... Eh paanoba naman akong hindi makakatanggi? Ikaw ba kung magiging kahit PA ka lang pero makakasama mo ang mga idol mo like everyday, hindi ka ba naman papayag? \ (♥\_\_\_\_♥)/

UWAAA. Yung mga recent disasters ko, hindi ko akalaing miracle in disguise pala. Ohgosh. >\_\_<

## **Voice ♪ 4: Welcome to the family**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"Eee! Naeexcite ako bessy!"

"Sino bang hindi? This is it, makakapasok na tayo sa network building kung saan nagtatrabaho ang SE!" nasa tapat na kami ng Wattpad network company building. Pinaghandaan namin dalwa 'to ni Aila. Nagshopping pa kami kahapon ng mga damit na susuotin ngayon para naman mukha kaming presentable pag pumasok dito. Oo nga pala kaya kami nandito kasi pinapunta ako ni manager Ree para daw mapagusapan namin ang schedule at mga dapat gawin ko pag naging PA ako ng SE atsaka papirmahin na din daw ako ng kontrata. Excited na excited na talaga ako, nakwento ko din 'to kay Aila at tuwang tuwa sya. Pinramis ko sa kanya na pede nya akong samahan pag nagp-PA ako para makita nya din ang SE ng malapitan. :D

Pumasok na kami sa loob, malaki ang building at mahahaba ang corridors. Maraming tao at hindi namin mapigilan maexcite sa tuwing may mga artista ng network na 'to na nakakasalubong namin sa hallway.

"Diba si Franz yun ng Breaking the Casanova's Heart Operation? Yung bagong labas na film? Yung blockbuster?"

"Napanuod mo din yun? Shett! Ang ganda nun ah! Teka lang diba bakla yan?"

"Tangeks," sinapok nya ako, "Role nya lang yun pero tignan mo naman kung gaano kagwapo at kamatipuno ang katawan! Yan ba ang bading? Papalicious sister!"

"haha! Landi mo kapatid! Sige na gwapo na pero loyal ako sa Syncbabes ko! Mehehe-- ayy!" napadapa ako kasi pagharap ko may nabunggo ata akong pader...

"Oh sorry, are you ok?" ah tao pala nabunggo ko hindi pala pader.

"Ah wala y--" aabutin ko na sana ang kamay nya para tumayo kaso binawi ko na ang kamay ko at tumayo mag-isa.

"Tara na, bes!" nabago yung mood ko at madaling hinigit ang kamay ni Aila para makaalis na.

"A-ah oo!"

Hindi pa ako nakakalayo ng marinig kong may sinabi yung isang kasama ng nakabunguan ko, "Akalaing mo yun Kevs, sinupladahan ang karisma mo?"

Talagang susupladahan ko kayo! At anong karisma pinagsasabi nya? Wala sila nun! Ang hahangin talaga nila! Mga nagbubuhay ng sariling bangko! Psh.

Sila lang naman ang Runaway, ang kaderder na epal sa pinakamamahal kong bandang Syntax Error! Yung nakabunguan ko eh ang leader nilang si Kevin Sy.

"Bessie! Narinig mo? Karisma daw?! Ang kakapal!" nagaalboroto kong sabi habang naglalakad kami papunta sa room kung saan imi-meet ko si manager Ree.

"Wait bes, hinga ka muna, nasa tapat na tayo ng room! Hindi pedeng humarap ka ng parang hindi naplantsa yang mukha mo." ginawa ko yung sinabi at sinubukan kong pakalmahin ang sarili atsaka kami pumasok.

\*tok tok\*

"Come in." pumasok naman kami ni Aila. Nasa isang room kami, meeting room ata kasi may mahabang lamesa at maraming upuan kaso walang tao dun kundi si manager Ree lang na nakaupo sa dulong upuan habang may mga papel sa harap nya.

"Hello manager!" pagbati ko sa kanya ng nakangiti habang hinihila ko sa kamay si Aila para makaupo na kami papalapit sa kanya.

"Hepepep!" napatigil naman kami sa pagupo nang itaas ni manager Ree ang kamay nya to stop us, "Sino sya?"

"Sya?" tinuro ko si Aila, "Bestfriend ko po."

"Bawal sya."

"Manager, mabait naman po yan eh! Behave lang sya promise!"

"Opo, behave lang po ako." tatango tangong sabi ni Aila.

"Nope, bawal. This is a contract signing meeting kahit PA contract lang kelangan private pa rin ito. She can wait outside."

"Sige bestfriend ok lang yun, text mo na lang ako pag tapos na ah?"

"Sorry bessie ah?"

"Wala yun. Sige goodluck!" tinapik nya muna ako bago umalis.

As soon as makaalis si Aila sa room eh nagsimula na kami ni manager Ree sa PA contract ko.

"Taga Willford ka pala, sa same school ka rin pala kung saan pumasok dati ang mga members ng SE?"

"Opo. Sikat nga po sila sa school namin eh." (^\_\_^)/

Oo, alma mater ng SE ang Willford Academy. Ang alam ko, magkakabarkada na sila nung highschool pa lang sila tapos pare-parehas silang nagdecide magstop nung matapos na nila yung post secondary level eh. Eh kung hindi siguro sila nagstop at nagcontinue sila ng college sa Willford baka schoolmate ko pa sila. Kyaaa! :":3

"Good. Since may contact ako sa Willford, alam ko na ang schedule ng klase mo. Ayon sa Willford, nasa last level ka na ng post secondary level so that makes you 18 right?"

"Yup!" ^\_\_^

"Good, hindi ka na minor hindi na ako mahirapan sa contract mo. As far as I know, sa senior level ng post secondary level eh half day lang tama ba?"

"Opo." ^\_\_^

"Good. May afterschool class ka ba? Practices or courses?"

"Wala po. I'm free sa hapon po maliban na lang po kung may mga susulpot na school practices or emergency." ^\_\_^

"Ah hindi naman pala mahirap ang schedule mo. Well then, ang trabaho mo kahit anong oras basta around 3pm to 10pm... pero pag may concerts baka umabot ng 1am, okay lang ba?"

"Ah okay lang po. Anong ibig pong sabihin ng kahit anong oras basta around 3pm to 10pm?"

"It means, wala kang fixed na schedule. Tatawagan na lang kita pag kelangan ka ng SE kaya dapat around 3-10pm ay ready ka. Pero kung hindi kita tatawagan, pede kang pumunta sa condo ng Syntax Error," bigla syang may binigay saking address card, "Andyan na yung address at telephone number ng bahay ng SE. Mamaya bibigyan na rin kita ng duplicate key ng condo nila. Kung hindi kasi kita tatawagan halimbawa walang important project ang SE, pede kang pumunta sa condo ng SE ng around 4pm para linisin ang condo nila. Ayon na siguro ang pedeng fixed schedule mo, 4pm para maglinis sa condo nila. Alam ko parang katulong na yun at hindi na PA pero dadagdagan ko na lang ang bayad mo, ikaw lang kasi ang sa tingin ko na pedeng pagkatiwalaan sa SE."

"Po? Ako lang po sa tingin mong mapapagkatiwalaan sa SE?" O\_\_O

"Oo, simula kasi nung sabihin mo ang admiration mo sa SE nung gabing yun sa van, napagtanto kong maipagkatiwala ko sayo ang Syntax Error ko sayo. Matagal na kasi akong naghahanap ng matinong PA at katulong nila pero everytime may nakukuha ako ay laging sinisiraan nila ang SE. One time binigyan ko ng duplicate key ang isang katulong na hinire ko para linisin ang condo nila, ang kaso naman nahuli nyang may kahalikan si Mirko sa loob ng kwarto nito at kinunan nya ito ng picture at binenta ang picture sa media... Yung mga ganong factor ba, minsan anti pa ang nakukuha ko o kaya binabayaran ng anti para sirain ang SE. Pero sa tingin ko naman, hindi ka ganun eh? Pamula dun sa concert na pagpipilit mong makapasok hanggang dun sa van na confession mo, nagawa mo akong mapaniwala na hindi mo magagawang sirain ang Syntax Error kaya inalok agad kita ng trabahong ito. Maipapangako mo ba sakín na sa pagsisilbi mo sa SE, hinding hindi mo sila sisirain o ibebenta sa mga anti?"

"Hindi po! Promise! Natutuwa po ako at pinagkatiwalaan mo ako. Promise ko po sa inyo hinding hindi ko sisirain ang SE. Mahal ko po sila! Gusto nyo po hindi lang katulong at PA eh, pede na rin nila akong bodyguard! Ipagtatanggol ko sila sa mga taong gustong sumira sa kanila! I'll shoot all anti!"

"Ahaha! Sabi ko na eh, ikaw na talaga ang taong angkop para sa SE. O sige, pirmahan mo na 'tong kontrata. The payment will be 20thou a month plus 5000php kapag may mga midnight work, for example umagahin ka na dahil sa concerts." inabot nya sakín yung isang papel na pipirmahan ko,"Oo nga pala, I'll be needing your number. Give it to me later, dapat laging bukas ang telepono mo okay?"

"Opo." sabi ko habang pinipirmahan yung kontrata, ni hindi ko na nga binabasa eh, pirma lang ako ng pirma. :D



"Ibibigay ko rin number ko sayo. Sa number ng SE, ikaw na lang magtanong sa kanila kung ibigay nila. Just tell them na pangemergency use mo lang sila tatawagan at baka ibigay nila number nila sayo. Isa pa, lahat ng makikita at malalaman mo sa SE dapat private lang ok? Kelangan nating umiwas sa media kaya wala ka dapat pagsasabihan ng lahat ng makikita mo sa loob at labas ng stage pati na rin sa condo nila."

"Opo." pero syempre... si Aila lang pagsasabihan ko tapos wala na. Hindi ako marunong magtago ng secret sa bestfriend ko eh. :D

"Tsaka yung number ko at ng SE, wag mo ipamimigay ok?"

"Ok po."

"Ayan, nasign mo na lahat. Welcome sa SE family, Momoxhien Clarkson!" nakangiti nyang hinand out sa kinang kamay nya at naghandshake kami. Eeee! *Welcome sa SE family, Welcome sa SE family, Welcome sa SE family...* part na ako ng family nila! Magkakasusi pa ako ng condo nila! May private access pa ako sa concerts nila! Anong say ng pagiging julalay kung ito naman ang kapalit diba? :""3

**xxx-xxx-xxx-xxx**

< Aila's POV >

Pumi-POV si bestfriend eh noh? haha. Yae nyo na, may role din ako dito eh. Sumaside story ako kumbaga. :D

Pinakilala na ba ako sa inyo ni Momo, ang luka luka kong bestfriend? Kung hindi pa, ipapakilala ko sarili ko sa inyo. Ako si Aila Santiez... wala na akong masabi, tama na yun noh? Ayan kilala nyo na ako. :D

Psh. Ang boring, hinihintay ko kasi si Momo dito sa labas ng pinto ng kwarto kung asan sya ngayon. Meron daw kasi syang meeting/contract thingy sa manager ng SE. Uwaaa. Ang swerte ng bestfriend ko noh? Akalain nyo yun julalay na sya ng SE! Malamang lamang may private access na yan sa mga concerts, sana lang hindi nya ako makalimutan. Bestfriend, walang kalimutan~~! Ajuju. XD

Antagal. Nabobored ako dito sa may tabi ng pinto, mabuti pa makapaggala gala muna sa building ng network. Maraming hot papa dito kasi pagala gala mga artista. Hoho. Pero wag nyo akong isipan ng masama, malandi ako... pero sa isip lang ako malandi, isang beses pa lang ako nagkakaboyfriend nuh! Pero kalimutan na natin yung hinayupak kong ex na yun. Bad word yun eh. So anyway, maggagala na nga ako.

\*lakad lakad lakad\*

"Yeah, maybe tomorrow?" teka... parang may familiar na boses akong narinig? Lumapit ako dun sa boses at sinilip ito...

KYAAAA! Nakita ko si Stephen Cruz, ang gwapong bida ng Breaking the Casanova's Heart Operation!!! Ang pogi pogi nya talaga kahit sa personal! Kausap nya ata si... KYAAAA! Si Naomi! Si Naomi! Yung lead girl nya!!!! Kyaaaa! Ang sarap naman maggala sa network building na 'to, andaming artista, andaming idol kong pakalat kalat anywhereeee! >\_\_<

"O bakit ang taas ng ngiti mo?"

"Eh kinikilig ako... eh."

"Bakit ka kinikilig?"

"Hanubaaa! Can't you see, ampogi pogi ni Stephen! Tapos andyan pa kaloveteam nyang si Nami!! Para akong nanaginip!" sa tuwa ko habang pinapanuod sina Stephen at Naomi mula sa hindi kalayuan na pader eh nahampas hampas ko na yung katabi kong kumakausap saakin.

"Hindi ka nanaginip, gusto mo sampalin kita?"

"O sige nga daliii! Sampalin mo ako para malaman ko kung nanaginip ba ako hindi!!! Kyaaa!" hindi ko mapigilan ang excitement ko habang pinagmamasdan ko pa rin sina Stephen at Naomi.

\*PAKKK!\*

Biglang may humigit saakin sa may balikat ko, itinagilid ako at sinampal ako sa pisngi pero hindi napakalakas.

"ARAYYYY! Bakit mo ako sinampal? Sino ka ba?!" ngayon ko lang napagtanto na may kausap at may katabi na pala ako. Masyado akong nafascinate sa mga artistang nakikita ko na hindi ko na namalayan na may abnormal na sa tabi ko... teka...

Hindi abnormal ang katabi ko... Si Mirko ng Syntax Error ang katabi ko! O\_\_O

Pero teka bakit nya naman ako sinampal? = \_\_ =

"Ciao! I'm Mirko Capobianco, sabi mo sampalin kita para malaman mo kung nanaginip ka ba o hindi so... dahil masunurin ako sinampal kita." (^\_\_^)

(A/N: Ciao is an informal Italian greeting, it can be an opening or closing greeting like hi & bye)

"Psh." hindi ko alam kung bakit parang nakaramdam ako ng inis... fan naman ako ng SE pero bakit ng makatabi ko ng malapitan ang basist ng SE parang nakaramdam ako ng inis sa presence nya? Err... sabagay, si Corrine lang naman kasi ng SE ang sinusubaybayan ko kaya siguro hindi ako masyadong natutuwa sa presence nya. O dahil sa sinampal nya ako. Ay ewan. = \_\_ =

"Ayy, nainis ka ba miss?"

"Sa tingin mo sinong hindi maiinis kung bigla bigla kang sasampalin? Close ba tayo ha?" = \_\_ =

"Eh sabi mo kasi sampalin kita eh..." napakamot sya ng ulo.

"Eh kung sabihin kong tumalon ka mula sa third floor, tatalon ka? Psh." = \_\_ =

"Galit ka na eh? Hala... Ayokong may babaeng nagagalit sakin," nabigla ako kasi bigla syang yumuko at lumapit sa mukha ko habang nakahawak sya sa balikat ko, "Scusa..."

"Ha? Scusa? Ano pusa? Ano--" hindi na ako nakaimik ng nilapit nya na ng tuluyan ang mukha nya sa mukha ko at...

HOMAYGALLYGALLYWOW.

Kiniss nya ako. O\_\_\_O

HANG PERS KESSSS KOOOO WALAAAA NAAAAAAA!

"Scusa means sorry..." nakangiti nyang sabi sabay tinapik ang balikat ko at umalis na.

AYY PAKSHET NA HANIMAL YUN? PAGKATAPOS AKONG HALIKAN TATAPIKIN LANG AKO SA BALIKAT AT IIWAN? ANO TINGIN NYA SAKIN, PANGKISKIS NG LABI? PAKSHEETT. YUNG PERSSS KISS KO, IBALIK MO MIRKO CAPOBIANCE NG SYNTAX ERRORRRRRRRRRRR! T\_\_T

***Voice ♪ 5: Julalay my gulay***

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

HOHOHO. Ansaya saya, meron na akong susi ng condo ng SE. Lalalala!

Teka... asan na ba yung bestfriend ko? Aila, yuhuuu where are you? Mabuti pa matawagan na mahirap hanapin yun sa lawak at laki ng building.

Mga ilang rings lang ay sumagot na si Aila.

"Uy bessie!"

"Bessie, where na u?"

"Here na me."

"Where na there? Ayy pochek. Ayusin nga natin dila natin. Asan ka na ba? Tapos na ako sa meeting. Tara na, puntahan kita."

Nahanap ko na kung asan si Aila tapos lumabas na kami ng building. Nung matagpuan ko si Aila parang sinaniban sya ng ispiritong abnormal kasi hindi sya mapakaling parang natataeng namumutlang parang ewan. Pag tinatanong ko naman kung ayos lang sya o kung napaano sya, sasabihin lang nya "ah, wala to wala to."

Edi wala. Sabi nya eh basta wag lang syang mageepelepsi dyan mamaya. Para kasi talagang may sapi sya eh. Ayy ewan.

Pumunta kami sa may pinakamalapit na mall at tumambay sa starbucks dun para maki-wifi connection ang aming beloved cellphones habang nililibre ko si Aila bilang celebration ng aking success julalay contract sa aking pinakamamahal na band.

"Talaga may susi ka na ng condo ng SE?!!!"

"Sshhhh! Wag kang maingay, mamaya mayroon dyang Se♥LOVE fansclub member, sugudin pa ako o kaya kidnapin pa ako makuha lang sakín yung susi. Ssh lang okay? Oo, meron na. So ibig sabihin nito, I can go anytime any hour any minute any second sa kanilang condo! mwahahaha!"

"Alam mo hindi ko gusto tono ng tawa, hoy Momoxhien ang kahalayan mo pigil pigilan mo lalo na't may susi ka na ng condo nila! Baka mamaya nyan mabalitaan na kita sa tv na nirape si Sync!"

"Psh. Wag kang magalala, hindi ko gagalawin si Syncbabes hangga't hindi pa kami kinakasal."

"Anakngdekwang 'to oh, kasal na agad iniisip. Ni hindi mo pa nga boyfriend yung tao, nangangarap ka na ng ganyan kataas! Ni hindi pa nga kayo friends eh! Jusmee."

"Soulmate kami bessie noh! Alam mo ba yung sa mga koreanovela at jdrama, yun bang yung bidang babae biglang magkakachance mameet ang idol nya tapos titira sila sa iisang bahay then BOOM, magkakainlove-an sila! Ayyyy. Alam ko

ganun magiging future namin ni Syncbabes!" <333

\*SAPAK!\*

"Abnormal. Hindi ka koreana kaya wag kang mangarap! At lalong wala ka sa telenovela para maging posible yang mga pinapangarap mo!"

Ngumuso lang ako kay Aila, "Sunget." =\_ =

\*BOBEEP\*

"Uy, may bagong mail mula sa SE♥LOVE!" excited na binuksan ko yung new mail ko. Oo nga pala, nagsign up ako sa newsletter ng fansclub ng Syntax Error para everytime na may new gossip, makakareceive ako sa mail ko. Ahihi. :"))

**xxx-♥-xxx-♥-xxx-♥-xxx-♥-xxx-♥-xxx**

Eh-eh-eh!

Leader of Syntax Error, Sync Mnemosyne...

Caught dating a new girl after his official break up with the singer, Grace See.

But who could this girl be?

Keep your eyes open, SE<3LOVE.

**xxx-♥-xxx-♥-xxx-♥-xxx-♥-xxx-♥-xxx**

May naka-attach pang picture ng isang boy na may kasamang girl kaso sobrang blurr at madalim na hindi mo mamukhaan kung sino. Ohnoes, si Syncbabes ko nga ba ito with a new girl? Pero sino sya? Sino ang bagong lovelife ng lovelife ko? :O

(See picture attached dyan sa side ng post nito-->)

"KYAAAAAA!" nagkatinginan muna kami ni Aila pagkabasa nung mail tapos ilang seconds after ay sabay kaming sumigaw. Initial reaction namin nyan tuwing may heavy scandal ng Syntax Error kaming nababasa.

"Ang Syncbabes ko, huhuhu. Nakahanap na agad ng bagong lovelife, paano na lang ako?" T\_\_T

"Gags. Wag kang mag-alala, tamang tama diba personal julalay ka na? Eto na chance mo para makilala kung sino yang new giri! May vip access ka na rin sa pagiistalk sa personal life ni Sync!"

"Oo nga nuh," biglang may nagform na evil smile sa aking mga labi. ho-ho-ho.

**xxx-xxx-xxx-xxx**

"Okay, it's linis time!" excited na binuksan ko ang condo nila ng duplicate key na binigay saakin. HOHO. Sa buong buhay ko ngayon lang ako naging excited sa paglilinis ng bahay, truth be told... ngayon lang ako maglilinis ng bahay... Sa bahay kasi namin may tagapaglinis kami pero okay lang kahit kelangan kong humawak ng dirty particles, kahit toilet bowl pa lilinisin ko kung SE naman gumamit, why not? hahaha. O sige na, alam ko baliw na talaga ako. Pero hayaan nyo na, ganto lang talaga mafreak out ang isang superfan. >\_\_<

"Hello, anybody home? Yuhooo." dahan dahan akong napasok sa condo nila, hindi sya super malaki pero tama lang na tirhan ng SE. Pagkapasok mo nasa sala ka na agad na may malaking tv at paikot na couch na sobrang daming nakapile na damit sa may sahig tapos may mga box pa ng pizza tapos pag kaliwa mo ay kitchen na agad na err... BAKIT ANG KALAT? Sa tabi ng kitchen may malaking table na pabilog na may anim na upuan, may kalat din sa table. Anobayan, everywhere may kalat. Tapos mula sa entrance at kakanan ka naman, may apat na pinto na magkakatapat, mga kwarto siguro nila? Hee-hee. Ano kaya ang kwarto dyan ni Syncbabes? Ayun ang trip kong unahing linisin... who knows baka makalat? I mean... may mga nakakalat na underwears? Ayy, ang manyak ko. =\_\_=

Pero infairness talaga ah, napakakalat ng condo nila. Naiintindihan kong mga busy silang tao at konti lang ang time nila para mag-imis ng gamit pero hindi naman siguro tama yung iwan na lang ng ganto kakalat ang bahay nila diba? Talaga naman oh-oh. =\_ =

O SIGE MOMO, KERI YAN NG POWERS MO. FIGHTING! \(\*^\*)/

Pero syempre, dun muna ako sa kwarto ni Syncbabes! WOOHOOO! Sugooood!!!

Buti na lang may mga name tags sa pinto kaya nahanap ko kaagad kwarto ni Syncbabes. And boom, pagkabukas ko hindi ko ini-expect ang makikita ko ---- SUPER CLEAN, SUPER NEAT.

Dahil hindi ako makapaniwala, tinignan ko pa ulit yung name tag sa pinto kung tama ba talaga ang pangalan na nakasulat dun pero pag tingin ko isang malaking SYNC ang nakalagay sa name tag. Psh. Kwarto ba to ng lalaki? ANG LINISSSSS. Gurabeee. Nakaka-turn on talaga. :)"3

Pero syempre kahit neat na sya, I want to make linis linis of this pa rin. You know, ayokong mahawakan ng dusts and such particles ang Syncbabes ko kaya lilinisin ko pa rin 'to. Tinurn on ko na yung ipod ko at nagsimula ng magpunas punas ng mga gamit ni Syncbabes habang tumutugtog ang kanta ng Syntax Error sa aking ipod.

(Dear Maria by All Time Low now playing)

*I got your picture  
I'm coming with you  
Dear Maria, count me in  
There's a story at the bottom of this bottle  
And I'm the pen*

Hindi naman mahirap maglinis eh lalo't papunas punas lang ako ng mga gamit ni Syncbabes. Actually enjoy nga kasi andami kong nakikitang mga gamit nya, grabe hindi ko akalaing aabot ako sa point na makakapasok ako mismo sa condo nila at sa mismong kwarto ni Syncbabes! Dati hanggang silip lang ako sa kanila sa concerts nila at sa screen pero ito ako ngayon... ahh, ako'y kinikilig. Kahit julalay na lang ako forever, masaya na ako. :)"3



*When the lights go up  
I wanna watch the way you  
Take the stage by storm  
The way you wrap those boys around your finger;  
Go on and play the leader  
'Cause you know it's what you're good at  
The low road for the fast track  
Make every second last*

"Aww, ang cute naman." sabi ko pagkakuha ko ng isang picture frame sa bed table nya. Picture ng Syntax Error yun nung mga studyante pa lang sila. Grabe, ambabata pa nila dito oh tapos naka-uniform pa sila ng Willford Academy. Eek. Sayang talaga hindi ko sila naabutan. Close talaga sila noon pa lang, sana maging close din ako sa kanila. Kyaaa. Ang feeler ko... pero I really like to be a part of their family... >\_\_<

*'Cause I got your picture  
I'm coming with you  
Dear Maria, count me in  
There's a story at the bottom of this bottle  
And I'm the pen  
Make it count when I'm the one  
Who's selling you out  
'Cause it feels like stealing hearts  
Calling your name from the crowd*

"Mabuti pang ibalik ko na ito baka masira ko pa," ibabalik ko pa lang sana yung picture frame sa bedside table ng magbukas yung pinto.

*Live and let live  
you'll be the showgirl of the home-team  
I'll be the narrator  
Telling another tale of the American dream  
I see your name in lights  
We can make you a star  
Girl, we'll take the world by storm  
It isn't that hard...*

"OOPS." sa bigla ko nabitawan ko yung picture frame bago ko pa mabalik sa bedside table at dahil dun, nabagsak ang frame sa may sahig at nabasag ito.

Wag nyo akong sisihin, nabigla lang talaga ako. Nabigla ako ng magbukas ang pinto at bumulaga sakin si Syncbabes na may kahalikan na babae... Nabigla rin sila sa presence ko at napatigil silang parehas.

*Cause I got your picture  
I'm coming with you  
Dear Maria, count me in  
There's a story at the bottom of this bottle  
And I'm the pen  
Make it count when I'm the one  
Who's selling you out  
'Cause it feels like stealing hearts  
Calling your name from the crowd  
Whoa*

Hindi ko alam ang gagawin ko, nakatulala lang ako dito sa harap nila habang tumutugtog pa rin sa tenga ko ang kanta ng aking ipod.

### **Voice ♪ 6: Tabi, tabi po.**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"Oops," nabitawan ko yung frame sa pagkabigla ko, nabasag tuloy ito.

"What the f--?!" biglang humiwalay si Syncbabes sa babaeng kasama nya at lumapit sa nabasag na frame. Saglit nya lang pinagmasdan yun sabay iniangat nya ang tingin sakin na nanlilisik, "You!"

Bigla syang tumayo sa harap ko at dahil mas matangkad sya sakin eh kinailangan ko syang tingalain para makasalubong ang mga mata nyang galit na galit. Lord, hindi ko po sinasadya sana maintindihan ni Syncbabes yun. T^T

"Why the fcuk are you here in our condo and in my room?!"

"E-eh k-kasi--" hindi ko pa man natatapos ang pagpapaliwanag ko sa sarili ko eh bigla nya na akong pinutol.

"I don't want to hear anything from you. Just... Just.." nasabunot nya ang buhok nya na wari mo'y nagpipigil ng inis, "Just get out of here before I do something unimaginable to you."

"I'm really s-sorry..."

"I SAID GET OUT!" halos mabingi ako sa malakas na sigaw nya kaya naman nagmadali akong lumabas ng kwarto nya pati na rin ng condo pero pagkalabas ko nakasalubong ko si Corrine, ang drummer ng SE.

"Oh hey its y--" hindi ko na sya pinatapos at umalis na agad ako, narinig ko pang sabi nya, "What happened? Bakit umiiyak yung bata?"

Xxx-xxx-xxx

Sa kakatakbo ko, nakarating ako sa may park kung saan may isang parte na may maliit na ilog dun. Umupo ako sa may bench na nasa tabi ng puno. Pinagmamasdan ko yung mga duck sa paligid, pagme-may ari ng parko ang mga iyan kaya hindi pedeng hulihin.

"Quack. Quack."

"Wag nga kayong maingay kita nyong nagdadrama ako dito!" pinagalitan ko yung maiingay na bibe habang tumutulo pa rin ang luha at uhog ko. T^T

Hindi naman sa talagang nasaktan ako ng makita kong may kahalikan sya, kahit crush na crush ko sya eh prepared naman ako na malamang may gf sya kasi sikat sya kaya malabong mawalan sya ng gf. Kaya ko namang tanggapin ang bagay na yun pero ang ikinaiiyak ko talaga eh yung sinigawan nya ako. Sa buong buhay ko hindi ako nasigawan ng ganun, dahil sa laging wala ang mga magulang ko hindi ako nasigawan ng ganun. Para akong batang napagalitan. Natakot talaga ako sa pagsigaw nya sakin kanina. Ayoko na, naiyak talaga ako pag naaalala ko na sinigawan nya ako ng ganung kalakas. T\_\_\_\_T

(Now Playing: Stay Close, Don't Go by Secondhand Serenade)

*I'm staring at the glass in front of me,  
is it half empty of our wins or have i ruined all you've given me?  
I know I've been selfish,  
I know I've been foolish,  
but look through that  
and you will see,  
I'll do better, I know,  
Baby, I can do better.*

Huh? May nagcoconcert ba sa park?

*If you leave me tonight, I'll wake up alone,  
don't tell me I will make it on my own,  
don't leave me tonight,  
this heart of stone will sing till it dies  
if you leave me tonight.*

"Quack. Quack."

"Sshh! Wag kayong maingay mga ducks! Hindi ko marinig yung kanta!" sa parte ko kasi hindi ko masyadong marinig yung kanta, parang bulong lang ang dating sakín nung sounds. Wala naman kasi ako sa gitna ng park eh, I mean nasa park ako pero yung pinakagitna ng park kung saan may malawak na circle space na pedeng may magmini concert ay malayo sa kinaroroonan ko.

*Sometimes I stare at you while you are sleeping,*

*I listen to your breathing,  
amazed how I somehow managed to  
sweep you off your feet girl,  
your perfect little feet girl  
I took for granted what you do.  
But I'll do better, I know  
Baby, I can do better.*

"Parang familiar yung voice? Ewan ko lang din. Neverheard this song, sino kaya nagconcert dun? Ang ganda naman nung lyrics, ang lungkot parang inaasar lang ako sa pagdadráma ko ngayon." =\_\_=

*If you leave me tonight, I'll wake up alone,  
don't tell me I will make it on my own,  
don't leave me tonight,  
this heart of stone will sing till it dies  
if you leave me tonight.*

"Haay. Mga duckies, ang OA ko talaga nuh? Parang sinigawan lang ako umiyak na ako, may patakbo takbo effect pa ako. Tss. Bwisit na buhay kasi ito eh," kumuha ako ng maliliit na bato tapos binato ko ulit yung mga bibe dun. Nagsitakbuhan naman sila.

"Quack! Quack!" haha. natatawa ako dun sa mga bibe, parang nagagalit sakín sa pagbabato ko sa kanila. Tama na nga, animal cruelty na ito. =\_\_=

*And don't you know my heart is open, oh,  
it's putting up the fight,  
and I've got this feeling,  
that everything's alright,  
and don't you see,  
I'm not the only one for you  
but you're the only one for me.*

Ang ganda nitong song, hindi ko aakalaing bukod sa kanta ng Syntax Error may iba pa pala akong song na magugustuhan. Mamaya nga makapunta sa center park para matanong kung sinong banda yung nagco-concert.

*If you leave me tonight I'll wake up alone,*

*(stay)If you leave me tonight,  
(close) I'll wake up alone,  
(don't)don't tell me I will  
(go)make it on my own,  
(stay)don't leave me tonight,  
(close)this heart of stone  
(don't) will sing till it dies  
(go)if you leave me tonight.  
Don't leave me tonight*

Wala na ba? Wala na akong naririnig eh. Tapos na ata. Hala, isang song lang ginawa nila? Baka mini concert nga lang siguro. Madalas naman ganyan dito sa park, merong mga maliliit na band o kaya mga musicians na titigil dyan tapos tutugtog ng walang bayad. Hmm, sayang naman akala ko pa man din matagal magcoconcert dyan yung bandang yun. Wala na tuloy akong background song.

"Maganda yung song noh, mga bibe?"

"Quack, quack." haha. Nakakatuwa, sumasagot talaga sila sakin.

"Ayan, medyo refreshed na ako. Siguro pede na akong maglakad lakad, wala na yung sama ng loob ko." oo, sensitive ako at iyakin pero hindi naman ako nagtatanim ng galit eh at mabilis lang din gumaan ang loob ko ulit. Iiyak lang ako saglit tapos wala na. :3

Lakad, lakad. Ito gusto ko dito sa park, kahit nasa city kami namaintain pa rin nito ang fresh air at clean nature. Maraming halaman, maraming mga bulaklak, may mga paru-paro, may mga puno at.... O\_\_O

"Oh shit, hindi ko na kaya. Tabi tabi po."

"KYAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!" tumalikod ako kasi pagtingin ko sa isang parte, may isang lalaking nagtatanggal ng zipper ng pantalon nya at mukhang may balak dungisan ang pagkatao ng punong iyon. >\_\_<

"Oh shxt! Oh shxt!" anong shxt shxt ka dyan? Sipain kita dyan eh! Bastos! Bastos! \*takip mukha\*

"Oy, Kevin! Ano yung sigaw na narinig namin? Anong nangyayari?"

Hindi ko nakita ng ayos ang mukha nya kasi tumalikod ako pero teka... Kevin? Saka pamilyar yung mga boses nila ah. Teka lang...

Ito bang walangyang itong ihi sa may puno ng park ay ang leader ng Runaway?! Sila ba yung kumakanta kanina? AHHH! Binabawi ko na ang sinabi ko kanina na maganda ang kanta nila, AMPANGET PANGET NG KANTA NILA! Kasing panget nila!

Kadiri... nakita ko pa ang underwear nya... Si Syncbabes lang ang gusto kong pagnasaan hindi sya! EEEEEWWW. >\_\_<

## **Chapter 7: Koya noodles & Ate Slurpee**

"aaahhh! Aahh!"

"ssh! Hoy wag kang sumigaw!"

"Aaahh!" patuloy pa rin ako sa pagsigaw habang nakatalikod sa kanya at nakapikit habang nasa magkabilang ulo ko ang

mga kamay ko. Hindi pa rin ako makaget over na nakakita ako ng lalaking umihi. My virgin eyes, uwaaa!

"Ssh! Wag kang maingay sabi! Wag kang magiskandalo!"

"Aaa--!" naputol ako sa pagsigaw ko ng takpan nya ang bibig ko ng kamay nya.

Tinanggal ko kaagad ang kamay nya sa bibig ko at tinulak sya palayo sakín habang pinupunasan bibig ko, "Eew! Yuck! Kaderder! Eew! Nilagay mo yung kamay mo sa bibig ko eh kakatapos mo lang umihi! Eeew!"

"Hoy ano ba, wag kang OA miss! Hindi pa ako nakakaihi ano, naibaba ko pa lang zipper ng pants ko ng magsisigaw ka na dyan!"

"Bastos, bastos! Don't even narrate the details to me!" >\_\_<

"Huy Kevin, ano yung sigawan na naririnig namin?" ayan na, nagdatingan na ang buong grupo ng Runaway. >\_\_<

"Eh ihi sana ako kaso biglang nagsisigaw itong babaeng ito."

"Eh paano naman akong hindi sisigaw, eh wala ka naman kasi sa tamang banyo para umihi!"

"Eh wala na kaya akong choice, nakasarado yung public toilet at ihing ihi na ako! Tss, maituloy na nga, sasabog na eh." bigla syang pumunta sa isang puno at tumalikod sakín.

"AAH! BASTOS TALAGA! MANINIRA NG KALIKASAN!" inis na naglakad na ako palayo habang kinucurse sya, "MANUNO KA SANA!"

See? Don't blame me kung ang lakas ng hate aura ko sa Runaway. Leader pa lang nila bastusin na! >\_\_<

xxx-xxx

< **Aila's POV** >

Np: truly madly deepy by savage garden

---> click video at the side to listen to the song

"I'll be your dream, I'll be your wish I'll be your fantasy" I hum as I choose which chips to nib on. "I'll be your hope I'll be your love, be everything that you need..." ♪

Nasa 7eleven ako ngayon, mga 8pm na ng gabi... Naglayas ako sa bahay kasi nagaway nanaman sina mama at papa pero babalik din ako mamaya. Sanay na ako, lagi akong ganto naglalayas sa bahay tapos babalik din agad pag tapos na yung gyera.

Hindi naman kalayuan ang 7eleven sa bahay ko, nasa kabilang kanto lang after ng isang eskinita. Walking distance lang.

"Thank you." sabi ko pagkakuha ko ng mga pinamili ko sa cashier tapos naghanap ako ng pedeng makainan. Since maliit lang ang convenience store wala itong mga upuan kundi meron lang itong 3 round tables w/c the other 2 are already full. So wala akong choice kundi pumunta dun sa isang table na merong isang strange looking guy na kumakain ng noodles.

"Haloo! Mind if I join you?" nakangiti akong tumayo sa tapat nya at pinatong ang mga pinamili ko sa round table.

Ngumiti lang sya at umiling kaya naman nagthank you ako.

"Umm, d'you mind me asking why you're all covered up? I mean bakit nakashades ka kuya eh tirik na tirik ang buwan, in any case... Bulag ka ba?" niwave ko pa ang mga kamay ko sa harap nya checking if he's blind or not.

He chuckles, "no, im not blind at all. I just prefer wearing eyeglasses."

"Kahit gabi? Hindi ka nadidiliman koya?" ang weird ng voice, it's too deep like parang ini-edit yung voice or something...kinda strange like his outfit.

"Not really, im used to it."

"Oh," i said nodding as I open my piattos, "Eh... Bakit ka naka-hood pa at may saklob ka pa? Kalbo ka ba?"

"Hahaha!" he burst out laughing, "No, I'm not bald. This is just my style."

"Weh, ishtay!?" medyo bulol pa yung pagkakabigkas ko sa 'style' kasi im munching my piattos as I speak...lol, no manners at all. \*\_\*

"Hmm koya ano pangalan mo?" kausap kasi ako ng kausap hindi ko man lang natatanong ang pangalan.

"Uhh..." parang nagiiisip pa sya tapos tumingin sya sa kinakain nyang cup noodles, "Just call me... Noodles. Yeah, noodles."

"Hindi mo naman real name yun eh. Niloloko moko." =\_\_=

"Haha, let's just stick to pseudonyms. How bout you, how shall I call you?"

"Hmm... Dahil koya noodles ang tatawag ko sayo... Bale ang name ko is..." lumington lingon ako sa paligid para maghanap ng pedeng gamiting nickname, "Ah! Alam ko na, call me slurpee!"

"Nice meeting you ate slurpee."

"Bakit may ate pa." =\_\_=

"para fair, koya noodles kasi tawag mo sakin kaya ia-ate naman kita."

"Ohwell," since tapos na ako sa piattos ko kinuha ko naman yung chocolate bar ko at yun naman ang nginata ko habang kausap sya, "Alam mo ang weird weird talaga ng outfit mo, parang covered na covered ka. Panget ka ba kaya ka nagtatago ng ganyan ng sarili? O siguro... Magnanakaw ka? Or... Suicide bomber ka tapos may mga nakatagong bomb dyan sa loob ng jacket mo? Or... Holdaper ka siguro? Drug addict? Pusher?"



He smirks at me, "What if I am one of those you just said, will you scream and run away?"

"Maybe." sabay kagat ko sa chocolate bar ko.

"Kung maka-maybe ka parang wala lang eh. Haha!"

Napangiti ako, "Truth is depressed ako ngayon kaya kahit bad person ka man ngayon parang wala na rin akong pakelam. Alam mo kasi ilang beses na akong nagbabalak magpakamatay."

Sabay nilagay ko ang kamay ko sa may table at tinanggal ang wrist band na lagi kong suot suot, "See these? Mga failed attempts ko sila, pinagalitan nga ako ng sobra ng bestfriend ko ng makita nya to. Sinapok nya pa nga ako, sabi nya ang baliw baliw ko daw papakamatay na nga lang daw ako hindi pa chainsaw ang gamitin ko. Ang kulit ng bestfriend ko noh? Pero umiyak yun ng makita nya tong mga to kaya nagpromise ako sa kanya na hindi ko na uulitin pa ito. Kaya nga pag gantong mga times na depressed ako ay hindi ko sinasabi sa kanya kasi alam kong magaalala sya at matatakot na baka ulitin ko ulit itong mga ito sa pulso ko. Ang totoo nyan, gusto kong ulitin... Kaya kung suicide bomber ka man o nakahithit ng katol, hindi ako natatakot. Hinahabol ko si kamatayan, alam mo ba yun?"

Walang imik imik na umalis sya ng table, pinagmasdan ko syang naglakad sa may mga goods at kumuha ng isang cup noodle at binayaran ito sa cashier at pagkatapos nilagyan nya ito ng mainit na tubig at bumalik sa table namin.

"Here, a cup of noodles," inabot nya sakín yung noodles na binili nya, "Noodles like chinese proverbs say lengthens life. Know why?"

"Kasi mahaba yung mga noodles kaya hahaba rin yung buhay natin?"

"Wrong. Kasi the warmth that the noodle soup bring to us eases the fatigue and pain that we're feeling. If you feel that you're in too much pain, just by having a good sip of noodle soup will make you at ease and will wash away the heavy feeling. Emotional pain kills a person rapidly but if you can regain yourself from your pain and learn to smile again, life lengthens."

"Nosebleed aketch koya, osya kakainin ko na tong noodles na bigay mo. Salamat ah?" nakangiti kong sabi, "Kain ka rin ng mga pinamili ko. Gusto mo nova? Boybawang? Mars chocobar? Smarties? Kuha ka lang, sabay tayong kumain."

Tama nga sya, nakakagaan ng loob kumain ng noodles. It has been ages since I had a sip of this thing. >\_\_<

"Hapunan mo rin ba iyan?" pagtatanong ko.

"Yeah, yours too?"

"Yup, yup! Teká, bakít dito ka pala naghahapunan?" napakachismosa ko. XD

"Eh wala kasi akong makain sa bahay and besides that, I can't cook."

"Oh. Hey, gusto mo pag luto kita one time? I love cooking." ^ \_\_ ^

"Wow, that'll be a good offer but I have to reject it since I can't accept visitors in my house..."

"Uwaa. Why naman?" > \_\_ <

"Some private reasons."

"Oh... I see. Hmm, ganto na lang... Do you occasionally pass by here in this convenience store? Kasi kung gusto mo, pagdadalhan kita ng prepared dinner everytime na magkita tayo."

"No problem but if that's the case, we'll have to eat outside the store 'coz it's not their thing that we'll eat."

"We can always seat on the pavements." ^ \_\_ ^

"Haha! Sure, what about you? Why are you having your dinner here if you love cooking?"

"Eh kasi... May world war 1 thousand sa bahay.."

Napatawa sya, "world war 1 thousand? As far as I remember there were only 2 world wars."

"Eh... Ibang world war ito, war between my parents na inaraw araw na lang na ginawa ng Diyos ay nagaaway na lang sila. Binging bingi na nga ako sa kanila, hindi man nga lang ako makapagagal sa ingay nila. Kaya pag may away sa bahay, naglalayas ako dito sa 7/11 tapos babalik na lang ako sa bahay pag mga 11pm na kung kelan sigurado ng tahimik sa bahay."

"I'm sorry to hear that."

"Dont be, sanay na ako nuh."

*\*I'll be your dream*

*I'll be your wish I'll be your fantasy  
I'll be your hope I'll be your love  
Be everything that you need  
I'll love you more with every breath  
Truly, madly, deeply do  
I will be strong I will be faithful  
'cause I'm counting on  
A new beginning  
A reason for living  
A deeper meaning, yeah\**

"Nice. Truly madly deepy ang ringing tone mo? Fave ko yan."

"Haha, same goes. Sagutin ko lang ah?"

"Sure."

Pumunta sya sa isang sulok at kinausap saglit yung nasa telepono. Nang matapos na sya eh bumalik sya sakín na namamaalam, "Ate slurpee, Im sorry but I already have to go."

"Naku dont worry, go ahead. Must be important? Sige na, ill be fine here."

"Sure?"

"Oo naman. Sige, go na." :)

"Sige. Guess, we'll see each other some time again?"

"Yup and I'll cook you dinner. Bye koya noodles."

Ngumiti sya at saka umalis.

Haay... Mag-isa nanaman ako, all of I sudden nakaramdam na naman ako ng depression...

\*beep beep\*

**1msg received.**

From: **wifey.momo <3**

Huhu. Bessie wifey, where art thou? Punta ka bahay ko, i have kwento. T^T

Ako din, I have kwento but I'd rather keep it as a secret para hindi sya mag-alala. She sounds so sad kasi eh and I dont want to add my dramas to her burden. :(

♪♪ "I want to stand with you on  
a mountain  
I want to bath with you in the sea  
I want to lay like this forever  
Until the sky falls down on me

And when the stars are shining  
brightly in the velvet sky,  
I'll make a wish send it to heaven  
Then make you want to cry  
The tears of joy for all the  
pleasure in the certainty  
That we're surrounded by the  
comfort and protection of

The highest powers  
In lonely hours  
The tears devour you..." ♪♪

**Voice ♪ 8: hey there delilah**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

Momo's POV

"Eh sino ba may kasalanan?"

"Ako... alam ko naman eh pero I just wanted to clean their condo!"

"Eh ayun ba naman assigned time mo para maglinis ng condo nila?"

"Hindi." T^T

"Yun naman pala eh, edi natural pag nakita ka ni Sync dun ng ganung oras sa condo nila ay mabibigla sya. And to make things worst pa, may dala pa syang girlaloo. Kahit naman ako Momo, kung may katoot-toot ako tapos makikita kita sa kwarto ko at naninira ka pa ng gamit ko, magagalit talaga ako."

"Sabagay a---" sasang-ayon na sana ako sa kanya ng mapagtanto ko yung sinabi nya, "Anong katoot toot ka dyang sinasabi ha, Aila? Ke-bata bata mo pa! Wala ka pa ngang boyfriend! Toot toot na pinagsasabi mo!" >\_<

"Example lang po, lola Momo." -.-

"Psh. Pero paano na lang yun... anlaki na talaga ng galit sakin ni Syncbabes... ayaw na ayaw na panigurado sakin..." T\_T

"Tch. Problema ba yan Momo? Magsorry ka lang, tao din naman yun siguro naman tumatanggap sya ng sorry diba? Afterall, hindi mo naman sinasadya ang lahat ng nangyari eh. Your intention were all good so magsorry ka lang at pag hindi ka nya pinatawad, bugbugin mo. Okay?"

"Hindi, hindi ko kayang bugbugin si Syncbabes."

"Osy, pag hindi ka pinatawad rape-in mo na lang. Ayan, mas okay ba?"

"O-K-A-Y sa alright! Mwahahahaha." nakakabaliw talagang kausap 'tong bestfriend ko. =.= :D

~x~ ~x~ ~x~ ~x~

Sa may practice room ng Syntax Error...

“WHAT IS THAT ANNOYING CREATURE DOING IN HERE?!!!” pagkapasok na pagkapasok ko pa lang sa practice room nila kasama si manager Ree ay biglang tumigil sa pagtugtog si Syncbabes at sinagawan agad ako. Uwaaa. Inis na inis talaga sya sa presence ko. (^A^)

“We've talked about it already, Sync.” sabi ni manager Ree na nasa aking tabi, “Momo from now is your personal assistant.”

“No way! I'm going! Nawala ang gana ko sa pagpapractice!” biglang hinagis sa floor ni Sync yung guitar ng practice room at may kinuhang guitar na nakalagay sa black bag sa may gilid dun tapos lumabas na ng pinto pero pagkalabas nya at nung mapadaan sya saakin, tinulak nya pa ako. T\_T

“Hey Sync, wait!” paghahabol sigaw ni manager Ree tapos tumingin sya saakin, “Wait here ok? Hahabulin ko lang yung batang iyon.”

Aalis na sana si manager pero hinawakan ko sya sa braso nya para mapigilan, napatingin tuloy sya sakín ng may pagtataka, "Ako na po manager Ree."

Hindi na ako nagintay ng sagot kay manager, tumakbo na ako palabas para hanapin at sundan si Sync.

Kung saan saang pasikot na ng building ako nakarating pero hindi ko pa rin sya makita. Takbo ako ng takbo. Ang bilis naman mawala nun parang kabute lang. Haaay. Napapagod na akong tumakbo, makatigil muna at makaupo dito sa isang hagdan.

Umupo ako sa may dulo ng isang hagdan at nagpupunas ng pawis na tumutulo sa noo ko kakatakbo kanina. Pinapaypay ko ng kamay ko ang sarili ko ng dahil sa init.

NP: Hey there delilah by Plain White T

Tentententen. 🎵

Napatigil ako sa pagpaypay ng sarili ko ng aking kamay ng biglang may narinig akong tugtog ng gitara na nanggagaling mula sa taas ko. Lumingon ako para makitang may isang pinto dun, pinto papuntang rooftop ng building na ito ata?

Tentententen. 🎵

I'm pretty sure na dun sa taas nanggagaling yung tugtog. Dala ng kuryosidad, tumayo ako sa pagkakaupo ko at umakyat at binuksan ang pinto.

*“Hey there Delilah  
What's it like in New York City?  
I'm a thousand miles away  
But girl, tonight you look so pretty  
Yes you do  
Times Square can't shine as bright as you  
I swear it's true ...”*

I can't believe this. I just found him... he's sitting on the floor with his back rested on the wall as he strums his guitar with eyes closed singing their song Hey there delilah. It's a pretty old song of them, isa sa mga first cover nila nung baguhan pa lang sila sa music industry... I really love this song, let's say I fell inlove with their band listening to this song.

*“Hey there Delilah  
Don't you worry about the distance...”*

Napatakip agad ako ng bibig ko kasi sa sobrang ramdam na ramdam ko yung pagkanta nya eh hindi ko na napigilang mapakanta din... akala ko nadistract ko sya at naramdaman nya ang presence ko pero parang wala syang naririnig... it's like he's wrap with his own song and world...

*“I'm right there if you get lonely  
Give this song another listen  
Close your eyes  
Listen to my voice, it's my disguise  
I'm by your side ...”*

He's singing this song from his heart, I can feel it...

*“Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
What you do to me ...”*

Hindi ko na napigilan ang sarili ko, napapikit ako ng aking mga mata at napasabay sa kanyang pagkanta...

*“Hey there Delilah  
I know times are getting hard  
But just believe me, girl  
Someday I'll pay the bills with this guitar  
We'll have it good  
We'll have the life we knew we would  
My word is good...”*

I can't help it, it feels so good to sing... I raise my head as I sing with my eyes closed. The wind that blows my hair and feels my skin, the rays of sun that touches my cheeks, everything... everything sounds surreal. It feels like I'm dreaming, flying to another place.

*“Hey there Delilah  
I've got so much left to say  
If every simple song I wrote to you  
Would take your breath away  
I'd write it all  
Even more in love with me you'd fall  
We'd have it all*

*Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me...”*

We are actually singing together... It makes me want to smile.

*“A thousand miles seems pretty far  
But they've got planes and trains and cars  
I'd walk to you if I had no other way  
Our friends would all make fun of us  
and we'll just laugh along because we know  
That none of them have felt this way  
Delilah I can promise you  
That by the time we get through  
The world will never ever be the same  
And you're to blame ...”*

Very peaceful... very soothing...

*“Hey there Delilah  
You be good and don't you miss me  
Two more years and you'll be done with school  
And I'll be making history like I do  
You'll know it's all because of you  
We can do whatever we want to  
Hey there Delilah here's to you  
This one's for you*

*Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
Oh it's what you do to me  
What you do to me...”*

Natapos yung kanta and he is still strumming the ending instrumental nung mapamulat ako ng mata at narealise na anytime matatapos na yung kanta at pag natapos ito baka imulat nya na yung mga mata nya at pag nangyari yun, malalaman nyang andito ako at pag nakita nya ako?



KYAAAAAA! Nagmadali akong nagtago sa likod ng pintong nakabukas. >\_<

“Weird,” bigla syang nagsalita ng matapos na nyang tugtugin yung instrumental part nung song, “I thought I was singing with someone. Must’ve been my imagination.”

Tama! Tama! Imagination mo lang iyon! Leshe, bakit ba ako nagtatago sa kanya? Edi ba nga hinahanap ko sya kanina para makausap ko sya pero... pero... natatakot kasi ako sa kanya baka sigawan nya ulit ako. >\_\_\_<

Nakaupo ako ngayon at nakayakap sa tuhod ko habang sumisilip mula sa butas ng pinto sa may gilid para makita syang tumatayo sa kinauupuan nya! O.O

“Teka,” bigla syang tumingin sa direksyon ko o sa direksyon ng pintuan? “I thought I closed the door? Hmm. Mabuti pa maisarado na lamang para walang makaistorbo sakin dito.”

Uwaaaa! Bigla syang naglakad papunta sa direksyon ko, papunta sa direksyon ng pintuan!

Sasarhan nya yung pinto? NOOOO! Oras na sarhan nya ang pinto, marereveal ako dito. At pag nakita nya ako --- uwaaaa. Who knows kunga nong ire-react nya. >\_<

Malapit na sya sa pinto, malapit na malapit na...

“HUWAAAAAAAAAAAAAAAAAGGGG!!!” napasigaw ako, natakpan ko kaagad tuloy ang bibig ko. Eeek. Momo, ang bobo mo bakit ka sumigaw? Uwaaa. Momo, ang bobo bobo mo! Momo, bobo. Rhyme pa! >\_<

“Hey who's there?!” ayan na, sigaw ka kasi ng sigaw Momo, wala na talaga akong takas sa kanya...

**\*ting! \***

Escape plan! Mwohoho.

“Wag mong hahawakan ang pinto! Ako ay isang nuno ng mga pinto, once na lumapit ka o hawakan mo man lang ang pinto ikaw ay manununo! Magkacapigsa ka all over at tatagyawatin sa iyong pwet!” sorry naman, ito lang kinaya ng brain cells ko para sa isang escape plan. Let's just hope na naniniwala si Syncbabes sa mga nuno...

“What the f.uck?!” and I think hindi sya naniniwala kasi inis na hinila nya yung pinto and...

TADAAAA!

“He-he!” ^\_^V nagpeace sign pa ako sa kanya pero yung mukha nya hindi maipinta ng makita ako.

“IKAW NANA---”

“Kyaaaa! Wag mo na ako sigawan please!” hindi ko na sya pinatapos sumigaw at ako na yung nagsalita ng dire diretso habang nakatungo ako at nakapikit ang mga mata, “Sorry na please sorry na! Hindi ko naman sinasadya yung nangyari sa condo nyo eh, gusto ko lang talaga maglinis at hindi ko talaga ginustong masira yung frame. Babayaran ko yung damages o kung anuman. Sorry na talaga. And about dun sa nakita ko sa kwarto mo, promise hindi ko ipagkakalat, i'll act as if wala akong nakita. le-erase ko sa memory ko yung nakita ko. Sorry na talaga, sorry na. Wag ka ng magalit sakín please.” >.<

Nung matapos na akong magsalita eh nakapikit at nakatungo pa rin ako, mga 10seconds ata na walang naimik then bigla syang nagsalita...

“You're really annoying. Remember that I like drinking gatorade after our band practice, the blue one and don't even forget that!” napamulat ako ng mata at napa-angat ng ulo at tumingin sa kanya pero nakatalikod na sya sakín na dala dala ang gitara nya at papasok na sya ng building, bababa na sana sya ng hagdan pero bigla syang tumigil.

Tumigil sya ng nakapamulsa ang isang kamay at nakahawak ang isa sa may sabitan ng gitara nya, hindi sya lumilingon ng magsalita sya, "I thought 'twas just my imagination that there was someone with a beautiful voice singing along with me."

He shook his head tapos bumaba na sya ng tuluyan leaving me here sa rooftop na medyo natulala at currently processing lahat ng sinabi nya...

1% loading...

2%...

weh. Ang bagal ng loading ng utak ko. >-<

100% loading complete!

*"Remember that I like drinking gatorade after our band practice, the blue one and don't even forget that!"*

Teka, inuutusan nya ba ako na ibili ko sya palagi ng gatorade na blue tuwing pagkatapos ng band practice nila... does that mean... tinatanggap nya na akong personal assistant ng banda nila? Uwaaaa!

Then, then...

*“I thought ‘twas just my imagination that there was someone with a beautiful voice singing along with me.”*

Beautiful voice singing along with him? Ako lang naman yung kasabay nyang kumanta diba? Tapos beautiful voice? Uwaaaa! Pinuri ni Syncbabes ang boses ko! Pinuri nyaaaaa!!!

“Kyaaaaa! Ansaya saya! Woooo! Oyea, oyea!” para akong tanga dun sa rooftop na magising nagsisisigaw at nagsasayaw sa saya. \(\♥vv♥)/

## **Voice ♪ 9 predictions**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

“Apple juice kay Zeke, pineapple kay Mirko, gatorade kay Sync and lastly milk shake kay Corrine.”

“Thanks bunso.” pinat ni Corrine ang ulo ko pagkakuha ng milk shake nya, “Halika, kwentuhan muna tayong dalwa dito sa balcony. Nakaka-op dyan sa mga boys eh.”

Hinigit ako ni Corrine palabas sa may balcony ng practice room, nasa 3rd floor pala ng building ang practice room nila tapos yung mga inumin nila kinuha ko sa nearest vendo machine.

“Gusto ko ang tawag mo sakín ay Ate Corrine, okay? Wag ka masyadong stiff at formal, family na tayo eh.” nakangiti nyang sabi pagkasandal nya sa rail ng balcony.

“Ok ate Corrine.” ang bait nya, mukhang suplada kung titignan si Ate Corrine pero hindi naman pala. ^\_\_^

“Ay bakít wala kang inuming binili para sa sarili mo? Gusto mo hati tayo sa milkshake ko?”

“Naku, wag na ate. Ok lang ako.”

“Sigurado ka? Eh kanina ka pa paikot ikot para alalayan kami habang nagpapraktis tapos katatapos mo pa lang ata ng school, naka-uniform ka pa, siguradong pagod ka na nyan. Dapat binili mo rin ang sarili mo ng inumin.”

“ok lang talaga ako.” ^\_\_^

“Hmm... Sige na nga. Taga Willford ka diba? Bakít pumayag kang maging personal assistant namin? Eh matrabaho iyon, sigurado naman ako may pera family mo kasi sa Willford Academy ka napasok. D’you mind me asking kung bakít pinili mong maging assistant namin at taga-linis ng condo? Nagigipit ka ba? May financial problem ba kayo? Just tell me, I’ll help you. Family na tayo eh, ayokong nasa trouble kapamilya ko.”

Sinigaw ko iyon na medyo kinakabahan habang hawak hawak ko sa tabi ko ang leader ng Runaway na si Kevin, yung bang parang shield yung dating nya sakín. Para kung bugbugin man ako ng mga ito, ibibigay ko sa kanila itong si Kevin at sya na lang bugbugin nila. XD

**"SINO KA?!!!"** (sounds "sinuka" sa tengang bingi ni Momo)

"Hindi ako sinuka! Ini-ire ako ng nanay ko!"

"Ginagago mo ba kami?! Gusto mong mabugbog? Gusto nyong mabugbog? Mga pare, bugbugin nyo na yang mga iyan!!!"

"**WAGGGG PLEAAASEEEEE!**" nabigla ako nang sumigaw si Iris, teka... andito pala sya? Eh bakit wala syang ginagawa para matulungan si Sync?!!! Wag mong sabihin saking pakana nya ito? Grrrr.

Pero hindi din nila pinansin ang sigaw ni Iris at ngayon palapit na sila samin, mga tatlo sila at susunggaban na kami. Uwaaaa. Lord, help! >\_\_<

Nagtago ako sa likod ni Kevin at napakapit ako sa likod ng shirt nya, "Help." >\_\_<

"**Shit, just shit.**" I heard him cuss tapos tinanggal nya ang pagkakahawak ko sa likod ng shirt nya, "**Back off a little baka madamay ka at masaktan.**"

Natulala ako at napatanga sa sinabi nya at pagkatapos nun nakita ko na lang na nakikipagsuntukan sya sa tatlong panget na iyon. Napaka-unfair ng fight, 1vs3 pero carry on naman ni Kevin. Pero syempre may mga times na nasusuntok din sya pero mukhang bihasa sya sa pakikipagsuntukan kaya kahit papaano nakakaya nyang makipaglaban sa tatlong ito.

Humanap ako sa tabi tabi ng pedeng itulong sa kanya, may bigla akong nakitang makapal na kahoy na pakalat kalat sa may lupa at pinulot ko ito at, "**HIYAAAAA!!!**"

Pinukpok ko ito sa likod ng isa sa mga kalaban nya at dahil malakas ang pagkakapukpok ko dito ay nawalan ito ng malay bale dalwa na lang ang kalaban ni Kevin, nag-apis pa nga kami ni Kevin, "**Thanks, that was cool!**"

Okay, diba dapat naiinis ako sa lalaking ito dahil #1 rival sya ng SE? Pero nung ngumiti sya sakin at nakipag-apir, feeling ko gumaan yung loob ko sa kanya. That was cool? Alin, yung ginawa ko? Anuba! Mas cool kaya ang ginagawa nya ngayon!!!

In no time, nagawa nya na ring matalo ang dalwa pang kalaban at dahil naduwag na yung mga kalaban tumakbo na itong mga ito at iniwan na kami.

Pagkaalis na pagkaalis nila, nakita kong bugbog sarado din kahit papaano si Kevin, putok nga ang labi nito at napa-upo ito sa sahig sa sobrang sakit din siguro ng mga natamo nya pero inignore ko sya, at this moment si Sync ang mahalaga sakin kaya tumakbo ako palapit sa kanya.

**"Ayos ka lang ba?!!"** sinubukan ko syang itayo kasi nakahiga na sya sa may damuhan at sugatan not to mention duguan. They hit him badly. My poor, Sync. :(

Napansin ko ring walang suot na t-shirt si Sync tapos may bigla akong naalala, napatingin ako kay Iris na noon ay nakatayo lang sa tabi namin at parang kinakabahan habang nakatingin kay Kevin -- nakita kong suot suot ng Iris na ito ang t-shirt ni Sync. At may nabuong conclusion sa isip ko...

**"IKAW!!!"** galit na sigaw ko dito, **"IKAW MAY KASALANAN NITO!"**

**"H-hey, a-anong sinasabi mo? W-walang kasalanan dito si Iris!"** narinig kong pautal utal na sinasabi ni Sync.

**"Y-yeah, bakit ako sinisisi mo? Pagkalabas namin ng banyo, pabalik na sana kami sa private room nang bigla kaming hinila ng mga lalaking iyon dito!"** pag-e-explain nya pero hindi ako naniwala sayo Iris. >\_<

(NOW PLAYING: Face Down by Red Jumpsuit Apparatus)

♪~ *Hey girl you know you drive me crazy.  
One look put's the rhythm in my hand.  
Still I'll never understand why you hang around  
I see what's going down.  
Cover-up with make-up in the mirror  
Tell yourself it's never gonna happen again  
You cry alone and then he swears he loves you. ♪~*

**"Ah really? Then explain me, bakit si Sync lang sinaktan nila? Bakit yang pagmumukha mong isda hindi nila binangasan ha? Bakit ni galos wala ka ha? HA?! Can you explain that?!"**

**"I don't know..."**

**"HEY MOMO! STOP IT! MAYBE THOSE PEOPLE ONLY HAVE A GRUDGE ON ME AND THEY HAVE NOTHING TO DO WITH HER KAYA HINDI NILA SYA SINAKTAN OK? AND IM GLAD NA HINDI NILA SYA SINAKTAN SO STOP INVENTING THINGS! SHE ABSOLUTELY HAS NOTHING TO DO WITH THIS!"**

**"Sync, alam ko wala akong karapatang magsalita pero hindi ko na kaya. Kung aabot na sa ganto na sasaktan ka nya at halos mapatay na, hindi na ako maghihintay pa mangolekta ng proofs! Maniwala ka sakín, yang babaeng yan, yang Iris na yan pinapaniwala ka lang nya na may gusto sya sayo pero I'm telling you, she's an anti-Syntax Error! And she's planning to ruin SE! Believe me!"**

**"Shut up Momo! You really are crazy! Everything you just said is totally absurd! She's not an anti and she's not tricking me so shut your mouth."**

♪~ *Do you feel like a man  
When you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend one day this world's going to end  
As your lies crumble down a new life she has found. ♪~*

**"Pero Sync, I heard her not once but twice sa may cr! Sabi nya she's just making you fall deeply into her tapos sasaktan ka lang nya at pati na rin ang buong SE! Sisirain nya kayo! Maniwala ka sakín Sync, please lang kahit ngayon lang! Hindi ito gawa gawa."**

Bigla syang bumitaw sa hawak ko at lumapit kay Iris tapos ansama ng tingin nya sakín, **"Enough."**

♪~ *A pebble in the water makes a ripple effect  
Every action in this world will bear a consequence  
If you wade around forever you will surely drown  
I see what's going down.  
I see the way you go and say you're right again,  
say you're right again,  
heed my lecture ♪~*

**"Balik na tayo sa resto, Iris."**

**"Ayos ka lang ba, Sync? Bilisan natin, kelangan natin magamot mga sugat mo."**

Tinalikuran na nila ako at naglalakad na sila pabalik pero hinawakan ko ang braso ni Sync at pinigilan syang umalis, **"That girl will destroy you, I swear to you. Please trust me, Sync."**

Bigla syang humarap saakin at sa bigla ko...

sinampal nya ako.

**"I said enough. I DON'T TRUST SOMEONE LIKE YOU."**

♪~ *Do you feel like a man  
When you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend one day this worlds going to end  
As your lies crumble down a new life she has found. ♪~*

Tapos tinalikuran nya na ulit ako at umalis na sila. Naiwan ako dun na hawak hawak ang pisngi ko na sinampal nya. Naramdaman ko na lang na may tumulong luha sa mga mata ko.

**"Uhh... a-ayos ka lang?"**

Tinignan ko ng masama si Kevin na sa noon ay tumatayo mula sa pagkakaupo nya, medyo nahihirapan syang tumayo dahil din sa mga sugat na natamo nya, **"Hah! Tch! Ayos lang ako? Don't worry, ayos lang ako. Sinampal ako ng taong iniidolo ko, sinigawan ako at sinabihang hindi sya nagtitiwala sakin. OO PRE, AYOS LANG AKO. AYOS NA AYOS, KAYA NGA AKO NAIYAK EH? TEARS OF JOY, ALAM MO YUN?! Nagtanong ka pa eh!"**

♪~ *One day she will tell you that she has had enough  
its coming round again.*

*Do you feel like a man  
When you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend one day this worlds going to end  
As your lies crumble down a new life she has found. ♪~*

Sarcastic na sinigawan ko sya habang umiiyak pa rin ako, napakamot sya ng ulo tapos may kinuha sa bulsa nya at lumapit sakin, **"Uhh.. ito oh, panyo.. makikipunas ng tears of joy mo, hindi po kasi bagay."**

**"Pedeng hindi lang yung panyo mo ang hiramín ko, pedeng pati na rin ikaw? Nalulungkot ako, gusto ko ng kasama at makakausap. Saka may utang pa ako sayo, nabugbog ka dahil hinila kita dito. Halika, gamutin natin mga sugat mo tapos pautang ulit ako sayo, pautang ng oras."**

Wala akong pakelam kahit kinamumuhian ko pa itong taong ito, kelangan ko talaga ng makakausap ngayon. Sobrang lungkot ko sa ginawa ni Sync, sa pagtatanggol nya sa babaeng yun. Ansama ng loob ko, bakit ba kasi sobra sobra ang pagtitiwala nya sa Iris na iyon?

"Busy ako eh pero sa tingin ko hindi na rin naman ako makakapunta sa dapat pupuntahan ko sa gantong lagay kaya... sige, papautangin kita ng oras ko pero make sure to pay for it sa future. I'm Kevin Sy nga pala."

"Gago, alam ko. Sikat ka eh hindi mo na kelangan magpakilala. Ako naman si Momo, Momoxhien Clarkson. Salamat in advance." :")

♪~ *Do you feel like a man  
When you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend one day this worlds going to end  
As your lies crumble down a new life she has found.* ♪~

## **Voice 14: Zzzz**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"Aray, aray ko. Aray, aray!"

"Eh leshe naman, aray ka na lang ng aray, mag-ouch ka naman!"

"Ouch! Ouch!"

"Baliw!" diniinan ko lalo yung bulak sa may sugat nya sa pisngi at dahil dun mas lalong napalakas ang pag-aray nya.

"Pinapatay mo naman ata lalo ako eh imbis na ginagamot!"

Nandito kami ngayon sa may kotse nya, buti boyscout itong isang ito at laging may dalang first aid kit sa kotse nya. Ginagamot ko mga sugat nya sa mukha para naman kahit papaano makabayad ako sa utang ko sa kanya sa paghila ko sa kanya sa gulo. Napagalaman kong may presscon pala sila dapat ng banda nyang Runaway pero dahil nga sa hinigit ko sya sa gulo, napostpone tuloy ang presscon nila. Nagsinungaling na lang sya sa manager nya, sinabi nyang biglang sumama pakiramdam nya kaya hindi na sya makakapunta. Medyo naguilty naman tuloy ako. =\_\_=

"Eh kasi ang kulit mo eh, aray ka ng aray. Natural masakit yan."

"Psh." yun lang yung nasabi nya at pinagpatuloy ko ang pagpupunas ng dugo sa may mukha nya. Nasa may driver's seat sya nakaupo at nasa katabi nyang upuan ako nakaupo pero nakaharap ako sa kanya at nakalapit ang katawan ko sa kanya pati na rin ang mukha ko sa mukha nya dahil nga ginagamot ko mukha nya.

Sa sobrang lapit nya, pag nagsasalita sya nararamdaman ko tuloy hininga nya. Hindi naman mabaho, mabango... syempre pupunta syang presscon dapat diba? Malamang mabango dapat hininga nya. =\_\_=



Ayy teka, diba kung naamoy ko hininga nya ibig sabihin nun naamoy nya rin hininga ko? Yikes. Diba kakakain ko lang? Meron pa man din bawang sa kinain ko. Shet... ambaho siguro ng hininga ko, bigla naman tuloy akong nahiya. Wag na nga lang makaimik. >\_\_<

Hindi naman gaanong nabangasan mukha nya, meron lang syang cut sa may taas ng kilay nya at konting gasgas sa may pisngi tapos putok yung labi nya. Pinupunasan ko nga mga labi nya kasi duguan ito, wow unfairness kissable lips nito. Weh, joke lang wala akong pagnanasa sa kanya. =\_\_=

Speaking of pagnanasa, yung pinagnanasaan kong si Syncbabes.... haay, pag naaalala ko yung kanina, lumulungkot nanaman ako. :(

**"Hey Momo, okay ka lang?"**

**"H-ha?"**

**"Bigla ka kasing napatigil sa pagpapahid sa sugat ko tapos natulala ka?"**

Umiling iling lang ako, **"W-wala, wala, Okay lang ako."**

**"Iniisip mo pa rin ba yung nangyari kanina? I'm really sorry about it. I don't know the whole story pero I'm really sorry talaga sa nangyari."**

**"Bakit ka nagsosorry? Wala ka naman ginawa o kinalaman dun." (?\_? )**

**"Wala lang, sorry lang... ewan, hindi ko alam sasabihin ko eh. I would want to comfort you pero hindi ko alam storya eh kaya... ah ewan, basta I'm sorry talaga sa nangyari."**

Nalulungkot at natatawa ako, ang bait naman ng taong ito and to think na kinamumuhian ko sya for such trivial reason katulad na lang ng pagiging rival lang ng SE... kasalanan nya bang maging rival ng SE? Ang baliw ko talaga, bakit ko ba kinainisan itong taong ito wala naman syang ginagawang masama saakin.

Ngayong nakakausap ko sya, gusto ko tuloy iumpog ulo ko sa pader. Ang bait bait nya para husgahan ko sya dati, napayuko tuloy ako tapos naiiyak nanaman ako, **"Naiinis ako. Hindi ko alam kung kanino, kung kay Sync, kung kay Iris o kung sa sarili ko. Basta, naiinis ako. Tapos nalulungkot din ako. Nasasaktan din ako. Dyan ba sa first aid kit mo meron bang pedeng magpagamot sa puso? May band aid ba or something dyan na pede sa puso?"**

**"Nakakainis si Sync, idol ko sya at lagi syang laman ng isip ko. Minsan nga iniisip ko kung paghanga na lang ba ito o naiinlove na talaga ako pero hindi yun yung point dito. Hindi naman ako umaasang suklian nya yung feelings ko, syempre northpole sya southpole ako so malabong mangyari yun. Pero ang hiling ko lang naman kasi sana paniwalaan nya ang mga sinasabi ko, bakit ba kasi sya nagtitiwala sa Iris na yun? She's good for nothing, sisirain nya lang ang SE! Ang hirap naman kasi pag yung taong pinapahalagahan mo ayaw kang paniwalaan. Oo,**

nasasaktan ako pero mas masasaktan ako kung dadating yung araw na magagawa nung bruhildang Iris na yun ang masasamang plano nya. Masasaktan ako na makita yung taong importante sakín na sinasaktan ng taong pinagkatiwalaan nya. At akong nagsasabi ng totoo sa kanya hindi nya pinaniwalaan. Masasaktan ako kung sa future makikita ko syang magsisisi kasi niloko sya ng taong mahal nya, ayokong mangyari yun. Hindi ko naman hinihiling na mahalín nya ako pabalik, yung akin lang sana paniwalaan nya man lang ang mga sinasabi ko. Para naman ito sa kanya eh."

Andrama ko, shet lang. Pero kasi hindi ko talaga mapigilang maiyak everytime naaalala ko ang pagsampal sakín ni Sync at ang mga masasakit na salitang biniwan nya. Napatakip na lang ako ng mga mata ko gamit ng aking mga palad dahil napapahiya ako kay Kevin na nasa harap ko na nakikita ang mga kadamahan ko sa buhay.

**"Pasensya ka na ah, ang drama drama ko. Nakakahiya tuloy. H---**" napatigil ako sa pagsasalita at nabigla ako ng maramdaman ko ang kamay nya sa likod ko at nakayakap sya sakín...

**"Eh hindi ako marunong mag-comfort eh... pede na ba ang hug? O-oy, wag mong isiping manyak ako ah. Comfort hug lang." =\_\_\_=**

(Now Playing: Sometimes by A Rocket to the Moon)

~♪ *You're standin' all alone,  
Short of breath and tired eyes.  
You're shakin' to the bone,  
Overdressed and nowhere else to go.  
Oh girl, I need to know...~♪*

**"Sabi kasi ng nanay ko, if I see someone crying daw I should give that person a hug kasi sa mga oras daw na naiyak ang isang tao, hindi band-aid kelangan nito kundi isang yakap na magpaparamdam sa kanya na magiging ayos ang lahat, na mawawala din lahat ng sakit na nararamdaman nya."**

Ang bait nya lalo akong naiyak sa kabaitan nya. Idagdag pa ang yakap nya sakín, feeling ko nakahanap ako ng sandalan sa oras na ito at ang gusto ko lang gawin ngayon ay yakapin ang taong ito at iiyak lahat ng sama ng loob ko.

~♪ *Let's get you from the cold,  
I'll help you with your overcoat.  
I'll never let you go,  
I need you more than I could ever show you.*

*Tell me now, because I need to know...*

*Everybody needs somebody sometimes. (sometimes)*

*Everybody needs somebody on their mind.*

*So tell me what you want, girl;*

*I'll be there to hold you.*

*'Cause everybody needs somebody, sometimes. ~♪*

**"Payakap, 5minutes lang."** nilagay ko ang mga kamay ko sa likod nya at niyakap sya ng mahigpit habang nakabaon ang umiiyak kong mukha sa kanyang dibdib. Ganun lang ako, ganun lang kami, walang umiimik.

---

< Kevin's POV >

Medyo awkward para sakín kasi walang naimik habang magkayakap kami. Eh ang awkward awkward talaga, ramdam ko kasing basang basa na yung t-shirt ko. Nakasubsob kasi sya sa aking dibdib --- basa na talaga t-shirt ko ng luha nya baka pati na rin ng uhog nya. =\_\_=

Familiar yung mukha nya. Nakita ko na sya ng dalwang beses, nakabunguan ko sya dati sa may network building tapos sya rin yung sa may park na nakakita saking ihi sana. Ewan ko sa babaeng ito, everytime na makikita ako sinusungitan ako parang ang laki ng galit sakín. =\_\_=

Medyo naiinis nga ako sa kanya kasi lagi nya akong sinusungitan at sinisigawan tuwing nagkikita kami pero kanina medyo naawa ako sa kanya. Nung sinampal sya ni Sync Mnemosyne ng Syntax Error, I don't know the whole story at wala akong ideya kung anong ginagawa ng leader ng SE dun at bakít sya bugbog sarado o kung sinuman yung mga nambugbog pero sa tingin ko, in whatever circumstances there was, hindi naman ata tama na sampalin ni Sync itong si Momo. I hate it when a guy makes a girl cry, that's very stupid.

Kawawa tuloy si Momo, mukhang nasaktan talaga sya. Nawala tuloy ang inis ko sa kanya ng hindi oras, well kahinaan ko kasi ang luha ng mga babae. Everytime nakakakita ako ng babaeng umiiyak, kahit gaano pa ito nakakainis biglang lumalambot ang puso ko para dito. Naiisip ko kasi ang nanay ko nung hiniwalayan sya ng tatay ko, iyak sya ng iyak noon kaya simula nun ayoko na ng nakakakita ng babaeng umiiyak.

Pero teka bago ako magkwento ng talambuhay ko dito... parang lagpas na ata ang 5minutes ah? Teka...

**"Zzzzz. Zzzzz."**

Teka bakit parang nakakarinig na ata ako ng... paghilik? Is she snoring? O\_\_\_O

Moreover, is she already sleeping? O \_\_\_\_\_ O

Nilayo ko ng konti sakin si Momo to see na nakatulog na pala sya! Ay wengya itong babaeng ito, tama bang makatulog sa kalagitnaan ng drama moment? Tapos... tulo laway pa sya. Edi ba nakasubsob sya sa may dibdib ko... does that mean hindi lang luha at uhog ang bumasa sa shirt ko? Pati na rin laway nya? = \_\_\_\_\_ =

~♪ *Who are you?  
I never heard so many lies, so  
Tell the truth;  
The only thing I ever wanted for you,  
Was to show you, I know you.*

*So now you see,  
I've finally found a part of me  
That you don't need.  
But needing isn't everything when  
You want love.  
And you want ours,  
You need me. ~♪*

Sinandal ko na sya sa may passenger's seat at ini-upo ng ayos, I tried waking her up but she just groans tapos pinapalo nya pa kamay ko. She's in a deep slumber, pagod siguro ito? Tapos umiyak pa sya. Sabagay pag pagod ka tapos bagong iyak ka sobrang himbing talaga ng tulog mo pagkatapos.

Kaso, anong gagawin ko dito?

**"Huy, wake up."**

"**Ano baaaa~~**" yun lang sinasabi nya tapos kakamot sya sa may leeg nya at sasandal sa may gilid ng kotse habang tulog pa rin. =\_\_=

Anong gagawin ko dito? =\_\_=

liyak sakin tapos tutulugan ako. =\_\_\_\_=

Hiningi nya pa daw oras ko tapos tutulugan ako. Kakaiba rin itong babaeng ito ah. So now what? =\_\_=

~♪ *Everybody needs somebody sometimes. (sometimes)  
Everybody needs somebody on their mind.  
So tell me what you want, girl;  
I'll be there to hold you.  
'Cause everybody needs somebody, sometimes.*

*So now you see,  
I've finally found a part of me  
That you don't need.  
But needing isn't everything when  
You want love.  
And you want ours,  
You need me.  
You need me. ~♪*

"**Sync, wag kang sumama sa kanya. Sync, maniwala ka sakin...**" ngayon naman nag-i-sleep talk pa sya? Pa-weird ng pa-weird itong babaeng ito.

"*Maniwala ka naman sakin...*" ang lungkot ng mukha nya hanggang sa pagtulog, basang basa pa nga ang mga pisngi nya mula sa mga luhang iniyyak nya kanina.

~♪ *Everybody needs somebody sometimes. (sometimes)  
Everybody needs somebody on their mind.  
So tell me what you want, girl;  
I'll be there to hold you.*

*'Cause everybody needs somebody, (everybody need somebody)  
Sometimes. ~♪*

**"Sshhh."** sinubukan kong punasan ang mga luha sa may pisngi nya with my thumb. Pinagmasdan ko ang mukha nyang malungkot na natutulog, patagal ng patagal na pinagmamasdan ko itong babaeng ito feeling ko parang hindi na lang awa ang nararamdaman ko..

I don't know but I feel like taking care of her... She looks so fragile.

**"Aaaahhh."** napalayo ako agad sa kanya at ginulo ko ang buhok ko sabay untog ko ng ulo ko sa may manibela ng kotse. **"No, no, no."**

Paulit ulit kong inuuntog ang ulo ko sa may manibela para maalis ang mga pumapasok sa isip ko. Matapos kong iuntog ng maraming beses ang ulo ko sa may manibela, napatingin nanaman ako sa kanya at nababaliw na kinausap ko sya kahit natutulog sya, **"Wag mo akong akitin, please lang."**

**"Zzzzz. Zzzz."**

Hahahaha. Mababaliw ako.

Ano ba nakakaakit sa babaeng mamumugto na ang mga mata, magulo ang buhok, humihilik at tulo ang laway?

**"Tukso layuan mo ako." = \_\_\_\_\_ =**

~♪ *Everybody needs somebody sometimes. (everybody needs somebody)*  
*Everybody needs somebody on their mind.*  
*So tell me what you want, girl;*  
*I'll be there to hold you.*  
*'Cause everybody needs somebody, sometimes. ~♪*

## **Voice 15: Where is Momo?**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

< **Mirko's POV** >

**"Sync! What happened to you?"** napatayo kaming lahat ng makita naming pumapasok si Sync na alalay ni Iris sa may balikat. Hirap maglakad si Sync at duguan ang katawan.

**"Driver, let's bring him to the hospital. Quick!"**

Nagdiretso kaming lahat sa hospital para magamot ang mga sugat ni Sync. Kinuwento sa amin ni Iris ang nangyari, accdg to her pabalik na daw sila nang may mga lalaking humila sa kanila at binugbog si Sync.

**"Namukhaan nyo ba kung sino sila?"** galit na tanong ni manager.

**"Hindi eh, tumakbo na sila pagkatapos..."**

**"Wait, si Momo? Inutusan ko syang hanapin kayo ah."** oo nga, ngayon lang namin napansin na hindi pala namin kasama si Momo pagpuntang hospital. Masyado kaming na-worried sa condition ni Sync kaya nawala tuloy sa isipan namin si Momo.

**"Ah eh..."** parang hindi mapakali si Iris tapos tumingin sya kay Sync na noo'y naka-upo sa hospital bed nya at nakakuyom ang mga kamay habang nakapatong sa kanyang noo.

*"Call her, tell her I'm sorry."*

**"Ha? Sorry? For what, Sync? Hey, hey, what really happened? Was Momo with you, guys?"**

Ingnore lang ni Sync ang mga tanong ni manager at nahiga na sa kama nya at pinikit ang mga mata, **"Please leave me alone. Let's talk about it tomorrow, I'm tired."**

Nirespect na lang namin decision ni Sync at lumabas na kaming lahat ng hospital room.

Manager's totally irritated and been walking back and forth on the hospital's hallway as she has her phone on her ear.

**"Hey guys,"** she stops for a moment and called us kaya napatingin naman kami sa kanya, **"Someone check on Momo, call her phone. Here's the number."**

May inabot syang papel na may nakasulat na number, kay Momo ata, ako na yung kumuha nun, **"Ok, I'll call her."**

~\*\*\* ring ring

Lumabas muna ako ng hospital to smoke and to call Momo as well.

~\*\*\* ring ring

**"Hello Momo!"** sabi ko kaagad nung tumigil na yung ring, **"As--"**

**"Uhh, this is not Momo."**

**"Ha? Oh, baka mali type ko ng number ni Momo. I'm sorry to disturb you. B---"**

**"Wait wait!"** ibababa ko na sana yung call pero bigla akong pinigilan ng nasa kabilang line, **"Hindi ka wrong number, ito nga number ni Momo tho wala si Momo dito. Ako yung bestfriend nya, nakalimutan nya yung phone nya kasi sa bahay ko kanina. Sino nga pala sila? May kelangan ka po ba kay Momo?"**

Bigla akong napangiti, I took a blow muna sa sigarilyo ko saka tinapon ito sa sahig at inapakan para patayin sabay pulot ko sa upos nito para itapon sa malapit na basurahan atsaka lamang ako sumagot, **"Alam mo ba may kaboses ka."**

**"Excuse me?"**

**"Ah wala, wala. Ako nga pala si Mirko ng Syntax Error, hinahanap ko lang si Momo kasi bigla syang nawala."**



**"WHAT?! What do you mean biglang nawala ang bestfriend ko?!"** biglang nagpanic yung boses nya. Nailayo ko nga ng hindi oras yung phone sa tenga ko paano kasi bigla syang sumigaw.

**"Eh dont worry, wala naman siguro nangyari sa kanya. Inutusan kasi sya ni manager na hanapin yung kaband member ko kaso bumalik na yung kaband member ko at may nangyari kaya nagpunta kaming hospital at nawala sa isip namin si Momo. Kaya sinubukan namin syang tawagan para alamin kung asan sya, ang kaso nga lang nasa iyo yung phone nya."**

**"ANO?! Hospital? May nangyari? Hindi nyo alam kung asan ang bestfriend ko?! Asan kayo ngayon?! Asan?!"**

**"Woah, calm down. Wala naman siguro nangyari sa kanya..."**

**"Just tell me in what hospital are you?!"** she sounds worried and angry at the same time.

**"Err... Los Martys Medical Hospital..."**

**"Asang parte ng hospital kayo? Room number? What?"**

**"Uhh... Ako nasa may malapit lang sa pinto ng hospital at kausap ka?"**

**"Don't move! Dyan ka lang, I'll be there in less than 20minutes! DONT MOVE!!!"**

*~\*\*\* eng eng*

**"Uhh..kay."** ini-end ang call? At sinigawan ako at inutusanag wag gagalaw. Wow, ang wild lang ng bestfriend ni Momo.

Mga 10minutes after, may tumigil na motor sa harap ko. Nakapajama yung bumababa at nakahelmet.

Habang lumalapit sya sakin eh tinatanggal nya helmet nya, ohh...

I feel stunned when she removed her helmet, she looks fierce with her angry face pagkahubad nya ng helmet.

I got really dazed with her beauty that I wasnt prepared when she punched me on the face! Napahiga tuloy ako sa sahig sa

lakas ng impact ng suntok nya.

**"Cazzo! What was that for?!"** sabi ko habang pinapakiramdaman ang labi ko na sa tingin ko nagdugo.

(cazzo = fvck)

**"Where is my bestfriend?!"** sya na nagtayo saakin pero hinigit nya ako sa kwelyo, **"Asan si Momo?! Pag may nangyaring masama sa bestfriend ko lagot kayo saakin!!!"**

**"Aspetta!"** tinanggal ko pagkakahawak nya sa kwelyo ko, **"Che ne so. Hindi ko alam kung asan si Momo, diba sinabi ko na sayo sa phone?"**

(Aspetta = saglit nga)

(che ne so = anong malay ko!)

**"Anong hindi nyo alam?! Hanapin mo bestfriend ko!"**

**"Eh wait lang, ano ba ginagawa ko when I called her phone? Hinahanap ko sya! Easy ka nga lang, tesoro."**

**"Hindi tesoro name ko!"**

**"Haha, no, I meant tesoro as in 'dear' or 'babe' or 'darling' or 'sweetheart'. Just a term of endearment. That's Italian, tesoro mio."**

**"Endearment? Endearment this!"** tapos nabigla ako ng tinaas nya ang kamay nya with her middle finger waving at me. Woah, what a girl this is, indeed.

**"You're going with me, mister!"** bigla nya nanaman akong hinigit sa may kwelyo ko papunta sa motor nya.

**"Where are we going?"**

**"Hahanapin natin bestfriend ko and if we don't find her, I swear to you,"**

tapos nilagay nya kamay nya sa tapat ng leeg nya at minove ito as if nilalalalas nya leeg nya,

**"You're dead meat."**

**"Hey, anong ginawa ko? I really don't even have an idea where Momo is!"**

**"Kaya nga natin hahanapin eh!"** hinigit nya ako palapit sa kanya at nanggagalaiti yung expression ng mukha nya, **"I don't care kung kayo pa ang favorite band namin ni Momo, kung kayo lang rin magiging reason ng pagkawala ng bestfriend ko, sasaktan ko talaga kayo."**

Bigla nya akong binitawan at may kinuhang extra helmet sa may motor nya at inabot ito sakin in a way na parang sinikmuraan nya ako, **"Wear it!"**

Brutal nya naman masyado. =.=

**"Hey, you wanna die or what?!"** sigaw nya sakin nung nakaupo na sya sa motor nya na nakahelmet na at naka on na ang makina ng motor.

**"Caspita! Che tipa violenta!"** I mumble as I ride at the back of her motor. (Grabe lang, napakabayolenteng babae.)

Yayakap este hahawak na sana ako sa bewang nya to get a grip pag nagdrive na sya kaso bigla syang sumigaw, **"Don't even!"**

**"Eh... Saan ako kakapit?"**

**"Sa balikat ko!"** sinunod ko na lang sya at sa may balikat nya na nga lang ako kumapit at pinaandar nya na motor nya. How boring, sa balikat lang. Wala man lang sexybone itong babaeng ito, brutal na nga nakapajama pa at higit sa lahat suplada pa ayaw magpayakap sa bewang. =.=

**"Uhh, ano nga ulit pangalan mo?"** tanong ko sa kanya habang nagdadrive sya.

**"Ano sabi mo?!"** nakasigaw na sabi nya, medyo maingay kasi ang motor, hindi kami magkarinigan kaya kelangan magusap ng pasigaw.

**"Anong pangalan mo?!"**

**"Aila."**

**"Ahh..."** patango tango kong sabi sa likod nya, **"Saan natin hahanapin si Momo?"**

Pagkatanong ko nun biglang pumreno ng biglaan yung motor tapos lumingon sya sakin at napakamot ng ulo kahit may suot na helmet, **"Oo nga noh, dire diretso ako sa pagdrive without even having a certain road to go."**

Medyo natawa ako, **"I suggest that we go to where we just ate dinner. Maybe she's still around the restaurant."**

**"Ok,"** ini-start nya na ulit ang engine at nagdrive na muli as I sign her the road to the restaurant.

Nung makarating kami dun, nagtanong tanong kami sa mga tao sa restaurant pero syempre hindi ko hinubad helmet ko para hindi ako makilala ng mga tao dun. Mahirap na baka pagkaguluhan ako atsaka baka may paparazzi pa. =.=

Naglibot libot na rin kami sa malalapit na parte ng resto pero wala, hindi namin nahanap si Momo. Bumalik na lang kami sa may motor ni Aila.

**"Wala din dito sa parteng ito si Momo."** sabi ko habang pabalik na kami sa motor pero nabigla ako na biglang humarap sakin si Aila at sinuntok ako...

Lucky for me, I still had my helmet on...

**"Ouch, ouch! Oh eff!"** halos magtatalon sya habang hawak hawak nya ang nasaktan nyang kamao. Unfortunately for her, she forgot that I still have my helmet on and judging by how hurt she is, she must've actually punched me hard.

Well, I didnt really felt anything, just a little impact. Hinubad ko na yung helmet ko at nilapitan sya, **"Hey, are you ok?"**

**"Get away from me! Shit, shit. Ang sakit."** sabi nya habang napaupo na sya sa may pavement at hawak hawak pa rin ang kamay na nasaktan.

Umupo ako sa tabi nya, **"What's wrong with you? Susuntukin mo nanaman ako? Second time na yan ah! Can you calm down a bit?!"**

**"Calm down?!"** bigla syang humarap sakin tapos may tumulong luha sa mata nya na agad nyang pinunasan, **"Nawawala ang bestfriend ko dahil sa inyo! Tapos sabi nyo pa may something na nangyari kaya napasugod kayo sa hospital!"**

**Iniwang nyo bestfriend ko sa gantong oras, 11pm na! No, near midnight na and she's nowhere to be found! What if may nangyaring masama sa bestfriend ko?! I can't calm down, there's a lot of terrible thoughts in my mind."**

Bigla nyang binaon ang mukha nya sa tuhod nya habang hawak hawak nya pa rin ang nasaktang kamay, **"Hindi ko lang bestfriend si Momo, para ko na syang kapatid. I love her more than I love my parents. Pag hindi natin sya nahanap, hindi ko na alam gagawin ko... Paano kung may nangyari sa kanyang masama? Natatakot ako. My thoughts are killing me."** :(

**"Let me see,"** inabot ko ang kamay nyang nasaktan, kinuha ang panyo sa aking bulsa at tinali ito sa may kamao nya, **"This bandage may help a bit to ease up the pain. And about your bestfriend Momo, I promise you I'll find her. Give me until tomorrow afternoon. Pag hindi ko sya naibalik sayo by that time, you can punch me as many times as you want."**

Iniangat nya ang ulo nyang nakabaon sa tuhod nya at tumingin sakin tapos tinignan nya yung kamay nyang binalutan ko ng panyo ko, napatakip sya ng bibig na wari mo'y maiiyak anytime, **"Nung tumawag ka sa phone ni Momo at sinabi mong nawawala sya, I felt like a bomb triggered inside me. Sobrang nagpanic ako na halos ninakaw ko na ang susi ng motor ng dad ko at nagdrive sa kinaroroonan mo kahit nakapajama lang ako. Si Momo, sobrang special ng babaeng yan saakin. If it wasn't for her, I could've been dead by now. That girl saved my life."**

She's telling me her story and I took time to listen, sa tingin ko kasi na she's really sad sa pagkawala ni Momo and she badly need to talk to someone.

**"She saved your life?"**

*"Yeah, 2years ago I was still a badass... you know, the gangster type... I almost killed someone and also got myself almost killed as well..."*

**"Oh, what happened then?"** mula sa mga narinig ko sa kanya bigla akong na-curious and I wanted to know more. This girl in front of me looks like a sweet girl, well except when she gets aggressive, but really she doesn't look like the type who goes around the street to gather scars. She looks way different from a gangster... I mean, what was there 2years ago? I am so curious with an almost stranger's past.

**"Ugh,"** bigla nyang ginulo buhok nya tapos tumayo na sya at bago nya ilagay ang helmet nya, nagsalita sya, **"Why am I even telling you such things. It's none of your business."**

Sinuot nya na helmet nya at sumakay na sa kanyang motor at umalis na...

Leaving me still sitting on the pavements and...

WHAT THE HECK?! SHE LEFT ME!!!

Yeah, umalis sya ng hindi ako kasama. Ngayon ko lang narealise, antanga ko din. =\_ =

Now what?

I still have the helmet she lent me. Geez. Really, that girl is something.

## **Voice 16: Apples**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

< Momo's Voice >

(Denny's note: Voice as in "POV" point of views)

Now playing: Your Guardian Angel by Red Jumpsuit Apparatus

♪~ *When I see your smile*

*Tears run down my face  
I can't replace  
And now that I'm strong  
I have figured out  
How this world turns cold  
and it breaks through my soul  
And I know I'll find  
deep inside me  
I can be the one ♪~*

Mmm. Ang sarap naman sa tenga ng tugtuging ito... Mmm. Hindi ko kilala ang awiting ito...

♪~ *I will never let you fall (let you fall)*

*I'll stand up with you forever  
I'll be there for you through it all (though it all)  
Even if saving you sends me to heaven*

*It's okay. It's okay. It's okay.  
Seasons are changing  
And waves are crashing  
And stars are falling all for us  
Days grow longer and nights grow shorter  
I can show you I'll be the one ♪~*

I've never heard this melody before... Pero maganda ito, masarap sa tenga... It makes you wanna wake up with a smile...

♪~ *I will never let you fall (let you fall)*

*I'll stand up with you forever  
I'll be there for you through it all (through it all)  
Even if saving you sends me to heaven*

*Cuz you're my, you're my, my, my true love, my whole heart  
Please don't throw that away  
Cuz I'm here for you  
Please don't walk away and  
Please tell me you'll stay, stay ♪~*

This song is luring me, saying 'hey wake up, sunshine'. What a voice, what a song... Breathtaking.

♪~ *Use me as you will*

*Pull my strings just for a thrill  
And I know I'll be okay  
Though my skies are turning gray*

*I will never let you fall  
I'll stand up with you forever  
I'll be there for you through it all  
Even if saving you sends me to heaven ♪~*

**"Xanggala!!!"** napaupo ako mula sa aking paghiga ng magising ako sa hindi pamilyar na kwarto, **"Asan ako?! Uwaaaahh! Help! Help!"**

\*boogsh! Tugsh! Bagaboogsh!\*

Mula sa labas ng kwarto kung asaan ako ngayon, narinig kong parang may naglagabagan na para bang may nahulog na bagay sa sahig tapos hindi din nagtagal biglang nagbukas ang pinto at iniluwa nito si Kevin Sy ng Runaway na may hawak na hawak na gitara sa kaliwang kamay, parang nagaalalang nagpapanic ang itsura nito, **"What?! What?! What happened?!"**

Hinigit ko kaagad yung kumot sa kama at tinakip sa katawan ko, **"H-hoy! Asan ako?! A-at anong ginawa mo sakin?"**

**"Akala ko naman kung ano na nangyari,"** pumasok sya ng kwarto at pinatong yung gitara sa may isantabi, **"Nasa may condo ko ikaw, in my room to be specific. Nakatulog ka kagabi sa kotse ko, ginigising kita kaso bigla mo akong sinuntok, nakakatakot ka pa lang gisingin nananakit ka. Tapos sinubukan ko maghanap ng cellphone sa gamit mo para kumontak sana ng kakilala mo para kunin ka kaso wala akong nahanap na cellphone."**

Walang nahanap na cellphone? Ah! Nalimutan ko nga pala sa bahay nina Aila nung dumaan ako sa kanila kahapon.



"Kaya in the end, I was left with no choice kaya dinala na lang kita dito sa condo ko."

"Uwaaa. I hate you, sinamantala mo ang pagkakataon habang mahimbing ang tulog ko. Akala ko mabait ka, mali pala ako. Ansama mo, wala na... Wala na." T\_\_\_\_T

"H-ha? Wala na ang alin? Saka anong ginawa ko?" naguguluhan nyang tanong, painosente pa sya masyado. T\_\_\_\_T

"Wala na! Hindi na ako virgin! Kinuha mo na! Papademanda kita, papakasuhan kita ng rape!"T\_\_\_\_T

Nanlaki yung mga mata sabay tumawa sya, "Ahaha! Hindi kita ginalaw oy! Masyado kang advance mag-isip, anlaki ng imagination mo! Look, you're still wearing the same clothes from last night. Wala akong ginawa sayo promise man, mamatay ka man."

"Psh. Bakit mamatay ako? Ikaw na lang." inalis ko na yung kumot sa pagkakatakip sakin, mainit eh! Tumayo na ako at hinanap yung sapatos ko at sinuot iyon tapos dumiretso sa kanya at inabot ang kamay nya at nakipaghandshake at sinabi ko sa kanya sa seryosong mukha, "It's nice to meet you. I'm going."

Lalabas na sana ako kaso bigla nya akong pinigilan sa may braso, "Wait lang, aalis ka na?"

"Oo, bakit?"

"Ganun ganun na lang?"

"Ha? Anong ganun ganun na lang sinasabi mo?"

"After what happened last night, basta basta ka na lang aalis?"

Lumayo agad ako sa kanya, "H-hoy! Sabi ko na nga ba eh may ginawa kang masama sakin while I was sleeping!!!" >\_\_<

"No! That's not what I meant!" sinapo nya ang noo nya na para bang sinasabi ng non verbal action nya na 'ang kulit kulit' ko, "I mean pagkatapos mo akong hilahin sa gulo kagabi at ipabugbog sa mga taong iyon, and after all the troubles like making me sleep on the couch on my own condo! Aalis ka na lang basta basta?" =\_\_=

"Eh anong gusto mo? Thank you? Osya, thank you. Pede na akong umalis?" =\_=\_

Bigla syang yumuko at napakamot ng batok, "**Ayoko ng thank you, gusto ko hingin number mo.**"

"**Number ko? Aanhin mo?**"

"**Basta!**" in the end, binigay ko number ng phone ko sa kanya. Number lang naman iyon eh. Umalis na rin ako pagkatapos kasi baka nag-aalala na ang parents ko, joke asa pa naman mag-alala parents ko... ni baka nga hindi nila alam na hindi ako umuwi eh. Lagi naman kasing wala sa buhay parents ko o kaya naman busy masyado sa trabaho. Pero baka si kuya Memo pa, baka pagalitan ako nun pagbalik ko. Strict pa man ding kuya iyon pagdating sa mga gantong bagay. =\_=\_

---

Tulad nga ng sabi ko, pinagalitan ako ni kuya Memo tapos buti na lang Sabado kaya naman wala akong namiss out na school day. Pumunta rin ako sa bahay nina Aila para kunin yung cellphone ko na naiwan ko pero ang bruha pinagalitan din ako, sabi nya tinawagan daw sya ni Mirko ng SE at sinabi sa kanyang hinahanap daw nila ako. Sobrang nagalala daw sakín si Aila, akala nya bumalik na daw ako sa planeta ko at inabandona na sya. So bumalik sa planeta? Tingin nya sakín taga-planet mars? Baliw talaga yun oh.

Tinawagan ko na rin agad si Manager Ree para hindi na sila mag-alala sakín. Nagdahilan akong umuwi na agad ako, ayoko sabihin sa kanya yung nangyari kagabi kasi in the end feeling ko wala rin sense kung sasabihin ko. Atsaka complicated masyado magpapaliwanag, mas mabuti pang hindi ko na pahirapan sarili ko sa pagpapaliwanag.

Napag-alaman ko ding nasa ospital si Sync ngayon para magpagaling, gusto ko syang dalawin sa ospital pero baka galit pa sya sakín? Haaay, ang hirap ng hindi ka pinapaniwalaan lalo na pag hindi ka naman nagsisinungaling.

Pero hindi ako susuko, naiintindihan ko si Syncbabes. Maaaring masyado ko lang syang binigla sa sinabi ko kagabi, syempre hindi naman agad agad maniniwala yun sakín saka sino ba naman ako para paniwalaan nya diba? Syempre kung ako at si Iris lang din naman, mas pipiliin nyang paniwalaan yung pusit na iyon dahil mas may tiwala sya dun. Sa tingin ko dapat hindi talaga ako magpadalos dalos, I need to gain his trust first bago ko i-confide sa kanya ang nalalaman ko about Iris. But in the meantime, magre-research muna ako dyan sa Iris na iyan at iimbestigahan ko syang maigi, babantayan ko rin ang bawat kilos nya so she can't harm SE. Kakalbuhan ko talaga sya oras na makakuha na ako ng mga ebidensya laban sa kanya at sa oras na makuha ko na si Syncbabes sa side ko.

\*ring ring\*

Hapon na, mga bandang 4pm. Nasa bahay lang ako, nagbibilang ng patay na buhok habang nakahiga sa aking kama nang bigla biglang nag-ring yung telepono ko. Si manager Ree pala ito, kaka-kausap ko lang dito kaninang umaga ah, ano kaya kelangan?

"Hello manager?"

**"Momo, can you please go to the hospital and accompany Sync? Buy him some fruits as well, yung bayad dun I'll just add it to your wage at the end of the month. I'll have to go kasi later to meet the press and the others are sort of busy now, pero mga gabi dadating si Corrine to pay him a visit."**

"Uhh... okay manager..." ang awkward naman nun, sabi ko kanina lang sa isipan ko na gusto kong bisitahin si Syncbabes sa hospital pero hindi ko nga magawa since nagaalala ako na baka galit pa sya sakin tapos ngayon tatawagan ako ni manager para utusan na bantayan at samahan si Syncbabes. Awkward! >\_\_<

**"And yeah, don't let any media people to enter his room okay? Ngayon pang kumalat na agad yung news about last night, siguradong maraming aaligid aligid na mga baliw na reporters sa hospital. Be careful, sometimes they'll do everything just to get a scoop. Basta talasan mo lang senses mo, mapanloko rin kasi yang mga iyan."**

"Oh, sige manager. I'll try my best."

Nagba-bye na si manager Ree at ako naman ay tumayo na sa pagkakahiga at nagpalit na ng damit at lumabas. Dumaan muna ako sa may fruit vendor at bumili ng prutas. Ano kaya favorite fruit ni Syncbabes? Wala naman kasi sa SE♥LOVE fansclub ang ganong tipo ng information. Boo.

Banana? Apple? Orange? Grapes?

Hmmm. Ano kaya?

Apple na lang siguro. Bumili na ako ng limang piraso ng apple at nagdiretso na sa hospital. Mahigpit din ang security kasi sa tapat ng room ni Syncbabe, may dalwang malaking lalaki, they look like some chucker-out. Wow lang ha, bago pa nga ako papasukin kinelangan pa nilang tawagan si manager Ree to confirm na ako nga si Momoxhien Clarkson na binigyan ni manager Ree ng authority pumasok.

Pinapasok naman nila ako pero sobrang kinakabahan talaga ako na makita si Sync. >\_\_>

**"Hi,"** sabi ko pagkapasok ko, nanunuod sya nun ng tv at nung marinig nya ang pagbati ko tumingin lang sya sakin saglit tapos tumingin na ulit sa tv without saying a word. Expect ko na he won't talk to me pero nadidisappoint lang talaga ako kasi ayaw nya akong pansinin. Galit pa kaya sya? :(

Nagdiretso na lang ako sa may lagayan ng fruits sa mini table sa tabi ng kama nya, nilagay ko dun yung mga apples na pinamili ko tapos inalok ko sya habang inaayos yung mga apples, "Gusto mo bang kumain ng mansanas? Pagtatalop kita." :)

Hindi sya lumingon sakina at sinabing, **"I don't eat apples, that's the worst fruit for me. I detest apples, they don't taste good."**

Nanlumo ako sa narinig ko, sa lahat lahat ng prutas na pinili ko... nagkamali pa ako. Talagang yung kinaayawan nya pang prutas ang nabili ko? Ang tanga ko naman ee. Sana pala yung orange na lang binili ko. >\_<

**"Oh, sorry. I thought... kung gusto mo lalabas na lang ulit ako para bumili ng orange? Or ng other fruits? Anong gusto mong prutas? Tell me, bibilhin ko right away. Grapes? Pear?"**

**"Wag na, I'm fine. Don't hassle yourself too much."**

**"Ohh... okay,"** umupo na lang ako sa upuan sa tabi ng kama nya na sobrang nakakaramdam ng total awkwardness.

Walang naimik samina, ang tanging ingay lang ay nanggagaling sa tv na nakalagay sa may taas ng hospital room. Nakinuod

na lang ako, nanunuod sya ng CSI: Miami, yung parang investigation crime scene thingy na palabas.

**"Mahilig ka ba sa mystery?"** sinubukan kong mag-open ng topic wishing na sasagutin nya ang tanong ko. >.<

**"Yeah."** ang tipid nyang sumagot, hindi man lang nya ako nililingon. >.<

**"Ako din mahilig din ako sa mystery!"** sabi ko in a lively voice, gusto ko talagang mag-usap kami somehow. Gusto ko maging close sa kanya, gusto ko ma-obtain ang trust nya sakín para masabi ko sa kanya yung mga nalalaman ko tungkol kay Iris. Gusto ko maging kaibigan nya, kahit kaibigan lang para naman dumating yung araw na paniniwalaan nya mga sinasabi ko, **"Napanuod mo ba yung Cold Case? Favorite ko yun!"**

**"Hindi."** one word man naman sya masyado. :(

**"Alam mo ba maganda yung Cold Case, you should try watching that."** topic, topic. I'm trying to keep our conversation alive kahit alam kong malabo mangyari. >\_<

**"Okay."**

**"Yung favorite kong episode doon yung part na iniimbestigahan nila yung pagkamatay nung babaeng matalino na sumali sa cheerleading squad tapos hindi nya kinaya ugali ng mga cheerleaders pati na rin ng mga players na chincheer nya kaya nag-rebel sya at nag-quit sa squad tapos nainlove sya dun sa loner ng classroom nila. Alam mo ba medyo naiyak ako dun kasi nagii-start pa lang yung love story nila tapos bigla na lang namatay yung babae."**

"Ahhh."

Naman eh, wala talaga syang interest makipag-keep up sa conversation. Wala talaga. Tatahimik na nga lang ako, kahit anong attempt ko kasi wala lang din eh hindi nya talaga ako pinapansin. >.<

Natapos na yung CSI: Miami ng wala naman akong naintindihan kasi andaming thoughts sa isip ko kaya hindi tuloy ako nakapagconcentrate sa panunuod. Nilipat lipat nya sa ibang channel yung tv, biglang pumatak sa MTV at...

**"Wait! Wag mo ilipat!!!"** napatayo ako at inagaw ang remote sa kanya.

Napatigil ako, late na ng marealise ko ginawa ko. Nagmukha akong parang tangang baliw kasi bigla bigla akong sumigaw at inagaw sa kanya ang remote, napatingin tuloy sya sakín ng may malaking pagtataka at pagkabigla.

Nakakahiya ako, masyado akong nasanay na pag Syntax Error na ang nasa mtv, hindi ako pumapayag na ilipat ang tv. Nangyayari palagi yun samin sa bahay pag nanunuod kaming sabay ni kuya Memo at sya may hawak ng remote tapos pag nakita kong palabas sa mtv ang Syntax Error, inaagaw ko sa kanya ang remote at sisigaw na "wag mo ililipat."

**"S-sorry. Kayo kasi nasa tv, masyado lang akong adik sa inyo. Sorry."** nahihiya kong binalik sa kanya yung remote at bumalik sa pagkakaupo at yumuko sa kahihyan.

**"Ahaha!"** teka... naririnig ko ba syang tumawa? O imagination ko lang?

Para ma-confirm ko tumingin ako sa kanya para makitang tumatawa talaga sya, **"Ahahaha! S-sorry, nabigla ako sayo nang agawin mo sakín ang remote! Ahaha! Ang hyper mo! Hahahaha!"**

Tumatawa si Sync! Napatawa ko si Sync! Napatawa ko sya!

Ako, si Momoxhien Clarkson, ang number#0 fan ng Syntax Error ay nagawang mapatawa ang idol nyang si Sync Mnemosyne. Hindi ko makakalimutan ang araw na ito dahil sa buhay ni Syncbabes, isa na ako sa mga taong nakapagpatawa sa kanya.

Ang saya saya ko. :")

One step at a time, magagawa mo rin akong pagkatiwalaan Sync. Gusto ko pang marinig ang tawa mo, sana maulit ito. Wala akong pakelam kung magmukha akong tanga, mapasaya lang kita. :")

**"Don't worry, hindi ko na ililipat."** sabi nya habang nagpapahid ng luha dahil sa katatawa, **"But to be honest, it really feels awkward to watch myself singing on the television."**

**"Oh, talaga?"** ngayon, sya naman nagbibigay ng conversation, ansaya ko talaga! "Edi ganun din ba feeling mo pag naririnig mo for example sa radio ang songs nyo?"

**"Yeah, sometimes. Haha, lalo na pag nakain kami sa isang fast food chain tapos maririnig namin song namin or pag nasa clubhouse kami tapos song namin tutugtog. Medyo weird at awkward."** :p

**"Haha, pero diba ang cool rin nun at the same time? Nung una ko kayong narinig sa radio, nakasakay akong jeep nun eh tapos yung katabi ko nun nakiki-sing along sa kanta nyo sa radio kahit sintunado. Medyo naasar pa nga ako kasi ang ingay ingay nya eh naglalaro ako nun sa psp ko pero in the end, pagkababa ko ng jeep hanggang sa pag-uwi hindi na naalis alis yung kanta nyong iyon sa isip ko. Para bang naging LSS(last song syndrome) na. Ang cool nyo talaga, idol na idol ko kayo."**

**"Momo,"** tinawag nya name ko, kinikilig ako, **"Hindi ka ba galit sakin?"**

"Galit? Bakit ako magagalit?" medyo nagtatataka kong tanong sa kanya.

"Sorry pala about last night kung nasaktan kita, I know it was very harsh of me to slap you. Its just that I was so mentally troubled & physically damaged that I was acting without thinking last night. Pero please don't be mean with Iris, I'll forget everything you said basta don't say such thing again. *Wag mo syang siraan, mahal ko sya.*"

"Wala yun, I understand you. I promise, hindi ko sya sisiraan."

Hindi ako nagsisinungaling, hindi ko talaga sisiraan si Iris. Sasabihin ko lang sayo Sync ang katotohanan tungkol sa kanya pagdating ng tamang panahon, hindi yun paninira dahil hindi ko ugaling manira ng kapwa.

Basta don't fall too deep for her, Sync. I hope I make it in time, **I'll save you from her.**

♪~ *It's okay. It's okay. It's okay.*

*Seasons are changing  
And waves are crashing  
And stars are falling all for us  
Days grow longer and nights grow shorter  
I can show you I'll be the one ♪~*

## **< Voice 17: Complications >**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -



*"It's really a big question mark why Syntax Error's leader Sync Mnemosyne and Runaway's leader Kevin Sy both goth injured at the same time, both parties won't give their comments about it nor any details of what happened but they confirmed that they completely do not have anything to do with one another, they say that it was just a coincidence that they both goth those bruises at the same time. Coincidence? The mystery lingers here ---xwdadawdawaesdsxdfgr"*

Nabigla na lang ako kasi bigla ng pinatay ni Syncbabes yung tv. Nanunuod kasi kami ng tv serie kaso biglang nagpalatastas ng some news including the news about what happened to him and to Kevin. Ako, si Sync at si pusit este Iris ang nakakaalam ng totoong nangyari, alam namin na connected din ang mga sugat ni Kevin sa nangyari kagabi. Pero syempre para maiwasan ang gulo, ayaw naman namin sabihin yun sa press kaya nga sabi ni manager Ree walang magbibigay ng kahit anong details sa media. Pero hindi rin naman alam ni manager Ree na andun ang leader ng Runaway ng mabugbog si Sync, hindi nya alam na si Kevin ang nagsave kay Sync at ako naman ang dahilan kung bakit napasali dun si Kevin. Ay leshe, nagkabuhol buhol na ang gulo. Sa lahat lahat naman kasi ng mapapadaan ng gabing yun kelangan pa talaga eh isa sa mga karibal na banda ng SE eh noh? Pshhh.

**"Ahh, pasabi nga pala dun sa leader ng Runaway na thank you sa pagsave samin ni Iris."**biglang sambit nya pagkapatay nung tv, **"At sorry na rin kung nadamay sya sa gulong hindi naman dapat sya sangkot."**

Napakamot ako ng batok, **"Eh wala kang dapat ipag-sorry, ako dapat mag-sorry dun, ako kasi humila sa kanya nun. Wala kasi akong mahanap nung mga panahon na yun na tutulong sa inyo--"**

*\*~~ I woke up*

*In the middle of the night  
Out of luck  
With this girl on my mind  
She got away now  
I'm trying to explain how ~~\**

**"Ehh--"** bigla kasing tumunog yung phone ko, alam mo yung awkward feeling na ang ringing tone ng cellphone mo ay kanta ng taong kaharap mo?

**"Ring tone mo pala ang What does it take?"**

**"Hehe... Favorite song ko kasi sa lahat ng kanta nyo... Okay lang ba?"** sobrang ang awkward talaga ng feeling ko. Ewan ko ba, parang ang weird kasi diba nasa iisang room lang kayo ng singer ng song na currently tumutugtog. Siguro ganto rin na-fe-feel nilang Syntax Error everytime pupunta sila sa isang place na tinutugtog ang song nila.

"Okay lang ang alin?"

"Na ringing tone ko ang song nyo?"

"Oo naman, sige na sagutin mo na phone mo baka importante ee."

Nginitian ko sya, "**Saglit lang ako, babalik din ako.**" :)

Lumabas na ako para sagutin yung phone ko. Natutuwa ako kasi kahit papaano may improvements na kami ni Syncbabes, hindi na sya galit or inis sakin. He's like treating me normally, konting bonding moments lang siguro eh maituturing nya na akong kaibigan. At once na ituring nya na akong kaibigan, magiging sobrang saya ko talaga. I'm trying to earn his trust sakin para pag dumating ang araw na kelangang sabihin ko na sa kanya mga nalalaman ko, baka sakaling paniwalaan nya na talaga ako. Sana, sana.

*\*~ What does it take to get you  
If I never met you  
I wouldn't have ran  
Across the country like  
I'm out of my mind ~\**

\*\*\*\*\* calling...

Unregistered number? Sino kaya ito?

"Hello?"

"Uhh... hi Momo, ako ito si Kevin."

"**Kevin? Sinong Kevin?**" iniisip ko pa muna kung may kilala akong Kevin, medyo makakalimutin kasi ako pero bigla ko rin naman agad naalala kung sinong Kevin ito, "**Ahh! Kevin Sy ng Runaway? Ikaw yan?**"

"Psh, nakalimutan mo na agad ako wala pang one day ng huli tayong magkita. Grabe memorya mo." =\_\_=

"Sorry naman, medyo busy ee kaya nawala ka sa isip ko."

"Nawala sa isip mo? Ansama naman pakinggan nun, parang inii-chapwera mo lang ako."

"Bakit, hindi ba pede?"

"Parang hindi naman tayo friends oh." =\_ =

"Friends? Kelan pa tayo naging friends?" O\_\_O

"Pshh. Napaka mo talaga, ang bilis mong makalimot ng pinagsamahan. Hindi ba friends ang tawag dun sa nagco-confide ng hinanakit at kino-comfort ang bawat isa?" biglang naalala ko yung kagabi, nung umiyak ako sa harapan nya at naglabas ng sama ng loob tungkol kay Sync. Kevin was too kind to comfort me that night kahit mere strangers lang kami sa isa't isa. Tapos ngayon he's already treating me as a friend kahit wala pang 24hrs na nagkakilala kami samantalang kay Sync, ilang days na kami magkakilala hindi pa rin kami "friends". Ang laki talaga ng difference ni Kevin at Sync pero teka nga... bakit ko ba sila pinagko-compare? They're totally different from each other kaya hindi ko dapat sila pinagko-compare. >\_>

"Uyy, hindi ka na umimik? Hello?"

"Ahh! Oo, sige sige, friends na nga. Nga pala naalala ko bigla, nagpapasalamat nga pala sayo si Sync sa pagligtas mo sa kanya kagabi."

"Ahh wala yun, sayo dapat sya nagpapasalamat kasi ikaw naman humigit sakin dun ee. Ikaw talaga may intensyon magligtas sa kanya."

"Oo nga pala, sorry din kung nasangkot kita sa gulo ha? Nababalita tuloy kayo sa tv ngayon, binigyan ko tuloy ang banda nyo ng gulo."

"Sus, wala yun. Sanay na kami sa mga chismosong tao sa paligid. Pero since you gave me trouble already, gusto ko may kapalit."

"Ano? Kapalit?! Walangya ka, akala ko mabait kang tao na hindi humihingi ng kapalit." =\_\_=

"Haha! Aba syempre, wala ng libre sa panahon ngayon! Pati serbisyo ko may bayad ang take note, mahal talent fee

ko kahit bilang superhero role!"

"Che! Kapalit mo mukha mo, wala akong ibabayad sayo." =\_\_=

"Dali na Momo, hindi naman malaki hihingiin ko sayo ee. You see, one of our sponsors gave us tickets to Enchanted Kingdom and they gave me an excess so that makes me owning two tickets and I don't really know what to do with the other ticket so..."

"So you're asking me to go with you to Enchanted, is that it?" andami nyang pasikot sikot, obvious naman na yun gusto nyang kapalit ee. =\_\_=

"Ehehe. Yeah, that's it... sabi ko naman sayo ee hindi naman malaki kapalit na hihingin ko sayo, oras mo lang naman hihingin ko ee..."

"Psh. Fine, kelan ba yan? I can only go during the weekends dahil may pasok pa ako sa umaga sa school."

"Okay, how about Sunday then?"

"Okay." wala naman siguro akong work sa SE sa Sunday kaya pumayag na ako. Saka pasasalamat ko na din ito kay Kevin sa pag-comfort sakin at sorry ko na din sa kanya sa paggambala ko sa kanya kagabi at sa pagkakabugbog nya kahit wala naman syang kinalaman.

"Okay! So sa Sunday ha?" why does he sound so excited? Parang bata naman sya eh, ganun nya ba kagustong pumunta sa Enchanted? "I'll fetch you up sa bahay nyo."

"Alam mo ba naman kung saan bahay ko?"

"Hindi." XD

Psh. Isa pa itong aanga anga, nagvo-volunteer na susunduin ako sa bahay ko eh ni hindi nya naman alam kung saan. Baliw din. Sinabi ko na lang sa kanya yung adress and a bit of details sa itsura ng bahay namin para hindi sya maligaw papunta samin. Napag-usapan naming susunduin nya ako around 9am para by 11pm andun na kami sa Enchanted.

NP: The Pretender by Foo Fighters

*~♪ Keep you in the dark you know they all pretend  
Keep you in the dark and so it all began  
Send in your skeletons  
Sing as their bones go marching in again  
They need you buried deep  
The secrets that you keep are ever ready  
Are you ready  
I'm finished making sense  
Done bleeding ignorance at home defense ~♪*

Nag-end na yung call at babalik na sana ako sa room ni Syncbabes kaso nasa may pinto pa lang ako at bubuksan ko pa lang ito ng marinig ko ang boses ni Iris sa loob.

**"Kamusta na ang babe ko?"**

**"Ayos lang naman ako, medyo masakit pa rin yung kamay ko."**

**"Pasensya ka na talaga ha kung wala akong nagawa nung gabing iyon." psh. Liar! Liar! >\_<**

**"Wala yun babe, I'm just glad wala silang ginawang masama sayo."**

**"Nag-aalala ako babe..."**

**"Para saan?"**

**"Wala lang... kasi diba may mga sinabi sayo si Momo kagabi? Baka iniisip mong totoo yun, nalulungkot ako pag ganun..."**

**"Ano ka ba babe, I don't believe her. I know you wouldn't do such a thing saka what's the sense of it kung gagawin mo yun sakin diba? You're too sweet to me and I can't find any reasons for you to do that. Kaya wag ka ng magalala okay, I don't believe her."**

*~♪ Spinning and spinning deeper  
The wheel is spinning me  
It's never ending*

*Never ending  
Same old story*

*What if I say I'm not like the others  
What if I say I'm not just another one of your plays  
You're the pretender  
What if I say I will never surrender ~♪*

**"Thank you, babe."** nagkaroon sila ng saglit na pause tapos umimik ulit si Iris, **"I just wonder kung bakit ganun si Momo... bakit nya sinabi yung mga salitang iyon? Bakit nya ako sinisiraan? Wala naman akong matandaang ginawang masama sa kanya."**

**"Don't worry pinagsabihan ko na si Momo at nagpromise na sya saking hindi ka nya sisiraan."**

**"Really? Sana nga ganun... kasi alam mo ba babe, nakausap ko sya kanina sa phone... tinawagan nya ako,"** tinawagan ko sya? Kanina? What is she saying? I don't even know her number!

**"Tinawagan ka nya? Bakit daw?"**

**"I don't know... she said cruel things to me, tinhreaten nya pa nga ako sabi nya layuan daw kita at hindi daw tayo bagay. Sabi nya pa sakín, ayaw nya daw sakín at malandi daw ako and the such. She's telling me na wag na daw makipagkita sayo or else may gagawin syang masama sakín. Natakot ako bigla babe, diba sabi mo sakín dati na isang baliw na fan nyong Syntax Error si Momo? Hindi kaya... ayaw nyang makitang may kasamang ibang babae ang idol nya?"**

*~♪ In time or so I'm told  
I'm just another soul for sale  
Oh well  
The page is out of print  
We are not permanent  
Temporary  
Temporary  
Same old story*

*What if I say I'm not like the others  
What if I say I'm not just another one of your plays  
You're the pretender  
What if I say I will never surrender ~♪*

**"Really? She did that? She said all those words to you? Fvck. What's wrong with her? Really. Don't worry Iris, kakausapin ko talaga sya at pagsasabihan talaga ng ayos. I can't let her threaten you like that, she has no rights!"**

Wait! Wala akong sinabing ganun sa kanya? Hindi ko sya tinawagan, paano ko tatawagan ang taong hindi ko alam ang number? At saka, when did I threaten her? Gawa gawa lang ng babaeng yan lahat ng sinabi nya! Sya ang naninira sakín! Gusto nyang sirain ang image ko sa iyo Sync para kahit magsabi man ako sa iyo ng nalalaman ko tungkol sa plano ng Iris na iyan, hinding hindi mo ako papaniwalaan. Asar! Asar kang Iris ka!

*~♪ I'm the voice inside your head  
You refuse to hear  
I'm the face that you have to face  
Mirroring your stare  
I'm what's left  
I'm what's right  
I'm the enemy  
I'm the hand that took you down  
Bring you to your knees*

*So who are you  
Yeah who are you  
Yeah who are you  
Yeah who are you ~♪*

**"Miss Momoxhien, hindi po ba kayo papasok?"** tanong sakín nung isa sa mga bantay sa pinto ng kwarto ni Sync, umiling lang ako sa kanila habang nakikinig pa rin sa loob.

Gusto kong pumasok at sugudin ang Iris na yan para sa lahat ng pinagsasasabi nya at linisin ang pangalan ko kay Sync pero hindi pede... dapat hindi ako magpadalos dalos kasi kung susugudin ko sya ngayon, hindi ako papaniwalaan ni Sync kahit anong sabihin ko. Baka maulit lang yung kagabi at masampal nya ulit ako.

Naaasar talaga ako kasi kaaayos lang namin ni Sync kanina, nagkaka-improvement na kami at hindi na inis sakín si Sync tapos bigla nanamang eepal yang si Iris para sirain nanaman yung pinaghihirapan kong improvement? Nakakainis talaga sya, ang lakas ng loob nyang gumawa ng kwento? Arghhh.

*~♪ Keep you in the dark you know they all pretend*

*What if I say I'm not like the others  
What if I say I'm not just another one of your plays  
You're the pretender  
What if I say I will never surrender*

*So who are you  
Yeah who are you  
Yeah who are you ~♪*

Umalis na lang ako kasi hindi na rin naman ako pedeng bumalik sa loob ng hospital room ni Sync since andyan na si Iris at siguradong pag pumasok ako, sisigawan lang ako ni Sync at pagsasabihan sa isang bagay na hindi ko naman ginawa. Ang hirap talaga pag ikaw yung nagmumukhang masama kahit wala ka namang ginagawa.

Umuwi na lang ako samin kasi wala na, hindi ko na alam gagawin ko. Ayun nakahiga ako sa kama ko, nakatungaga, pag nabobored haharap sa may electric fan at magpapahangin ng bibig para magcreate ng weird sounds. Natatanga ako sa bahay, promise. Walang magawa, ang boring. Hindi ko naman maistorbo si Aila kasi may modelling project sya, kinuha sya ng mga other college students para magmodel sa ChiqSociety nila. Buti pa bruhang yun, pamodel model na lang. Haay, the art of being alone. Makapaglaslas na nga lang ng kuko dito. =\_\_=

Oh wait! Makapunta na lang kaya sa condo ng Syntax Error? Tama, hindi na ako nakapaglinis sa kanila since the day na nasira ko yung picture frame ni Sync. Wala na rin lang naman akong ginagawa, pupunta na lang ako dun.

---

Pagpasok ko sa condo, parang tahimik sa loob, wala kayang tao?

**"Tao po? May tao ba? Alien meron ba? Yuhuuu???"** mukha atang walang tao? Asan kaya sina Zeke, Mirko at Ate Corrine? Pakalat kalat naman yung mga yun oh, hindi mapirmi sa bahay nila. Iba na talaga sikat. =\_ =

**"Momo?"**

**"Ay tipaklong ka!!"** nabigla naman ako kasi biglang nagbukas ang isang pinto at nilabas nito si Ate Corrine na gulo gulo ang buhok nito tapos parang basa ata pisngi nito? Alam nyo yung parang umiyak sya? Teka, umiiyak ba si Ate Corrine? Teka... Huhh?

**"Momo!!!"** ay shet, biglang tumakbo palapit sakin si ate Corrine at niyakap ako bigla kaya naman napabitaw tuloy ako sa susi na hawak ko. Nararamdaman kong umiiyak sya habang nakabaon ang mukha nya sa dibdib ko, **"Wala na akong maintindihan!!!"**



Wala na syang maintindihan? Ako din, wala akong maintindihan sa nangyayari. Bakit umiiyak si Ate Corrine? (?\_\_\_?)7

--

**< Corrine's Voice >**

Maaga pa pero mabuti pang bumisita na ako kay Sync, sabi naman ni manager andun na daw si Momo. Si Mirko, sabi nya hindi sya makakadalaw ngayon kay Sync dahil may gagawin daw syang importante. Ano naman kaya gagawin nung baliw na italyanong iyon? Hmm.

Tawagan ko kaya si Zeke para may kasama ako papuntang ospital? Yeee, kinikilig ako. Ay para akong baliw. Eh naman kasi ee, ang pogi pogi nya pero whatever hindi naman nya ako napapansin. Friends forever lang kami. Bleahh. =\_\_=

*Kring. Kring. Kring.*

**"Uy Corrine, napatawag ka?"**

**"Zeke! Asan ka ngayon?"**

**"Nasa may bar \*\*\*, nagkakape at nagrerelax. Bakit?"**

**"Hmm.. Hindi ka naman busy diba?"**

**"Hindi naman, bakit?"**

**"Ehh... Pede ba akong pumunta dyan? Papasama kasi sana ako sayo sa hospital para bisitahin si Sync."**

**"Oh sure, no problem. Pupunta rin naman ako mamaya sa hospital ee, mga around 6pm. Gusto mo sabay na tayo?"**

**"Sige sige!"** para talaga akong bata. Kinikilig. >\_\_<

**"Okay, puntahan mo na lang ako dito. I'll wait for you."**

**"Okieeee!"**

Leshe. Ang pogi talaga nya, boses pa lang. Haaay, sana lang kasi may sapat na lakas ng loob ako para magtapat sa kanya eh noh? Kaso kasi natatakot ako na sa oras na magtapat ako sa kanya eh i-reject lang nya ako tapos baka maging awkward pa kami sa isa't isa, ang panget naman pag ganun diba lalo na't nasa iisang banda kami? :(

Nagpahatid na lang ako kay manong driver papunta sa bar kung asaan nagchi-chill out si Zeke. Wala naman masyadong tao sa bar eh kaya okay lang kahit magpalakad lakad ako dun ng walang cover up or anything. Saka may mga guards naman ang bar kaya kung sakali mang may mga fans na susugudin ako eh may pipigil naman sa kanila.

Nagpalinga linga ako para hanapin si Zeke. Hindi ko sya makita kahit hindi naman matao. >\_\_<

Pero nung oras na makita ko sya, napatigagal ako sa kinatatayuan ko. Hindi ko kasi expect ang makikita ko...

May katabing babae si Zeke sa table nya at hindi lang yun, kahalikan nya pa ito. At ang mas kinabigla ko, kilala ko ang kahalikan nya --- si Iris, ang nililigawan at soon to be girlfriend ni Sync.

Feeling ko masusukang nanlalambot ako, ewan ko sa sobrang bigla ko nanamlay na lang ako bigla bigla. Hindi ko alam ang gagawin ko kaya tumakbo na lang ako palayo.

**"Manong, tara na! Balik na tayo sa condo!"** binuksan ko na yung pinto ng kotse at pumasok na agad.

**"Pero maam Corrine, kala ko po ba magkikita kayo ni sir Zeke?"**

**"Manong, dali na! Alis na tayo! Balik na tayo sa condo!"** nakayuko kong utos kay manong habang dire-diretso ang pagtulo ng luha ko.

**"Maam, umiiyak ka po ba? May nangyari po ba?"**

**"Wala! Manong naman eeh! Wag mo na lang po ako pansinin, magdrive na lang po kayo pabalik sa condo!!!"** sinunod naman ako ni manong. Iyak ako ng iyak sa byahe kahit hanggang sa condo. Nagkulong ako sa kwarto at parang tangang umiiyak.

Nasasaktan ako na makitang may kahalikan si Zeke, mahal ko yun eh syempre nagseselos ako kahit wala akong karapatan -- kahit magkaibigan lang kami. Eh nakakainis ee, alam nya namang pupunta ako dun pero bakit nakikipaghalikan sya sa ibang babae? Nakita ko pa tuloy! :"(

Pero nagtataka din ako... hindi naman siguro ako nagmalikmata nang makita kong si Iris ang kahalikan nya diba? I mean hindi naman siguro magagawang sulutin ni Zeke ang nililigawan ni Sync? They're friends at hindi si Zeke ang tipo ng tao na mangaagaw ng mahal ng kaibigan nya. Ahhh, nasasaktan na nga puso ko naguguluhan pa ang utak ko.

**To: Zeke**

**Don't wait for me anymore, can't come.**

Sinend ko na sa kanya yung message na yun at pinatay ko na cellphone ko.

Siguro makakabuting magsarado na lang muna ako sa kwarto ko ngayon. Hindi ko na rin muna bibisitahin si Sync kasi paano ko ba naman magagawang harapin si Sync kung kakakakita ko lang ng taong mahal nya na nakikipaghalikan sa kabanda & kaibigan nya diba? Ayoko naman magpadalos dalos at sabihin agad ito kay Sync. Siguro namamalikmata lang ako? Ahh, hindi ko na talaga maintindihan. Bakit bigla bigla na lang gumulo? Ang ganda na ng araw na ito eh, walang problema tapos biglang makakakita na lang ako ng bagay na tulad nun? :(

--

**"Tao po? May tao ba?"** medyo naalimpungatan ako sa boses ng isang babae, mukhang nakaidlip ata ako sa kakaiyak, **"Alien meron ba? Yuhuuu???"**

Dahil pamilyar sakín ang boses, napagdesisyonan kong lumabas ng kwarto ko at silipin kung sino itong pumasok sa condo namin, **"Momo?"**

**"Ay tipaklong ka!!"** nabigla siguro sya sa pagkakakita sakín.

**"Momo!!!"** kanina ko pa kelangan ng taong makakausap pero wala akong alam na lalapitan at ngayong nakita ko si Momo, nakaramdam ulit ako ng lungkot at gusto ko uling umiyak kaya naman lumapit ako sa kanya at niyakap sya, **"Wala na akong**

**maintindihan!!!"**

Gusto ko ng karamay sa oras na ito. Hindi ko kayang intindihan ang mga pangyayaring ito ng mag-isa. :(

## **Voice 18: Enchanted**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

< **Momo's Voice** >

**"Ate Corrine, I want to tell you something but you might not believe me."** nandito ako ngayon sa kwarto ni Ate Corrine, kino-comfort ko sya kasi pagkarating ko bigla nya akong niyakap at umiyak sya sakín. Kinuwento nya sakín kung bakít sya naiyak at napag-alaman kong nakita nya pala na kahalíkan ni Zeke si Iris. Eh díba may gusto si Ate Corrine kay Zeke? Kaya ayun, nasaktan sya. Normal lang siguro na umiyak sya pero ang hindi normal ay... bakít si Iris ang kahalíkan ni Zeke?

I doubt na si Zeke ang nag-initiate ng kiss pero... may hula akong ang kiss na yun ay isa sa mga plano ng banyoqueen na Iris na yun. Is she trying to hit two birds in one stone? Argh, makakatikim talaga ng sapak sakín yung pag hindi ako nakatiis. Lahat na lang ginulo nya! Lahat na! Wag nyang sabihin saking guguluhin nya rin pati si Mirko? Arghhh. Mamaya nga mag-go-google ako ng ways para mangkulam ng tao at kukulamin ko yang banyoqueen na yan. Ayaw kong masira ang Syntax Error! Para kasing nafi-figure out ko na ang plan nya, kung tama hula ko baka gusto nyang pa-inlove-in ang members ng SE sa kanya at tapos pagaway awayin ito. Ahh ewan ko na! >\_<

**"What is it Momo?"**

**"Promise me first na kahit gaano ka-absurd ang sasabihin ko, maniniwala ka sakín?"**

Nagtaka sya, **"Ano ba iyon Momo?"**

**"Promise mo muna sakín na maniniwala ka."** natatakot kasi ako na baka pati si Ate Corrine hindi ako paniwalaan kaya bago ako magsalita gusto kong magpromise sya sakín na maniniwala sya sakín.

**"Sige, I promise."**

Huminga muna ako ng malalim, **"Anti Syntax Error si Iris."**

**"Huh? Anti? Si Iris? Paano mo nasabi?"**

**"Alam ko mahirap paniwalaan at mukhang nag-iimbento lang ako ng kwento pero mamatay man mga kuko ko sa paa ate Corrine, dalwang beses kong narinig si Iris na nagsasabing may balak syang sirain kayong Syntax Error. As in may balak syang pagbuwa-buwagin ang banda nyo. Narinig ko pa na balak nyang painlove-in si Sync tapos sasaktan nya ito pagkatapos."**

Nanlaki yung mga mata ni Ate Corrine na para bang hindi makapaniwala sa mga sinasabi ko, **"Teka kung totoo nga yang sinasabi mo, dapat sabihin natin kay Sync agad yan!"**

**"Nasabi ko na ate Corrine,"** malungkot kong saad, **"Pero hindi nya ako pinaniwalaan. Syempre sino ba naman ako para paniwalaan diba?"**

**"Pero kung nagsasabi ka naman ng totoo bakit hi---"**

**"Ate Corrine, hindi porket nagsasabi ka na ng totoo ibig sabihin nun pede ka ng paniwalaan. Minsan mas madaling paniwalaan ang mga kasinungalingan lalo na kung galing ito sa taong mas mahalaga sa kanya."**

**"What do you mean?"**

**"Alam ni Iris na nahuli ko na sya sa mga plano nya kaya naman binabaliktad nya ako kay Sync. Sa tuwing sinasabi ko kay Sync ang katotohanan, pinapalabas nya na sinisiraan ko sya sa harap ni Sync. Binabaliktad nya ang sitwasyon, ako ang ginagawa nyang masama."**

**"Wha the eff? I didnt expect that from Iris, so yun pala ang tunay nyang katauhan? All this time akala ko anghel sya, yun pala! Arghh!"**

**"Yeah... sa tingin ko ate Corrine, isa rin sa plano nya ang paghalik kay Zeke,"** ini-explain ko sa kanya yung hypothesis ko sa halikang nangyari, **"Hindi ako sigurado pero malaki ang probabilities na ganun nga ang plano ni Iris kaya Ate Corrine, wag kang sumuko hindi pedeng isuko mo si Zeke sa isang octopus na tulad ni Iris!"**

**"Siguro nga tama ka Momo pero... that wouldn't change the fact na nakipaghalikan pa rin si Zeke. Kahit pa sabihing may plano si Iris dun, own free will pa rin ni Zeke ang makipaghalikan sa kanya which means interested si Zeke kay Iris kasi nakipaghalikan sya..."** ang lungkot ng boses ni Ate Corrine, sobra siguro talaga syang nagseselos sa nakita nya. Ganun nya siguro kagusto si Zeke. Naasar talaga ako kay Iris, panira sya ng lahat! >\_<

**"Ate Corrine, don't give up! Kung may gusto ka talaga kay Zeke at alam mong may octopus na umaaligid sa kanya, hindi ka dapat nagpapatalo! Fight for your feelings, ate!"** sinusubukan kong i-encourage si Ate Corrine, **"I'd ask for your help, wag mo munang sasabihin kahit kanino itong mga sinabi ko tungkol kay Iris okay? Gugulo lang kasi ee saka lalong magagalit si Sync pero tulungan mo rin ako Ate Corrine na maghanap ng proofs para mabuking natin si Iris at pag may enough proofs na tayo saka natin sasabihin kay Sync at sa buong banda ang scope nating ito. Okay ba?"**

Nag-isip muna saglit si Ate Corrine at hindi nagtagal ay tumango sya, **"Sige, it'll be our secret. I won't let that Iris take away Zeke and my band from me."**

---

| Sunday |

**"Miss Momoxhien, gising po. May bisita po kayo."**

**"Ang ingay naman ng alarm clock, shhh!"** nakapikit kong sabi habang pinipindot yung alarm clock ko para patayin ito, **"Ang aga aga pa ee!"** - \_\_\_ -

**"Pero miss Momoxhien, may bisita po kayo."** pinipindot ko yung alarm clock ko pero nilalayo nito ang kamay ko sa kanya, **"Wag nyo na po akong pindutin ng pindutin sa tyan miss Momoxhien, hindi po ako alarm clock. Wala po akong off button."**

**"Ahhh! Manang naman ee, ang ingay ingay."** nagpagulong gulong ako sa kama ko hanggang sa bumagsak ako sa dulo ng kama, napahimas tuloy ako ng braso ko at ulo ko kasi ansakit ng pagkakabagsak ko, **"Aray ko. Pshh. Ang aga aga mo naman akong ginigising manang, Sunday naman aa wala namang pasok."** - \_\_\_ -

**"Pero meron po kasi kayong bisita, miss Momoxhien."**

Kinakamot ko yung likod ko habang nagiinat naman yung isa kong kamay at humihikab pa ako, **"Makikisaksak na po ng kutsilyo nung bisita ko, pasabi istorbo sya ang aga nyang mambulabog."**

**"Miss Momoxhien!!!"** O\_\_\_O

**"De joke lang manang,"** tumayo na ako at lumabas ng kwarto, **"Eh sino ba yang bwisitang iyan?"** - \_\_\_\_ -

Nanlaki yung mga mata ko ng mula sa second floor ng kwarto ko nakita ko sa may sala ang bisita ko na walang iba kundi si Kevin Sy!!! Ay shet oo nga pala, pupunta nga pala kami nito sa Enchanted, nakalimutan ko na. Tumakbo agad ako pabalik sa kwarto ko, tae lang hindi pa ako bihis, hindi pa ako naliligo, hindi pa ako nagtutoothbrush ang baho baho pa ng hininga ko. Ayy! Ano ba yan hindi pa ako ready! Nakalimutan ko usapan namin. - \_\_\_\_ -

Habang nagpapanic pa ako, nakarinig ako ng pagkatok, **"Bunsoy, si kuya Memo mo ito. Papasok ako ha?"**

Pumasok naman ang kuya ko sa kwarto ko at ng makita nya ako bigla syang tumawa, **"May bisita ka sa baba, may usapan kayo noh?"**

**"Psh. Oo kuya, nakalimutan ko."** - \_\_\_\_ -

Naglakad na ako sa may banyo ko at naghilamos na habang nakikipag-usap sa kanya, may banyo naman kasi sa kwarto ko ee.

**"How ironic, diba SE fan ka so why are you going out with the leader of the Runaway band? That's odd, don't you think? Dating the leader of your favorite band's rival?"**

**"Alam mo kuya Memo, mind your own business saka isa pa I'm not going out on a date with him. I'm just going to go out with him."**

**"Dating and going out... that sounds similar doesn't it?"**

**"No, they're absolutely not synonyms or whatsoever so please leave me alone kuya Memo."** tinulak tulak ko na sya palabas ng banyo ko kasi magpapalit pa ako ng damit ko.

**"So hindi ka na maliligo nyan?"**

**"No, wala na akong time."**

"Argh, you smell bunso."

"Para saan pa pabango? Naku, wag mo nga akong kulitin kuya! Susumbong kita kay ate Aly ee!" =\_="

---

"Pasensya ka na talaga ha, nawala kasi sa isip ko." pagsosorry ko sa kanya habang inaayos ko na yung seatbelt ko. Nakasakay na kami ngayon sa kotse nya and ready to go na. Sorry ako ng sorry sa kanya kasi pinag-antay ko pa sya.

"Naman ee, bakit mo naman kinalimutan?" :(

"Eh sa nawala nga sa isip ko ee, pasensya na talaga."

"Haay. Okay lang, mahalaga makakapunta pa rin naman tayo sa Enchanted."

Now playing: Tongue Tied by Faber Drive

~♪ *Bright cold silver moon  
Tonight alone in my room  
You were here just yesterday  
Slight turn of the head  
Eyes down when you said  
I guess I need my life to change  
Seems like something's just aren't the same  
What could I say? ~♪*

"Wow! Tongue tied!" natuwa naman ako ng biglang tumugtog yun sa radio ng kotse nya.

"You like it too?"

"Oo, madalas ko rin pakinggan yan!" tapos sumabay ako sa pagkanta nung sa radyo, "I need a little more luck than a little bit~♪"



Maya maya, kumanta rin sya, parehas na naming sinasabayan yung kanta sa radio.

~♪ *Cuz every time I get stuck the words won't fit*

*And every time that I try I get tongue tied  
I'll need a little good luck to get me by*

*I need a little more help than a little bit  
Like the perfect one word no one's heard yet  
Cuz every time that I try I get tongue tied  
I need a little good luck to get me by this time ~♪*

"Oh yeahhhh~~♪" sabay pa kami at nagkatinginan kami, nagkatawanan tuloy kami.

~♪ *I stare up at the stars  
I wonder just where you are  
You feel a million miles away  
(I wonder just where you are)  
Was it something I said?  
Or something I never did?  
Or was I always in the way?  
(Was it something I did?)  
Could someone tell me what to say to just make you stay? ~♪*

"**You have a nice voice.**" nabigla naman ako sa compliment nya habang nagdadrive sya.

"**Wow, thanks.**" yun lang yung nasabi ko tapos tumingin na ulit ako sa bintana. Maya maya natapos na yung kanta tapos naging awkward na, wala na kasing nagsalita ulit samin. >\_<

"**Magkwento ka naman sakín ng tungkol sa sarili mo.**"

"E-eh?" medyo nabigla ako ng sirain nya ang katahimikan at nagsalita sya, dahil sa nakatingin ako sa bintana ay lumingon ako sa kanya para ipa-ulit yung sinabi nya na hindi ko masyadong narinig dahil masyado akong in deep thoughts kanina, "Ano yun? May sinasabi ka ba?"

"Umm... sabi ko kako magkwento ka naman sakín ng tungkol sa sarili mo..."

"Eh? Tungkol sa sarili ko? Eh ano," napakamot ako ng ulo, "Ikekwento ko sayo? Wala ako maisip eh, teka ano ba pedeng ikwento... uhh..."

"Umm, for example tell me something about your childhood days... or kahit yung mga past events lang sa buhay mo na hindi mo magawang makalimutan... that is if you wouldn't mind... gusto ko lang kasi may malaman tungkol sayo saka para may mapagusapan tayo sa byahe, mahaba haba pa bago tayo makarating sa Enchanted ee."

Sinubukan ko naman mag-isip ng maikekwento sa kanya, "Ah! Sige may ikekwento ako sayo, pero wag kang tatawa ha?"

"Haha! Bakit, ano ba iyon?" wala pa nga akong kinukwento natawa na siya paano pa kayo pag nagkwento na ako? =\_="

"Eh kasi nung bata pa ako, pag napupu ako hindi ako nagsasarado ng pinto ng banyo."

"Hahaha! Bakit naman?"

"Eh syempre natatakot ako dati na isarado yung pinto at i-lock sarili ko magisa sa banyo akala ko kasi dati may multong nalabas sa gripo o kaya sa may salamin kaya never ako naglalock dati nung bata ako tapos alam mo ba isang araw, napupu ako nun sa main comfort room ng bahay namin dahil sira yung flush ng banyo ko kaya ayun sa main comfort room na lang ako pumupu pero ang malas ko nun kasi hindi ko alam may bisita pala si kuya nung mga panahong iyon tapos habang napupu ako nabigla ako ng may nagbukas ng pinto na noo'y halfway lang ang pagkakasara at bumungad sakín ang isang lalaki na sa tingin ko ay 4-5yrs ang tanda sakín!"

"HAHAHAHA!!!!"

"Tekang wag ka munang tumawa hindi pa ako tapos magkwento ee!" hinampas ko sya sa balikat pero mahina lang para pigilan sya sa pagtawa, "Pagkatapos nun, sumigaw ako tapos sinuot ko na ulit underwear ko kahit hindi pa ako naghuhugas tapos kinuha ko yung sabon at binato ko sa mukha nung bisita ni kuya! Nagsilapitan yung mga katulong namin pati na si kuya dahil nga sa narinig nila yung sigaw ko. Pero tumakbo na ako nun palabas ng bahay dahil sobrang hiyang hiya ako, I mean isang stranger kasi nakita akong pumupupu! That was so embarrassing! Grabe, iyak ako ng iyak nun kasi bukod sa hindi pa ako tapos pumupu eh lumabas ako ng bahay ng hindi pa nakakapaghugas, ang baho baho ko nun!!!" T\_\_T

"Hahaha! Eh anong nangyari dun sa bisita ng kuya mo na binato mo ng sabon sa mukha?" nakita kong pinahid nya yung luha sa mata nya, luha dahil sa katatawa.

"Ewan ko sa kanya! Basta pag balik ko ng bahay naligo na ako at nilagay na agad sa labahan ang damit ko tapos kinausap ako ni kuya at sinabing nagsorry daw yung bisita nya pero sabi ko kay kuya na wag na wag na wag na ulit papunpunta sa bahay yung kaibigan nyang yun at simula nun, hindi ko na ulit nakita yung kaibigan nyang yun. Ni hindi ko na nga matandaan itsura nya ee pero buti na lang kasi ayaw ko na ulit syang makita pa ulit kasi... ugh, nakakahiya kaya! Atsaka wish ko nakalimutan nya na rin ako!" >\_\_<

"Ahaha! Siguro nakalimutan ka na nga nya, ikaw na rin nagsabi na nangyari yun nung bata ka pa so ibig sabihin matagal tagal na rin ang nakalipas."

"Hmp. Sana nga, ay teka... hindi ba masyadong gross yung kinwento ko sayo?"

"Nah, don't worry hindi ako maarte sa ganyang topic. Actually natuwa nga ako kasi nagkwento ka sakín ng isang bagay na tulad nun, sobrang natawa ako. Tsaka thanks for sharing me one of your embarrassing moments, magkwento ka pa sakín dali. Gusto ko pang makarinig ng maraming kwento."

Since ayaw ko rin naman magkaroon ng complete silence sa kotse eh nagkwento pa ako sa kanya ng mga kung anu ano, nakakatuwa rin kasi ang comfortable nyang kausap. Lahat ng gusto kong sabihin ay nasasabi ko sa kanya kahit hindi naman kami close, ay ewan ko ba.

Hindi ko na tuloy namalayan na andito na pala kami sa may Enchanted Kingdom, iba pala pag nae-enjoy mo ang conversation hindi mo namamalayan na nakarating ka na pala sa destination mo. Pagkatapos nyang magpark, bababa na sana ako kaso bigla nya akong pinigilan tapos may kinuha syang backpack.

"**Saglit lang,**" mula sa backpack na yun may nilabas syang wig na panlalake na may kulay dirty blonde at sinuot ito tapos naglabas din sya ng saklob at pinatungan ang wig nya tapos nagsuot din sya ng shades at pagkatapos nun may inabot sya saking isa pang saklob at shades, **"Isuot mo yan, nasa public area tayo mahirap na baka mamaya may mga makakilala sakín at guluhin tayo lalo na pag may mga paparazzi dyan sa tabi tabi, baka guluhin ka nila at picture-an alam mo naman kung gaano kabaliw mga taga media."**

Naintindihan ko naman sya kaya sinuot ko na yung inabot nya saking saklob at shades atsaka lang kami nakababa ng kotse. Pumasok na kami sa Enchanted with his tickets at may ride all you can bracelet stickers pa kami. Woo! Na-e-excite naman ako though hindi kami pede sumakay sa mga rides na mabibilis kasi baka matanggal yung cover up namin. Di talaga biro maging artista, wala ng privacy, as in hindi na sila makalabas mag-isa ng walang gugulo sa kanila anytime.

Kung saan saan kami sumakay, pinaka-enjoy ay dun sa bump car kasi lagi kaming nagbubunguan ni Kevin. Asar nga sya ee, ayaw akong tantanan sa bump car! Tapos sumakay din kami dun sa may "Anchor's away" tho mahigpit talaga pagkakahawak namin sa mga saklob namin para wag liparin pati na rin sa shades namin, hindi naman kasi namin pedeng tanggalin yun ee kasi nga mahuhuli sya diba? Baka pagkaguluhan sya pag nagkataon. Sumakay rin kami sa may "Swan lake" kaso paiyak na ako kasi hindi ako makaalis sa pwesto ko nun kasi hindi ko ma-drive ng ayos yung swan ko. T\_\_\_T Pinakafavorite ko yung Rialto, pag napunta ako sa Enchanted kelangang mapuntahan ko yan kasi pag wala yan feeling ko hindi kumpleto ang Enchanted trip ko kaso lagi na lang ang haba ng pila dyan. Eek. Pero nagawa din naman namin makapasok dun, peborit ko kasi yan kasi nakakatuwa lang feeling mo kasama ka sa screen. Mehehe. Ansaya din dun sa "up up and away", nakapagtanggal naman kami ng salamin dun sa may "up up and away" kasi nasa may parang "air balloon" naman kami kaya walang masyadong nakakakita samin kasi nataas baba naman yung ride namin saka hiwa hiwalay naman sya ng air ballon ee atsaka kami lang dalwa nasa air balloon namin. Nung tinanggal namin shades namin, biglang nilabas ni Kevin yung cellphone nya at nagyayang magpicture daw kami magkasama. Tinaas nya yung cellphone nya and 1,2,3, click!

**"Remembrance."** nakangiti nyang sabi sakín sabay suot na ulít ng sunglass nya.

Inabot na kami dun ng hapon, mga maga-alas singko na kaya medyo pagod na kami kaya naisipan namin na wag na munang sumakay ng mga rides at magtingin tingin na lang muna sa mga souvenir shops sa Enchanted. Nagpunta kami dun sa candyshop dun, yun bang pede kang pumili ng kahit anong candy na gusto mo tapos titimbangin nila at dun nila susukatin kung magkano babayaran mo.

Share lang kami sa isang plastic at habang kumukuha kami ng candy bigla kong nabitawan yung pangkuha ng mga candy kaya naman dinampot ito para sakín ni Kevin kaso pagkadampot nya dito eh nalaglag yung shades nya at pagkalaglag nun saktong may grupo ng mga babae ang dumaan sa harap nya at...

**"Wait, may kamukha ka!"**

**"Oo nga, may kamukha sya!"**

Biglang hinawakan na ako sa kamay ni Kevin at hinila na sa cashier para magbayad ng candy namin kahit hindi pa ako tapos mamili kasi nga mukhang namumukhaan na sya nung grupo ng mga babae.

**"May kamukha talaga sya, nakita ko mukha nya nung nalaglag salamin nya ee."**

**"Uwaaa! I know, sya si AHHHH!!!!!"** nabigla na lang ako ng makarinig ako ng sigawan mula sa likod namin ni Kevin tapos nagsilapitan sila samin specifically kay Kevin, **"Kevin Sy, pa-autograph!"**

**"Oo nga pa-autograph, please! Papicture na rin po! Idol na idol kita!"**

**"Ako din po, I love your songs! Isang picture lang please!!!"**

Inignore lang sila ni Kevin at kinuha na yung sukli sa bayad nya tapos hinila nya na ako palabas ng candy shop habang sinusundan pa rin sya nung mga babae, **"Kevin Sy! Please pa-autograph!!!"**

Dahil pinagsisigawan ng mga babaeng yun yung name nya, nagsisitinginan tuloy yung mga tao samin habang naglalakad kami ng mabilis, naririnig ko pang may mga bumubulong, **"Narinig mo yun? Si Kevin Sy daw yun?"**

**"Di nga? Si Kevin Sy ng Runaway?"**

**"Ohmygosh! Andito si Kevin Sy, yung camera sis asan asan? Dali, papicture tayo!"**

**"Sh\*t, sh\*t!"** naririnig kong pagmumura ng mahina ni Kevin habang hila hila nya ako sa paglalakad.

**\*click! click!\***

In no time, andami ng nakakalapit samin tapos kabi kabila na ang naririnig kong "click" ng camera at kaliwa't kanan na rin ang mga flash. Ano ba! Ganto ba kadami fans nya? Pati ako naiilang na paano pa kaya si Kevin diba? >\_<

**"No pictures please!"** tinataas ni Kevin ang kamay nya para maharangan yung mga camera na pumipicture samin, **"Asar lang."**

Nabigla na lang ako ng bigla nya akong inakbayan na halos yakap nya na ako at parang tinatakluban nya ako mula sa mga camera tapos bumulong sya sakín, **"Takbo na tayo dali!"**

Sinunod ko yung sinabi nya kaya tumakbo kami mula sa mga tao. Takbo kami ng takbo hanggang sa nakalabas na kami ng Enchanted at nakabalik na sa kotse sa parking area. Hinahapo pa kami nun ng makapasok kami sa kotse, tagaktak nga ang pawis ko ee kasi ngayon lang ulit ako nakatakbo ng ganun. Sobra, feeling ko I ran for my life. >-<

**"Pasensya ka na ha?"**

**"Ha? Para saan?"** nagtaka naman ako kasi bigla syang nagsorry.

**"Dun sa gulo, yung hinabol ka rin ng mga tao. Wish ko lang hindi nila napicture-an mukha mo kasi pag nagkataon guguluhin ka din ng mga taga media. Pasensya ka na talaga ah, nadamay pa ata kita sa gulo?"**

**"Huy ano ka ba, wala ka naman dapat ipag-sorry eh naiintindihan ko naman eh."**

**"Haay, minsan pinagsisisihan kong sumikat ako."** bigla nyang pinatong ang ulo nya sa may manibela, **"Simula kasi ng lumabas ang banda namin sa tv at nakilala kami, wala na akong privacy, lahat na lang ng gagawin ko o lahat na lang ng pupuntahan ko pinakekelaman ng mga taga media. Gusto lagi nilang i-broadcast bawat galaw ko. Nakakaasar na minsan kasi namimiss ko yung dati na kahit lumabas akong may panis na laway sa may gilid ng labi eh hindi magiging big deal sa maraming tao. Pero ngayon kahit ata paginhale exhale ko binabantayan nila. Nakakaasar at nakakasakal."**

Medyo nakaramdam naman ako ng sympathy sa side ni Kevin, bigla ko tuloy naisip si Sync... siguro ganto din minsan nararamdaman ni Sync? Napepressed rin kaya sya sa popularity nya? Siguro namimiss din ni Sync yung walang mga camera na laging umaaligid sa kanya sa tuwing lalabas sya. Kawawa naman si Sync, pag nakaramdam sya ng gantong lungkot I'll surely comfort him as much as I can only if he'll let me comfort him. Haaay.

**"Wag ka ng malungkot oh, wala na tayong magagawa ee. Pero may alam akong lugar kung saan walang mga taong hihingi sayo ng autograph, walang magpapapicture sayo at walang mga taga media ang aaligid sayo. Alam mo kung saan?"**

Iniangat nya ang ulo nya. **"Saan?"**

## **Voice 19: Slideshow**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"So this is the place you think I'll be safe from those cameras?" nagpapalinga linga sya sa paligid nya.

Nagtanggal muna ako ng sapatos ko at nilagay ito sa shoe rack ng kwarto ko at ipinatong ang bag ko sa may kama ko, "Yup, walang cameras dito, walang media na eepal sayo, no one will judge you here, you can be yourself anytime." :)

Yeah, dinala ko sya sa kwarto ko. Sabi ko kasi sa kanya kanina sa may kotse nung nasa parking lot kami ng EK na may alam akong lugar kung saan mapapayapa ang kalooban nya at tinanong nya sakín kung saan kaya naman ang sabi ko sa kanya "balik muna tayo sa bahay ko" at sinunod naman nya at sinabi ko sa kanyang sa kwarto ko ang lugar na tinutukoy ko. Sabi ko sa kanya, favorite place ko kasi ang kwarto ko kaya sinasuggest ko ito sa kanya pero ang totoo nyan... gusto ko na lang talagang umuwi na! Kasi naalala ko ipapalabas yung sitcom kung saan nagtetake part si Sync, kahit singer sya minsan nakakatanggap din sya ng mga acting jobs. Since ayaw kong mamissed out ito, nagpalusot na lang ako kay Kevin na "mapapayapa kalooban" nya dito sa kwarto ko na safe sya from cameras pero syempre palusot lang talaga yun. Ayaw ko namang maging bastos sa part nya na pagkatapos nya akong imbitahin ay iiwan ko na lang sya para sa isang sitcom. Mehehe. Galing kong lumusot noh?

"Gusto mo makakain? Meryenda or something?" pagtatanong ko sa kanya pero winave nya lang yung kamay nya at sinabing hindi daw sya gutom. Pero syempre, the usual me, ininsist ko sya, "Naku ano ka ba wag ka ngang mahiya. Feel at home noh! Hubarin mo na rin yang sapatos mo tapos wait lang, meron ata ako ditong extrang slippers na medyo malaki laki na baka magkasya sayo."

Pinaupo ko sya sa kama ko para makapaghubad sya ng sapatos at habang nagtatanggal sya ng sapatos nya, tinawag ko muna si manang para utusang pagdalhan kami ng mamemeryenda. Matapos kong mautusan si manang, nagkalkal ako sa mga lagayan ko ng tsinelas at ng mahanap ko iyon ay inabot ko sa kanya, medyo nagtataka syang inabot yung slippers sa akin, "Teka, aanhin ko ito?"

"Edi isuot mo? Wag kang magalala, kasya siguro yan kasi malaki talaga size nyan. I love wearing big sized slippers kasi sobrang comfortable nila sa paa."

"Eh? Eto? Err..." kahit mukhang undecided sya ay sinuot nya pa rin ito, "It looks cute... for a girl?"

Napatawa ako sa itsura nya kasi yung slippers ko kasi hindi sya basta ordinary slippers lang, yun yung tipo ng slippers na may design sa unahan and unfortunately, may malaki at exaggerated na bunny design ang slippers ko kaya ang awkward sa paa ng lalaking tulad ni Kevin.

"Don't worry, hindi naman makakarating sa tv yan o sa gossip papers." tawa pa rin ako ng tawa sa itsura nya, natawa na lang din sya.

Humiga ako sa may tabi nya sa kama ko na paharap sa may tv tapos kinuha ko yung remote at binuksan ang tv, "May

papanuorin lang ako, you can do whatever you want. Kung gusto mo makinuod ka na lang sa tv ko, maya maya aakyat na ulit si manang dito to bring us our meriendas."

"Okay." sinimulan ko ng ilipat sa channel ng sitcom kung saan may role si Syncbabes my love. "Ah pinapanuod mo pala yan?"

Tumango lang ako sa tanong nya, pag ako kasi nanunuod na ng palabas na gusto ko hindi na ako masyadong nakakausap. It's either 2words lang sasabihin ko sayo o tatango at iiling lang ako for an answer.

"You really like Sync of Syntax Error, dont you?"

Without leaving the tv screen I replied, "I love him." ♥\_\_\_♥

I heard him chuckle tapos from the side view of my eyes, napansin kong tumayo sya mula sa kama at nagsimulang maggala gala sa loob ng kwarto ko. Para bang nasa museum sya at nageexamine ng mga bagay bagay na nakadisplay sa loob ng aking kwarto, "You know what, it really feels weird to be in a room of your rival band's #1 fan."

This time nakuha nya ang attention ko at ngumiti ako sa kanya, "I actually hate your band but I like you. You're actually an awesome person." :)

Medyo natawa ako kasi nagblush sya, "Oh bakit ka nagbablush? Di ba public figure ka, shouldn't you be used to compliments?"

Hindi na sya nakasagot sa pagbibiro ko kasi dumating na si manang with a tray of our meryendas. Pinatong ko yung tray sa may kama ko at niyaya ko si Kevin na umupo sa may kama ko at saluhan ako sa pagkain. Kinain lang naman namin yung mga cupcakes na pinprepared ni manang para samin tapos meron din dun juice para sa inumin namin. Habang kumakain kami, nakikinuod na rin sya sa sitcom. Medyo nakakatawa nga kung titignan ang sitwasyon kasi ang kwarto ko punong puno ng posters ng Syntax Error, tapos may gabundok na pile ng CD/album ako ng SE, tapos may unan pa akong may picture ni Syncbabes na nakatahi dun. Hahaha. In short, obvious na obvious na ang kwarto ko ay isang kwarto ng isang superfan ng SE. Tapos ang kasama ko pa sa loob ng super fan ng SE na kwarto ay ang leader ng opposite/rival band Runaway na si Kevin Sy. Weird and funny situation it is.



---

The next day, pumunta ako sa may \*\*\*\* concert hall kasi may concert dun ang SE. Nakalabas na si Sync kahapon from the hospital at sabi ng doctor, okay na daw sya kaya naman nagpumilit si Sync na makapagperform sa concert na ito.

Tinawagan ako ni manager Ree, sabi nya she'll be needing my help to assist SE on their concert. So bale pagdating ko sa may dressing room, pabalik balik ako habang buhat buhat ko yung mga damit na gagamitin ng SE. Tapos minsan may times na uutusan ako ng mga staff dun na dalhin ito doon, ibalik ito dyan, linisin iyon, hanapin ito, bilhin iyon. Andami nilang inuutos sakin, wala na nga akong time na makausap man lang ang SE members at ganun din sila kasi busyng busy sila sa pagpapactice, sa pagpapalit ng damit, tapos inaayusan pa sila tapos may mga nagiinterview sa kanila backstage tapos babalik ulit sila sa stage tapos magbebreak at magre-retouch at magpapalit ng damit sa backstage tapos babalik ulit sa stage para magperform. Ahhh grabe, hindi ko akalaing ganto pala kabusy ang isang concert sa backstage.

Dati kasi nung isang ordinaryong fan pa lang ako at hindi pa nakakapunta ng backstage, kung ano lang yung pinapakita sa "stage" mismo, yun lang ang nakikita ko. At kadalasan ang expression ng mga mukha ng SE ay masaya at energetic sa stage pero ngayong nakikita ko na sila sa backstage hindi ko akalaing nagbabago rin pala ang expression ng mukha nila... Kasi kung sa harap ng audience all smile at full of energy sila, pagpasok nila sa backstage mga nakasimangot at pagod na pagod ang itsura nila.

"Okay everyone, time for a little break. We'll be right back!" narinig kong sigaw ni Sync sa mike nya habang paalis na sila ng stage.

Time for a 15minutes break for them, bale may ibang mga intermission chuchus muna to entertain the fans habang nagre-rest at kumakain ang SE. Syempre tao rin naman sila nuh, kelangan din nila mamahinga kahit saglit.

Kahit pagod na pagod na rin ako kasi nonstop ang trabaho ko pamula pa kanina ay inuna ko munang pinagsilbihan ang SE, kumuha agad ako ng mga bottle of beverages at mga pagkain para sa kanila.

Pagkababang pagkababa ni Sync sa stage, kinuha ko yung binili kong blue gatorade especially for him. How can I forget that he likes gatorade and especially the blue one? Hihi.

Inayos ayos ko ng konti ang buhok kong gulo gulo na at pinunasan ng kamay ko ang noo kong medyo pawisan pa at lumapit ako sa kanya na may gatorade na dala dala sa kamay at inabot ito sa kanya ng may mga ngiti sa labi, "For you." :)

"Momo," tinignan nya lang ako sa seryosong mukha, "You're becoming such a nuisance."

Nabigla naman ako dun sa sinabi nya, "E-eh?"

"Stop harassing my girlfriend."

"G-girlfriend?"

"Yeah, Iris is my girlfriend now so please don't threaten her or hurt her anymore. I understand that you're a fan but the next time I hear you hurting her, I won't forgive you."

"A-ah," tumango lang ako sa kanya, "Sorry, sige hindi na mauulit."

Inignore nya yung gatorade na inabot ko sa kanya at nilagpasan lang ako, hindi na lang ako nakaimik pa ulit pagkatapos. Girlfriend? Wow, sila na pala. Kelan pa? Kahapon ba? Tapos tinawag nya pa akong nuisance. Nagsorry na nga lang ako sa isang bagay na hindi ko naman ginawa dahil ayaw kong makipagtalos kay Sync. I hate Iris, really. She's the bad girl here, not me. :(

"Ayos ka lang ba, Momo?" bigla akong nilapitan ni Ate Corrine, "I'm really sorry sa lahat ng sinabi sayo ni Sync kanina, I badly want to tell him the truth already."

"W-wag ate Corrine! Wag muna, it's not yet time for that. Baka magkaroon lang ng gulo between you guys pag nagpadalos dalos tayo." malungkot na tumango si Ate Corrine sa sinabi ko. Kahit sya malungkot din sa mga natuklasan nya, minsan talaga mas mabuti pang hindi mo na lang natutuklasan ang katotohanan lalo na kung lahat ng tao sa paligid mo ayaw kang paniwalaan.

Maya maya biglang dumating na rin si Iris, nandun lang ako sa isang sulok ng backstage at nakaupo habang pinapanuod sila ni Sync na naglalambingan. Naiinggit ako sa pugitang Iris na yan kasi buti pa sya nginingitian ni Sync, buti pa sya nayayakap si Sync, buti pa sya inaakbayan ni Sync, buti pa sya napupunasan ang pawis ni Sync, buti pa sya pinapaniwalaan ni Sync... buti pa sya mahal ni Sync. Sa tuwing nakikita kong masaya si Sync na kasama si Iris at hindi rin magtatagal ay magiging malungkot sya dahil sasaktan lang sya ni Iris ay nalulungkot ako ng sobra. Wala man lang akong magawa... :(

Now Playing: 21 Guns by Green Day

♪ *Do you know what's worth fighting for,  
When it's not worth dying for?  
Does it take your breath away  
And you feel yourself suffocating?  
Does the pain weigh out the pride?  
And you look for a place to hide?  
Did someone break your heart inside?  
You're in ruins* ♪

Mga bandang 11.30pm na nun, ongoing pa rin yung concert pero wala na akong masyadong ginagawa. Pagod na pagod na ako pero hindi pa ako pedeng umuwi, napag-isipan ko munang lumabas ng concert hall para makapagpahangin. Lumabas ako sa may backdoor tapos naglakad lakad ng konti hanggang sa may bandang sulok nakakita ako ng pedeng maupuan na semento. Umupo muna ako dun at sinandal ang likod ko sa may pader ng building habang hawak hawak ko ang gatorade na binili ko na para sana kay Sync.

*One, 21 guns  
Lay down your arms  
Give up the fight  
One, 21 guns  
Throw up your arms into the sky,  
You and I*

*When you're at the end of the road  
And you lost all sense of control  
And your thoughts have taken their toll  
When your mind breaks the spirit of your soul  
Your faith walks on broken glass  
And the hangover doesn't pass  
Nothing's ever built to last  
You're in ruins.*

"Haay gatorade, parehas tayo ng kapalaran. REJECTED. Ako ayaw paniwalaan ni Sync, ikaw ayaw nyang inumin. Haaay. Dapat kasi nagstick na lang ako sa pagiging isang ordinaryong fan, dapat hindi na lang siguro ako nagwork for them. Dati kasi nung ordinaryong fan lang ako, sobrang masaya na ako makita ko lang sila sa tv at sa mga concerts nila kahit far view lang ako. Samantalang ngayong nagtatrabaho na ako sa kanila, malapitan ko na nga silang nakikita kaso hindi ko naman sila napapanuod magperform sa concert kasi nga nagtatrabaho ako sa backstage. Namimiss ko tuloy yung pagsigaw sigaw ko habang nanunuod ng concert nila. Buti pa si Aila ngayon nakakapanuod ng maayos sa concert nila," pinaikot ikot ko yung gatorade sa kamay ko habang parang baliw na kinakausap ito. Oo, andito sa concert hall si Aila at nanunuod sya. Alam nyang hindi ko sya masasamahan kasi nasa may backstage ako kaya napagusapan na lang naming magkita pagkatapos ng concert at ng trabaho ko para sabay kaming umuwi. Nagbuntong hininga muna ako tapos kinausap ulit si gatorade, "Dati pag nagpapa-autograph ako kay Sync, nginingitan nya ako pero ngayon lagi nya na lang akong sinisimangutan at sinusungitan. Akala ko talaga dati, mas masaya kung makikilala ko in person ang mga idol ko pero yun pala mas masaya ang maging

isang normal na fan na lang. Kung normal fan lang kasi ako wala akong mga bagay na tulad ng sikreto ni Iris na matutuklasan ko. Namimiss ko tuloy yung pagiging isang normal na fan." :(

♪ *One, 21 guns*  
*Lay down your arms*  
*Give up the fight*  
*One, 21 guns*  
*Throw up your arms into the sky,*  
*You and I*

*Did you try to live on your own*  
*When you burned down the house and home?*  
*Did you stand too close to the fire?*  
*Like a liar looking for forgiveness from a stone* ♪

Pag itong gatorade sumagot at nagsalita, nababaliw na sigurado ako. =\_ =

Aalis na sana ako ng sa may hindi kalayuan sa kinauupuan ko ay may narinig akong pamilyar na boses, "Haha! I'm quite sure na ito na ang magiging last concert ng Syntax Error."

Sinubukan kong hanapin kong saan ito nanggagaling at ng mahanap ko ay patago at maingat na sumilip ako mula sa may sulok ng isang pader at tama nga ang hinala ko, si Iris nga ito at may kasama syang isang lalaki pero nakatalikod yung lalaki kaya hindi ko makilala kung sino ito.

"10minutes na lang before midnight, magsisimula na ang riot between Syntax Error." nagsalita yung lalaki, hindi ko sya makilala sa boses. Sino kaya ito? Kasabwat malamang ni Iris.

"Tama. At pagpatak ng midnight, lalabas sa big screen ng stage ang picture namin ni Sync Mnemosyne na naghahalikan at ang pinaka highlight ng gabing ito, ang picture namin ni Zeke Michael na magkahalikan din. Siguradong mabibigla ang mga fans at makikita nila kung papaano mag-agawan sa iisang babae ang dalwang myembro ng bandang hinahangaan nila. I'm very excited to watch Sync's reaction upon seeing the picture of his friend kissing his girlfriend."

Napatakip ako ng bibig para mapigilan ang pagkabigla ko. Ito ang plano nya? Sinilip ko kaagad ang relo ko, 8minutes na lang bago magmidnight! I have to stop her plan! Hindi dapat mailabas sa big screen ang pictures na tinutukoy nya!

♪ When it's time to live and let die  
And you can't get another try  
Something inside this heart has died  
You're in ruins.

One, 21 guns  
Lay down your arms  
Give up the fight  
One, 21 guns  
Throw up your arms into the sky,  
You and I ♪

Gusto ko sana makita yung lalaking kausap ni Iris para atleast makilala ko kasabwat nya pero wala na akong time para hintayin itong lumingon kasi kung hindi ako magmamadali baka magkagulo na mamaya sa stage. Tumakbo agad ako papasok ng concert hall, nagtanong tanong kung nasaan ang projection room kung saan dun ino-operate ang mga pinapakita sa big screen. I only have 5minutes para marating ang projection room at mapigilan ang operator dun na ipakita sa big screen ang pictures.

Takbo ako ng takbo hanggang sa narating ko na yung projection room pero huli na ako, pagkarating ko dun nakita kong nagkagulo na yung staff at lahat sila nagtataka kung bakit lumabas ang mga pictures na yun.

"Teka ano yang mga pictures na yan?"

"Hindi dapat yan ang ipapakita nyo!"

"Hindi ko alam sir, may nagpabigay lang sakin. May staff id sya ee tapos sabi sakin ito daw ilagay ko pagpatak ng 12."

"Sino yun? Saan galing yang mga pictures na yan? Argh, this is trouble!"

"Hindi ko po alam sir, hindi ko na maalala yung itsura kasi hindi ko naman natignan dahil busy ako kanina. Nakita ko lang yung id nya."

"Anong name? Ah hindi na pala, sigurado fake name lang din yung nasa id nya baka fake staff id lang yun wala ring sense kung itatanong ko nakalagay na name."

Sobrang nagkagulo na dun sa projection room, hindi ko na alam gagawin ko. Huli na ako, hindi ko nanaman nagawang

tulungan ang SE. :(

---

< Sync's POV >

"WOAHHHHHH." matapos ang isang kanta, nagpalakpakan ang mga audience pero tumigil din agad sila at nagkaroon ng isang malaking commotion na hindi ko maintindihan kung saan nanggagaling. Napapansin kong mga nakaturo sila sa akin... sa amin? Basta sa may stage sila nakaturo. Lumingon ako sa mga kaband members ko para magtanong kung anong nangyayari kasi naguguluhan ako pero nabigla na lang ako nang paglingon ko nakita ko sa big screen ang isang slideshow ng mga pictures na syang naging dahilan para lapitan ko ang isang kaibigan ko at sinuntok ito.

"Zeke, I can't believe you." nawala na sa isip ko na nasa may stage kami at may libo libong tao sa harapan namin. I'm too clouded with emotions right now.

## **Voice 20: Mi Piaci(I like you)**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

"All this time inakala kong kaibigan kita, Zeke!" susugudin sana ulit ni Sync si Zeke para suntukin ito pero pinigilan sya ni Mirko sa magkabilang braso at inilalayo kay Zeke.

"Hey, hey," nandito na kami ngayon sa may backstage, hinila na sila nina manager Ree palabas ng stage at pinauwi na lahat ng audience/fans. Sinabing tapos na daw ang concert pero marami pa ring mga fans ang nagkakagulo at gustong malaman kung anong eksena ang nangyari kanina. Marami ring mga camera ang nakahuli sa picture sa slideshow at sa pagsuntok ni Sync kay Zeke. Siguradong bukas kalat na agad ito sa balita. "Will you calm down Sync!"

"How could I calm down if that bastard is stealing my girlfriend from me!"

"Hoy ano ba! Babae lang yang pinagaawayan nyo, wag nga kayong OA! Pagusapan natin ito sa mahinahong paraan?!" sumigaw na rin si manager Ree. Naii-stressed out na ang mga tao sa loob ng backstage. Lalong lalo na rin ako kasi alam ko kung sino may pakana nito, I'm dying to tell it to them pero alam kong mas lalo ko lang paguguluhin ang sitwasyon kung magsasalita ako. I need to find a way to tell them the truth, pero paano? Wala talaga akong maisip. :(

"Anong parang babae lang? Hindi basta bastang babae lang si Iris!" this time si manager Ree naman ang sinigawan ni Sync, "Girlfriend ko sya at mahal ko si Iris! Hindi ko matanggap na ang isang taong tinuring ko ng kaibigan at kapatid ay aahasin pala ang babaeng mahal ko?! Really, tol alam mong mahal ko yung tao tapos ganun na lang? Gaguhan ba ha?!"

"Sync, let me explain." nasa isang corner lang si Zeke at may dugo ang gilid ng labi nya mula sa pagkakasuntok ni Sync. Medyo frustrated na yung itsura nya, may tiwala ako kay Zeke alam kong wala syang kinalaman dito.

"Explain? Sa tingin mo magagawa ko pang maniwala sa lahat ng sasabihin mo after seeing those pictures? You can't deny those, Zeke!"

Umepal na ako, hindi ko na kasi matiis ee hindi maresolba ang problemang ito kung magiging close minded si Sync, "Let him explain! Ano bang mawawala sayo kung mananahimik ka muna dyan sa isang tabi at makikinig sa lahat ng sasabihin ni Zeke?! Hindi lahat ng nakikita mo na tulad ng mga pictures na yun ay sapat na para paniwalaan, minsan ang kasinungaling ay mas mukhang totoo kesa sa katotohanan."

Tinignan ako ng masama ni Sync, dinuro ng daliri nya at inaasahan ko ng sisigawan nya ako, "YOU! SHUT THE FCK UP! WHO THE FCK ARE YOU ANYWAY? WHAT ARE YOU EVEN DOING IN THIS PLACE?! YOU ARE NOT A PART OF THIS GROUP, YOU'RE JUST SOME WORTHLESS OUTSIDER SO STAY OUT OF THE LINE!"

"Hey Sync, sumosobra ka na ah!" lumapit sakín si Ate Corrine para ipagtanggol ako. Kahit inaasahan ko na ang pagiging antipatiko sakín ni Sync ay talagang nabigla pa rin ako. Yung feeling na sinigawan ako sa gitna ng maraming tao na dahilan para magpatahimik sa lahat, umaalingawngaw pa sa tenga ko yung mga sinabi nya. '*You are not a part of this group.*' Kahit totoo naman yung sinabi nya ay nasaktan pa rin ako, hindi ko naman maikakaila na gusto ko talagang maging kaparte nila... na maging part of the family nila... pero alam ko naman na hindi pede yun, epal lang ako. Ang kulit ko naman kasi eh, ang epal ko na nga tapos ang mapilit ko pa masyado. Sobrang naging conceited ko. :(

"H-hindi, okay lang yun ate Corrine." lumapit ako kay Sync, "Kahit magalit ka sakín wala akong pakelam, basta ang mahalaga masabi ko sayo ang totoo... si Iris, sya ang may kagagawan nito. Narinig kong sinadya nyang ipakita ang mga pictures na yun sa may big screen."

Lahat ng mga tao sa may backstage including Mirko, Zeke and Manager Ree ay nabigla sa mga sinasabi ko. Puro mga hindi makapaniwala ang expression ng mga mukha nila. Pero hindi pa man ako nakakatapos sa sinasabi ko ay sinigawan ulit ako ni Sync, "SHUT UP! HOW MANY TIMES DO I HAVE TO TELL YOU NOT TO BADMOUTH IRIS?!"

"Hindi ko sya bina-badmouh! Totoo lahat ng siansabi ko! Wala akong dahilan para magsinungaling sayo!" tinitigan ko sya sa mga mata, "Sa tingin mo magagawa kong makatingin sa mga mata mo kung nagsisinungaling ako ha?!"

Sya ang umiwas ng kanyang mga mata, "Umalis ka na! Umalis ka na dito bago pa ako may magawang hindi maganda sayo!"

"Sync, hayaan mong mag-explain si Zeke."

"UMALIS KA NA SABI!"

Kahit tinataboy nya na ako, pinagpapatuloy ko pa rin ang pagsasalita, "Minsan naman subukan mong makinig sa iba, Sync. Minsan naman maniwala ka sa sinasabi ng iba! Hindi naman porket mahal mo yung tao sya lang papaniwalaan mo. Gaano ka ba kasigurong mahal ka ng taong yun? Gaano ka ba kasigurong sya ang nagsasabi ng totoo at kami ang nagsisinungaling?! A---"

"GET THE FCK OUT OF HERE! GET OUT!"

"Alam kong masakit malaman na niloloko ka ng taong mahal mo pero wag ka naman sanang magpakatanga na hayaang lokohin ka lang nya para maiwasan ang sakit dahil sa huli, masasakta't masasaktan ka pa rin. Mas mabuti na yung maaga pa lang, nilalayo mo ang sarili mo sa panloloko para kahit papaano nasaktan ka man hindi ka naman nagpakatanga." pagkasabi ko nun, tumalikod na ako sa kanila at tumakbo na palabas.

Pagkalabas ko ng backstage, pumunta ako sa isang sulok at sumandal sa isang pader habang umiiyak at tinatawagan si Aila.

"Hello Momo! Nakita mo ba yung nangyari kanina sa stage a---" hindi ko na sya pinatapos sa pagsasalita.

"Aila, uwi na tayo." :"( pinupunas punasan ko ang luha ko na tuloy tuloy na bumabagsak mula sa mga mata ko habang sinasabi ko sa kanya yung mga katagang iyon.

"M-momo, umiiyak ka ba? Asan ka? Anong nangyari sayo? Asan ka sabihin mo sakin?"

"Nandito ako malapit sa may backstage, malapit sa isang poste."

"Sige, dyan ka lang ha. Tatakbo na agad ako papunta dyan." tapos binaba nya na yung telepono. Nag-intay ako dun at napaluhod na ako sa may sahig habang umiiyak pa rin. Ang OA ko, iniyyakan ko ang bagay na tulad nun. Pero nasasaktan kasi ako sa mga sinabi ni Sync. Antanga tanga ko naman kasi eh, bakit ba wala akong magawa para matulungan sya? Feeling ko imbis na makatulong ako lalo pa akong nakakagulo. Wag na lang kaya akong maki-epal sa problema ng Syntax Error? Wag ko na lang kayang sabihin sa kanila ang tungkol kay Iris at sa balak nito? Tatal hindi rin lang naman ako pinapaniwalaan. Pero... sa huli, guguluhin naman ako ng konsensya ko. Alam ko may dahilan kung bakit sa lahat lahat ng pedeng makarinig ay ako pa ang nakarinig ng lahat ng katotohanang ito at hindi ko dapat isawalang bahala lang ang lahat. There's always a reason for everything.



"Momo!" nabigla ako ng dumating na pala si Aila sa tabi ko na medyo hinihinal hinal pa, siguro tumakbo talaga sya para mapuntahan agad ako. Lumuhod agad sya sakín habang nagaalala ang mukha nya, "Anong nangyari sayo? Bakit ka umiiyak? Sinong nagpaiyak sayo?"

limik pa lang sana ako nang marinig ko si Mirko sa likod namin, "Momo, buti naman nakita kita. I--"

Hindi na sya pinatapos magsalita ni Aila, tumayo na ito at sinugod si Mirko. Kinuwelyuhan nya ito, "Ikaw nagpaiyak sa bestfriend ko noh?! Ikaw ba ha?!"

"Aspetta un attimo! (Teka lang muna) H-hindi ako, andito lang ako para ibigay kay Momo ang bag nyang naiwan nya sa may backstage." pagkasabi nun ni Mirko ay tumayo na ako para kunin sa kanya yung bag ko, binitawan na rin sya ni Aila at nagsorry na parang labas sa ilong.

"Thanks Mirko." sabi ko sa kanya habang nakatungo. Pero sinilip nya ako sa mukha ko na pilit kong tinatago tapos nagtanong sya, "Hai pianto, Momo?"

"E-eh? Hindi kita naintindihan." tanong ko habang nakatungo pa rin habang pinipilit nya pa ring silipin ang mukha ko.

"I said, did you cry Momo?"

Umiling ako at pinilit tumawa pero parang tunog tanga lang yung tawa ko at hindi convincing, "H-hindi noh! Ha! Ha! Ha! B-bakit naman ako iiyak? Para saan? Ha! Ha! Ha..."

"Oh," habang nakatungo ako napatigil ako sa pagtawa ng peke ng makita ko ang kamay nya na may inaabot na panyo, "There's no need to fake a laugh."

Nangangatal kong inabot yung panyo nya at pinampunas ito sa mata ko at pisngi kong basang basa ng luha at iaabot ko na sana sa kanya kaso sinabi nyang sakín na lang daw muna.

"Uuwi na ba kayo?"

"Oo," si Aila ang sumagot habang kinakalkal nya yung cellphone nya sa bag nya, "Wait lang pala, tatawagan ko pa nga pala si papa para sunduin tayo."

"Wag na. Ihahatid ko na lang kayo."

Nabigla naman ako sa offer ni Mirko kaya tumanggi ako, "W-wag na! Masyado na kaming nakakaistorbo."

"Sus, wala yun nuh. Sige na, sumama na kayo sakin sa parking lot at ihahatid ko na kayo."

"Eh paano yung concert? Aalis ka na lang basta basta?"

"Wala ng concert, tapos na. Saka ayoko ng magstay pa sa loob, masyado ng magulo dun. Gusto ko na muna umuwi at wag na munang makigulo dahil ako ay pagod na pagod na din, gusto ko na munang mamahinga. Bukas ko na lang sila poproblemahin." Mirko sighed, he's worried too sa mga nangyayari afterall banda nya rin ang involve sa kaguluhan, lalo na na parehas nya pang kaibigan ang nagaaway. "Tara na, hatid ko na kayo. Wag na kayong mahiya sakin."

---

**- Aila's Voice -**

"Maam Aila! Ano po nangyari kay Maam Momo?" nabigla yung isa sa mga katulong ng bahay nina Momo ng makita nyang buhat buhat ni Mirko ito.

"Ah wala manang, nakatulog lang si Momo. Siguro sa pagod," at siguro dahil na rin sa kakaiyak.

"O sige, Roy," tinawag ni manang yung isa sa mga gardener nina Momo at pinabuhat si Momo para dalhin ito sa kwarto niya. Nagpaalam na rin kami ni Mirko kay Manang para umuwi na.

Paglabas namin ng gate bigla akong kinausap ni Mirko, "Saan ka nakatira?"

I wave my hands to him as a sign of 'no', "Naku wag na, salamat na lang. Uuwi na lang ako mag-isa."

"Oh c'mon, wag ka ng mahiya sakin. Dali na, hatid na kita sa inyo. Mamaya nan may mangyari pa sayong masama sa kalsada, bugbugin pa ako ni Momo kinabukasan."

I gave him a timid smile tapos medyo nahihiyang sinabi ko sa kanya ang address ko. Bubuksan ko na sana ang pinto ng backseat ng kotse nya nang bigla nyang buksan ang pinto ng front seat at sinabing, "In Italy, you don't seat on the backseat when someone offers you a ride. You kinda offend him because seating at the backseat is like treating the one who offered you the ride a taxi driver. Ma dai,(oh c'mon) wag ka ng mahiya. Dito ka na sa front seat."

Kahit talagang nahihiya ako, nawalan na ako ng choice kundi sarhan ang pinto ng backseat at umupo sa sa ino-offer nyang front seat at pagkaupo ko ay sinarhan nya na ang pinto at naglakad papunta sa may driver's seat. Pagkaupong pagkaupo nya sa driver's seat ay nabigla na lang ako ng lumapit sya sakín, akala ko may gagawin syang ewan pero yun pala kinuha nya lang yung seatbelt sa gilid ko at inilagay ito sakín. Nung kinuha nya yung seatbelt sa gilid ko, he had to lean to me at dahil dun sobrang lapit ng mukha nya sakín --- sideview. Napatingin ako, ang tangos ng ilong nya... brown na brown pala mata nya tapos ang hahaba rin pala ng mga pilik nya sa mata... Ang kinis ng pisngi nya at...

Hindi ko na natuloy ang pagmamasid ko sa mukha nya kasi nabigla ako ng bigla syang tumingin sakín at ngumiti at pagkatapos nun ini-lock nya na yung seatbelt ko at umayos na sya ng upo. Nahiya naman ako kasi nahuli nya akong nakatingin sa kanya.

"Seatbelt is important." nakangiti nyang sabi as he puts his own and starts the engine. Tumango lang ako sa sinabi nya. Nagsimula na ring tumugtog ang radyo nya na sa tingin ko ay naka-mp3 mode. Sa byahe, walang naimik. All the time nakatingin lang ako ng diretso sa kalsada while my hands are rested on my lap. I don't really feel comfortable kasi naaalala ko yung mga panahon na sinuntok ko sya tapos iniwan ko rin sya sa kalsada nun. Baka mamaya may pina-plot syang evil plan at iwan din ako sa kalsada.

"Aila ang pangalan mo, right?"

"Y-yeah." nabigla naman ako kasi bigla syang nagsalita.

"Sei bella, lo sai?"

"Pardon?" hindi ko nagets yung sinabi nya ee. I bet he's speaking his language.

"Non so, mi pare che tu mi piaci. Mi hai preso da un colpo." ngiti sya ng ngiti habang nakatingin lang sa may daan, dahil hindi ko sya naiintindihan hindi ko na tuloy alam kung ako ba kausap nya o ano.

"Eh... ano, pede ka bang magtagalog? Hindi kita maintindihan."

"Wag mo ng intindihin, I don't want to embarrass you." tumingin sya sakín at nginitian ako. Medyo naguluhan ako tapos tinaasan ko sya ng kilay.

"Don't want to embarrass me? Maybe you're saying bad things about me face to face!" yun lang ang naisip ko na pedeng sinasabi nya. Eh kasi diba kung nothing bad naman yung sinasabi nya bakit ayaw nyang itranslate sakin? Medyo naasar ako ng mapagtanto kong baka nga masama ang sinasabi nya sakin.

"No, I'm not!" pagtanggap niya.

"I don't believe you! I'm sure na nilalait mo ako harap harapan! Siguro may sinasabi kang mga masasamang bagay kaya nagsasalita ka sa language na hindi ko maintindihan! Ibaba mo na ako, aalis na ako!"

"Woah, woah. Relax ka lang, wag kang bababa. Sige na nga, sasabihin ko na sayo sinabi ko." tapos tumawa sya, "Sabi ko 'ang ganda mo at sa tingin ko may gusto ako sayo, bigla biglaan ko na lang narealise.' Yun yung sabi ko, ayan tuloy baka ma-embarrass ka sa mga sinabi ko."

Totoo nga, I felt embarrassed all of sudden nung sabihin nya yung mga bagay na yun. Who wouldn't after someone told you you're pretty and he likes you? Hindi ko tuloy magawang makatingin sa kanya at feeling ko namumula pa ang mukha tapos nagkakandabulol bulol pa ako sa pagsasalita, "S-SHUT UP! Pinagtitripan mo b-ba ako? Inaasar mo lang a-ako nuh? You're just kidding around right?"

*"Why would I?"*

## **Voice 21: For the First Time**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Aila's Voice -

"Why would I?"

"E-eh?" iniwas ko kaagad ang tingin ko kasi bigla syang tumingin straight into my eyes. Seryosong seryoso yung itsura ng mukha nya, hindi sya nakangiti o nakangisi. Hindi ko tuloy alam kung jinojoke nya lang ako, pinagtitripan o ano.

"Just forget what I said." yun lang yung sinabi nya kaya ang naisagot ka na lang ay, "Ah, ok."

At nagkaroon na naman ng nakakailang na katahimikan sa amin.

May tumugtog na song mula sa mp3 ng kotse, hindi ko alam at maintindihan yung song. Italian siguro, sinasabayan kasi nya kasi ng pagkanta ee. Para akong mukhang tanga dito, nakaupo lang at walang imik. Ang tagal naman kasi ee, bakit parang all of a sudden lumayo yung bahay ko? Tama naman yung daan pero feeling ko talaga ang tagal ng byahe, under some circumstances talaga lalo na ng tulad nito ay parang lumalayo ang patutunguhan at parang bumabagal ang oras. How I wish to reach my home and step out of this car asap. I feel so uncomfortable na kasi. >\_\_<

"Do you know them?" at long last, nakarating rin kami sa tapat ng bahay ko kaso bababa na sana ako ng mapansin namin na may lumalabas mula sa may gate ng bahay ko. Nakita ko at naririnig ko si mama na sumisigaw at binabato si papa ng kung anu ano habang palabas ito ng bahay na sumisigaw din. Kahit nasa loob kami ng kotse rinig na rinig ko ang sigawan nila.

"You good for nothing man! Cheater! Liar! Get out of this house!"

"Stop throwing things! Hey! Yeah right, I'm leaving this house! Who needs you anyway!"

"You bastard! Wag ka ng magpapakita pa ulit! I hate you! Wala kang kwenta!"

Naitakip ko ang mga kamay ko sa mukha ko habang nakapatong ang mga siko ko sa aking tuhod, ito nanaman sila, ayaw kong bumaba ng kotse at pumasok sa bahay, ayaw kong magpakita sa mga magulang ko, ayaw ko sa kanila, ayaw ko.

"Ayos ka lang ba?" naiinis ako pag tinatanong ako ng mga tao kung 'ayos lang' ba ako sa mga sitwasyon na tulad na ito dahil sa tuwing naririnig ko ang mga katagang 'ayos ka lang ba' lahat ng sakit at sama ng loob ko ay nararamdaman ko at nagsisimula akong maiyak.

"Would you mind if you take me to somewhere else? Babayaran ko na lang ang gasolina basta ilayo mo ako dito." :(

"Oh, okay sure. No need for the gas fee." he starts the engine again and I got relieved even for a little. I don't have any idea where he's gonna take me, I'm too busy composing myself to ask him. He can take me wherever he wants as long as its not on my house nor somewhere near my parents.

"Here we are, do you mind some hot noodles?" napatingala ako at napatingin sa may gilid ko at nakita ang 7/11 kung saan palagi akong tumatakbo sa tuwing nagaaway sina mama at papa. Humarap ako sa kanya at tumango, "You picked the right place."

Bumaba na kami sa may kotse at pumasok na sa may 7/11, pinagbuksan nya ako ng pinto at tinanong, "Anong flavor ng noodles ang gusto mo?"

"Yung chicken flavor." sagot ko sa tanong nya habang pumunta na ako sa isang table dun na vacant at sinandal ko ang mga siko ko dun at humalumbaba habang nakatayo at nakatingin sa kawalan. Maya maya rin naman ay dumating na sya na may dala dalang cup noodles na may mainit na tubig na at meron na ring mga plastic forks, tumayo sya sa tapat ko.

"Salamat," yun lang yung sinabi ko habang iniintay kong maluto yung noodles ko sa hot water. Nakatungo lang ako, hindi na ako umiiyak pero ang bigat bigat ng mga mata ko dahil sa pagiyak ko kanina. Feeling ko ang pula pula ng mga mata ko at parang kumapal or namumugto. Nung sa tingin ko ay luto na yung noodles ko ay binuksan ko na ito at sinimulan ng kainin ng tahimik, ganun din naman sya, walang naimik samin. Tahimik lang naming kinakain ang mga noodles namin, buti na lang walang customer ngayon dahil pasado alas dose na. Merong ilan ilan na napasok pero dahil sa nakatalikod si Mirko sa may pinto ay hindi sya masyadong napapansin ng mga napasok kaya naman at peace si Mirko mula sa mga fans kung saka sakali.

--

Hinigop ko na ang mga natitirang sabaw nito mula sa may cup at matapos nun ay pinatong ko na ang walang laman na cup at nilagay dun ang tinidor na plastic tapos pinunasan ang ilong ko ng tissue dahil tumutulo na yung sipon ko mula sa mainit na sabaw ng noodles.

"Ahhh." relieve na relieve ang pakiramdam ko matapos kumain ng cup noodles kaya naman nagawa ko na syang ngitian, "Salamat. Ansarap talaga sa pakiramdam ng noodles, naniniwala ka bang nakakapagpahaba ng buhay ang noodles?"

"Hmm... Pede din... Diba paniniwalang intsik yan?"

"Yup. At alam mo ba kung bakit sinasabi nilang nakakapagpahaba ng buhay ang noodles?" bigla akong may naalala, yung strange looking guy na may screen name na "koya noodles" nung nakaraang linggo, speaking of that guy hindi ko na ulit sya nakita, sayang naman nagpromise pa man din ako sa kanyang ipagluluto ko sya, "Yung sabaw kasi ng noodles it brings warmth to our bodies and especially to our souls and that warmth actually helps to wash away the fatigue and pain we feel. Pag sobrang nasasaktan ka na, makakatulong ang warmth ng noodles para mawala kahit papaano ang sama ng loob na nararamdaman mo. Emotional pain kills a person rapidly but if you can regain yourself from your pain and learn to smile again, life lenghtens. Yan ang dahilan kung bakit nakakahaba ng buhay ang noodles."

"Wow, really? That's cool. Yeah, ansarap nga sa pakiramdam ng sabaw ng noodles. Hehe."

"Uy, salamat ha." napatungo bigla ako, sincere yung pasasalamat ko kasi nilayo nya ako sa mga parents ko, "Pasensya na rin sa istorbong nagawa ko, kung gusto mo pede ka ng umuwi. Tapos babayaran ko na lang lahat ng istorbong nagawa ko sayo."

"C'mon, babayaran? Hindi ako nagpapabayad pag tumutulong sa kapwa. Saka anong istorbo? You did not disturb me at all saka hindi muna ako uuwi, sasamahan muna kita at pag feel mo ng umuwi saka kita ihahatid."

"H-ha? A-ano ka ba, okay lang ako nuh. Umuwi ka na, siguradong pagod ka pa mula sa concert nyo, don't bother yourself that much, kaya ko na sarili ko."

"Dito lang ako sabi, sasamahan kita." :)

---

Hindi ko alam kung paano ko nagawang iconfide sa kanya lahat ng hinanakit ko sa mga magulang ko kasama na rin ang tungkol sa pagrerebelde ko at noong pagsali ko sa mga gang fights... Siguro dahil na rin sa nasa right moment sya kung saan nangangailangan ako ng makakausap kaya na rin kahit hindi ko sya ganung kakilala ay nalabas ko na lahat ng hinanakit ko to the point na naikwento ko na ata halos ang talambuhay ko sa kanya. Okay naman pala sya eh, he's such a good listener. He never interrupted me nor commented with my stories. He just kept on saying, "Uh huh, and then? Go on."

"So dahil na rin sa laging chaos sa bahay nyo, nakapagdesisyon kang sumali sa mga gang sa tabi tabi tama ba?" tumango ako sa recapitulation nya ng ikinuwento ko sa kanya, "So ibig sabihin, nakikipagbugbugan ka and such?"

Medyo natawa ako sa itsura nya, he has this reaction na parang hindi sya makapaniwala na isa akong former gangster, "Oo, marami akong natamong sugat din noon pero dahil matagal na akong tumigil, wala na naman masyadong bakat ng sugat sa balat ko. Pero sa likod ko," tinuro ko sa kanya yung likod ko, "merong malaking linya ng hiwa na hindi pa rin nabubura, medyo malaki kasi sugat ko noon. May gang war noon eh tapos may biglang sumaksak sakin mula sa likod."

"Woah, talaga? Buti nabuhay ka pa."

"Haha! Oo naman, matagal mamatay ang masamang damo nuh."

"Oh c'mon, you're not bad."

"Oo kaya," tumungo ako, smiling bitterly habang hinahawak hawakan yung wristband na suot suot ko, "Alam mo bang nagcommit na ako ng suicide."

"Hmm?"

"Diba sabi ko sayo si Momo nagsave sa kinikita sa mga ito?" nagpatuloy ako without waiting any response from him, "Nung time kasi nun, hindi ko na talaga kaya. Parang gusto ko na talagang sumuko sa buhay ko kasi feeling ko napakarepetitive na lang ng mga nangyayari sa paligid ko, magaway sina mama at papa tapos tatakas ako para makipagbugbugan sa kalsada. Pero noon, kilala ko na si Momo, kaklase ko na sya nun pero hindi ko pa sya kaibigan dahil nga wala akong tinuturing na kaibigan noon sa school at wala rin namang gustong lumapit sa kinikita kasi alam nilang nagtetake part ako sa isang gang, kumbaga mga takot sila na baka may gawin ako sa kanila. Pero ewan ko ba kung anong klase ng nilalang yan si Momo kasi sya lang ang kabukod tanging kumakausap sa kinikita noon. Lagi ko man syang pinagtatabuyan o sinisigawan noon, paulit ulit pa rin syang bumabalik sa kinikita at nginingitian ako. Dati sobrang naiirita ako sa presensya nya lalo na sa tuwing lapit sya ng lapit sa kinikita kahit pinapalayo ko na sya, ansama sama ng ugali ko sa kanya noon kahit alam kong sya lang naman ang nakakagawang lumapit at ngitian ako sa school pero nung mga panahong naglaslas ako pero nabuhay pa ako at naospital... hindi ko inakalang sa lahat lahat ng bibisita sa kinikita ay yung tao pang lagi kong tinataboy at sinisigawan. Kung sina mama at papa ni hindi ako nagawang dalawin dahil busy sila sa mga trabaho nila ni kahit mga ka-gang ko hindi rin ako binisita, si Momo iba sya... kahit sinigawan at pinagtatabuyan ko sya noon, binisita nya ako at nagalala sya para sa kinikita nun. Sinigawan at pinagalitan pa nga nya ako, sabi nya kung magpapakamatay daw ako wag daw blade gagamitin ko, chainsaw daw dapat para sure na sure. Haha," tumawa muna ako nung maaalala ko yung mga panahong iyon na pinapagalitan ako ni Momo sa ospital.

"Tinanong ko sya kung bakit nilapitan pa rin nya ako sa kabila ng lahat ng ginawa ko sa kanya, isa lang sinagot nya sa kinikita... sabi nya, hindi daw nya kayang iwan ang isang kaibigan. I was so moved with what she said, hindi ko akalaing may magtuturing pa pala sa kinikita bilang isang kaibigan sa kabila ng ugali ko. Araw araw, binibisita ako noon ni Momo at lagi nyang kinukwento sa kinikita kung anong mga nangyari sa school at pinagkokopya nya din ako ng notes. Dahil sa kanya, nagkaroon ako ng pag-asa pang mabuhay, sabi ko... hindi naman pala ganung kasama ang mundo, yung mga ngiti ni Momo ang nagbigay pag-asa sa kinikita. Kaya pagkalabas na pagkalabas ko ng ospital, umalis na ako sa gang at nangako kay Momo na magtitino na ako ng buhay at hindi ko na uulitin pa ang pagsu-suicide. Matapos nun, hindi ko na nagawang humiwalay pa kay Momo, pag kasama ko sya masaya ako at nakakalimutan ko mga problema nya. Gusto ko laging nakikitang nakangiti si Momo dahil yung mga ngiti nyang yun ang nagpapasaya sa kinikita."

"No wonder you were that worried nung nawala sya nung gabing iyon at agad agad kang nagpunta sa kinikita kahit nakapajama ka pa lang."

Tumawa ako, "Hehe. Well, she's my bestfriend. I can't afford to lose her kasi she's one of a kind. **Alam mo ba si Momo parang bubuyog yan... the more na itaboy mo, the more na lalapitan ka nya.**"

Now playing: For the First Time by The Script

♪ *She's all layed up in bed with a broken heart while i'm drinking Jack all alone in my local bar*



*and we don't know how  
how we got into this mad situation,  
only doing things out of frustration  
trying to make it work  
but man, these times are hard ♪*

Nagkatinginan kami parehas ni Mirko ng biglang nag-change ang song na tumutugtog sa loob ng 7eleven, at mga ilang segundo matapos namin magkatinginan sabay kaming napangiti at parehas kaming sumabay sa kanta,

♪ she needs me now but i can't seem to find the time  
i got a new job now on the unemployment line  
and we don't know how  
how we got into this mess is a god's test,  
someone help us cos where doing our best  
trying to make it work,  
but man, these times are hard

but we are gonna stop by drinking all cheap bottles of wine  
sit talking up all night,  
saying things we haven't for a while, a while yeah  
you're smiling but we're close to tears,  
even after all these years

we just now got the feeling that we're meeting  
for the first time  
oohhh

oohhh ♪

"The script, you like it too?" nangingiti nyang tanong.

"You bet! Ang ganda ganda ng songs nila! One of the awesome band living!"

"Cool! Meron ka ba nung latest album nila?" parehas kaming agitated sa topic kasi hindi ko akalaing fan rin pala sya ng The Script.

"Alin? Yung Science & Faith ba na album? Oo, meron ako." nakakatuwa naman talaga pag nakakameet ka ng isang tao with the same interest.

"Ang cool nun diba? I love their songs!"

"Shocks, meron ka ba nung album nilang 'The Script' nung lumabas ng 2008?"

"Yup, meron ako." (^-^)

"Uwaaaa! Pahiram ako please please please! Wala ako nun ee. Yung Science & Faith lang meron ako." T\_\_T

"Of course! Pahiram kita, ano ba number mo? Para ma-text kita pag kukunin mo na yung cd."

"O sige, ito number ko." binigay ko na sa kanya yung number ko ng walang alinlangan. Yung kaninang awkward feeling between us parang naglaho na parang bula ng malaman naming parehas pala kaming fanatic ng The Script. Ayaw kasi ni Momo sa The Script, hindi naman sa ayaw pero hindi nya type kaya ayun wala akong makakwentuhan ng interest ko sa bandang iyon.

♪ he's in line at the door with her head held high  
well i just lost my job, but didn't lose my pride  
and we both know how  
how we are gonna make it work when it hurts,  
when you you pick up yourself up  
you get kicked to the dirt  
trying to make it work,  
but man, these times are hard

but we are gonna stop by drinking all cheap bottles of wine  
sit talking up all night,  
doing things we haven't for a while, a while yeah  
you're smiling but we're close to tears,  
even after all these years  
we just now got the feeling that we're meeting  
for the first time  
oohhh

oohhh ♪

Tuwang tuwa talaga kaming parehas. Andami naming pinagkekwentuhan tungkol sa The Script, pamula sa mga songs nila, sa concerts nila, sa mga awards pati videos. Sabi nga namin sana magconcert sila sa Pinas tapos sabay daw kaming manuod. Game naman ako syempre! \*u\*

♪ yeah thinking all cheap bottles of wine  
sit talking up all night,  
doing things we haven't for a while  
we're smiling but where close to tears,  
even after all these years  
we just now got the feeling that we're meeting  
for the first time  
ooowwwwwww  
for the first time  
ooowwwwwww  
for the first time  
ooowwwwwww  
for the first time  
for the first time

ah these times are hard,  
they end up making us crazy  
don't give up on me baby ♪

Mga pasado alas tres na ata nun ng ihatid nya na ako sa may amin, tahimik na rin naman sa bahay, patay na mga ilaw ee. Bababa na sana ako pero syempre for good manners, inabot ko sa kanya ang kamay ko para makipaghandshake at makapagpaalam, "Thank you, Mirko."

Pero imbis na makipaghandshake sya sakín eh inabot nya ang kamay ko, hinila ako at nabigla na lang ako ng halkan nya ako. Hindi ito ang first time, actually ikalawang beses nya na akong hinalkan. Noong una ay noong nagiiintay ako kay Momo sa may network building at ito na nga ang ikalawa. Nung ihawalay nya na ang mga labi nya sakín ay tinitigan nya ako sa mga mata, "Goodnight."

"G-g-goodnight!" nauutal na bumaba ako ng kotse at patakabong pumasok sa may bahay ko, wala ng lingon lingon pa sa kanya. Pagkapasok na pagkapasok ko sa bahay at pagkasara ko ng pinto, napasandal ako sa may pinto namin habang hawak hawak ko ang dibdib ko kung saan ramdam na ramdam ko ang malakas na tibok ng puso ko.

*What was that?*

## **Voice 22: False Voice**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

**- Zeke's Voice -**

"Aray!"

"S-sorry..." bigla syang yumuko at tinigil ang pagpapahid sa may sugat ko sa may sulok ng labi ko.

"Okay lang yun.." napayuko ko ring sabi.

Matapos ang gulong nangyari kanina, umalis si Sync at walang nakakaalam kung saan sya nagtungo. Si Mirko naman ang sabi hinatid nya daw si Momo at ang kaibigan nito. Kaya naman kaming dalwa ni Corrine ay pinauwi na lang ni Manager Ree sa condominium. Andito kami ngayon sa may kwarto ni Corrine habang ginagamot nya ang mga sugat na natamo ko sa pagsuntok sakín ni Sync.

Wala kaming masyadong imikan kasi medyo heavy ang atmosphere, ewan ko kung bakít pero siguro dahil na rin sa kagaguhang ginawa ko. Siguro galit din si Corrine sakín tulad ng pagkagalit sakín ni Sync, baka nga ganun na din si Mirko. Hindi ko rin naman sila masisisi lalo na pagkatapos nilang makita ang mga larawang iyon na kahalikan ko ang girlfriend ni Sync. Alam kong pagtatraydor yun sa isang kaibigan at isa akong malaking traydor na rin sa banda, baka siguro itakwil na nila ako pagkatapos. Natatakot at nalulungkot akong baka ganun na nga ang mangyari pero I think I deserve it, wala akong kwentang kaibigan.

Ginusto ko mag-explain kay Sync pero hindi nya ako hinayaan pero siguro mabuti na ngang ganun kasi kahit ako hindi ko rin alam kung anong i-e-explain... Ni hindi ko ma-explain sa sarili ko kung bakit nagawa kong halikan ang girlfriend ng isang kaibigan.

Ang gulo gulo ee, nitong mga nakaraang araw lagi akong nilalapitan ni Iris at madalas din nya akong tinetext, ni hindi ko nga alam kung saan nya nakuha ang number ko eh. Tapos biglaan para syang naging kabuteng sumusulpot pag ako ay nagiisa, she confessed to me na ako daw ang gusto nya at hindi si Sync. Nung tinanong ko sya kung hindi nya pala mahal si Sync eh bakit sya nagpaligaw dito, ang sagot nya sakín ay yun lang daw ang paraan na alam nya para mapalapit sakín. Pero tinanggihan ko sya at sinabi ko sa kanyang wala akong interes sa kanya pero masyado syang mapilit, tuwing nakatalikod o wala si Sync, pinagpipilitan nya ang nararamdaman nya sakín. Madalas nya akong tuksuhin at dahil lalaki lang din ako, at hindi ko maitatangging nakakatakso nga sya ay natutukso ako kahit alam kong hindi ko sya mahal at si Corrine lang ang mahal ko. Ewan ko, baliw na ata ako para magpatukso sa girlfriend ng isang kaibigan. At eto na nga ang karma ko. Sira ulo talaga ako.

NOW PLAYING: SABIHIN MO NA BY YENG CONSTANTINO

♪ *Gusto kong magpaliwanag sa iyo*  
*Ngunit di kinakausap*  
*Di ko inasahang diringgin mo*  
*Nakatingala sa ulap* ♪

"May gusto ka ba sa kanya, Zeke?" mula sa katahimikan, ginitle ako ng boses ni Corrine.

"H-ha?"

"May gusto ka ba kay Iris?" pag tingala ko sa kanya nakasalubong ko kaagad ang mga mata nyang titig na titig sa aking mga mata.

*Wala, wala akong gusto sa kanya kasi mahal kita.*

Ewan ko ba kung bakit o kung anong mahirap sa pagsabi ng mga katagang iyon sa kanya, tuwing kaharap ko na sya para bang nakakagat ko na lang mga labi ko at tuluyang natitiklop na ako. Hindi tuloy ako nakasagot sa tanong nya kaya naman binaba na nya ang tingin nya.

♪ *Alam kong nasaktan na naman kita*

*Ngunit di ko naman sinasadya  
Hinding-hindi na mauulit sinta  
Sana'y maniwala ka ♪*

"Zeke, mahal kita..." nabigla ako ng sabihin nya yun pero sa tuwing sinasabi nya yung mga katagang iyon nadidismaya lang ako sa tuwing dadagdagan nya pa iyon ng mga salitang nagpapaduwag saking magtapat sa kanya, "...**dahil kaibigan kita** at bilang kaibigan, ayokong masaktan ka. Kung mahal mo talaga yung girlfriend ni Sync, you should fight for your feelings but in a fair and clean way, wag mong agawin ang girlfriend ni Sync sa likod nya imbis ay linawin mo kay Sync ng harap harapan na ipapakita mo sa kanya na mahal mo rin si Iris. A man to man challenge, yung walang dugasan at lokohan. Pero kung hindi mo naman mahal yung tao at laru laro lang ito para sayo, ako na nagmamakaawa sayo Zeke... wag mong sirain ang banda ng dahil lang sa isang babae. Wag kang maging makasarili, isipin mo naman sana yung mga pinagsamahan natin, yung mga pinagsamahan nyo ni Sync."

♪ *Sabihin mo na*

*Kung anong gusto mo  
Kahit ano'y gagawin  
Para lamang sa yo  
Sabihin mo na  
Papaano mo mapapatawad  
[ Lyrics from: [http://www.lyricsmode.com/lyrics/y/young\\_constantino/sabihin\\_mo\\_na.html](http://www.lyricsmode.com/lyrics/y/young_constantino/sabihin_mo_na.html) ]  
Ilang araw mo nang hindi pinapansin  
Ilang araw pang lilipas  
Nakatanga sa harapan ng salamin  
Naghihintay ng bawat bukas ♪*

"Corrine... hindi ko mahal si Iris, hindi ko rin sya gusto. Natukso lang ako. Aaminin ko, mali ako pero hindi ko naman ginustong mangyari yon ee. Pinapahalagahan ko naman ang pagkakaibigan namin ni Sync pero natukso lang talaga ako..." with my frustrations, naisuklay ko ang mga daliri ko sa aking buhok, "Corrine, hindi ko sinasadya. Pinagsisisihan ko ang katarantaduhan ko, hindi ko ginustong traydurin si Sync. Hindi ko talaga sinasadya..."

♪ *Lahat naman tayo'y nagkakamali*

*Sinong di nagsasala  
Ngunit papaano babawi sa pagkakamali  
Un ang mahalaga*

*Sabihin mo na  
Kung anong gusto mo  
Kahit ano'y gagawin  
Para lamang sa yo  
Sabihin mo na  
Papaano mo mapapatawad*

*Patawarin mo sana sinta  
Di ko sinasadya ♪*

As I repent to what I have done, she hugged me, "Ano ba itong gulong ginawa mo. Pero maaayos din ang lahat, Zeke."

Yumakap din ako sa kanya, mas mahigpit. "Corrine, salamat. **I love you.**"

Naiinis talaga ako, everytime I voice out my feelings for her... she misinterpret it.

"Wala yun, *what are friends for?*"

She did not hear my "voice"... **why are feelings so voiceless?**

\*\*\*

**- Sync's Voice -**

"Oh anong ginagawa ng superstar dito? Akala ko galing kang concert?" pagtatanong ni Saturn pagpasok nya sa private clubhouse ni Memo.

"Yow Saturn! Wag mo ng itanong kung bakit, alam mo naman yang superstar friend natin naaalala lang tayo pag may problema." tatawa tawang sagot ni Seven sa tanong ni Saturn.

Andito ako ngayon sa private clubhouse ni Memo, dito ako nakitulog dahil hindi ko feel matulog sa condo dahil ayokong matulog sa iisang bubong kasama ang traydor na kaibigan kong iyon. Baka kung ano lang magawa ko dun pag nakita ko nanaman pagmumukha nya.

Mag-aalas kwatro na ng hapon, nagsisidatingan na ang mga abnormal kong mga kabarkada. Bukod sa Syntax Error, ang mga gagong ito ang mga tinuturing ko pang kaibigan. Actually, ang kaibigan ko lang talaga nun ay si Memo na anak ng isang family friend na naging ka-close at kababata ko at sya ang nagpakilala saakin sa mga sira ulong lalaking nasa harapan ko ngayon na naging mga kabarkada ko na rin. May pagkaweirido itong barkadahang ito eh, hindi kami masyadong nagkikita dahil hindi kami magkaka-edad ni pumapasok sa iisang eskwelahan pwera na lang kay Cross na naging schoolmate ko pero mas younger sya saakin kaya nauna akong makagraduate sa Willford. Pero kahit watak watak kami madalas, andun pa rin yung bond namin. Ewan ko nga ba kung anong meron sa barkadahang ito at masyado rin akong attached kahit hindi ko naman sila laging nakakasama.

Pito kami sa barkadahan.

Ako, syempre. Na madalas wala dahil sa mga concert at hectic na schedules.

Si Trey Dinero, pinakamatino na siguro sa barkadahan. Hindi basagulero ni babaero, mabait kahit kanino. Loyal sa girlfriend na kung tama ang pagkakatanda ko, ang pangalan ay Sena.

Si Seven Astute, ang pinakasira ulo ngunit pinakahabulin din. Mahilig paglaruan ang mga babae, sana makarma yang gagong yan. He's a full time jerk kaya sanayan na lang sa kanya.

Si Cross Sandford, lalaking may menstrual issues este pinakamasungit sa lahat. Ewan pinaglihi ata sa cookie monster yang isang yan. Pero balita ko, may sineseryosong babae daw yan... Eya ata ang pangalan? Ah ewan, nahuhuli na ako sa balita tungkol sa buhay ng mga kabarkada ko. Hirap kasi ng hindi nakakasabay sa mga gimik.

Si Eros Magdayo, ang pinakablack sheep sa barkada. Basagulerong repeater.

Si Saturn Ignacio, isang gagong manhid. Alam na ng lahat na may gusto sa kanya ang kaibigan nyang si Gael pero ayun, wala pa ring malay. Abnormal.

At yun na nga, si Memo Clarkson... ang may-ari ng clubhouse slash tambayan na ito. Kahit ka-close ko sya, marami akong hindi alam sa kanya dahil masyadong misteryoso ang lalaking yan. Marami syang alam tungkol saming mga kabarkada nya, ewan ko ba minsan kinikilabutan din ako sa kanya kasi feeling ko minamanipula nya kami. Nagiging paranoid lang siguro ako.

"Oh anong problema mo, Sync?" hindi ko namalayan na kasama palang pumasok ni Saturn si Eros.

"Mukha mo ang problema nya! Bwahaha!" si Seven lang ang natawa sa sarili nyang biro. May pagka-autistic yan ee.

"Manahimik ka nga Seven, nakakasuka yang kakornihan mo." speaking of autistic, ayan pa ang isang autistic na pinagalitan ang kapwa autistic. Sino pa ba? Edi si Cross, ang ubod ng sungit na kabarkada namin. Ewan ko ba dyan parang pasan pasan lagi ang mundo. =\_ =

"Hindi nyo ba nabalitaan nangyari sa concert ng Syntax Error kagabi?" si Trey, na pinakamatino sa lahat, ang sya ng nagsimula ng matinong discussion. Halos lahat sila nagsi-iling sa tanong ni Trey, napakasupportive nilang mga kaibigan aa hindi man lang pinapanuod concerts ko. =\_ =

"Eh ano ba nangyari sa concert?" pagtatanong ni Saturn.

Sinimulan ng ikwento ni Trey sa kanila ang nangyari, wala kasi ako sa mood na ikwento mismo sa kanila ang kaganapan dahil baka mag-init lang ulit ang ulo ko. Matapos kasi ang pangyayari kagabi, nagdiretso ako dito sa clubhouse ni Memo at nakitulog tapos kaninang umaga dinatnan ako dito nina Trey at Seven na parehas na walang pasok at kaya naman naikwento ko na sa kanila ang pangyayari. Matapos maikwento ni Trey sa kanila ang mga pangyayari, imbis na i-comfort ako ng mga gago, inasar pa ako. Ganto siguro talaga way of comforting ng mga magkakaibigan, medyo weird. =\_ =

Pero syempre dahil magkakasama na rin lang naman kami ngayon which is a rare case ay nakapagdecide na rin kaming mag-inuman. Kanya kanyang kalokohan, kwentuhan at problema. Nakakadiri lang sa lahat ng mga kabarkada ko ay si Seven, nanghahalik pag lasing. =\_ =

Kaya naman nung kamuntik nya na akong halikan ay tinakbuhan ko at nagpunta ako sa isang sulok ng club kung saan andun si Memo, nagbubukas ng mga bote ng beer. Nagstay muna ako dun sa tabi nya at nakipagusap sa kanya, long time no talk na rin kasi eh.

"So is this the end of Syntax Error?" out of the blue, bigla nyang sinabi ang mga katagang iyon.

"Are you kidding me?" sinubukan kong tumawa pero malungkot na tawa lang ang lumabas saakin, iminum ako sa bote ng beer ko at saka lamang nagsalita muli, "I hope not."

"Sync, sa kaibigan mo nga ba dapat ikaw magalit?"

"Huh?" tinignan ko sya sa mga mata, nakangiti lang sya saakin... a very sly smile that I know pretty much what it means. "Teka Memo, don't tell me you know something about what's going on around?"

"You know that I am always updated with what's going on around everyone. I'm much more updated than you." tapos tinalikuran nya na ako pero bago sya tuluyang umalis may sinabi pa sya saakin, "**Listen to the voices around you, there are lots but try to hear the voice that is really calling for you before that voice becomes voiceless.**"

Kilala ko si Memo, he never tells what he knows kahit pilitin mo sya but he always leave clues. Pero ano nga ba ang ibig sabihin ni Memo sa sinabi nya? Voices? What voices?



---

"Sync, I'm really sorry... hindi ko idedeny yung mga photos na iyon pero makinig ka sana sakin, hindi ko ginustong halikan si Zeke..."

Andito ako ngayon sa isang private coffee shop at nakipagkita ako kay Iris para makausap sya ng maayos at linawin ang mga photos na naglabasan nung concert night. Umiiyak sya ngayon sa harapan ko habang nagpapaliwanag sakin.

"Hindi ginustong halikan? I don't get you."

"You see, pinilit ako ni Zeke... tuwing wala ka, nilalapitan nya ako at tinatakot. Kung hindi daw ako makikipagkita sa kanya ng patago at hindi ko daw gagawin lahat ng gusto nya, sisiraan ka daw nya."

"Ha? Teka Iris, hindi ko nagegets mga sinasabi mo. Sisiraan? Ako? Ni Zeke?"

"Oo, sabi nya sakin, ipagkakalat nya daw sa lahat ang mga bagay na hindi alam ng public para siraan ka daw kung hindi ako susunod sa mga gusto ni Zeke. At dahil mahal kita Sync, nagpaubaya ako at nagpakaalila ako sa gusto nya dahil ayokong masira ka sa publiko." napakuyom ako ng mga kamao ko sa narinig ko. Akala ko simpleng pang-aahas lang ng girlfriend ko ang ginawa ni Zeke pero hindi ko inaakalang mas malala pa pala. Hindi ako makapaniwala na nagawa nya ang lahat ng ito.

"Pero may isusumbong pa sana ako sayo Sync," medyo nagtaka ako kasi bigla nya akong niyakap at humagulgol sya ng malakas sa aking dibdib, "Natatakot ako pero sasabihin ko na sayo kasi hindi ko na kaya..."

Nag-aalala ako kasi sobrang lakas ng iyak nya na para bang natatakot talaga sya, "Ano yun? Sabihin mo sakin."

Feeling ko makakapatay ako ng tao matapos kong marinig ang isinumbong sakin ni Iris.

"Zeke raped me."

## **Voice 23: Resort**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

"Syntax Error band member's fighting over a girl? Who is she? And what is the real story? Still---dashdasjbdha."

"Bakit pinatay mo na, Momo?" nagreklamo saakin si Aila pagkapatay ko ng tv. Gumulong lang ako sa may kama ko at nakasimangot na sumagot sa kanya, "Ayoko na nan, kahapon ko pa naririnig yang balitang yan. Pati sa gossip pages at sites, yan na lang naririnig ko. Naaasar lang ako kasi kung anu anong kwento mga pinagsasabi ng mga taga media na yan, wala naman silang alam bakit ba sila nakikielam pa! Gawa lang naman sila ng gawa ng mga storyang malayo sa katotohanan, different versions na naglalabasan ee pero ni isa wala naman nakapagsabi ng tunay na storya."

Hinagis ko kay Aila yung remote habang nakahiga pa rin pero nakaharap sa may pader imbis na sa tv at ang mga paa ko ay nakaangat habang nakasandal sa pader tapos iniikot ikot ko ang mahaba kong buhok gamit ang aking daliri, "Kung gusto mo, ikaw na lang manuod."

"Wag na, kung katulad nga ng sabi mo na puro gawa gawa lang pala naman pinagsasasabi ng mga nasa tv bakit pa ako magaabalang manuod diba? Sayang lang kuryente, maraming nagugutom."

"Anong konek ng kuryente sa mga taong nagugutom?" =\_="

Naantala kaming dalwa ni Aila sa pag-uusap ng biglang tumunog yung cellphone ko, nakapatong lang rin ito sa may kama ko kaya naman nakuha ko kaagad at tinignan kung sino ang tumatawag.

*Manager Ree calling...*

"Sino yan?" pag-uusisa ni Aila.

"Si manager Ree..."

"O ano daw kelangan?"

Tinaasan ko sya ng kilay at sarcastic na sumagot sa abnormal nyang tanong, "Tingin mo nasagot ko na yung telepono? Aba anong malay ko kung anong kelangan, ito oh sasagutin pa lang."

"Sunget." binehlatan ko lang sya at sinagot na ang teleponong paulit ulit nagri-ring.

"Hello manager?"

"Hello Momo, may sasabihin ako sayo."

"Ano yun?"

"How should I start... Umm, ah ok... Momo, as you can see magulo ngayon ang condition ng SE. Kali kaliwa ang mga balita, chismis at kung anu ano pa sa kanila," ewan ko kung bakit ini-explain sakin ni manager ito pero nakinig lang ako, "Maraming naghahanap sa SE para malaman ang buong storya pero ayaw kong magkwento at ayaw kong makausap nila ang SE, sa labas ng condo ng SE maraming tao na nagaabang. Medyo nag-aalala ako para sa mga members ng banda kaya naman naisipan kong magbakasyon muna ang Syntax Error."

Bakasyon?

"Yeah, I have a private resort in Laguna and I'm thinking to bring SE there to hide them from the media and also to put them back together... I mean para daanin sa maayos na paguusap ang gulong ito at pagayus ayusin sila. Thing is, I would want you to come with us that is if you are available and your parents will allow you."

"Ah ganun po ba manager?" medyo napatigil ako saglit para mag-isip, isang bakasyon kung saan maguusap usap na din ang SE at para magkaayos sila? Ayaw kong palagpasin ito, gusto ko andun ako dahil may nararamdaman akong hindi maganda. "Manager, kasama po ba si Iris?"

"Since involve sya sa problem na ito, yeah I think I'll invite her too. Kelangang magkakarap harap at magkausap ang mga iyon, things wont be resolved kung hindi pakikinggan ang sides ng bawat isa at kung dadaanin lang palagi ni Sync sa pagkamainitin ng ulo nya ang problemang ito."

Kasama si Iris? Yan na nga, mas lalong hindi gumanda pakiramdam ko para sa bakasyong ito, "Kelan ba ito and for how long, manager?"

"Bukas na, dadaanan na lang kita sa bahay mo around 9am kung makakasama ka. I don't really know for how long basta maximum of 1week, depende pedeng 2 days, 3 days.. depende kung magkakaayos o hindi o kung anuman magiging condition ng SE."

"Ah ok, naiintindihan ko. Sige, expect me to come."

Matapos yung call ni manager, tinanong ako ni Aila kung ano daw napagusapan namin. Syempre kinuwento ko sa kanya at nanlaki mga mata nya, paano kasi um-oo ako kay manager, sinabi kong sasama ako eh Sunday pa lang ngayon meaning

bukas ay Monday at... may pasok kami. Sabi ko kay Aila, okay lang naman umabsent since lagi naman akong present sa school. Wala pa akong nagagawang absence for this school year at minsan hindi naman nakakasamang um-absent lalo na kung may valid reason naman talaga. Hindi naman ako absent para maglakwatsa, I'm trying to save a friendship and a band here so my reason is valid.

---

Monday, 'bakasyon' sa isang private resort ni Manager Ree sa Laguna.

"Here, we are girls." pagtatanggal ng sunglass ni manager as we put our bags on the floor after a long ride. Sa kotse ni manager, kami lang dalwa ni Aila ang nakasakay kasi yung ibang members they will go daw separately with their own cars. Ano ba yan, watak watak pati ba naman sa pagpunta dito? :(

Kasama ko nga pala si Aila, dumating yung parents ko kagabi saktong nagiimpake na ako ng mga gamit na dadalhin para sa "bakasyon" at nakita nila ako at tinanong. Hindi ako nagpaalam sa kanila kaya nung nakita nila ako, pinagalitan nila ako at ayaw payagan. Pinilit ko sila at sa bandang huli, napapayag ko sila pero sa isang kondisyon kelangan daw may kasama akong mapagkakatiwalaan nila. Pinapasama nila si kuya Memo sakin pero tinanggihan ni kuya kasi may mga gagawin pa daw sya pero buti na lang at sinuggest ni kuya Memo na si Aila ang ipasama sakin sa "bakasyon" na ito. Sumangayon na lang din sina mama at papa sa suhestiyon ni kuya.

Hindi na namin inantay dumating yung mga members, pinapasok na kami ni manager sa loob ng resort tapos dinala nya kami sa room na pagtutuluyan namin ni Aila. May dalwang kama dun, sakto saming dalwa ni Aila. Iniwan na muna kami dun sa kwarto ni manager para makapagayos kami ni Aila ng mga gamit namin pero as soon as makalabas si manager, para kaming tangang dalwa ni Aila na nagpapatalon talon sa kama kasi sobrang lambot at fluffy ng mattress ng kama. \*u\*

"Ahihihi. Ansarap matulog dito." natatawang kinikilig ako sa kalambutan ng kama. Para kaming bata nito ni Aila. =\_ =

"Wag kang tumalon baka masira ang kama, ano ba!" XD

"Bruha! Tumatalon ka din naman! Ahaha!" kinuha ko yung unan ko tapos hinagis ko sa kanya ng hindi binibitawan ito, para bang sinapak ko lang sya with the pillow.

"Aba! Gusto mong away ha?" kinuha nya rin yung unan nya at binato ako. Nagbabatuhan kami ng unan habang nagtatawanan, nakatayo pa rin kami sa may kama. Jusko, mga isip bata talaga.

"Kyaaa! Ito sa---" napatigil kami sa pillow fight namin ni Aila nang magbukas ang pinto at narinig naming magsalita si ate Corrine.

"Woah, what's the ruckus about. Haha!" sabay pa kaming lumingon ni Aila sa may pinto para makitang natatawa si ate Corrine at ang kasama nitong si Mirko. Nakita siguro nila yung kabaliwan namin ng bestfriend ko, tinago ko tuloy yung unan sa likod ko at napakamot sa ulo dahil sa hiya.

"He-he... Ate Corrine! Mirko! Buti nakarating na kayo. Ay, ipapakilala ko nga pala sa inyo ang bes----" paglingon ko kay Aila, napansin kong nakatakip ang parteng ilong at bibi nya at mukhang namumulang ewan sya, "Aila, ayos ka lang?"

Tumingin sya sakín at napansin kong parang nagpa-panic na ewan ang mga mata nya pero bago ko pa sya matanong kung anong nangyayari sa kanya bigla na lang syang bumaba sa kama, tumakbo sa may pinto na halos kamuntik ng maitulak si Mirko na nakaharang sa may pinto at lumabas na ng kwarto na nagmamadali.

"Oh anong nangyari dun?" nagaalalang nagtatakang tanong ni Mirko.

"Hala, ewan ko din. Mabuti pang sundan ko!" bumaba na ako ng kama para sundan sana si Aila kaso pinigilan ako ni Mirko.

"Ah, ako ng bahala. Dyan na lang kayo."

"Eh ano M---!" aangal pa lang sana ako kaso tumakbo na sya eh para sundan si Aila. Alangang makitakbo pa ako? Wag na huy, nakakapagod! Natatae lang siguro yun si Aila kaya nagmadaling tumakbo! Bwahaha.

So naiwan na lang kaming dalwa ni Ate Corrine sa kwarto, nagpaikot ikot si Ate Corrine sa kwarto namin, "Aww. Ang cute naman ng kwarto nyo. Haay, gusto ko rin sanang matulog sa kwarto nyo... ayaw ko sa room mate ko ee."

"Ha? Bakit? Sino ba room mate mo, ate?"

She rolls her eyes, "Sino pa ba? Edi yung impakta."

I roll my eyes too dahil sino ba naman ang hindi mapapaikot ang mata pag narinig mong mabanggit ang impaktang iyon? Sino pa ba ang impakta? Edi si Iris.

"Ang malas mo naman ate Corrine, hindi ka ba pedeng humingi kay manager Ree ng ibang room?"

"I tried pero tinatanong ako ni manager kung ano daw problema at kung bakit daw gusto ko magpalipat ng room, syempre

nagimbento ako ng lies... sabi ko hindi ako sanay matulog ng may kasama sa kwarto kaso yun nga lang, sabi ni manager wala na daw extra room. Yung natitira pa daw kasing extra room ay marumi at magulo kaya hindi pwedeng magamit kaya for the meantime, I'll have to endure sleeping in the same room with that eew."

"Haay there's nothing to do kundi tiis na lang at malaking pag-iingat ate Corrine, baka kasi bunutan ka ng isang strand ng buhok habang natutulog ka at kulamin ka ng Iris na iyon." sinubukan kong magbiro pero ang totoo medyo worried din ako na magkaroom mate sila ni Ate Corrine... hindi sa mangkukulam(or siguroo oo, dahil mukha naman syang may sanib XD) si Iris pero impakta ang pinaguusapan dito kaya who knows what plans she has in mind, baka mamaya kung anong gawin nya kay ate Corrine. Naku, konting konti na lang at pag hindi ako nakatiis, hihigitin ko sya sa may banyo at ilulublob ko mukha nya sa toilet bowl.

\*\*\*

#### - Aila's Voice -

Ewan ko, siguro dahil na rin sa mahabang byahe kanina from Manila to Laguna, pagtalon talon namin ni Momo at pati na rin sa pagkabigla ko ng makita ko sina Corrine at Mirko ng SE ay nakaramdam ako ng pagturn upside down ng tummy ko at kaya naman tumakbo na ako palabas sa may pinakamalapit na banyo para sumuka. Unfortunately hindi na ako umabot sa may banyo kaya sumuka na lang ako dun sa may basurahan sa isang sulok malapit sa swimming pool ng resort. Suka ako ng suka, I hate vomiting kasi ang sakit ng feeling na para bang hinihigit sikmura ko at feeling ko matatanggal mga internal organs ko at maisusuka ko. Tapos ansama pa ng lasa sa bibig pag nasuka kaya I really hate it.

"Oh, ayos ka lang ba?" bigla kong naramdam ang kamay na humahagod sa likod ko, gumaan ang pakiramdam ko kahit papaano habang sumusuka. Nakakatulong ang paghagod sa likod ko. Kahit hindi ko lingunin ito, alam kong si Mirko iyon dahil nakilala ko ang boses nya.

Nung makatapos na akong sumuka, sinubukan kong kapain ang bulsa ko para sa panyo pero hindi ko mahanap kaya nabigla ako nang bigla nyang inalok sakin ang panyo nya, "Eto oh, use it."

Medyo nahiya pa ako nung una at tinanggihan ko kasi ayoko naman ipampunas ang panyo nya sa bibig kong amoy suka nuh. Pero he insisted kaya napilitan akong gamitin iyon, lalabhan ko na lang at ibabalik ko sa kanya next time.

Tinanong nya ako kung ano daw nangyari sakin bakit bigla na lang daw akong nasuka, inasar pa nga ako baka daw buntis pa ako, sinapak ko nga! Buntis nya mukha nya! >\_<

Ayaw nya pang bumalik sa loob eh kaya niyaya nya akong maupo sa may swimming pool, binabad namin yung mga paa namin sa may pool habang naguusap. Buti na lang nakashorts lang kami parehas kaya walang problema kahit ilublob namin

mga paa namin basta tanggalin lang namin mga medyas at sapatos namin.

"Sei bella."

"E-eh?" mula sa pagkakayuko ko napatingin ako sa kanya, nage-alien language nanaman kasi sya hindi ko tuloy naintindihan.

"Sei bella."

"Ano? Magtagalog ka nga!"

"You're beautiful, yun ang sabi ko."

"Ahh yun nam--" napatigil ako tapos napabalik ulit ang tingin ko sa may pool, feeling ko namumula ako. Argh, bakit ba ang hilig nyang magbigay ng compliments? Hindi pa man din ako sanay na pinupuri ako!

"Ang ganda mo."

"O-oo na! Nasabi m-mo na ee, h-hindi na kelangan ulitin p-para kang sirang plaka," ewan ko ba, para akong tanga nagkakandabuhol buhol ang mga sinasabi ko, "Pero t-thank you."

Mula sa gilid ng mata ko, nakikita ko syang lumalapit sakín, ibig kong sabihin nilalapit nya yung mukha nya sa mukha kong nakatungo, dahil dun mas lalo akong napapayuko at pasimpleng nilalayo ko mukha ko. Ang awkward kasi eh, bakit nya nilalapit ang mukha nya sa mukha ko? Anong meron? >\_\_<

"M-may dumi ba ako sa mukha?" nakayuko ko pa ring tanong.

"Oo, meron."

"E-eh? Saan?" paglingon ko sa kanya nabigla na lang ako ng halikan nya ako sa labi! (O#O)

"Wala na, natanggal ko na." nakangiti nyang sabi pagkatapos nya akong halikan, tapos hinawakan nya ang ibabang labi ko gamit ang hinlalaking daliri nya. Nabigla ako sa ginawa nya and at the same time ay namumula ako kahit hindi ito ang first time na hinalkan nya ako, actually 3rd time na ito! Aba nakakarami na sya aa! >,<

"Be my girlfriend."

"H-ha?!" sobrang nabigla ako sa proposal nya. Be his girlfriend? WHAT?! Baliw ba sya? Anong chemical X ang nabatak nitong isang ito? Isang sikat na gitarista ng sikat na banda niyayaya akong maging girlfriend nya? Ano daw?! Wala namang masama kasi pogi sya? Mayaman sya? Pero yun nga lang ang bilis eh... ni hindi pa nga namin gaanong kilala ang isa't isa so paanong nangyaring gusto nya akong maging girlfriend?

"I know it sounds absurd na niyayaya kitang maging girlfriend kahit hindi pa natin gaanong kakilala ang isa't isa," para bang nabasa nya ang isipan ko at sinubukan nyang sagutin ang gumugulo sa aking isipan, "Pero naniniwala ka ba sa love at first

sight?"

Love at first what?! Ano yun, joke? Pero... wala namang masama kung maging girlfriend nya diba? I mean kahit wala akong feelings para sa kanya baka sakaling madevelop as time passes by? Sayang naman eh, sino bang baboy na sira ulong butiki ang palalampasin ang pagkakataong ito diba? Isipin mo na lang kung yung favorite band mo na matagal mo ng hinahangaan at matagal mo ng nakikita sa may screen ng tv o computer na hindi mo aakalaing isang araw, isa sa miyembro nito ay makikita mo harap harapan, makakatabi mo sa tabi ng pool, hahalikan ka at yayayain kang maging girlfriend? Isang fan niyayang maging girlfriend ng isang miyembro ng isa sa mga favorite band nya? THIS IS SOMETHING EVERY FAN OUT THERE COULD DREAM OF! Sa mga palabas lang nangyayari ang mga gantong storya! Wala ako sa palabas o sa tv at hindi naman ako nananaginip... palalampasin ko pa ba?

\*\*\*

**- Momo's Voice -**

"You bastard! How dare you touch her! I'm going to kill you! I swear!"

"Sync, stop it! Tama na!"

"Guys, awat na! Ano ba!"

Nagkakagulo ngayon sa loob ng resort house kasi nung dumating sina Sync at Iris, obviously they rode the same car--- kotse ni Sync, at nakita nila si Zeke who arrived an hour earlier than them ay agad agad na lang itong sinugod ni Sync at sinuntok. Nagpanuntukan sila buti na lang nakita agad namin at agad agad naming pinigilan sila at pinaglayo pero paulit ulit pa ring sumisigaw si Sync at kung anu anong sinasabi kay Zeke. Nabigla pa nga kami ng sabihin ni Sync na ginalaw daw ni Zeke si Iris? Na finorced daw ni Zeke makaipag-toot toot sa kanya si Iris? Nung narinig ko yun my jaw almost dropped! Talaga? I mean hindi sa naniniwala ako sa bintang ni Sync kay Zeke, ang kinabigla ko at hindi ko makayang paniwalaan ay... nagawang magimbento ni Iris ng ganong kwento? Up to that kind of lie nagawa nya?! Grabe! Sobra sobra na si Iris ha! Talagang intensyon nyang sirain ang SE in all means! Grabe!

"No, hindi ako magpapaawat, ipapakulong ko yang gagong yan!"

"Wala akong alam sa sinasabi mo Sync!"

"S-sync, calm down.." narinig kong mahinang sabi ni Iris kay Sync habang nakahawak sya sa laylayan ng shirt ni Sync. So ano ngayon, nagiinarte at nagdadrama sya kunong mabait at ayaw kunong magkagulo kahit sa loob loob nya ngiting ngiti sya at nangyayari ang gulong ito? Naku, masabunatan ko lang talaga ito at mabalatan ng buhay, masaya na ako!



"SYNC MNEMOSYNE!" tumahimik ang lahat ng sumigaw na si manager Ree at the top of her lungs tapos nilapitan nya si Sync at hinawakan ito sa kamay para dalhin palayo samin, ewan ko kung saan pero bago sila umalis narinig kong mahinang sabi ni manager kay Sync, "Diba napagusapan na nating mag-calm down ka muna? Halika nga at huminga hinga ka muna!"

At nung kinagabihan saka ko lang naintindihan yung mga sinabi ni manager Ree kay Sync bago nya higitin ito palayo samin kanina. Ibig palang sabihin nito ay napagusapan nila ni manager Ree na wag munang awayin si Zeke at dahil lahat ng problema daw na nangyayari ay paguusapan namin ng sama sama which means may parang "meeting" or "open forum" or ewan ko kung anong tawag dun na magaganap mamayang 10pm. And up to that point, hindi na muna lumabas sina Sync at Zeke sa mga designated rooms nila to avoid undesired fights. Sinerve na nga lang sa rooms nila yung dinner nila ee. Each guys have their own room for them dahil hindi naman kasi pedeng magstay sa iisang room sina Zeke at Sync... si Mirko naman, wala syang kinakampihan sa dalwa, he's on both side dahil parehas nyang kaibigan yung dalwa tho medyo ipit nga lang sya for being the only guy member not involved.

At ito na nga ang pinakaaantay na 10pm, ang ewan ko kung anong tawag sa tipo ng meeting o paguusap ito pero tatawagin ko na lang syang "open forum". Lahat kami pumunta dun sa may likod ng resort house kung saan free space sya na may isang maliit na bonfire at sa paligid ng bonfire na ito ay may mga small trunks of trees na pede naming upuan.

Isa isa kaming nagsidatingan, pero syempre sabay kami nina Aila at Ate Corrine na dumating doon, pare parehas kaming nakashorts at may suot na manipis na jacket just to make sure na hindi kami lalamigin maya maya pag lumalim na ang gabi. Andun na rin kaagad si manager Ree, sya nga ata ang nagsindi nung bonfire eh, nakaupo na sya dun sa may center part kaya naman umupo na rin kaming tatlo malapit kay manager. Magkakatabi kami, sa kaliwa ni manager Ree ay nakaupo si Ate Corrine tapos sa tabi ni Ate Corrine ay ako at katabi ko naman sa kaliwa ko si Aila. Maya maya, dumating na rin si Mirko at nag-hi saming apat na nandun na tapos umupo sya sa tabi ni Aila which is already the opposite of manager Ree's position tapos inulit ni Mirko ang pag-"hi" nya sa bestfriend ko, nag-hello naman si Aila bilang sagot pero nakatungo ito at hindi tinitignan si Mirko na para bang nahihiyang ewan sya? Anong meron? Weird. Ohwell.

Di rin nagtagal ay dumating na si Zeke at napansin nyang ang free space na lang ay sa kanan ni manager pero napansin nya rin na sina Sync at Iris na lang ang kulang which means if he seats there he'll be left with no option to have them as seatmates and he can't afford to seat beside them right now lalo na at may galit sa kanya si Sync kaya naman he asked us the favor to adjust, bale umupo sya sa kaliwa ni manager which is sa position ni Ate Corrine na lumipat ng upuan at dahil dun nag-adjust na lang kami ng seats. Di rin nagtagal dumating na sina Sync at Iris at yun nga, sila na yung umupo sa natitira pang upuan, si Sync sa may kanan ni manager--- sa tapat ni Zeke at yung octopus pinatay ko na este nakaupo sa tabi ni Sync sa may tapat ni ate Corrine.

Nung makumpleto na ang circle, tahimik lang kaming lahat at walang umiimik... lahat mga nakatingin lang sa apoy ng bonfire, nagpapakiramdaman ata... ah ewan. Intense masyado parang may mangyayaring hindi magandang ewan pero mas lalo akong nakaramdam ng tension nang sa wakas nagsalita na si manager Ree,

*"Ok, who will start?"*

## **Voice 24: Finally**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

**- Momo's Voice -**

"Who will start?"

Napatingin ako sa direksyon ni Sync nang itaas nya ang daliri nya, "Ako."

"Just a reminder to everyone, no matter what circumstances there would be in this talk everyone must keep calm. We'll only use our mouths to talk and nothing else, am I clear?" sinasabi samin ni manager iyon but obviously mas intended kay Sync ang words nya, para bang pinaparating ni manager kay Sync na "no use of violence tonight".

"Go ahead Sync."

"Did you touch her?" straight to the point kaagad si Sync, diretsong diretso ang tingin nya kay Zeke na katapat lang nya.

"Yes," lahat kami nabigla sa sagot ni Zeke, si Sync nanggala ito naman na halos nagpipigil sugudin si Zeke, "But it's not the way you think, Sync. We did it but I did not force her, I never did." this time tinignan naman ni Zeke si Iris straight in the eyes.

"That's not true! You threatened me a lot of times, sabi mo pag hindi ko ginawa ang gusto mo may gagawin kang masama kay Sync!"

"What the heck are you saying Iris? Wala akong natatandaang ginawa o sinabing ganun sayo!"

"So anong pinapalabas mo Zeke, na nagiimbento lang si Iris?" ganun na nga Sync! Nagiimbento lang si Iris ng kwento, bakit ba hindi mo maintindihan yun? :(

"Believe me pare," frustrated na itsura ni Zeke, "I never did such thing, actually to tell you the truth your girlfriend was the one who seduced me."

"What the heck are you talking about---!" aangal pa lang si Iris pero pinigil sya ni manager Ree.

"Patapusin nyo munang magsalita si Zeke."

Pinagpatuloy ni Zeke ang sinasabi nya, "Ang sabi mo sakin Iris na ako ang gusto mo at hindi si Sync. I rejected your confession pero you insisted yourself to me to the point of seducing me. Now, what the heck are you trying to tell everyone? Why are you lying and moreover why are you telling things the other way around?!"

Naniniwala ako sa sinabi ni Zeke, yun pala ang pinlano ni Iris; sineduce nya pala si Zeke. Now, I get it.

"You're the one inventing things! I don't believe you!" katulad ng inaasahan, paniniwalaan pa rin ni Sync ang gusto nyang paniwalaan. Napaka-hard headed!

"Naniniwala ako kay Zeke," nabigla kaming lahat at pare parehas napatingin sa direksyon ni Mirko nang magsalita ito, "Hindi sa kumakampi ako sa kanya, I'm on both sides here pero after hearing what Zeke just said hindi ko maiwasang maniwala sa lahat ng sinabi nya."

"Mirko! What the?!" parang naaasar si Sync sa pagkampi ni Mirko kay Zeke.

"Alam kong walang interes si Zeke kay Iris, so I think it's possible na nagsasabi ng totoo si Zeke na sineduce nga sya ni Iris," yumuko si Mirko at tumawa ng mahina, "How could he be interested with your girlfriend if he's secretly inlove with Corrine ever since?"

Dahil katabi ko si Ate Corrine, I heard her gasped after what Mirko said tapos lumingon si Ate Corrine sa katabi nya sa kaliwa which happens to be Zeke na nakayuko lang dun habang nasa may forehead nya ang mga palad nya.

Wala ng umimik pagkatapos nun, everyone went silent afterwards. Yung mga "krik krik krik" ng mga insekto sa gabi na lang at ang pagaspas ng hangin sa mga puno ang maririnig sa paligid. Ang awkward, sobrang awkward. Para bang may namatay na kandila. Ah, ewan.

Hindi ko rin naman natagalan ang katahimikang meron kaya naman napagdesisyunan ko ring magsalita matapos ang ilang minuto.

"Iris, pedeng magtanong?" pinatong ko ang siko ng braso ko sa may binti ko at nagleam forward para humalumbaba habang tinitignan ko si Iris across the fire, "Mahal mo ba si Sync?"

"O-oo naman!" bukod sa inabot pa sya ng ilang segundo para sumagot ay nabulol pa sya, "What kind of question is that!"

"Eh kung mahal mo sya bakit sinisira mo ang Syntax Error?" hindi ako convinced sa sagot nya, and I'll never be.

"H-ha? A--"

Hindi ko sya pinatapos sa pagsasalita at nagbigay ulit ng isa pang tanong, "Sino ka ba talaga?"

"What are y---"

"Ano ba talaga ang pakay mo ha?!"

"Hey a---"

"May kasabwat ka ba o nagiisa ka lang?"

"B---"

"Bakit mo ginagawa ito?"

"Anong kelangan mo?"

"May galit ka ba sa grupong ito?"

Sunod sunod ang tanong ko sa kanya, hindi ko sya binibigyan ng tsansang magsalita. Feeling ko sasabog na ako sa inis, gusto ko ibato lahat sa kanya ang mga tanong sa isipan ko noon pa man ng malaman ko ang tunay na pakay nya.

"Will you st---"

"Bakit kelangan mong sirain ang banndang ito?! Ano bang kelangan mo ha?!"

"WILL YOU STOP IT!" sumigaw sya at dun lang ako natapos sa sunod sunod kong tanong sa kanya. Nagsimula nanaman sya sa drama nya at umiyak, nagpapaawa na naman malamang ang isang ito, "Why are you accusing me of such things?! Lagi mo na lang akong pinagbibintangan." :(

"Hindi kita pinagbibintangan, tinatanong lang kita ng mga bagay na gusto kong magkaroon ng kasagutan. Don't deny it Iris, I heard you not once but twice, you're pulling Syntax Error into your traps."

"Stop it please Momo, wala akong natatandaang ginawang masama sayo para gantuhin mo ako. Why are you being so mean to me?" hindi ako makapaniwala, crocodile tears! Talaga naman oh oh! Nagawa nya pang yumakap kay Sync at magpaawa, best actress talaga! The nerve!

"Stay out of this, Momo! You're just a fan and you've got nothing to do with this band! Absolutely nothing! Your presence in this group is insignificant, no one is asking for your opinion! So stay out of the line!" ayan nanaman sya, umaaktong knight in shining armor ng prinsesa nyang nakabalat gayo lamang na ang totoo ay isa palang witch. Ilang beses mo ba akong kelangang sigawan ng masasakit na salita, Sync? Ilang beses mo ba akong pagkakamalang kontrabida? Minsan hindi ko na maisip kung dapat pa ba kitang intindihin sa kabila ng pagbubulag bulagan at pagbibingi bingihan mo dahil dyan sa Iris na yan. You're losing your senses over that girl.

"It's not a question of being a fan or a part of this band, Sync. This is a question of human instict, sabihin mo nga sakín Sync, if you're in my position and you heard and knew something that will bring harm to someone special to you and that special person doesnt have the slightest idea what danger is in store for him, will you not voice out to that person what you know to save him/her? Will you just shut up and stay out of the line? Will you remain voiceless?!"

"She's right, Sync." nagsecond the motion sakín si Ate Corrine, "I think Momo's right, you can't trust Iris."

"Even you, Corrine?! What the fck?! So nagkampi-kampihan na kayo? You are all against me at sinusuportahan nyo yang traydor na Zeke na yan?! Ewan ko kung anong pinakain nya sa inyo at kumakampi kayo sa kanyo pero whatever you guys say, I would never believe and forgive him!" biglang tumayo si Sync, hawak hawak ang kamay ni Iris na tumayo na din, "You

won't get away with this, Zeke."

Naglakad na sila palayo out of the circle para pumasok na sa resort house pero bago sila tuluyang makaalis, tinawag ko si Sync for the last time, "Sync, you're listening to the wrong voice!"

Minsan mas mabuti pa ang taong bingi kesa sa taong nakakarinig nga kaso nagbi-bingi bingihan naman at pinapakinggan lang ang gustong pakinggan.

\*\*\*

Wala ring nangyari sa "open forum", almost everyone thought everything will be alright after this talk but nothing happened.

"I guess that's it." tumayo na si manager looking down and disappointed, "Sige guys, matulog na rin kayo. Goodnight."

"Goodnight manager," matamlay naming pagpapaalam kay manager as she enters the resort house.

Hindi rin nagtagal tumayo na rin si Zeke at pumasok sa resort house pero sinundan sya ni Ate Corrine. Bale ako, si Aila at si Mirko na lang ang natitira sa may bonfire.

"Che tristezza," out of the blue Mirko mumbled unintelligible words, "Chi avrà immaginato che succederà una cosa del genere."

(Trans: Ang lungkot, sino ba naman magaalang mangyayari ang isang bagay na tulad nito.)

"Momo," nabigla ako ng tawagin ni Mirko ang pangalan ko, "ikwento mo nga sakín yung sinasabi mo kanina... yung tungkol kay Iris... *dimmelo per favore*." (sabihin mo sakín, please.)

\*\*\*

- Corrine's Voice -

*"How could he be interested with your girlfriend if he's secretly inlove with Corrine eversince?"*

Kinilig na sana ako, nagpatalon talon na sana ako at nagsisigaw sa sobrang tawa. Yung feeling na nanalo ako sa lotto kaso hinoldap ako pagkatapos, yun yung naramdaman ko ng mga oras na iyon. Natuwa akong marinig iyon pero hindi ko magawang magsaya kasi nakarinig ako ng magandang balita sa maling oras, sa maling pagkakataon at maling sitwasyon.

"I guess that's it." tumayo na si manager looking down and disappointed, "Sige guys, matulog na rin kayo. Goodnight."

Hindi nagwork out ang paguusap na ito, akala ko talaga magkakaroon ng chance magkalinawagan ang banda at magkaayos pero Sync's very hard headed, once may pinaniwalaan na sya patuloy at patuloy pa rin syang maniniwala sa taong iyon kahit gaano pa karaming nagsasabing hindi nya dapat paniwalaan ang taong iyon. Hindi ko rin alam kung sisihin ko ba si Sync sa katwiran nya, kasi naman alam ko kung gaano nya kamahal si Iris... noon pa mang mga studyante kami may lihim na pagtingin na sya kay Iris pero noon natotorpe sya dito kaya kahit kelan hindi sya nagkaroon ng tsansang magtapat dito. Ngayon na nga lang, nung nagkaroon ng reunion at nakita nyang muli si Iris at naramdaman nyang may pagtingin pa rin sya dito ay naisipan nya na rin sa wakas magtapat pero hindi ko ma-gets kung bakit nagkakagulo ang lahat.... hindi ko magets kung ano ang gusto ni Iris, kung ano ba talaga ang nasa isip nya at kung sino ba talaga sya.

Napansin kong tumayo na si Zeke, walang imik imik na pumasok na sya pabalik ng resort house hindi na ako naghesitate na sundan sya. Sinusundan ko lang sya ng tahimik, hindi ko alam kung napapansin nya ako na nakasunod sa likod nya o hindi pero hindi nya ako nililingon o iniimikan, dire diretso lang syang naglalakad sa hindi ko alam kung saan nya pakay pumunta. Sa kakalakad namin nakarating kami sa may mini bar ng resort house, walang tao dun kaya patay ang ilaw, binuksan lang ni Zeke ang ilaw mula sa switch sa may gilid malapit sa pinto ng mini bar.

Nagtungo si Zeke sa may cellar at kumuha ng alak, ewan ko kung anong alak iyon hindi ko masyadong nabasa ang pangalan, pagkatapos nyang makakuha ng alak pati na rin baso naupo na sya sa may stool at sinimulan ng lagyan ng inumin ang basong maliit.

Tumabi ako sa kanya ng walang imik, this time sigurado akong aware na sya sa presence ko pero hindi nya pa rin ako iniimikan. I want to say something pero ewan ko kung bakit pero feeling ko kasi once na buksan ko bibig ko walang boses na lalabas, hindi ko rin kasi alam kung anong sasabihin o kung saan magsisimula...

Ganun lang kami the whole time, nakaupo lang ako at nakayuko habang sya ay nasa tabi ko at patuloy na umiinom ng alak. Walang umiimik, kung anu ano tuloy pumapasok sa isip ko.

Siguro halos bente minuto na rin kaming ganun lang at maya maya nagsalita rin si Zeke pero nabigla ako at napalingon ako sa kanya ng marinig ko sa boses nya na umiiyak sya, "I'm so pathetic."

Umayos ako ng upo in a way na nakaharap ako sa kanyang gilid. Yung isa nyang kamay ay nakahawak sa basong may kaunting laman ng alak at ang isa pa nyang kamay ay nasa may noo nya, umiiyak sya.

"This is all my fault." Ilalapit at ipapatong ko sana ang kamay ko sa balikat nya to comfort him pero ewan ko ba, bigla akong naghesisitate at binaba ko na lang ang kamay ko, "Lahat naman nagkakamali eh atsaka isa pa, diba sabi mo si Iris naman ang nagpumilit sayo?"

Bago sya sumagot, nag-shot ulit sya ng kanyang inumin at pagkatapos ay nilagyan ulit ito ng panibago, "Kahit ano pa man, nagpatukso pa rin ako. May karapatang magalit si Sync sakin pero ang hindi ko maintindihan, bakit iba ang mga sinasabi ni Iris? Hindi ko sya nage-gets. Nakakainis talaga, napakawala kong kwentang kaibigan, wala akong kwentang tao."

"Zeke, tama na."

Napalingon sya sakin at naguluhan sa sinabi ko.

"Wag mo sisihin ang sarili mo, lagi mo na lang ibinibigay lahat ng sisi sa sarili mo. Tama na Zeke, may kasalanan ka sa mga nangyayari pero hindi naman tamang angkinin mo lahat ng pagkakamali at pahirapan ng ganyan ang sarili mo."

"T-teka Corrine, bakit umiiyak ka rin?"

Pinunasan ko ang luha kong tumulo sa pisngi ko, hindi ko namalayang umiiyak na pala ako, "Sa tuwing nakikita kitang nahihirapan, nahihirapan din ako. Kaya tama na Zeke. Kahit ngayon lang, kahit ngayon lang wag mo sanang sisihin ang sarili mo."



Para siguro akong tanga sa harap nya, bigla bigla na lang umiiyak, naiinis nga ako eh dire diretso yung mga luha ko na kahit dalwang kamay na ang pinampupunas ko sa mukha ko ay hindi ko pa rin sila mapigilan sa pagtulo.

"Agaw eksena ka naman eh," nabigla ako nang tanggalin nya ang mga kamay ko sa mukha ko at pumalit ang mga palad nya habang pinupunasan ng hinlalaki nya ang basa kong pisngi, "Ako yung umiiyak eh tapos aagawan mo ako ng eksena. Hehe. Pero salamat Corrine, salamat kasi sa kabila ng mga nangyayari andyan ka pa rin sa tabi ko."

Ngumiti ako sa kabila ng mga luha, "Oo naman, lagi lang akong nasa tabi mo. Hindi ko magagawang iwan ang kaisa-isahang tao na nagawang magpasaya muli sakín pagkamatay ni chuchu. Tanda mo dati hindi mo ako iniwan kahit dahil sakín iniwan ka na ng mga kabarkada mo? Eto ako ngayon, sinusuklian lahat ng kabaitang pinakita mo sakín noon. Hinding hindi ako aalis sa tabi mo Zeke kahit ikaw na mismo ang magtaboy sakín, nakasuperglue na kayo ako sayo."

Yumuko si Zeke at pinatong ang noo nya sa noo ko, nakapikit ang mga mata nya at amoy ko ang hininga nyang amoy alak, "Naaasar ako, si Mirko pa ang unang nagsabi kesa ako mismo."

"Hindi sa gantong sitwasyon ko gustong sabihin ang mga salitang iyon pero ayoko ng patagalin pa, ayokong dumating yung araw na hindi ko nasabi sayo ang mga salitang ito kaya hangga't maaga pa sasabihin ko na sayo..."

Bigla nya minulat ang mga mata nya at nagsalubong ang tingin namin, ang lakas ng tibok ng puso ko at mas lumakas pa ito nang banggitin nya ang mga salitang iyon, "Corrine, mahal na mahal kita..."

Nakagat ko ang labi ko, gusto kong umiyak ulit, gusto kong umiyak sa saya sa pagkakataong ito. Alam ko na kanina pa dahil binanggit na nga ni Mirko pero kakaiba talaga pag nanggaling mismo sa bibig ni Zeke. Selfish ba ako kung magsasaya ako sa kabila ng kaguluhang nagaganap sa banda? Hindi ko talaga mapagilan ang sarili ko eh, ang sarap sa pakiramdam na malamang mahal ka rin ng taong mahal mo.

"Mahal din kita, Zeke."

"Alam ko, bilang kaibigan." tumawa ng mapait si Zeke, "Lagi mo namang sinasabing mahal mo akong bilang kaibigan pero gusto ko ipaintindi sayo Corrine na yung pagmamahal ko sayo hindi lang bilang isang kaibigan kundi higit pa sa dun. Pero okay lang, wag kang magalala nagtapat lang ako pero you can just ignore and forget it. Ayokong pati yung friendship natin masira, you're the only one I have left."

Hindi na ako nakatiis at nilapitan ko ang mga labi nya at hinalkan ito, *"I don't kiss my friends on the lips, Zeke. I don't."*

\*\*\*

**- Momo's Voice -**

The next day.

Parang walang kwenta itong bakasyon na ito na meant to bring the group back together. Paano kasi yung mga group members ay lumabas ng kanya kanya, pati na rin si Aila lumabas tho kasama nya si Mirko.

Kagabi, bago kami matulog na dalwa katulad ng nakagawian ay nagkwentuhan kami. Naikwento nya sakin na in-asked daw sya ni Mirko na maging girlfriend nito! Wow, wow, wow! Nasurprised talaga ako kasi hindi ko inaasahang may nangyari na pala sa bestfriend ko at kay Mirko? Woah. Pero sabi ko kay Aila, bahala sya sa desisyun nya kung tatanggapin nya ba o hindi yung proposal ni Mirko. Hindi naman ako against kay Mirko kasi sa tingin ko matino naman ito at pedeng ipagkatiwala sa kanya ang bestfriend ko. At oo nga rin pala, samin nakitulog si Ate Corrine dahil ayaw nyang kasama sa kwarto si Iris nuh! Sino ba may gustong makasama sa kwarto iyon! Eew, germs. Pinagdugtong na lang namin yung dalwang kama sa kwarto namin para kasya kaming tatlo tapos nakwento rin samin ni Ate Corrine na nagkaaminan na sila ni Zeke, syempre kilig to the max kaming tatlo. Si Aila nga tuwang tuwa kasi hindi nya aakalaing yung idol na idol nyang girl drummer ay katabi nya sa pagtulog! Remember, adik kay Corrine yang si Aila? Si Corrine ang bias ni Aila sa Syntax Error ee. :P

Ayun nga, sina Aila at Mirko lumabas magkasama. Sina Ate Corrine at Zeke din may sariling lakad, edi obviously magkasama ring lumabas sina Sync at Iris. O sige na sila na may mga kasama at lovelife! Ako ng loner dito!

Gusto ko rin sana lumabas kaso nga diba wala akong kasama, si manager naman may sarili ring lakad. Ito ako ngayon nasa may gilid ng pool, nagbibilang ng tubig kahit uncountable. Napakaloner ko naman, mag-isa lang ako dito. Ajuju. Makapunta na nga lang sa malapit na gubat baka makakita ng seven dwarves. -\_-

Haaay, lalong nakakadepress pag mag-isa lang. Nalulungkot ako kasi naman eh nagkakagulo na ang favorite band ko. Feeling ko nangyari lang ang mga kaguluhang ito sa kanila simula ng dumating ako sa grupo nila, hindi kaya ako nagdala ng malas? Baka may balat ako sa pwet? Pero the last time I checked, wala naman eh. (YmY)

Si Iris naman kasi talaga ang puno't dulo ng lahat ng kaguluhang ito eh. Nakakaasar lang talaga si Sync kasi napaka hard headed nya. Pero ayoko namang magalit sa kanya, sa tuwing naaalala ko kasi yung hula sakin dati ng matanda ay kinakabahan ako.

*"Ikaw ang dahilan ng pagkasira ng grupong iyon."*

*"Wag kang gagawa ng desisyon pag galit ka. Wag kang magpapadala sa galit, tandaan mo iyan hija para hindi mangyari ang unang hula. Ang sabi pa sa baraha, ang matinding galit ay bunga ng matinding pagmamahal na binigo at niloko. Hija, walang maidudulot na maganda ang galit, wag na wag mong kakalimutan iyon."*

Simula noon hindi na naalis sa isipan ko ang hula na iyan. Haaay. Hinding hindi ako magagalit kay Sync, hindi. Kahit gaano pa karaming masasakit na salita ang ibato nya sakin, kahit ilang beses nya pa akong sigawan. lintindihi ko lang sya parati. >,<

\*\*\*

Nung bandang gabi, sa wakas naman at nagsibalikan na sila! Kamuntik ng matigang ang kaluluwa ko dito sa kaantay sa kanila! -\_-

"HELP!" nabigla kaming lahat nang patakpong pumasok si Iris sa resort, madungis ang itsura nya, gulo gulo ang buhok at may mga galos sa binti.

"Iris! What happened? Wait, where's Sync? I thought he was with you." nilapitan agad sya ni manager Ree na may pagaalala.

"S-si s-si Sync," hinihingal pa si Iris. Teka ano ba nangyari? "IKAW!"

Hindi na naituloy ni Iris yung sasabihin nya nang makita nya si Zeke, nilapitan nya ito at hinawakan sa kwelyo ng damit, "Ikaw! Saan mo dinala si Sync?! Anong ginawa mo sa kanya?!"

Hinila ni manager si Iris palayo kay Zeke, umiiyak na si Iris at nanginginig, wala akong maintindihan sa nangyayari, "Teka Iris, ano ba nangyari? Will you explain to us? Saka anong ginawa ni Zeke?"

"Tinext kagabi ni Zeke si Sync, sabi nya makipagkita daw kami sa kanya ngayong hapon sana sa may bakanteng lote malapit sa resort kung saan walang makakakita samin. Gusto daw kasi sana makipagusap ni Zeke samin in private, yung kung saan walang makakakita o makakarinig samin. Pumayag naman kami ni Sync kaya nagpunta kami pero imbis na

matagpuan namin sya dun, tatlong hindi kilalang lalaki ang bumulaga samin sa lugar na pinagusapan. Sinubukan nila kaming saktan pero nakatakas kami ni Sync, tumakbo kami para makalayo sa kanila kaso nagkahiwalay kami ni Sync nung tumatakbo kami at ngayon hindi ko na alam kung asan sya o ano ng nangyari sa kanya."

"T-teka, wala akong alam sa sinasabi mo Iris!"

"Sinungaling ka, asan si Sync?! Anong ginawa mo sa kanya?!!!"

Naguguluhan ako, sa ngayon litong lito ako kung nagsasabi ba talaga ng katotohanan si Iris o na-acting nanaman sya dahil kung acting lang ito masasabi kong ang galing nya kasi mukha talagang totoo ang mga sinasabi nya. Wala sa itsura nya ang nagiimbento ng kwento.

Hinarap ni manager si Iris, "Mamamaya na natin pagusapan yan, tara na munang hanapin si Sync . Iris sabihin mo samin kung saan yung bakanteng lote na sinasabi mo at saan kayo tumakbo para makatakas."

Nagsasabi kaya ng katotohanan si Iris this time? Hindi ko alam kung maniniwala ba ako o ano pero isa lang ang alam ko ngayon... nasa panganib si Sync kelangang mahanap ko sya.

## **Voice 25: Pangarap lang kita**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

Nawawala si Sync. Find the missing Sync, DORA MODE! >(^\*)/\*

Nagdiretso na sila kasama si manager Ree sa may bakanteng lote na sinasabi ni Iris tapos si Iris naman naiwan dito sa resort para magamot sya ng mga servants dito sa resort, nagpapahinga din sya sa kwarto nya. Ako naman hindi na muna ako sumama kina manager Ree, sabi ko kay manager Ree mauna na sila at tatawag na muna ako sa mga pulis para magpatulong mahanap si Sync pero aside that, sinadya ko talagang magpaiwan... lahat sila umalis para hanapin si Sync, ako at si Iris na lang ang naiwan dito sa resort. I want to confront her, tatanungin ko sya kung nagsasabi ba talaga siya ng totoo o acting nanaman.

Syempre, ginawa ko muna ang dapat kong gawin, tumawag muna ako sa pulis para hanapin nila si Sync. Sinabi ko sa kanila yung details etc etc. Pagkatapos nun, nagdiretso ako sa kwarto ni Iris, kakatok ba ako? Kahit wala akong galang sa babaeng yan, I still need to keep my manners intact.

Kakatok pa lang sana ako kaso narinig kong tumawa si Iris... oh diba mag-isa lang sya sa kwarto nya? Bakit biglang tumatawa yun? Nababaliw na ba 'tong isang ito? Naku, hindi lang pala masamang tao itong babaeng ito, may sira pa pala sa utak! Hindi naman kaya takas sa mental sya kaya ganyan sya? Ohno. (OmO)

Napaatras tuloy ako ng konti sa takot kasi napagisip isip kong may baliw sa loob ng kwarto sa harapan ko pero maya maya lang narinig kong nagsalita sya...

Hindi ko maintindihan yung mga sinasabi nya kasi mahina, hindi ko marinig kaya naman napagdesisyunan kong ilapit ng dahan dahan ang tenga ko sa may pinto. Sinubukan kong pakinggan ang mga sinasabi nya.

"Haha, syempre naniwala sila sa kinuhang magaling kaya akong umacting," parang may kausap sya? Siguro sa telepono kasi mag-isa lang naman sya sa kwarto eh, "Oo naman, dinagdagan ko pa nga ng props eh. Kunwari hinabol talaga ako, ginulo gulo ko pa ang buhok ko at dinungisan ko pa sarili ko and take note, I even had to scrape my knees para mas effective! You better pay big for that! Sayang ang beautiful knees ko, ang kinis kinis nagasgasan tuloy! Hmph!"

AHHHHH. SABI KO NA EH, SABI KO NAAAAA! Kamuntik nya na akong mapaniwala, SABI KO NA ACTING NANAMAN YUNG KANINA! Sinungaling ka talaga kahit kelan, Iris! Arghhh.

Pero syempre pinigilan ko ang bugso ng damdamin ko, ayaw kong magsisigaw agad nuh baka mahuli nya akong nakikinig. Kelangang tumahimik muna ako at kelangang mapakinggan ko lahat ng sinasabi nya baka sakaling sa paraang ito malaman ko kung nasaan si Sync o kaya kung sinuman yung kasabwat nya.

"Yeah, yeah their currently searching for him." nagpause sya baka siguro may sinasabi yung nasa kabilang line, "Dont worry, hindi nila ako mabubuking kahit mahanap pa nila si Sync. Nakuha ko yung cellphone ni Zeke kagabi sa kwarto nya habang wala sya dun at ginamit ko ito para matext si Sync na papuntahin dun sa bakanteng lote. Magtanong man sila, may pruwera naman akong si Zeke talaga yung nagtext kasi number nya ang andun eh."

Tapos tumawa ulit sya, "Syempre, ako pa. Magaling ako nuh, pinagdududahan na ako ng ibang band members eh kaya naisip ko na gawin na itong huling plano ko. I'd be glad kung dedo na si Sync pero kung nakaligtas man sya dun sa tatlong inutusan ko at mahanap man sya ng mga kabanda nya, in the end magkakasisihan pa rin sila at tuluyan na talagang masisira ang nakakadiring bandang Syntax Error. Tamang tama sa pangalan ng banda nila, isa silang malaking ERROR."

Naikuyom ko yung palad ko habang nakikinig pa rin ako ng tahimik sa may pinto ng kwarto nya, pag may nangyaring masama kay Sync, patay ka sa kinuhang Iris! Tatanggalin ko ang iris ng mata mo, correction eyeballs mo na pala tatanggalin ko!

"Well yeah, dapat lang talagang bumagsak ang Syntax Error nuh," wait, tama ba ang naririnig ko? Footsteps ba yun? Teka, naglalakad ba sya? Pero saan? Bakit palapit ng palapit yung tunog ng footsteps sakin? Sa pinto ba sya papunta? Don't tell me lalabas sya ng kwarto? "Oh right, palabas na ako so magmeet na lang tayo la--- WHAT THE FCK?!"

Uh oh, sa pinto nga sya papunta at... pagbukas nya nito, nahuli nya akong nakikinig.

"I thought you were with them!" biglang bigla si Iris nang makita ako tapos kinausap nya ulit yung nasa telepono, "Talk to you later, may aasikasuhin lang akong kuto."

Pagkasabi nya nun, ini-end nya na yung call at nilagay sa bulsa ang cellphone nya.

"Kuto? Ako? Baka ikaw! Narinig ko lahat ng sinabi mo!"

"And so? Matagal mo nanamang alam diba? So what kung narinig mo pa yung mga kasasabi ko lang sa telepono? Would that change anything? Bakit, isusumbong mo ako? Oh my gosh, I'm so scared," sinabi nya yun sa tonong mapang-asar, "Oh, nakalimutan ko... ilang beses mo na bang i-attempt na isumbong ako? Nag-work ba? Pinaniwalaan ka ba ng pinakamamahal mong si Sync? Haha, loser, get out of my way."

Itutulak nya pa lang sana ako dahil nakaharang ako sa daan nya pero inunahan ko syang itulak kaya napaatras sya at nabigla, "What the--! Are you looking for a fight huh?!"

"Fight? Hindi! Gyera ang hanap ko hindi fight!" tinaas taas ko ang sleeves ng t-shirt ko at kinlose ko ang fists ko at nakaboxing position na, "Ano ha? Laban? Handa akong bangasan mukha mo!" >\_<

"Tch! Immature brat!" naglakad sya sa gilid ko at nilampasan ako.

Aba! Immature? Ako? Speak for herself!

Hindi ko sya pinatakas at hinakawan ko sya sa braso nya para pigilan syang makaalis na agad naman nyang tinanggal, "Don't touch me!"

"Ang gana mong umarte, akala mo gusto kitang hawakan? Eew, mamaya maghuhugas ako ng kamay, magkasakit pa ako sa germs mo! Hoy asan si Sync? Anong ginawa mo sa kanya?"

"I.WONT.TELL.YOU." she mouthed sarcastically.

"Ah ganun?" sa inis ko, dinambahan ko sya dahilan para mapahiga sya sa may sahi.

"Get off me! Ahhh!!" nagsisisigaw sya habang nasa ibabaw nya ako at nagsasabunutan kami.

"Sabihin mo sakin kung asan si Sync! Walangya kang bruha ka!"

"Get the fck off!!!" nagpapagulong gulong na kami dun habang nagaaway kami. Kalmutan, sampalan, sapakan, sabunutan at kung anu ano pa... ansakit sakit na ng katawan ko sa cat fight na ito pero hindi pa rin ako sumusuko hangga't hindi nya sinasabi sakin kung asan si Sync.

"Bubuhusan kita ng muriatic acid pag hindi mo sinabi sakin!"

"Heh! Stop being stupid, you don't even have a muriatic acid with you!"

"Bibili ako bukas! Ano ha? Sige, hindi mo sasabihin sakin? Seryoso ako!!!"

Pero syempre hindi ako seryoso, hindi pa ako nababaliw para mang-murder ng tao. Hanggang sa isipan ko lang at imagination ko mabubuhusan ng muriatic acid si Iris.

"Fine, fine, I'll tell you! Just get the fck off me!"

Inayos ko muna ang buhok ko saka tumayo, "Now, tell me! Pag nagsinungaling ka sakin, babalikan kita! And for sure magdadala na ako ng chainsaw with me!"

"Tch! Inutusan ko yung tatlong lalaking binayaran ko na dalhin sya sa may dulo ng gubat malapit sa resort na ito at bugbugin sya dun at iwan nilang duguan dun pagkatapos. Yun lang masasabi ko sayo, hindi ko alam kung saan sya exactly! Okay? Masaya ka na?!"

"Hindi pa! Sabihin mo sakin kung asan yung gubat na yun?!"

Ini-explain ni Iris sakin kung saan ito, halos masapak ko nga ulit sya kasi naiinis ako... pinabugbog nya si Sync? Walangya talaga sya! Aalis na sana ako para hanapin si Sync sa sinabing gubat ni Iris pero bago ako tuluyang umalis, lumapit ako sa kanya at kinuwelyuhan sya, "Tandaan mo ito Iris, pag m-may nangyaring masama kay Sync, hindi kita mapapatawad!"

Binitawan ko rin sya pagkatapos at tumakbo na paalis. Hindi rin nagtagal nakarating ako sa sinasabing gubat ni Iris, madilim na pero buti na lang naisipan kong magdala ng flashlight. Nagpaikot ikot ako sa may gubat habang sinisigaw ko ang pangalan ni Sync, nagbabakasakaling maririnig nya ako.

Sigaw ako ng sigaw, medyo napapagod na nga ako kalalakad kasi anlayo na ng nararating ko, halos nasa dulo na ako ng gubat pero wala pa ring Sync na nagpapakita sakin. Feeling ko nga mapapaos na ako kasisigaw... Pero ang worse pa, biglaan na lang umulan!

"Ugh! Bakit ngayon ka pa umulan!" pagrereklamo ko sa langit habang nasa may ulo ko ang dalwa kong kamay upang takluban ang sarili ko sa ulan kahit wala namang epekto dahil basang basa na ako. Iniisip ko kung babalik na ba ako o patuloy ko pa ring hahanapin si Sync? But I can't give up now! Ayon sa kwento ni Iris, pinabugbog nya si Sync... kung totoo man yun, baka nasa masamang kundisyon na ngayon si Sync... kelangan mahanap ko sya kaagad para magamot na sya.

"Sync! Asan ka? Sync!" sigaw ako ng sigaw sa paligid, asan ba kasi sya? Andito ba talaga sya sa gubat na ito? Baka mamaya pinaglolo ko na naman ako ni Iris! >\_\_<

"Sync!" tila nawalan na ako ng pag-asa nang marating ko ang dulo ng gubat, isang hindi kataasang cliff ang dulo ng gubat. Sa ilalim puro halaman lang din, walang katapusang gubat naman ata ito ee. Asan ka ba Sync? >\_\_<

"Sync asan ka?! Sync! Naririnig mo ba ako? Sync sumagot ka! Sync a---"

"M-momo..." napatigil ako sa pagsigaw ko kasi feeling ko parang may narinig akong nagsalita.

Tumahimik muna ako, naghihintay kung may maririnig ulit ako.

Ilang segundo lang, may tumawag ulit sakin...

"M-momo..."

Mahina ang boses na ito at parang nangangatal pero sigurado ako... sigurado akong may narinig akong tumawag sakin! Si Sync kaya ito?



Nanggagaling sa ilalim, sa may cliff!

Umupo agad ako sa dulo ng cliff at sumigaw, "Sync! Andyan ka ba? Naririnig mo ba ako? Sumagot ka! Sync!!!"

"O-oo, a-andito...ako...t-tulong..."

Nasa ibaba nga ng cliff na ito si Sync! Paano ko sya maiaakyat? Nagsimula na akong magpanic kasi rinig ko sa boses nya na hirap sya at namamaos, na para bang masama ang lagay nya. Paano kaya sya nakarating sa ilalim? Nahulog kaya sya o hinulog sya? Ah ewan ko, hindi ito ang tamang panahon para isipin yan. Ang dapat kong isipin ngayon eh kung papaano ko sya maiaakyat!

"Hang on there Sync!" habang nagpapanic ako ay nagpalingon lingon ako sa paligid ko, naghahanap ng bagay na pedeng makatulong.

"Ah tama!" tumayo ako at pinuntahan ang isang bagay na nakasabit sa isang puno. Isa itong halaman na para atang vines basta hugis lubid, hindi ko alam ang tawag dito, madalas syang makikita sa mga gubat. Sinipat ko kung gaano ito katibay at sa tingin ko makakaya naman siguro ako nito? Ah bahala na. Kumuha pa ako ng mga ilan pa nito at pinagtali tali sila para humaba ang lubid ko at matapos nito, itinali ko ang isang dulo nito sa pinakamalapit na puno bilang suporta ko sa pagbaba ko. Nang magawa ko iyon, sinimulan ko ng bumaba gamit ang lubid habang nasa isa ko pang kamay ang flashlight na dala ko.

"Andyan na ako Sync!" sigaw ko habang bumababa ako. Hindi sya sumasagot, buhay pa kaya sya? Paano kung namatay na? AAHHH. Ano ba Momo, mga pinagi-iisip mo! >\_<

"Ay pechay ka!" ang bigla ko nang biglang mapigtal yung lubid na hawak ko dahilang para mabagsak ako sa may lupa, medyo masakit sa pwet pero hindi sobrang masakit kasi konting distansya na lang kasi ako sa ibaba ng cliff ng masira yung lubid. Akala ko matibay yung lubid, hindi pala! Dapat nagdiet ako! Ang bigat ko siguro kaya nasira sya. -\_\_-

"Patay, paano ako makakaakyat." medyo nagaalala kong sabi habang pinagmamasdan ko sa kamay ko yung kabilang piraso ng nabaling lubid.

"Ughh..."

"Sync!" naantala ako sa sarili kong pagiisip ng marinig ko ang pag-ungol ni Sync, oo nga pala! Hinanap ko kaagad sya at hindi naman ako nahirapan dahil nakita ko kaagad sya sa hindi kalayuan na nakaupo at nakasandal sa isang puno,

nakayuko ito.

Nilapitan ko kaagad sya, "Oh no... anong nangyari sayo?"

Hindi ko makayanan ang itsura nya. Nung makalapit ako sa kanya, lumuhod ako at nakita ko ang damit nyang gusot gusot at dungisan ng putik. Magulo din ang buhok nya at tinignan ko ang braso nya, puro galos at may mga maliit na hiwa pa nga sya ee. Inangat ko ang mukha nyang nakatungo at napaungol naman sya ng mahina, nasaktan ata sa pag-angat ko, "Sync, ayos ka lang ba?"

Ang tanga lang nung tanong ko, ayos lang ba sya? Syempre, obvious na hindi sya ayos! Sino ba magiging ayos kung ang mukha mo ay sugatan? May dugong tumutulo sa may noo nya, may mga sugat sya sa pisngi at sa may ilong, tapos yung labi nya parang pumutok ata dahil dumudugo ito. Kumakalat yung dugo sa mukha at katawan nya kasi nababasa sya ng ulan. Ang desperate ng itsura nya, siguradong hindi sya ayos. Siguradong sobrang sakit ng nararamdaman nya sa lahat ng sugat na meron sya ngayon.

"Mabuti pang tawagan ko sina manager para mapuntahan nila tayo dito," kinuha ko kaagad ang cellphone ko sa bulsa ko pero nabigla ako ng nakapatay ito, sinubukan kong i-on ulit ito pero ayaw magbukas, "Huy magbukas ka. Chinarge naman kita aa? Wag kang ganyan, makisama ka naman. Wag ngayon uy."

Para na akong ewan, kinakausap at pinapakiusapan ang cellphone ko. Nagtataka ako kasi ayaw nyang magbukas eh ang alam ko chinarge ko ito... hindi kaya nasira sya sa ulan? Kanina pa kasi akong basang basa at ganun na din ang cellphone ko kasi nga diba nasa bulsa ko sya kaya malamang nabasa rin sya. Ang malas! Ang malas malas! Sa lahat naman ng panahon na uulan, ngayon pa talaga!

"Paano na yan," tinapon ko na yung cellphone ko sa lupa kasi wala na rin naman itong silbi kung hindi lang rin naman sya magbubukas. Nagsimula na talaga akong magpanic, "Paano na nila tayo nyan matatagpuan."

Pinagmasdan ko si Sync na nakatungo pa rin at nakapikit, naaawa ako sa itsura nya. Anong pede kong gawin para matulungan sya?

"A-ah..."

"Konting tiis lang sa sakit, Sync." sabi ko sa kanya nung itayo ko sya at iakbay saking balikat para mailakad sya. Gusto ko kasi syang dalhin sa isang lugar na pedeng mapagsilungan, atleast hindi man lang kami mabasa sa ulan. Malamig lamig na

rin, gabi na at umuulan, pansin ko ngang nangangatal na rin sya sa lamig.

Naglakad lakad kami, alalay ko sya sa balikat, sinubukang kong magpalingon lingon sa paligid para makahanap ng masisilungan. At laking pasasalamat ko sa Diyos ng makakita ako ng isang gilid na parang kweba pero hindi kweba, sabihin na nating may pagkahugis kweba sya kasi may silong sya. Hindi sya kalakihan pero sapat na para masilungan habang umuulan pa rin ng malakas.

Dinala ko dun si Sync at maingat na inupo sa isang gilid. Nangangatal pa rin sya sa lamig, kahit ako nilalamig rin, bukod sa ulan may hampas din ng hangin kaya talagang lalamigin ka lalo na't pag basa kang ulan.

"Saglit lang Sync ha? Babalik ako." iniwan ko muna dun si Sync para maghanap sa paligid ng mga kahoy na pede naming gamitin para gumawa ng apoy. Alam ko mahirap makahanap ng tuyong kahoy pag gantong umuulan pero nagbabakasakali akong meron sa mga gilid gilid na nakasilong at tuyo. Naghanap ako ng naghanap at buti na lang kahit papaano nakahanap ako ng mga ilan ilang kahoy na tuyo, nilagay ko yung ilan sa loob ng damit ko at yung ilang hindi nagkasya ay niyakap kong mabuti para lang wag silang mabasa at tumakbo ako pabalik sa pinagsilungan namin ni Sync. Pagbalik ko dun, inilapag ko sa sahig yung mga kahoy na nakuha ko, pero hindi maiiwasang mabasa pa rin sila pero dahil niyakap ko silang mabuti hindi sila ganung nabasa. Hinintay ko na lang silang matuyo kahit medyo natagalan pero nung natuyo na sila, sinimulan ko na silang ikiskis.

"A-anong ginagawa mo?" kahit hirap magsalita, nagawang itanong sakin ni Sync iyon.

Nginitian ko sya, "Gumagawa ako ng apoy para hindi tayo lamigin. Hindi ko alam kung mahahanap agad tayo ng iba pero siguradong matatagalan iyon at kung wala tayong apoy dito, baka mamatay tayo sa lamig."

"Marunong ka?"

"Oo, natutunan ko ito nung umattend ako dati sa camping namin sa girl scout," yumuko ako at pinatuloy ang paggagawa ng apoy gamit ang kahoy habang nagkekwentong sa kanya, "Alam mo ba nung mga panahong iyon, hirap na hirap akong gumawa ng apoy sa kahoy tapos naiiyak na nga ako nun kasi ang sabi samin, walang hapunan ang hindi makakagawa ng apoy. Eh hindi talaga ako makagawa ng apoy nun, halos kokonti na lang kaming natitira nun na hindi pa nakakagawa at marami ng kumakain ng hapunan. Nagugutom na talaga ako nun at nadedepressed kasi feeling ko napakafailure ko noon at hindi ko magawang gumawa ng simpleng apoy mula sa kahoy, iyak na ako ng iyak habang patuloy kong pinagkikiskis ang mga kahoy hanggang sa ako na lang yung natira. Yung luha ko tuloy tuloy silang pumapatak sa kahoy na pinagkikiskis ko, gutom na ako nun at kumukulo na ang tyan ko pero wala pa rin. Hindi nagtagal may napagtanto ako,"

Medyo napangiti ako nung maalala ko yung parteng yun ng kinukwento ko, "Napagtanto kong kaya siguro hindi ako makagawa ng apoy ay dahil sa basa ang kahoy, basa sa luhanang tulo ng tulo dito. Sinubukan kong tumahan at sumubok muli, ayaw kong mawalan ng pagasa, determinado ako nun na makagawa ng apoy at hindi rin nagtagal nag-apoy na yung mga kahoy na pinagkikiskis ko. Alam mo ba yung feeling ko ng makita kong magliyab ang dulo ng mga kahoy na pinagkikiskis ko noon? Feeling ko nanalo ako sa lotto, alam ko ang OA pero yun talaga yung naramdaman ko kasi pagkatapos ng paghihirap ko, pagkatapos ng ilang failed attempts ko sa wakas nakagawa din ako ng apoy. Ang sarap sa pakiramdam ng

magtagumpay ka sa nais mong magawa pagkatapos ng maraming pagsubok mong gawin ito."

Natapos ako sa pagkekwentong ko at natapos din ako sa pagkiskis ng kahoy, nakagawa na ako ng apoy at pinagsama sama ko na ang mga kahoy na napulot ko, "Ayan, may apoy na tayo."

Umupo ako sa tabi nya na syang malapit din naman sa apoy na ginawa ko, malamig pa rin pero maya maya siguro pagtagal iinit din dahil sa apoy.

"Pasensya ka na ah, wala akong alam kung papaano ko magagamot ang mga sugat mo. Wala kasing first aid kit o kahit anuman para magamot ko sila, hindi naman ako marunong manggamot gamit ang mga dahon."

"Wag kang humingi ng pasensya, ano ka ba its not your fault. Don't worry, hayaan mo na lang mga sugat ko, hindi naman sila ganung kasakit." sinungaling naman nya, halata namang masasakit yung sugat pero para hindi ako magalala sinasabi nya yung mga salitang iyon.

Tinanong ko sya kung anong nangyari, kahit hirap sa pagsasalita nagawa nyang ikwento sakín ang ilang detalye. Sabi nya nagtext sa kanya si Zeke kagabi at pinapunta silang dalwa ni Iris sa may bakanteng lote nga pero imbis na si Zeke ang makita nila, tatlong hindi kilalang lalaki ang nakatagpo nila. Sinubukan silang habulin ng mga ito, tumakbo silang dalwa ni Iris pero sa hindi nya daw malaman na dahilan ay nagkahiwalay silang dalwa ni Iris. Nahabol sya nung mga lalaking humahabol sa kanila at sinikmuraan sya at kinaladkad papunta nga daw dito sa gubat na ito at sinimulang bugbugin ng bugbugin hanggang sa inihulog nila sya sa bangin ngang ito. Pasalamat na nga lang daw at hindi kataasan ang bangin na napaghulugan nya at nabagsak sya sa may damuhan at malambot na lupa kaya hindi sya gaanong nasaktan at nagawa nya pang mabuhay.

Katulad nga ng kwentong ipinalabas samin ni Iris, kunwaring nagtext si Zeke kay Sync pero ang totoo si Iris naman talaga nagtext nun. Inis na inis talaga ako sa babaeng iyon pero kahit sabihin ko kay Sync ang totoo, siguradong hindi at hinding hindi nya ako paniniwalaan. I'll just make the condition worse kung gagalitin ko pa sya ngayon. Sa tingin ko mas makakabuti pang tumahimik na lang ako tungkol sa issue na ito.

Now Playing: Pangarap lang kita by Parokya ni Edgar

♪ *Mabuti pa sa lotto...*

*May pag-asang manalo...  
Di tulad sayo... impossible...  
Prinsesa ka... ako'y dukha  
Sa TV lang naman kasi may mangyayari  
At kahit mahal kita... wala akong magagawa  
Tanggap ko 'to aking sinta...  
Pangrap lang kita... ♪*

"Sync, mahal mo talaga si Iris noh?"

Tinignan ko sya sa mukha at napansin kong tumingala sya at sinandal ang ulo sa may pader habang may mga ngiti sya sa labi nya, those smiles that obviously says 'yes, I do love her'.

"You don't know how much I love that girl."

Bilang isang fan, dapat handa ang puso ko sa mga gantong sitwasyon. Bilang isang fan, maaapektuhan ako pag nagkagirlfriend ang sobrang hinahangaan kong idol pero hindi dapat gantong "sobrang" naapektuhan ako, to the point na feeling ko nasaktan ako kahit hindi talaga dapat... Paghanga lang naman ito kay Syncbabes diba? Idol ko lang naman sya diba?

*♪ Ang hirap maging babae  
Kung torpe iyong lalaki  
Kahit may gusto ka... di mo masabi  
Hinde ako iyong tipong nagbibigay motibo  
Conservative ako kaya di maaari  
At kahit mahal kita... Wala ako magagawa  
Tanggap ko 'to aking sinta, pangrap lang kita ♪*

Ganun nga lang ba talaga?

"Ahh, pede ko bang malaman kung bakit?"

"Know what, I don't really have any idea why. Basta mahal ko sya. Alam mo kasi, noong highschool pa lang ako may gusto na ako kay Iris. Schoolmate ko sya ee at kayear level ko ang kaso sa ibang section sya, lagi ko syang napapansin at sa tuwing nakakasalubong ko sya sa hallway dati napapayuko ako at nakakaramdam ng matinding hiya. Ang lakas ng impact nya sakín, yung mga ngiti nya... yung boses nya, pag naririnig ko feeling ko nasa heaven ako. I was admiring her from afar, wala akong lakas ng loob noon na magpakilala at magtapat sa kanya kasi takot akong mabasted atsaka wala talagang opportunity na magkakilala kaming dalwa noon hanggang sa grumaduate na kami at nagkahiwalay ng landas. Pero

pagkakataon nga naman," bigla syang napatawa, bakit ang saya saya nya habang kinukwento nya si Iris? Ang laki talaga ng pagmamahal nya kay Iris, hindi na ako magtataka kung bakit ganun na lang ang laki ng tiwala nya sa babaeng iyon at ganun na lang nya maipagtanggol ito.

"Nitong nakaraang buwan lang, nagkaroon ng reunion sa alma mater ko at nagkatagpo muli ang landas namin ni Iris. Kumukuha ako ng pagkain nun sa may buffet table nang biglang may tumabi saking babae at kinausap ako, paglingon ko dito nabigla ako ng makita kong si Iris pala iyon. Yung feeling na after some years, nakita mo ulit yung babaeng inaadmire mo secretly nung highschool days, ang lakas ng tibok ng puso ko and I never thought that I still have that special feelings for her and that time, hindi ko na inaksaya pa ang pagkakataon ko, naglakas na ako ng loob at nagpakilala sa kanya hanggang sa inamin ko sa kanya ang nararamdaman ko. And who would have thought na ganun rin pala sya, she confessed to me that she also had a special thing for me way back then tho like me she was also scared to confess it to me. Nakakatuwa, parehas lang pala kaming natotorpe sa isa't isa dati pero I'm glad nagkaaminan na kami after so many years and now, we're together. I really love her, I love her so much."

♪ *At kahit mahal kita,  
Wala ako magagawa  
Tanggap ko 'to aking sinta, pangrap lang kita* ♪

Paano kung malaman mong hindi ka nya mahal? Hindi ko ma-imagine kong anong ire-react ni Sync oras na malaman nya at matanggap nya na ang babaeng pinapaniwalaan nyang mahal din sya ay niloloko lang pala sya at sinisira. Siguradong masasaktan si Sync... ganun nya kamahal si Iris eh.

Siguradong masasaktan ka Sync at nalulungkot akong isipin iyon. Bakit kasi sa dinami dami ng babaeng mamahalin mo, dun ka pa sa maling babae! Dun ka pa sa babaeng lolokohin at sasaktan ka lang. Bakit hindi ka na lang kasi nagmahal ng babaeng mamahalin ka talaga ng tunay at hindi ka sasaktan... tulad ko.

♪ *Suiran wo hen ai ni  
Wo mei fenfa gaosu ni  
Wo xin zhong yi you oh ~ qinai  
Danshi shi wo de ai*

*At kahit mahal kita (da ai ni)*

*Wala akong magagawa (wo zhen de mei fanfa)  
Tanggap ko 'to aking sinta  
Pangrap lang kita* ♪

"Ahh, mahal mo nga sya." yun na lang yung nasabi ko sa kanya tapos iniba ko rin agad ang usapan, hindi ko matagalan ang pagusapan ang isang babaeng manloloko na tulad ni Iris, baka kasi mamaya hindi ko nanaman mapigilan ang sarili ko at masabi ko kay Sync at totoo at baka magalit nanaman sya sakin, "Masakit pa ba mga sugat mo?"

"Hmm, medyo, kumikirot kirot pa rin sila pero sa tingin ko nasasanay na rin ako ng konti sa sakit dahil kanina ko pa sila nararamdaman. Medyo namamanhid na nga lang ako sa sakit pero okay lang, hindi naman siguro ako mamatay." tapos pinunasan nya yung dugo sa may noo nya, "Medyo tumigil na rin naman ang pagtulo ng dugo. Wag kang mag-alala, this is not that bad. Konting medications lang at maaayos na ulit ako."

Sana nga, sana wala syang bali or whatsoever sa katawan after all those injuries.

"Naniniwala ka bang si Zeke talaga gumawa?"

"Actually, to be honest... ayaw kong maniwala na sya nga. Kahit galit ako sa kanya sa pagtatraydor na ginawa nya, hindi ko pa rin maisip na magagawa nya sakin ito. Ibig kong sabihin, may pinagsamahan kami ni Zeke at kaibigan ko sya. Halos para na nga kaming magkapatid nun eh, kami nina Mirko at pati ni Corrine. Para kaming isang pamilya sa banda at hindi ko lubos maisip na magagawa ito ni Zeke sakin... gusto kong isipin na iba ang may gawa nito... hindi ko kayang tanggapin na gusto akong patayin ni Zeke dahil kahit galit ako sa kanya, nasasaktan ako dahil ginagawa nya sakin ang mga bagay na ito kahit magkapatid na ang turingan namin." hindi sya nagsisinungaling, kita sa expression ng mukha nya na nasasaktan nga talaga sya sa isiping ginagawa ito sa kanya ni Zeke.

"Sana nga hindi si Zeke," yun na lang ang nasabi ko dahil alam ko namang hindi talaga si Zeke yun pero kasi Sync, wala ka ng pinapaniwalaan. Nagbibingi bingihan ka na sa lahat ng sinasabi namin sayo, masyado kang kampi sa taong mahal mo, sya lang ang pinapakinggan mo... ayaw mong tanggapin na sya ang may gawa ng mga nangyayaring kaguluhan. Nagpapakatanga ka sa babaeng mahal mo Sync. Sobra sobra. Kung pede ka lang batukan ngayon, nabatukan na kita baka sakaling magising ka sa katangahan.

"Momo,"

"Hmm?"

"Pasensya na."

"Saan?"

"Sa lahat lahat... lagi na lang kitang nasigawan," it's about time na mapansin mo yun -\_- "hindi ko sinasadya. Ikaw naman kasi lagi kang tumatiming sa pagkabadtrip ko, yan tuloy nabubuhos ko ang inis ko sayo at nasigawan tuloy kita nasasabihan pa kita ng masasamang salita."

"Wala yun, kalimutan mo na yun. Hindi ko naman dinidibidib yung mga sinasabi mo sakin," sus, ang martyr much ko. Oo nuh, dinidibidib ko sila pero ayokong aminin sa kanya, anong pagpapahalaga ba ang mangyayari kung magpapaawa effect ako diba? Ayoko namang magpaimportante, tama na yung sabihin ko sa kanyang okay lang ang lahat sakin.

"Pasensya na talaga." yun na yung huli nyang sinabi tapos wala na ulit umimik. Tahimik lang kaming parehas dun, maririnig

lang ang ingay ng hangin at pati na rin pagaspas ng mga dahon at puno. Pinagmasdan ko lang ang pagsasayaw ng apoy pati na rin ng mga aninong nagagawa nito. Ang tahimik, nakakapagod ang katahimikan at dinadala ako nito sa antok.

"Momo," tinawag nya muli ako.

"Hmm?"

"Magkwento ka naman."

"Ng ano?"

"Ewan ko, kahit ano... walang magawa eh."

"Kahit ano? Wala akong maisip," napakamot ako, sa sobrang pagod ata ayaw ng magfunction ng utak ko at wala talagang pumapasok sa isip ko na pedeng ikwento sa kanya. "Basta kahit ano lang, kahit anong tungkol sayo. Kahit simple facts, halimbawa ilang taon ka na, kelan birthday mo, anong favorite color... yung mga ganun ganun. Basta kahit ano, para lang may mapagusapan tayo. Nakakaboring kasi pag walang umiimik."

"Oh, siges. Simulan ko sa general data, ako si Momoxhien Clarkson, 18yrs old. Pinanganak ako noong January 7, 1993 sa ospital pero lumabas sa nanay ko. Favorite kong color ay blue, mahilig ako sa chocolates, favorite ko yung hershey. Favorite kong pagkain ay tiramisu, favorite kong inumin ay kahit anong may sago, mahilig ako sa spongebob tapos---"

Kung anu ano na yung sinasabi ko, ewan ko pa nga ba kung may sense o wala pero kasi sabi nya kahit ano daw ee kaya ayun, kahit ano na nga mga pinagsasasabi ko pero bigla nya akong pinutol sa pagsasalita eh, "Momoxhien Clarkson ang pangalan mo?"

"Yup, why?"

"In any case, do you have a brother?"

"Ah oo! Si kuya Memo, bakit mo nga pala natanong?"

Nanlaki yung mga mata nya, "You mean... kapatid mo si Memo Clarkson?"

"Oo," nagtaka ako sa reaction nya, "Kilala mo ba si kuya?"

"Y-yeah," napangiwi sya, "He's a friend of mine... that's why may hawig kayo, akala ko coincidence lang..."

"What?! Friend kayo ng kuya ko?!" nabigla talaga ako! Kasi alam naman ni kuyang super fan ako ng Syntax Error especially ni Sync tapos kaibigan nya pala ito hindi man lang nya sinasabi sakin! Eh ilang beses ko na ba namentation sa kuya ko na idol ko si Sync Mnemosyne pero wala man lang syang nababanggit na kakilala nya ito? He could've said so! Abnormal talaga yung kuya ko, sinikreto pa sakin! >\_\_\_\_<

"Yeah, matagal ko na syang friend... nung mga bata pa lang kami... Don't you remember me?" Sobrang nagtaka ako sa question nya, hindi ko ba daw sya naaalala? Should I remember him? I mean, nagkita na ba kami dati pa? Yung as in nagmeet na ba dati ang landas namin before pa ako maging personal julalay ng SE? (?\_?)7

"Huh? Anong sinasabi mo?"

"Ehh... nagkita na tayo dati kaso isang beses lang pero awkward masyado kung ipapaalala ko sayo, mabuti pang wag na lang."



Nagkita na kami dati pa? Wow, talaga? Why can't I remember?

"Hala, ikwento mo sakin! Hindi ko maaalala! Gusto kong malaman," pag iinsist ko sa kanya. Nakaka-curious kasi eh.

"Ano eh... hindi mo ba talaga naaalala? Ako yung ano... eh..." ano? Sya yung ano? Bakit paputol putol sya at para bang nahihya?

"Ako yung... ano, yung childhood friend ng kuya mo na pumunta dati sa bahay nyo at magsi-cr sana kaso..."

Biglang may nagflashback sa isipan ko. Tanda nyo yung kinuwento ko kay Kevin tungkol sa kabataan ko? Nung pumupupu ako dati tapos hindi ako nagsasara ng pinto ng banyo? Tapos isang beses, may bisita pala si kuya Memo at magsi-cr sana kaso pagbukas nya ng banyo... andun ako at nagbabawas? At dahil sa galit ko, binato ko yung lalaking iyon at tumakbo palayo na umiiyak? Wag mong sabihing...

"...kaso andun ka at ayun, nagalit ka sakín at tumakbo ka. Ah, pasensya na kung ipinaalala ko pa sayo... nakakahiya."

AHHHHHH. SI SYNC PALA ANG LALAKING NAKAKITA SAKING TUMATAE DATI NUNG BATA AKO! UWAAAAA. THIS IS SO EMBARRASSING! MALAY KO BANG SI SYNC YUN, MASYADO PA AKONG BATA NUN PARA MAALALA ANG MUKHA NYA SAKA SAGLIT KO LANG NAMAN NAKITA ANG MUKHA NYA NUN DAHIL NGA TUMAKBO NA AGAD AKO PALAYO SA KAHIHIAN AT SA INIS! > \_\_\_ <

\*\*\*

Matapos ang embarrassing pagbabalik tanaw sa past, nagcalm down na ulit ako. Pinagtawanan na lang namin yung pangyayari yun, past is past nanaman. Pero hindi ko lang kasi talaga matanggap na sa lahat lahat ng tao, si Sync pa! >\_>

Natawa nga kami eh, hindi namin akalain na magkakilala na pala kami noon pa. Si kuya Memo naman kasi eh walang nababanggit. =\_ =

Nagkwentuhan pa kami ng maraming marami, nakakatuwa nga eh. Andami nya ring kinuwento sakín, feeling ko close na close na kami kasi ang daldal nya na pagdating sakín at ganun din ako sa kanya. Nagtatawanan pa kami! Sana ganto na lang kami palagi, magkasundo. At sana pagkatapos nito, pagkabalik namin sa normal, ibig kong sabihin pag nakabalik na kami sa resort ay ganto pa rin kami, yung close pa rin at masayang nagkekwentuhan at nagtatawanan. Yun lang naman ang pangarap ko, kahit wag nyang mapansin basta lang ituring nya akong kaibigan --- kahit simpleng kaibigan lang, kahit ngítian nya lang ako palagi at hindi susungitan. Kahit yun lang.

"Nagugutom na ako, ikaw ba?"

"Oo eh," matagal tagal na rin kasi kaming nagiiintay dun pero wala pa ring dumadating na kahit sino para iligtas kami. Hindi pa rin siguro nila kami nahahanap. Haay, hindi pa rin tumitila ang ulan pero kahit papaano humina na sya. Hindi pa rin kami tuyo, ano ba naman yan, ilang beses na nga akong nababahing eh. Nakakagutom na rin talaga, ewan ko kung anong oras na pero siguro mga pasado alas nueve na at hindi pa kami naghahapunang dalwa.

"Nakakamatay bang hindi kumain ng hapunan?"

Natawa ako sa sinabi nya, "Haha! Hindi naman siguro, mamamayab lang tayo! haha!"

"Itulog na lang kaya natin ito?"

"Haay naku, ayon na lang ang pinakamagandang solusyon para makalimutan ang gutom, itulog na lang!"

"Sa tanang buhay ko, ngayon pa lang ako matutulog na walang laman ang tyan."

"Well, there's always a first time for everything right?"

"Haha, that's right. Oh ano, papatayin ba natin ang ilaw?"

"Hala, wag na. Malamig ha! Hayaan na lang natin ang apoy na nakasindi, mamatay rin yan ng kusa pag naubos na yung kahoy."

"Sabagay, o ano tulog na tayo?"

Mula sa pagkakaupo, umayos na kami sa posisyon ng pagkakahiga. Magkatabi kaming humiga sa may sahig, magkaharap kami pero nung magkatinginan kami parang parehas kaming nakaramdam ng awkwardness, "Sorry, tatalikod ako."

Pagkasabi nya nun, tumalikod sya sakín kaya naman likod nya na lang ang nasa harap ko.

"Goodnight, Momo."

"Goodnight, Sync." gusto kong ipikit ang mga mata ko pero parang magnet na natutulala ako sa likod nya habang paulit ulit na pumapasok sa isipan ko ang maraming bagay tulad na lang ng...

Ano ba nagustuhan ko sayo?

At ano ba ang nagustuhan mo sa kanya?

Bakit hindi na lang ako?

Hanggang tingin na lang ba ako sa likod mo?

Kelan ka kaya haharap sakín at ako naman ang mapapansin mo?

Nye, ang labo. Momo, gutom at pagod lang yan, wag ka ng magdrama. Lakas mong mangarap, Momo eh. Asa namang magkakagusto sayo isang star icon, ano ka bida sa isang kwento? Feeling ka masyado eh, mabuti pang itulog mo na lang talaga yan Momo para lumipas.

Haaay. Kung ang nararamdaman para sa isang tao ay pedeng itulog na lang at baka sakaling lumipas, matagal ko ng itinulog itong nararamdaman ko.

♪ *Pangarap lang kita, pangarap lang kita...*

*Pangarap lang...* ♪

\*\*\*

"May tao ata?"

"Oo nga, teka lapitan natin..."

Naalimpungatan ako sa mga boses na naririnig ko...

"Hello? Ayos lang ba kayo? Gising uy..."

"Sugatan itong isang ito pare oh... Ano kaya nangyari?"

"Miss, gising.."

Tuluyan ko ng naimulat ang mga mata ko ng maramdaman kong may tumatapik sa balikat ko para gisingin ako, pagmulat ko tumambad sakín ang dalwang lalaking nasa edad na sa tingin ko 30-40. May malalaki silang bag na dala at mukhang hikers sila ayon na rin sa porma ng suot nilang damit pati na rin sa porma ng katawan nila.

Umayos ako ng pagkakaupo at ginising si Sync, "Sync, gising... may tao..."

Nagising na rin si Sync at nabigla rin sya ng makakita sya ng mga tao, dahan dahan din syang bumangon sa pagkakahiga.

"Napadaan kami dito dahil umakyat kami mula sa malapit na bundok dito at pabalik na sana kami sa may hotel na tinutuluyan namin kaso nung mapadaan kami dito, napansin namin kayo kaya lumapit kami. Ayos lang ba kayo? Anong ginagawa nyo dito? Saka bakit sugatan sya? May nangyari ba?"

Nakaramdam ako ng sobrang relieve ng dumating ang dalwang lalaking ito, humingi kami ng tulong sa kanila para makabalik kami sa taas. Sabi nila samin, may kotse silang nakaparada sa hindi kalayuan, kung kakayanin daw ni Sync na maglakad hanggang doon, pasasakayin nila kami sa kotse nila at gamit ang kotse, magdadrive sila paakyat muli dahil may daan naman daw kaso lubak lubak lang pero pede na ring daanan paakyat. Kinaya namang lakarin ni Sync hanggang sa kotse dahil miraculously wala naman syang bali sa paa, pero paika-ika nga lang sya dahil kahit papaano masakit din naman ang binti nya dahil na rin sa mga bugbog na natamo nya.

Nagpahatid kami dun sa dalwang lalaki hanggang sa resort at pinasalamatan namin sila pagkatapos, umalis na rin sila agad dahil sabi nila kelangan pa daw nilang bumalik sa hotel nila dahil nagiintay daw ang mga asawa nila. Pagkabalik na pagkabalik namin sa resort, sobrang nabigla ang mga tao dun at sinalubong nila kami.

"Ohmygosh, finally nahanap ka na rin Sync! At buti rin nakabalik ka na Momo, bigla ka rin kasing nawala!" lumapit samin si manager Ree na sobrang alalang alala, "Teka, anong nangyari sa inyo? Bakit ang dudungis nyo? Bakit putikan kayo? Saka Sync, anong nangyari sayo bakit sugatan ka?"

"Babeeee!" napalayo naman ako sa tabi ni Sync kasi biglang lumapit si Iris kay Sync at niyakap ito.

"A-aray babe..."

"S-sorry babe," humiwalay sa pagkakayap si Iris dahil sa dami ng sugat ni Sync, medyo masakit kung maiipit ito, "Anong nangyari sayo babe? I was so worried, hindi ako makatulog kagabi kaiisip sayo, sobrang natakot ako na baka may nangyari na sayong masama."

Nanggagalaiti ako sa mga naririnig ko. Pede bang manahimik ka na lang Iris? Ang sarap putulin ng dila ee! Saksakan ng sinungaling! Galing umarte! Worried? Sya? Eh sya nga may pakana nito eh! Ugh!

Ikakame kame hame wave ko sya pag umimik pa sya ee. Nakakabadtrip talaga pagmumukha nya, sarap burahin sa mundong ibabaw. -\_\_-

"S-sync, ayos ka lang ba?" biglang lumapit si Zeke at worried na worried sya pero nagaalangan din syang lumapit. Syempre, magaalangan talaga sya dahil nasa kanya ang bintang kahit wala naman syang ginawa! Poor Zeke, alam kong inosente sya pero kung isang bruhildang Iris ang maninira sa kanya talaga namang ang hirap ng linisin ng pangalan nya!

"Hah, you're asking me if I'm fine? Do you think I'm fine huh? Do you?!" sarcastic at galit si Sync na sumagot kay Zeke. Patay, yan na nga sinasabi ko eh. Aawayin nanaman panigurado ni Sync si Zeke, magsisimula nanaman sila.

"It's your fault, Zeke!" ayan nanaman si Iris, eepal ulit! Magiimbento nanaman! >\_\_< "Ikaw ang nagpadala samin nung msg na yun, ikaw ang may gawa nito kay Sync! You should pay for this! Dapat ipakulong ka!"

"P-pero, wala akong alam sa sinasabi nyo, wala akong ginawa."

"Yeah, he was with me yesterday! Impossible naman ata ang binibintang nyo!" dinefend sya ni ate Corrine.

"Oo, wala nga sya dun sa lugar pero sya yung nagtext samin kagabi at nagpapunta sa bakanteng lote na yun para lang makatagpo ng tatlong sira ulong lalaki na gustong manakit samin. For sure, ikaw ang nagpadala ng mga lalaking iyon Zeke! You're so cruel!" tama na Iris, tama na! Wag mong siraan si Zeke! Gusto kong sumingit, gusto kong pagsigawan na walang kasalanan si Zeke, gusto kong sabihin kay Sync na si Iris talaga ang may gawa ng lahat ng ito pero nangangamba ako na baka wala nanaman akong mapala, baka hindi lang din ako paniwalaan.. baka masayang lang ang boses ko, baka mabalewala lang ulit.

"Text? Anong text? Wala akong tinetext sa inyo!" gulung gulo na si Zeke sa mga nangyayari. Kahit naman sinong inosente at bigla biglang mapagbibintangan ay talagang maguguluhan kasi binabato sayo yung mga bintang na hindi mo naman ginawa.

Nilabas ni Sync yung cellphone nya, tinanggal yung simcard at hiniram ang cellphone ni Iris para ipasok dun yung simcard dahil yung cellphone ata ni Sync ay hindi na rin nagana dahil sa nabasa ito sa ulan kagabi. Nung mabuksan nya na yung cellphone ni Iris na may simcard nya ay nagscroll sya at parang may binuksan tapos iniharap nya kay Zeke ang cellphone, "So how could you explain this?"

"P-pero Sync, wala akong natatandaang sinend sa iyong ganyan."

"Who are you fooling around? It clearly shows your number! Ikaw lang ang may number na ganyan Zeke, wag ka ng magdeny, huli ka na eh. I can't believe you could do such a thing to me, hindi mo lang inahas ang babaeng mahal ko, sinubukan mo pa akong patayin? Ano ba ginawa ko sayo Zeke para gaguhin mo ako ng ganto? I treated you like a brother and this is how you'll treat me back? This is bullsht!"

"Sync..." bahala na si batman, magalit na kung magagalit nanaman sakin Sync, sigawan nya ulit ako wala na akong pakelam, wag nya man akong paniwalaang muli basta mahalaga mapagtanggol ko man lang si Zeke. Kawawa naman kasi sya eh, wala naman kasi talaga syang kasalanan bakit kelangan syang mapagbintangan ng ganto diba? "Wag mong sisihin si Zeke, wala syang kasalanan..."

"Momo? Ano ba, eto oh, hindi mo ba nakikita yung message nya? Andyan yung number nya oh, tignan mo!" pinagduduldulan nya sakin yung cellphone na may text ni Zeke, oo nga andun nga nakasulat ang text ni Zeke na may number nito... syempre, kahit sino mapapaniwala doon... kahit sino unless kilala talaga nila si Iris at alam talaga nila ang plano nito unfortunately, hindi alam ni Sync yun ee... syempre Sync would believe the obvious at malay nya bang false truth ang pinaniniwalaan nya...

Batman, bahala ka na talaga. Handa na akong masigawan ni Sync pero kelangang i-voice out ko ang nalalaman ko... What are voices for kung hindi ko ito gagamitin?

"Si Iris ang may gawa nyan, narinig ko sya ang sabi nya kinuha nya ng patago nung isang gabi ang cellphone ni Zeke at sya ang nagcreate at nagsend ng message na yan sayo. Sya ang nagpapunta sayo doon sa bakanteng lote, sya ang nagpadala ng tatlong lalaking bumugbog sayo... Gusto nyang palabasing kasalanan lahat ito ni Zeke para magaway pa lalo kayo ni Zeke, at para magkagulo gulo ang banda nyo. Sync, makinig ka sakín, nagsasabi ako ng totoo... that girl doesnt love you, she despises your band. Believe me."

"Pede ba Momo, tigilan na natin itong kalokohang ito? Ilang beses ko na ba kelangang sabihin sayong tantanan mo na yang mga kalokohan mo at wag ka ng magimbento pa ng mga kwento?"

"Kelan ka ba maniwala sakín?" nakakalungkot talaga pag ayaw kang paniwalaan ng taong mahalaga sayo. Ano bang kelangan kong gawin para paniwalaan mo ako? Ano ba ha?

"Sa tingin ko Sync, it's about time na maniwala ka kay Momo." nabigla ako sa sinabi ni Mirko, ganun na din si Sync. Napalingon kami sa kanya, nakacrossed arms ito at seryoso ang itsura, "At Iris, itigil mo na ang pag-arte mo, hindi mo na ako maloloko... **nahuli na kita.**"

## **Voice 26: Masaya**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice-

"Sa tingin ko Sync, it's about time na maniwala ka kay Momo." nabigla ako sa sinabi ni Mirko, ganun na din si Sync.

Napaligon kami sa kanya, nakacrossed arms ito at seryoso ang itsura, "At Iris, itigil mo na ang pag-arte mo, hindi mo na ako maloloko... **nahuli na kita.**"

"What's this all about now, Mirko?" pagtatanong ni Sync. Kahit ako naguguluhan, hindi naman kasi pala-imik si Mirko tungkol sa issue na ito, usually he just listens but now he just spoke and he even shocked me by saying that he had caught Iris? In what sense? I really just don't get it, sumasakit ang ulo ko sa gulong ito and to say na yesterday's lunch was the last time I ate at medyo sinisipon sapon pa ako dahil sa pagkakabasa ko sa ulan kagabi. Lalagnatin pa ata ako ng oras, ang sama ng pakiramdam ko. >,<

"Lahat ng sinabi ni Momo, lahat ng palagi nyang sinasabi sayo Sync, hindi nya lang gawa gawa o kwento kwento lang iyon. Sa tingin ko lahat ng mga sinabi nya ay totoo, at ang hindi nagsasabi ng totoo all this time ay si Iris."

"M-mirko, stop joking around. It's not funny!" mukhang kinakabahan na nai-irritate si Iris.

Anong nasa isip kaya ni Mirko? Ibig kong sabihin, paano nya nalaman? Oo, nung open forum nung kami na lang tatlo nina Aila ang natira, he asked me to tell what I know about Iris at yun nga, kinuwento ko sa kanya lahat ng alam ko at pagkatapos kong maikwento iyon, umalis lang si Mirko at iniwan kaming dalwa ni Aila ng walang sinasabi o wala mang lang imik kaya hindi ko alam kung anong naging reaction nya sa mga sinabi ko tungkol kay Iris --- kung naniwala ba sya o hindi. Pero ngayon, anong ibig sabihin ng mga inaakto ni Mirko? Ibig bang sabihin nito na naniniwala sya sa kin? Yun nga lang, why does he look so confident na para bang may magiging patunay sya sa mga sinabi ko? Nabanggit nya kanina kay Iris na "nahuli na kita", paanong nahuli?

"Who says I'm joking?" napaka-confident ni Mirko, "Diba sinasabi mong si Zeke ang nagtext? Siguro number nya nga ang nakalabas dyan sa inbox ni Sync pero sigurado ba kayong si Zeke talaga ang nagtext? Kung isang call pa yan na navoice record, maniniwala pa siguro ako pero kung isang simpleng text lang naman... maraming possibilities na pedeng ibang tao ang nag-send nyan. What if may ibang taong pumasok nung gabing yun sa kwarto ni Zeke at pinakelaman ang cellphone nya at nagtext sa number ni Sync?"

Natumpak ni Mirko! Hindi kaya nakita nya nung gabing yun si Iris? Ganung ganun kasi ang ginawa ni Iris, pinakelaman nya ang cellphone ni Zeke at sya ang nagtext! Ang galing ni Mirko, yun nga ang nangyari!

"E-eh sino naman kaya gagawa nun ha?" pinagmasdan ko si Iris, she's still trying to put on a defensive face kahit alam ko sa loob loob nya ay kinakabahan na sya, paano kasi siguradong natamaan sya sa sinabi ni Mirko at siguro naisip nya na rin na baka nahuli na rin sya ni Mirko.

Ngumisi si Mirko, "Who else?"

Naglakad sya palapit kay Iris at pinorma sa parang baril ang kanang kamay at itinutok ang hintuturo sa may noo ni Iris sabay umaktong binaril ito, "No other than you."

"It wasn't me! What the heck are you saying, you don't have any proof!"

"Oh yes, I have."

"Mirko, would you stop this bull crap before I get irritated with you too!"

"I never thought you could be this stupid, Sync. Do you really think Zeke could do all these things to you? If you really need proofs in order to finally believe what Momo has been trying to tell you all this time, well here's your proof," biglang naglakad sa isang room ng resort si Mirko tapos binuksan nya ang pinto niyon at parang may tinawag sya sa loob ng kwarto at maya maya ay may tatlong mga lalaking lumabas mula doon.

Pamilyar sakín ang mga itsura nila, kung hindi ako nagkakamali sa pagkakatanda ko... sila rin yung tatlong bumugbog noon kay Sync nung kumain kami sa restaurant at niligtas sya ni Kevin! Sila nga ata yung tatlong gorilla na iyon! Pero anong ginagawa nila dito?

"Here's the proof, Sync. I don't know if you still remember them," naglakad pabalik samin si Mirko kasama yung tatlo na mga nakatungo, "Pero sila yung mga bumugbog sayo noon at pati na rin kahapon. Nung hinahanap ka namin sa sinabi ni Iris na bakanteng lote, may natagpuan akong kwintas na silver na may hugis dragon sa may sahig, kinuha ko iyon at hinanap kung sino ang may-ari dahil may pakiramdam akong pag nahanap ko ang may-ari nun ay baka matuntun kita kung asan ka. Naglibot libot ako sa kung hanggang saan ako makakalibot hanggang sa nakarating ako sa isang clubhouse at nakita ko itong tatlong bugok na ito at napagalaman kong isa sa kanila ang may-ari ng kwintas na ito. Agad ko silang pinaamin ng dapat nilang aminin, well of course in the hard way dahil nung una hindi sila madaan sa matinong pakiusap nung pinapaamin ko sila," napatingin ako dun sa tatlong gorilla at napansin kong may mga sugat at pasa sila sa mukha. Woah, kinaya sila ni Mirko? He's strong!

"Well of course with the help of Aila!" ;) lumington sya kay Aila at nag-wink dito na sya namang dahilan para ika-blush ng huli. Ahh, gets ko na kung papaano nakayanan ni Mirko na bugbugin ang tatlong gorilla na ito, may katulong pala naman sya ee. Kasama nya pala si Aila, sigurado ginamit nanaman ng bestfriend ko ang gangster skills nya. Palaaway kasi dati yan kaya kahit babae sya kaya nyang magpatumba ng lalaki.

"At sinabi sakín ng tatlong ito..." lumington na ulit samin si Mirko, "...ang lahat lahat."

Tinignan ni Mirko si Iris mata sa mata, halata nang natatakot si Iris dahil alam nya na nabuking na talaga sya and this time, wala na syang lusot. Magiging malinaw na ang lahat, nasa harap na namin ang mga pruwera.



"Sya ang nag-utos samin na bugbugin ang leader ng Syntax Error." tinuro ng isa sa kanila si Iris, "Binayaran nya kami ng malaking halaga para gawin yun. Sya rin ang nag-utos sakín na magpanggap na staff at ibigay sa media room yung cd na may laman ng mga pictures para i-project sa screen nung gabi ng concert."

"Liars! I don't even know you guys! Stop scheming me into this! Sync, why are your friends being so mean to me?" nagpapaawa effect na yumakap si Iris sa braso ni Sync.

Si Sync hindi umiimik nun, nakayuko lang sya kaya naman hindi ko makita ang expression ng mukha nya.

"Babe, I swear to you I didn't do anything. I don't know what they're saying, believe me babe..."

"HOW MANY TIMES DO I HAVE TO BELIEVE YOU AND GET MYSELF FOOLED?!" napabitaw si Iris sa braso ni Sync at napaatras habang napanganga sya sa bigla ng sa unang pagkakataon, pinagtaasan sya ng boses ni Sync.

Kahit ako hindi ko inaasahan ang gantong reaksyon mula kay Sync sa babaeng mahal nya, akala ko at inaasahan ko talagang kahit sa kabila ng mga proofs na nasa harap na nya ay hindi pa rin sya maniniwala at pagpipilitan pa rin nyang paniwalaan si Iris pero this time... sinigawan nya si Iris, ibig bang sabihin nun... naniniwala na syang si Iris ang may kasalanan ng lahat?

Yes! Finally! Ang saya ko! Ang saya say----

"GET OUT OF HERE, GET OUT!"

"B-babe----

"DON'T CALL ME BABE!"

"P-pero... wag kang maniwala sa kanila, wala akong----

"STOP IT! I DON'T WANT TO HEAR ANYMORE OF YOUR LIES! IRIS, IT'S TOO OBVIOUS ALREADY, AYAN NA OH! NASA HARAPAN KO NA, NASA HARAPAN NA NATIN! KASASABI LANG NILA! ANO NGAYON SASABIHIN MO, NAGIIMBENTO LANG SILA NG KWENTO?" parang napatigil ako sa pagsasaya at pagse-celebrate ko sa pagkakabuking ni Iris habang pinagmamasdan ko ang itsura ni Sync habang sinisigawan nya si Iris, malungkot, gulong gulo at frustrated ang expression ng mukha nya. Para bang hindi ko magawang magcelebrate ng tuluyan, kasi para bang... kahit nanalo na ako, feeling ko natalo pa rin ako... masaya ako kasi finally matitigil na rin itong kalokohan ni Iris at wala ng maniniwala sa kanya pero on the other side, parang mali naman atang magsaya ako habang nakikita kong nasasaktan si Sync.

Alam ko nakakainis kasi nagpakatanga si Sync at nagpakabingi sa lahat ng sinasabi ko sa kanya tungkol kay Iris pero hindi ko naman kasi talaga sya masisisi, mahal nya si Iris... at alam ko kung gaano nya kamahal dahil nakita ko kung paano sya ngumiti nung kinukwento nya si Iris sakín. Yung mga ngiti na ngayon parang hind ko na makikita dahil yung babaeng nagpapangiti sa kanya ng ganun ay ngayon syang nagbibigay ng nasasaktang ekspresyon sa mga mukha nito.

Naniwala na sakín si Sync, ano na ngayon? Yehey na nga ba? Hindi ko magawang magsaya habang nasasaktan ang taong mahalaga sakín.

"Sync... please listen to me, wala akong kasalanan... wala akong ginagawa..."

"Listen to you? I did that for who knows how many times! Paulit ulit akong nakinig sa lahat ng sinabi mo, lagi kitang pinaniniwalaan tapos ano na lang? Ginagagago mo pala ako! Bakit Iris? Sabihin mo sakín kung bakit?" halos inaalog na ni Sync si Iris habang hawak hawak nya ito sa magkabilang balikat.

"Ano ba! Nasasaktan ako, bitawan mo nga ako! Stop it!" pinalis ni Iris ang mga kamay ni Sync at tinulak ito, "Okay fine! Sige, gusto mo magsabi na ako ng katotohanan? Yeah, they are all right sa lahat ng ina-accused nila sakín! Ako ang dahilan kung bakit nagaaway kayo ni Zeke, I did that on purpose! I planned it! Yung mga sinasabi ni Zeke sayo na ayaw mo paniwalaan? That's all true, I seduced him! At yung mga sinasabi ko sayo na pinaniniwalaan mo? None of it was true, everything I told you was just a lie."

Napakuyom ng kamao si Sync at sobrang lungkot ng mukha nito, "Pede ba akong magtanong sayo at sagutin mo ako ng totoo? Kahit ngayon lang... Iris, pati ba yung sinabi mo saking mahal mo ako... nagsisinungaling ka rin ba noon?"

"I said, everything I told you was just a lie. EVERYTHING, Sync."

"Why did you do it? Why did you make me believe in all of those?"

"Simple lang, I want to destroy your band and I was almost there, masisira ko na banda nyo **but thanks to some certain fan,**" tumingin sya sakín nun ng may pangaakusa, "nasira ang plano ko! Nahuli nyo na ako! So what now? Ipapakulong nyo

ako? Go ahead! Wala akong pakelam! Basta ang masasabi ko lang, I hate your band! I hate you and I hate everything about Syntax Error! Sana hindi na kayo sumikat, sana magfail na lahat ng projects nyo, sana wala ng tumangkilik sa inyo! Sana masira na kayo ng tuluyan! Bakit pa kasi kayo nag-exist! Panira lang kayo! I hate you!”

“I HATE YOU TOO!” biglang lumapit si Sync at susuntukin nya sana si Iris pero nagstop ang fist nya in midair at napetrified si Iris sa kinatatayuan nya habang nakapikit ito at inaantay na dumapo ang kamao ni Sync sa kanya pero binaba lang din ni Sync ang kamay nya pagkatapos at nakatungong sinabi, “GET OUT OF HERE BEFORE I HURT YOU. GET OUT AND NEVER SHOW YOURSELF TO ME AGAIN!”

Nakakabingi yung sigaw ni Sync na halos umalingawngaw sa buong resort, agad agad din naman tumakbo si Iris palabas ng resort at sumunod sa kanya yung tatlong gorilla, wala man lang nakagawang pumigil sa kanila sa pagtakas nila dahil lahat kami under state of shock pa rin sa wild reaction ni Sync pati na rin sa mga magulong pangyayaring dinala ni Iris sa amin.

Walang umiimik o umaalis sa kinatatayuan, pare parehas kaming parang mga statwang nakatulala sa katahimikan. Ang bigat ng pakiramdam na meron sa pagitan naming lahat, para bang nagpapakiramdam kami kung sino ba ang lalapit kay Sync na noo'y nakatayo lang sa may gitna at nakayuko habang nakakuyom pa rin ang mga kamao. Walang makapagsabi kung ano na ba ang nasa isip nito o ano ba ang nararamdaman nya sa mga oras na ito, pero sigurado sobrang nasasaktan nya ngayon. Sino bang hindi masasaktan pagkatapos kang lokohin diba?

Pero tulad nga ng sabi ko, mahal na mahal nya si Iris na hindi nya nagawang saktan ito o sabihan ng mga masasamang salita pagkatapos ng mga ginawa nito sa kanya. Nakita nyo naman diba? Kahit galit na galit sya, nagawa nyang pigilan ang sarili nya wag lang masaktan ang babaeng mahal nya. Eh bakit ako noon kahit simpleng bagay lang na ikinagagalit nya nasaktan nya ako? Nasabihan nya ako ng mga masasamang salita? Isa lang kasi ibig sabihin nun, hindi naman ako ang taong mahal nya para pahalagahan nya. Bigla bigla parang nakaramdam ako ng inggit kay Iris, buti pa sya ganoon kamahal at pinapahalagahan ni Sync pero naasar talaga ako kasi inaksaya lang ni Iris ang pagmamahal ni Sync sa kanya. Bakit may mga ganong tao diba? Yung hindi marunong magpahalaga sa nararamdaman ng iba para sa kanila... ganun ganun na lang ba kadalang paglaruan ang nararamdaman ng isang tao? Sana kasi wala na lang ganung taong nag-e-exist... hanggang ngayon hindi ko maintindihan kung bakit ginawa ni Iris ang mga bagay na ito.

Pero ang sabi nya kanina, she hates Syntax Error at habang sinasabi nya yung mga salitang yun, kitang kita sa itsura nya kung gaano nya kinamumuhian ang SE... pero bakit? Ano ba nagawa ng SE sa kanya at ganun na lang sya kagalit sa mga ito to the point na pinasok nya talaga ang buhay ng mga ito at sinira? Hindi ko sya magets.

“Sync, pare,” si Mirko ang naglakas loob na lumapit dito at hinawakan ito sa balikat, “Mabuti pang gamutin na muna natin ang mga sugat mo.”

“Don't touch me!” pinalis lang ni Sync ang kamay ni Mirko sa balikat nya.

“Pare, I'm sorry for what happened pero kelangan magamot na ang mga sugat mo baka magka-infection ka pa...”

“Ano bang problema mo?!” biglang tumingala si Sync at tumingin ng direktso kay Mirko at tinulak nya ito ng malakas dahilan para mapaatras ang huli, “Can't you just fcking leave me alone?!”

“Hey, I understand what you're going through but don't push me and drag all your anger to me!” parang nainis si Mirko sa pagtulak ni Sync sa kanya.

“You understand me?” tumawa ng sarkastiko si Sync, “Fck you. You don't understand me, no one in here can understand me! You can never understand what I feel right now! So just fck off and mind your own fcking business okay?”

“You're too full of yourself Sync, do you know that?” hindi ko talaga inaasahang magta-talk back si Mirko sa kanya. Mirko has been always the calm type of guy pero right now, he's totally different and he's really messing with Sync right now. Mirko kinda looks like he's pissed off with Sync...

“I'm tired of figuring out what the fck is wrong with you, you're a very self centered and insensitive person!” lumapit muli si Mirko kay Sync and this time sya naman ang tumalak dito, “You never listen to others, you listen only to what you want to hear! Ayan tuloy, yan ang napapala mo! Ikaw din ang nasaktan sa huli! Sync, sa mundong ito hindi pedeng kung ano lang gusto mong pakinggan yun lang ang pakikinggan mo. Kasi Sync, hindi sa lahat ng pagkakataon yung gusto mong pakinggan yun ang totoo.”

“Shut up!” binalik lang ulit ni Sync ang pagtulak ni Mirko sa kanya.

Pero mas nakakabigla ang sunod na ginawa ni Mirko, bigla bigla nya na lang sinuntok si Sync dahilan para mapaupo ito sa sahig, “Shut up?! See what I mean? Ayaw mo nanaman makinig! Ganyan ka naman eh, hindi ko na kayang suportahan yang baluktot mong ugali! Matauhan ka na nga! Hindi ka na ba nadala? Dahil sa katigasan ng ulo mo, ikaw lang din ang nasaktan sa huli! Ilang beses na bang sinabi sayo na niloloko ka lang ni Iris? Pero anong ginawa mo, dahil sa mahal mo sya you won't doubt her even a little? Ganun ba kalaki ang tiwala mo sa babaeng iyon o ganun ka lang talaga katanga? Sync, iba ang pagmamahal sa katangahan!”

Biglang tumayo si Sync para balikan ng suntok si Mirko pero nahawakan ni Mirko ang kamao ni Sync at sinuntok muli si Sync at ngayon naman sa tyan nito kaya sa ikalawang pagkakataon napaupo nanaman si Sync sa may sahig habang hawak hawak nito ang tyan nyang nasikmuraan.

“M-magtigil ka na sa mga pinagsasasabi mo Mirko!” nakatungo lang si Sync habang nakaupo sya sa sahig, nakasuntok ang isa nyang kamao sa may sahig at napansin ko rin na habang nakatungo sya ay may pumapatak na tubig sa may semento ng resort... luha? Umiiyak si Sync?

“Magalit ka na kung magagalit Sync pero bilang kaibigan, ayaw kong suportahan ang ugali mong yan.”

“Tama na Mirko!” hindi na ako nakapagpigil at sumali na ako sa eksena, lumapit ako kay Sync at lumuhod sa tabi nya at sinigawan ko si Mirko. Tinignan kong mabuti ang nakatungo at umiiyak na mukha ni Sync, nagaalala ako sa mga suntok na ginawa sa kanya ni Mirko, sugatan pa sya tapos sinuntok nanaman sya ni Mirko... siguradong nanghihina na sya, “Ayos ka lang ba Sync?”

“Lumayo ka sakin!” nabigla ako at napaatras kasi bigla nya akong tinulak nung tumayo sya tapos bigla syang yumuko sakin at dinuro ako, “Ayan, ayan na! Naniniwala na ako sa lahat ng mga sinabi mo! Ayan na ha, nakinig na ako ngayon! Pasensya na ha kung hindi ako nakinig noon, ano na ngayon masaya ka na?! Masaya ka na at sa wakas nagising na rin ako sa katotohanan?! Salamat ha! Salamat! Siguro pinagtatawanan mo ako ngayon at sinasabi sa isipin mong buti nga sakin at deserve ko lahat ng nangyayari saking ito dahil hindi ako nakinig sayo,”

“H-hindi Sync, nagkakamali ka...”

“Wag na tayong maglokohan, siguradong masaya kang makitang nasasaktan ako afterall ilang beses na ba kitang sinigawan at diba nasampal din kita dati? Sigurado ko nagdidiwang ka sa mga nangyayari sakin dahil nagmukha akong isang malaking tanga! Oh ayan na, sana masaya ka na sa lahat ng nangyayari! SANA MASAYA KA NA!”

Pagkatapos nun bigla na lang tumakbo palabas ng resort si Sync, tumayo na ako at hahabulin ko sana sya pero bigla akong pinigilan ni Mirko sa may braso, “Hayaan mo na sya Momo, sundan mo man sya wala rin lang syang masasabing maganda sayo. Hayaan mo na muna syang mag-cool off.”

Tumingin ako kay Mirko, “Alam mo mali ka... hindi mo sana sinabihan ng mga ganun si Sync.”

Ikinabigla ni Mirko yung mga sinabi ko, “Anong mali sa sinabi ko Momo? Dapat lang na malaman ni Sync kung gaano katigas ang ulo nya para sa susunod hindi na ito maulit pa sa kanya.”

“Tama yung mga sinabi mo pero maling sabihin mo sa kanya ito ngayon, sana pinagpabukas mo na lang o sa isang linggo mo na sinabi... nasasaktan ngayon si Sync, sana imbis na ibato nyo sa kanya lahat ng pagkakamali nya, sana inintindi nyo na lang muna sya. Sa ngayon, kelangan ni Sync ng iintindi sa kanya kahit gaano pa sya nagkamali sa pagtitiwala sa Iris na yun... Kawawa si Sync, hindi nyo ba naiintindihan yun?”

“Momo, kung lagi mong iintindihan ang isang iyon sa huli ikaw ang magiging kawawa.”

Ngumiti ako kay Mirko at inalis ang kamay nya sa braso ko, “Alam ko, Mirko. Pero di bale na, kelangan nya ng iintindi sa kanya ngayon... kelangan nya ako.”

Pagkatapos nun, iniwan ko na sila sa resort at tumakbo na palabas para sundan si Sync.

*“Wag na tayong maglokohan, siguradong masaya kang makitang nasasaktan ako after all ilang beses na ba kitang sinigawan at diba nasampal din kita dati? Sigurado ko nagdidiwang ka sa mga nangyayari sakín! Oh ayan na, sana masaya ka na sa lahat ng nangyayari! SANA MASAYA KA NA!”*

Sync, bakít naman ako magiging masaya kung nakikita kong nasasaktan ka? Hindi ako masaya, Sync... wala akong makitang dahilan para maging masaya sa ikinalulungkot ng isang tao. Paano ako magiging masaya kung nasasaktan ka, sabihin mo nga sakín?

## **Voiceless 27: When she cries**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

### **- Momo's Voice -**

Saan naman kaya nagpunta yung si Sync? Kanina pa ako paikot ikot sa bayan na ito pero ni anino nya hindi ko makita, mukha pa akong gusgusin sa itsura ko kasi hindi pa ako nagpapalit bale yung damit na nabasa at nadumihan na ng lupa kahapon ay ang syang suot suot ko pa rin. Bumalik muna kaya ako sa resort para magpalit? Pero sigurado naman kasing pag bumalik ako dun hindi na nila ako hahayaang lumabas para sundan at hanapin ulit si Sync, lalong lalo na si Aila, daig pa nun ang isang nanay kung mag-alala para sakín kaya sigurado akong kung kinakailangang itali nya ako sa paa ng kama o ikulong sa may cabinet para hindi ako umalis ng resort ay gagawin nun.

Haay. Kahit ako hindi sang-ayon sa sarili kong aksyon, ang totoo hindi lang si Sync ang tanga dito... ako din, tatanga tanga din ako... Alam nyo kung bakít ko naiintindihan si Sync sa pagpapakatanga nya kay Iris? Kasi ganun din ako pagdating sa kanya, feeling ko handa na rin ata akong magpakatanga para sa kanya... Yung kahit saktan, sigawan at ipagtulakan nya ako ay pagpipilitan ko pa rin ang sarili ko. Alam ko namang tanga ako at mali yun pero nababaliw na ata ako at hindi ko na iniintindi kung mali pa ba o tama ang mga pinaggagawa ko.

“Ughhh!” nagulo ko tuloy ang magulo ko ng buhok out of frustration, ano ba yan mukha na siguro akong gusgusing hampas lupa dito sa kalsada dahil bukod sa ang gusgusin ko na at ng damit ko ay gulo gulo pa ang buhok ko, mamaya nyan may dumaan at abutan ako ng piso akalaing pulubi ako. - \_\_ -

“Ah, mabuti sigurong bumili na nga lang ako ng damit.” napansin ko kasing may ukay ukay sa malapít saking kinatatayuan, kahit hindi ako yung tipo ng taong tumatangkilik ng ukay ukay products ay hindi na ako naginarte at pumunta dun para bumili ng maipampalit sa gusgusin ko ng damit.

“Bawal pulubi,” ayan na nga sinasabi ko, kahit ukay ukay hindi na ako magawang papasukin sa iisurahin ko. - \_\_ -

Ganun na ba ka-worse ang itsura ko? Psh, napapagkamalan na nga akong pulubi. - \_\_ -

“Teh, saglit lang ha? Dyan ka lang? Wag kang aalis,” naghand signal ako sa saleslady ng ukay ukay na nagtaray sakin, sinabi ko sa kanyang maghintay dahil ako ay pupunta sa pinakamalapit na bangko. Kung maari wag syang aalis sa kinatatayuan nya at wag na rin muna syang hinga hangga't hindi ako nakakabalik. - \_\_\_ -

Nung makakita agad ako ng bank machine, nagwithdraw na agad ako ng pera dun gamit ang bank card ko. Buti na lang kasi dala ko yung wallet ko nung hinahanap ko si Sync kahapon pero dahil nga sa umulan ay nabasa lahat ng paperbills ko at nasira sila sa loob ng wallet ko dahil nga sa basa nila tapos nagkalukot lukot pa. Bale ilang coins lang ang natira sakin pero dahil sa kelangan kong bumili ng damit, napagdesisyunan kong gamitin ang magic bank card ko! Bwahaha. Buti na lang lagi kong dala ito in case of emergency, maraming laman ang bank account ko pero hindi ako yung pera... sa parents ko, sila naglagay nun. Bwahaha.

Matapos makapagwithdraw, bumalik na ako dun sa Ukay Ukay pero once again tinarayan na naman ako nung same saleslady from before, “Sabi ng bawal pulubi dito, can't you read,” bigla nyang tinuro sakin yung sign card sa may pinto ng store nila, “Only customers... oh, siguro hindi mo maintindihan dahil english? O sige translate ko sayo---”

“No need, alam ko ibig sabihin nyan... hindi ba ang translation nyan ay 'ang panget mo'?” pero syempre joke lang yun, inaasar ko lang itong antipatikang saleslady na ito, alam ko naman ibig sabihin ng “only customers” like hello, anong tingin nya sakin walang pinag-aralan? Porke't gusgusin lang itsura ko, ganyan sya makatrato, mapangmatang froglet na ito!

“Excuse me?!” syempre nainis yung saleslady sa sinagot ko sa kanya. Psh, antipatika. - \_\_\_

“I won't excuse you, so please get out of the way before I talk to your manager about your attitude towards the customers. And yes, to inform you I am a customer,” then I showed her my 1000peso bill, correction, 1000peso bill**S**, with letter “S” plural form. Excuses.

“Yung bibig, makikisara baka pasukan ng langaw,” yun lang yung last na sinabi ko sa kanya as I step in to the store leaving her w/ her jaw almost dropping and all stoned up in her position. Oh ano, that's what you get from judging a person on his personal appearance. Psh, people nowadays.

Nagmadali na akong mamili ng damit na ipampapalit, I grabbed the first neat t-shirt I could wear and first size S short there is. Binayaran ko na agad sya sa cashier and asked them if I could already wear it and they let me changed in their small dressing room. After that, I left the store and even gave the saleslady from before a sweet flying kiss, well she's still stoned into her position. Poor her, must've been a total shock encountering a beggar who speaks English and has thousands of bills in her hand. \*Evil & triumphant smile\*

Tinapon ko na yung madumi kong mga damit, at I feel a bit clean now that I've changed clothes, medyo sinuklay ko na rin ang buhok ko sa dressing room kanina gamit ang fingers ko. Now that I look like a person now, I can start searching again for Sync...

\*Gruuuuuuuuuuu!!!\*

Argh. Now what! Tyan ko naman nagreklamo! Eh kasi nga diba hindi naman ako kumain pamula pa kagabi kaya ayan, nagwawala na ang mga alaga ko sa tyan. -\_\_-

Wait, hindi pa rin kumakain si Sync diba? Kamusta na kaya sya? Hala, sana man lang kung saanman sya pumunta ay may makakain sya. Kelangan nyang kumain kasi kelangan mag-regain ng energy ng katawan nya. I need to find him fast kasi baka mamaya hindi kumain yun, naku paano naman kaya mga sugat nya? Ahh, Sync naman eh bakit kelangan mong tumakbo, sobrang nag-aalala ako sayo! Sugatan ka na, pagod ka pa tapos sigurado gutom ka na rin! You're emotionally hurt tapos physically hurt ka pa, ugh, asan ka na ba kasi? Gusto na kita makita. :(

\*\*\*

“Fuuu~!” parang may hangin na lumabas sa bibig ko pagkasalampak ko sa pavements ng ewan ko kung saan lugar na ako. Inabot na ako ng gabi, mga 7pm na ata o 8pm o baka 6pm pa lang o ewan ko kung anong oras na basta ang alam ko madilim na at wala ng araw! Wala naman kasi akong orasan, yung cellphone ko naman diba wasted na yun kaya wala rin. Paano ba naman kasi kanina pa ako naghahanap kay Sync, para na nga akong sira na paikot ikot sa bayan na ito ay hanggang ngayon hindi ko pa rin sya nakikita. Ewan ko na nga kung saan na ako nakarating, basta lakad lang ako ng lakad nagtatanong sa mga tao kung nakita na lang yung lalaking nasa picture na pinapakita ko sa kanila. Habang naglalakad kasi ako at hinahanap si Sync, meron akong hawak hawak na picture nya para itanong sa mga tao kung nakita nila yung lalaking yun, syempre marami rin naman nakakilala sa kanya pero walang nakapagsabi sakín kung asan sya. May ilang nagsabi na para daw ngang nakita nila pero hindi nila namalayan kung saan nagpunta kasi akala nila namalikhata lang daw sila ng makita nila ang leader ng sikat na bandang Syntax Error ang nakita talaga nilang dumaan sa harapan nila tapos hindi naman daw nila aakalaing baka si Sync nga iyon dahil sugatan at gusgusin ito ng makita nila, inakala nilang baka kamukha lang ng sikat na singer.

“Ano ba yan Syncbabes, nakakapagod ka namang hanapin eh,” ayan sintomas na ata ito ng simula ng pagkabaliw ko kasi kinakausap ko na yung picture na hawak ko habang nakaupo sa pavement, meron akong wallet size picture ni Sync kasi nga diba adik na adik ako sa kanya? Marami akong pinaprint na picture nya, mga nakuha ko sa internet tapos pinapalaminante ko minsan o kaya naman nilalagay ko sa photo album ko na puro Syntax Error ang laman. Pasensya na, ganyan lang talaga ako kaadik sa kanila. -\_\_-

“O bakit mo ako tinitignan ng ganyan? May dumi ba ako sa mukha?” natatawa ako sa sarili ko, talagang kina-career ko yung pagkausap sa picture ni Sync. “Wag ka naman ganyan, wag mo nga akong titigan baka matunaw ako nyan ee.”

O sige, makikibatukan nga ako kahit isa lang kasi talagang bukod sa nababaliw na ako ang lakas ko pang mangarap at ang lakas din ng kalandian syndrome ko ngayon. Batukan nyo ako dali, kahit isa lang... ayy hindi pala, gawin mo ng dalwa ng ako naman ay matauhan sa mga kabaliwan ko.

“Pero kasi Sync, buti pa sa picture... nangingitian mo ako,” nakangiti kasi yung pose nya sa picture tapos naka-wink pa sya, “Sana picture ka na lang o kaya picture na lang din ang pag-ibig ko sayo.” -\_\_-



“Nakakaasar ka,” ngayon naman sinusuntok suntok ko yung picture nya, “Nakakaasar ka.” - \_\_\_ -

“Ang ganda ganda kong babae pero hindi mo ako napapansin!” sinuntok ko ulit yung picture.

“Bading ka ba? Ang panget ng taste mo! Pang-dyosa ang beauty ko pero ini-snob mo lang! Bading lang ang hindi maiinlove sakin!” hinagis ko sa sahig yung picture at inapak apakan ito, “Asaaar. Maswerte ka kasi ang dyosang tulad ko ay nahuhumaling sayo tapos iniignore mo lang ng ganyan? Aba abusado ka ha! Feeling mo ang gwapo gwapo mo, akala mo kung sino ka, akala mo kung sino kang gwapo!”

Inapak apakan ko pa ito pero narealise ko rin na bakit ko nga ba inapakan ito? Kaya naman pinulot ko kaagad ito at inalis yung dumi sa picture at inayos ang pagkakagusot, “Hala sorry Sync, joke lang bati na tayo! Oo, gwapo ka talaga, sobrang gwapo mo.” - \_\_\_ -

“AHHHHHH!” ginulo ko na lang ulit ang buhok ko at napayuko. Nababaliw na talaga ako, help me. - \_\_\_ -

“Mabuti pa nga siguro na bumalik na ako sa resort, baka mamaya nyan bumalik na pala si Sync sa Manila eh paikot ikot pa rin ako dito sa bayan na ito...” tumayo na ako sa kinauupuan ko at binalik ko na ang gusot gusot na picture sa aking wallet at naglakad na pabalik sa resort... walang tricycle o jeep ee, ano ba yan. - \_\_\_ -

Naglalakad na ako nun pauwi nang may bigla akong nadaanang clubhouse, mailaw sya syempre clubhouse nga ee! Tapos marami ring kabataan na nakatambay sa labas, yung ilan naninigarilyo, yung iba nakatambay sa motor nila. Parang clubhouse sya ng mga kabataan na from 18+.

Eh ano ba tinitingin tingin ko dyan? Halahoy, makapagpatuloy na nga ulit sa paglalakad at gabing gabi na, siguradong nagaalala na sila lalo na si Aila. Patay ako dun pagbalik ko siguradong, megaphone sermon ang abot ko dun. Dakilang nanay yun ee kung makaasta. - \_\_\_ -

Aalis na talaga, promise, aalis na talaga sana ako sa tapat ng clubhouse na yun kasi nga diba napadaan lang ako pero nung magpapatuloy na ako sa paglalakad biglang may nahagip ang tenga ko na nagbanggit ng pangalan ng Syncbabes ko... este ni Sync. - \_\_\_ -

“Are you sure si Sync Mnemosyne nga iyon ng Syntax Error?”

“Ewan ko, pero sobrang gusot gusot at ang dumi ng suot tapos puro pa sugat sa katawan... imposible naman na mapapunta dito ang isang sikat na personality diba? And to say na sa ganung itsura pa?”

“Baka kamukha lang?”

“Siguro... well, sana nga kasi kawawa naman sya... nakita ko kasi parang hinamon nya yung ilang grupo ng mga kalalakhian dun tapos dinala sya or let's say kinaladkad sya ng mga kalalakhian na yun sa likod ng clubhouse. And by the look of it, siguradong bugbog sarado yung lalaking kamukha ng leader ng Syntax Error...”

Oh chicken wings! Hindi lang yun kamukha ni Sync, si Sync nga iyon for sure! Hindi na ako nag-aksaya ng panahon, nilapitan ko yung dalwang babae na naguusap at palabas na ng clubhouse nun at hinarang sila para tanungin, “Saan yung likod ng clubhouse? Paano ako makakapunta dun?”

Medyo nabigla sila sakín sa pagsulpot ko at pagtatanong pero sinagot din naman nila ang tanong ko, “Pumasok ka lang dyan sa clubhouse tapos magdire-diretso ka lang at malapit dun sa may banyo ay may pinto para sa makalabas ka at paglabas mo, yun na yung likod ng clubhouse.”

“Okay thank you!” kung pedeng lumipad, baka lumipad na ako para lang marating ko kaagad si Sync. Ang bilis ng takbo ko, dire direktso ang pasok ko sa clubhouse pero syempre hinarangan ako ng bouncer dun kelangan daw ng ticket bago makapasok pero hinagis ko na lang sa kanya yung 500peso bill ko at dahil dun pinapasok nya na lang din agad ako. Nagpatuloy ako sa pagtakbo kahit nung nakapasok na ako sa clubhouse... ang gulo, ang ingay, ang daming tao at ang dilim sa clubhouse, medyo nakakaliyo yung paikot ikot na ilaw mula sa may ceiling ng clubhouse. Sinubukan kong hanapin yung sinasabing banyo na may katabing exit door papunta sa likod ng clubhouse, halos makisiksik at manulak na ako ng tao para lang marating ko kaagad yung pinto papunta likod ng clubhouse. Andami na ngang nagagalit sakín kasi panay ang tulak, paniniksik at minsan nakakatapak pa ako ng paa. Pasensya naman po, nagmamadali ee. -\_-

Nung makarating na rin ako sa wakas sa sinasabing pinto at nung hawakan ko ang knob ng pinto nito at binuksan ko na ang pinto, “Sync!”

Lahat ng lalaking nasa labas at nasa likod ng clubhouse ay nagsilingunan at nagsitinginan sakín, nakuha ko ang atensyon ng limang lalaking nandun at pati na rin ng atensyon ng isang lalaking nakaluhod sa sahig at may tumutulong dugo sa bibig nito habang nakahawak sa kanyang sikmura, wala ng iba pa kundi si Sync.

“M-momo, anong g-ginagawa mo dito?” hirap na nagsalita si Sync.

Sobrang nahintakutan ako sa itsura nya kaya agad akong lumapit sa kinaluluhuran nya, “Sync, anong nangyari sayo?”

“Miss, sino ka? Bawal ka dito, mabuti pang umalis ka na.”

“Oo nga, bumalik ka na sa loob para hindi ka na madamay dito.”

Pinapalayas na ako nung mga lalaking sigurado akong bumugbog kay Sync pero ayaw kong umalis kasi siguradong sasaktan lang ulit nila si Sync, "Hindi ako aalis."

"Umalis ka dyan miss, hindi ka kasali dito!" bigla akong hinigit nung isa sa kamay at tinayo at inilayo kay Sync pero nagpumilit ako at bumalik sa tabi ni Sync at hinarangan sya para maprotektahan sa mga lalaking ito.

"Please po, wag nyo na syang saktan."

"Miss, umalis ka na kasi dyan. Baka ikaw pa ang masaktan, wala kaming atraso sayo, sa kanya lang kami may atraso. Ang yabang yabang nyang lalaking yan, akala nya porke't sikat sya pede na syang maghamon ng away kahit kanino. Pwes kahit artista pa sya o ano, hindi namin sya uurungan."

Si Sync ang nanghamon? Ibig sabihin sya nagprovoke sa limang lalaking ito? Argh Sync, ano ka ba! Pinapahamak mo ba talaga ang sarili mo o ano? Mas baliw ka pa sakin eh!

"Please po, ako na nagmamakaawa sa inyo wag nyo na po sya saktan. Kung anuman po yung mga sinabi nya sa inyo, kalimutan nyo na lang po iyon. Ako na po yung humihingi ng tawad sa mga sinabi at inakto nya nung wala ako, pasensya na po talaga. Please po, wag nyo na syang saktan." umiiyak na ako nun, ewan ko kung bakit biglang tumulo mga luha ko... siguro dahil sa takot na rin sa limang lalaking ito kasi baka mamaya hindi nila ako pakinggan at saktan pa rin nila si Sync at baka saktan din nila ako.

"Anong gagawin natin pre?"

"Wala na, may pumagitna ng babae ee. Hayaan na nga lang natin, tsik. Pasalamat ka oy, hindi kami napatol sa babae, kung wala girlfriend mo todas ka sana samin. Tsk. Tara na nga."

Lumuwag lang ang pakiramdam ko nang pumasok na ulit sa loob ng clubhouse yung limang lalaki at naiwan na lang kaming dalwa ni Sync sa may labas. Laking pasasalamat ko at may mga puso rin naman kahit papaano ang mga pinrovoke ni Sync ng away at hindi sila napatol ng babae kaya saved by the bell kami.

Pinahid ko na ang luha ko at tinuyo ito gamit ng palad ko atsaka lang ako lumingon kay Sync, "Tara na Sync, mabuti pang bumalik na tayo sa resort para magamot na mga sugat mo."

"Ayoko! Umalis ka na nga! Ano ba ginagawa mo dito? Bakit mo ba ako sinundan!"

This time, hindi ko na natiis at nasampal ko sya. Oo, nagawa ko syang sampalin.

Pero hindi ko sya sinampal dahil galit ako sa kanya, sinampal ko sya para naman wag syang magmatigas ng ulo kahit ngayon lang, "Sync naman, parang awa mo na... pede bang wag kang matigas ang ulo? Gusto ko lang naman gamutin ang sagot mo ee, masama ba yun ha? Nagaalala lang ako sayo. Uwi na tayo Sync, please."

Nakatungo pa rin si Sync mula sa pagkakasampal ko, mukhang nabigla ko ata sya sa ginawa kong pagsampal sa kanya... gusto ko tuloy mag-sorry, hindi ko naman sinasadyang masampal sya ee... ang kulit naman kasi nya ee, nairita lang ako saglit sa pagka-hard headed nya.

"Sync..."

"Momo, dalhin mo ako sa kahit saan basta wag lang muna tayong bumalik sa resort... kahit saan, please."

Ewan ko pero feeling ko my heart just skipped a beat kasi for the first time Sync turned on me, he doesnt need to plead I'll take him willingly to any place he wants. I'll grant him every favor he'll ask me, no need of 'please'... he just need to say it to me and I'll do it for him.

\*\*\*

Dinala ko sya sa isang pinakamalapit na hotel, yun lang ang pede naming matuluyan maliban sa resort kung saan ayaw nya naman balikan muna. Siguro kaya ayaw nya muna bumalik dun ay dahil hindi nya pa kayang harapin ang mga kaibigan nya? Ewan ko lang din pero hindi ko na muna sya tatanungin tungkol dito, ayaw ko na munang guluhin ang isipan nya.

"A-ah.."

"Sorry, konting tiis lang masakit talaga yan." sa loob ng hotel room namin, nakaupo kami sa kama nya habang ginagamot ko ang mga sugat nya, nakahiram ako ng mga first aid kit sa hotel at binigyan na rin nila ng damit si Sync bilang pampalit. Ah, don't get us wrong, yung room namin has two separate beds kaya walang magiisip ng masama.

Now playing: When She Cries by Restless Heart

♪ *The road I have traveled on  
Is paved with good intentions  
It's littered with broken dreams  
That never quite came true*

*When all of my hopes were dying  
Her love kept me trying*

*She does her best to hide  
The pain that she's been through ♪*

“Saglit na lang promise, pupunasan ko lang yung sugat sa may gilid ng labi mo,” sabi ko sa kanya as I lean forward to clean the cut on his lip. Ang lapit ko sa mga labi nya, ramdam na ramdam ko ang hininga nya, ewan ko pero nanginginig tuloy ako kasi... ang lapit lapit ko sa kanya, aahhhh. Ewan ko ba, bakit bumibilis ng ganto ang tibok ng puso ko just by the mere fact na kami lang dalwa ang nandito at ang lapit lapit ko sa kanya. >\_<

“Uminom ka ba?” dahil nga sa malapit ako sa mga labi nya ay amoy ko ang hininga nyang amoy alak. Siguro nung nasa clubhouse sya, naginom sya at kaya na rin siguro nanghamon sya ng away ay dahil sa medyo may pagkalasing na sya.

“That's none of your business,” nakatungo pa rin nyang sabi.

I heave out a sigh and stopped from cleaning his cut, tinapon ko na yung cotton na ginamit ko sa may malapit na basurahan, “Sync, baliw ka talaga ano? Bakit mo naman pinrovoke yung mga limang lalaking iyon, eh nagiisa ka lang tapos sugatan ka na! Gusto mo ba talagang madagdagan pa yang mga sugat mo? Gusto mo ba talagang magpabugbog pa? May balak ka bang magpakamatay ha? Paano na lang kung hindi ako dumating edi baka napagbugbog ka na ng mga iyon and who knows kung ano na lang mangyayari sayo pagkatapos! Wag ka ngang ganyan Sync, sobrang nagalala ako sayo! Eh---”

Pero nabigla na lang ako ng yumakap sya sakín, ang higpit ng yakap nya at binaon nya ang sarili nya sa aking dibdib habang nararamdaman ko ang paghikbi nya at nagsalita sya sa nangangatal na boses dahil sa pagiyak nya, “M-momo, bakit kahit ilang beses na kitang ipagtulakan andyan ka pa rin sa tabi ko? Hindi ka ba galit sakín? Why do you still worry for me after all that I have done to you?”

Hindi ako nakasagot agad kasi sobrang nabigla talaga ako sa pagyakap na ginawa nya. Umiiyak si Sync, yumakap sya sakín na parang bata... oo, para syang bata ngayon na pinagalitan ng nanay. Ewan ko, biglang gumaan yung pakiramdam ko sa kabila ng lahat ng nangyari sa araw na ito kasi sa wakas, napansin din ako ni Sync. I mean napansin rin pala nya yung effort ko na magstay by his side kahit ilang beses nya akong pinagtulakan. Just by the mere fact na napansin nya yung effort kong iyon, masayang masaya na talaga at lahat ng sakit at lungkot na naramdaman ko nawala na lang ng parang bula.

Dahan dahan kong pinatong ang kamay ko sa likod nya para yakapin din sya, pinatong ko rin ang ulo ko sa kanyang ulo at bumulong, “Mahal kasi kita, Sync.”

♪ *When she cries at night  
And she doesn't think that I can hear her  
She tries to hide  
All the fear she feels inside  
So I pray this time  
I can be the man that she deserves  
'Cause I die a little each time  
When she cries ♪*

Napabitaw sya sa yakap sakín at tumingin ng direktso sa aking mga mata, medyo nabigla sya sa sinabi ko at siguro hindi nya inaasahan.

“Mahal mo ako? Ah syempre, isa kang fan ee...”

Nginitian ko sya at umiling, “Dati yun, pero hindi ko alam kung bakit pero ngayon mahal na kita hindi lang dahil sa idol kita. Hindi naman ako aabot sa point na intindihin ka hanggang ngayon kung ang pagmamahal ko sayo ay bilang isang fan lang... Sync, I'm a fan and also just a somebody who loves you w/ the knowledge that its impossible for you to love me back”

Naisuklay ni Sync ang mga daliri nya sa kanyang magulo ng buhok at frustrated sya habang nakayuko na, “Nakakatawa, bakit kasi nagmamahal pa ako sa maling babae... bakit yung babae pang lolokohin lang pala ako ang minahal ko. Sayang naman tuloy yung pagmamahal mo sakín, yung pagmamahal mo na kahit ilang beses pa kitang ipagtulakan ay lalapit at lalapit ka pa rin sakín, yung pagmamahal mo na sa kabila ng pagiging isa kong malaking gago ay mahal mo pa rin ako at nasa tabi ko pa rin ikaw... Sayang talaga Momo yung pagmamahal mo, sana nakilala na kita noon pa man bago ko makilala si Iris... Sana ikaw na lang yung minahal ko at hindi sya.... sana ikaw na lang edi sana hindi ako nasasaktan ng ganto.”

“Bakit nga ba kasi hindi na lang ako?” nadadala na siguro ako ng emosyon ko kaya naglakas loob na akong sabihin sa kanya yun na syang kinabigla nanaman nya at napalingon sya sakín ng hindi oras. Nagtatanong yung mga mata nya at wari bang nakikiramdam sya sa sinabi kong iyon.

Bigla nyang hinawakan ang pisngi ko gamit ang kanyang palad, nilapit ang mukha nya sa mukha ko at nagtanong, “Pedeng ikaw na lang?”

“Matagal na akong pede Sync,” pagkasabi ko nun...

...parang naging magic na lang ang lahat at hinalikan nya ako... hindi lang basta halik, isa syang matagal at hindi ko maipaliwanag na halik. Ramdam na ramdam ko ang emosyon nya sa halik na yun, halo halong galit, lungkot, paninisi, panghihinayang, takot, pangangamba at kung anu ano pa.

Habang hinahalikan nya ako, napahiga na lang ako sa kama at nagpatuloy lang kami habang pinikit ko na ang mga mata ko at sabi nga nila, bahala na si batman. Alam kong walang nararamdaman para sakín si Sync kahit hinahalikan nya ako pero kung sadyang nalulungkot na talaga sya at kelangan nya ng karamay, andito lang ako... andito lang ako palagi sa kanya. Alam ko sa bandang huli, mapapansin nya rin “siguro” lahat ng ginagawa ko para sa kanya at baka sakaling masuklian nya rin ang nararamdaman ko para sa kanya... baka sakali lang naman. Hindi naman talaga ako umaasang masuklian talaga dahil alam kong malabo pero... gusto ko talagang mahalín nya rin naman ako. Sino ba naman kasi ang nagmamahal ng hindi gustong masuklian ang pagmamahal nya diba?

♪ *She's always been there for me  
Whenever I've fallen  
When nobody else believes*

*She'll be there by my side*

*I don't know how she takes it  
Just once I'd like to make it  
Then there'll be tears of joy  
That fill her loving eyes ♪*

Sync, mahalín mo lang din ako pangako ko sayo hindi kita sasaktan tulad ng pananakit na ginawa sayo ni Iris.

Tumigil sa paghalik sakín si Sync at habang nasa ibabaw ko sya, biglang may tumulong luha sa aking pisngi na galing sa kanya, minulat ko ang aking mga mata para makítang umiiyak pa rin pala ang mga mata nya na ngayon ay direktong nakatingin sa akin habang mababasa mo sa kanyang mga mata kung gaano sya nasasaktan pero lumundag ang puso ko ng may sabihin sya sakín, "Momo, paano ka ba mahalín?"

**Madali lang, Sync.**

♪ *So I pray this time*

*I can be the man that she deserves  
'Cause I die a little each time  
When she cries ♪*

## **Voice 28: Window**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

**- Aila's Voice -**

Aaah. Tapos na rin ang "bakasyon" na ito, inabot lang kami ng 4days kasi bumalik na kahapon si Sync na kasama ni Momo. Nagpahinga muna nun si Sync pagkabalik nya at tumawag na rin si manager Ree ng doctor to control Sync's wounds. Wala naman daw nakítang grabeng damage sa kanya, yun nga lang ang sabi ng doctor na tumingín sa kanya ay mas maiging magpa-xray na rin sya sa isang hospital talaga to see kung may inside damages/fractures ba sya or what.

Tapos nung gabi din na iyon, nakakapagtaka kasi biglang nagbago ang ugali ni Sync. I mean naging calm na sya at sya pa yung nag-effort na magdinner daw kami all together at nung nasa table na kaming lahat nung gabing yun, bago kami magsimulang kumain ay nagsalita si Sync at humingi ng sorry sa buong grupo nya at nagsorry din sya sa pagiging hard headed nya. Well, it's about time nanaman noh.

Pinatawad naman sya ng mga kagrupong naya at nag-group hug kami, pagkatapos din ng dinner na yun ay lumabas saglit sina Sync & Zeke, sa tingin namin ay nagkaroon sila ng heart to heart talk.

Ngayon, naglalabas na kami ng mga bagahe para ilagay na sa mga kotse dahil nga uuwi na kami ngayong tanghali pero habang naglalagay ako ng bagahe sa baul ng kotse sa may likod ay nabigla na lang ako nang may biglang umagaw ng bag ko mula sa aking kamay at paglingon ko ay bumulaga sakín si Mirko who looks so cool with his shades on pero mas cool pa sya lalo nung tinanggal nya ito at ngumiti sakín.

"Ciao, principessa mia."

"Ciao!" since he's been calling me "principessa mia" for these past few days, gets ko na ang meaning nya --- 'my princess'.

Aagawin ko na sana yung bag ko sa kanya, "Naku, ako na kaya ko nanaman ilagay ang bag ko sa car trunk. Hindi naman mabigat yan."

Hindi nya binigay sakín ang bag ko, "Pedeng sa akin ka na lang sumabay?"

"H-ha? Sumabay saan?"

"Sa pagmamahal?" feeling ko bigla na lang akong namula sa pick up line nya. Lesheng ito, bumabanat pa! Banatan ko sya ee. -\_- (>///<) Pero bigla naman syang tumawa at binawi rin agad yung sinabi nya, "Haha, joke lang. I would want to ask you kung pedeng sa kotse ko na lang ikaw sumabay? Ako na lang maghahatid sayo."

"Eh... pero dito na ako kay manager Ree na sasakyan makikisabay ee."

"Ti prego, ti prego?" as far as I can remember it somewhat means "please" or "I beg you" or the such. Staying & spending time with him these past few days, natuto na ako halos ng basic Italian words. -\_-

"Eh..." napakamot tuloy ako ng batok, nagdadalwang isip kasi ako kung sasama ba ako o hindi.

"Aila, nakuha mo na ba mga gamit mo?"

"Momo! Just right in time," tinawag ni Mirko si Momo na palapit na samin habang dala dala nito ang mga gamit nya, "Pedeng mahiram muna ang bestfriend mo? Sa kotse ko muna sya sasakay ah? Ako na maghahatid sa kanya."

"Ah--"



"Sure, mura lang renta sa kanya, mga 1thousand per hour. Haha! Joke lang, basta iuwi mo lang sya in one piece ok?"

"Eh--"

"Eh if I don't bring her in one piece?"

"Ti amazzo! Hahaha! Tama ba?" (I'll kill you!)

"Ahaha! Yeah, yeah. Don't worry, she'll be home safe and sound. Promesso." (I promise.)

"Ano--" ampechay naman oh! Hindi ako makasingit sa usapan nila! Wala man akong natatandaang sumangayon akong sasabay ako kay Mirko aa. Tsaka tama bang pagusapan nila ako sa mismong harap ko? Pshhh.

"Sabi mo yan ha!"

"Oo naman, maasahan mong mahahatid ko sya ng buong buo at walang kagalos galos."

"H-hey, w-wala akong---" sinasabe... Hindi naman sila nakikinig saakin! Nilagay na nga ni Mirko yung bag ko sa kotse nya ee, ang kulet ee, napaka-insistent... ni hindi ko pa nga sinasabi sa kanyang payag na ako. But there's no use sa pagpapakipot pa, osya andyan na rin naman, sasabay na lang ako sa kanya... hindi naman siguro nya ako re-rape-in nuh? Wala naman masamang mangyayari sumabay man ako sa kanya. -\_-

Oo na, oo na. Aaminin ko na, I'm starting to build some certain feelings for him... yung "crush" ba. Hindi naman kasi mahirap at hindi rin maiiwasan, eh sino ba naman kasi hindi magkaka-feelings sa isang napakagwapong lalaki diba? Tapos sobrang sweet pa! I mean he knows the right words to say para pakiligin ang isang babae and his Italian accent is indeed sexy. Pero medyo awkward talaga para saakin na may bumubuntot saking gwapong lalaki, hindi ako sanay ee... hindi man ako nagboboyfriend pa ee dahil nga siga ako dati diba. -\_-

\*\*\*

Now Playing: The Man Who Can't be Moved by The Script

♪ *Going back to the corner where I first saw you  
Gonna camp in my sleeping bag, I'm not gonna move  
Got some words on cardboard, got your picture in my hand  
Saying if you see this girl can you tell her where I am* ♪

"Wow! Naka-cd ba yan?" pagtatanong ko nang biglang tumugtog ang kanta ng The Script sa may kotse nya. Oo, nakisabay na nga ako sa kanya, mapilit ee. -\_\_-

Pauwi na kami ngayon.

"Yup, dinala ko yung CD na ito kasi naalala ko na diba gusto mong manghiram ng CD? Pahiram ko ito sayo."

"Wow! Talaga? Thank you, Mirko!"

"Kaso hindi libre ang renta sa cd ko, dapat may libreng kiss!"

Ayan nanaman sya nambibigla, para nanaman siguro akong pulang kamatis dito. Sino ba naman kasi hindi mabibigla sa mga sinasabi at banat nya diba?

"Joke lang! Hahaha, ikaw naman you take me seriously."

"Asar ka!" -\_- tinulak ko nga sya sa may braso nya pero mahina lang kasi nagdadrive sya ee baka masagasa at mamatay kami pag naout of control sya sa pagdadrive dahil tinulak ko sya ng malakas. -\_\_-

"Some try to hand me money, they don't understand. I'm not broke, I'm just a brokenhearted man. ♪" nagsimula na syang kumanta at makisabay sa cd, maganda ang boses nya kahit gitarista lang sya ng banda nila. "I know it makes no sense, but what else can I do. How can I move on when I've been inlove with you." ♪

"Ang ganda ng song nuh?" sabi ko as I interrupt him sa pagkanta nya, habang pinagmamasdan ko kasi syang kumanta para bang damang dama nya yung kanta... weh, ang OA ko lang siguro. Imagination ko lang siguro yun. Ayy, nakakaparanoid naman kasi. -\_\_\_-

"Yeah, actually ito pinakafavorite kong kanta ng The Script,"

"Talaga?"

"Yeah, nakakarelate ako..."

"Eh?"

Bigla syang umiling iling at ngumiti, "Wala, wala."

Nakakarelate daw sya sa kanta?

♪ 'Cause if one day you wake up and find that you're missing me  
And your heart starts to wonder where on this earth I could be  
Thinking maybe you'll come back here to the place that we'd meet  
And you'd see me waiting for you on the corner of the street

So I'm not moving  
I'm not moving ♪

This song talks about a guy who fell inlove with a girl and still can't get over her.

♪ Policeman says son you can't stay here  
I said there's someone I'm waiting for if it's a day, a month, a year  
Gotta stand my ground even if it rains or snows  
If she changes her mind this is the first place she will go ♪

Sino yung girl? Hindi ako yun sigurado, the song says that the guy has been waiting for like a long time that's why he waits there and stays still on where he stands and will move only when she comes.

Somehow, that thought that formed in my head pricked a part of me... I just can't figure out what part, something near my chest I think.

♪ 'Cause if one day you wake up and find that you're missing me  
And your heart starts to wonder where on this earth I could be  
Thinking maybe you'll come back here to the place that we'd meet

And you see me waiting for you on the corner of the street

So I'm not moving  
I'm not moving  
I'm not moving  
I'm not moving ♪

"Mirko,"

"Hmm?"

Nakatungo lang ako nun ng tanungin ko sya dahil hindi ko kayang itanong ito sa kanya ng harap harapan, "Anong nagustuhan mo sakin?"

"Tinatanong pa ba yan?" tumawa lang sya nun pero wala na syang dinugtong pa sa sinabi nya. Minsan iniisip ko, may gusto nga kaya sakin si Mirko? Totoo nga kayang mahal nya na ako? Ibig kong sabihin, ang bilis lang kasi eh... sobrang bilis ng mga pangyayari na parang ayaw kong maniwala.

♪ People talk about the guy  
Who's waiting on a girl, oh whoa  
There are no holes in his shoes  
But a big hole in his world

Maybe I'll get famous as the man who can't be moved  
And maybe you won't mean to but you'll see me on the news  
And you'll come running to the corner  
'Cause you'll know it's just for you

I'm the man who can't be moved  
I'm the man who can't be moved

'Cause if one day you wake up and find that you're missing me  
And your heart starts to wonder where on this earth I could be  
Thinking maybe you'll come back here to the place that we meet  
Oh, you see me waiting for you on a corner of the street ♪

Kung nakakarelate nga sya sa kanta, does that mean he's a man that can't be moved? From what... from whom?

\*\*\*

**- Momo's Voice -**

Ohyeasss.

"Goodmorning Philippines!!!!!!!!!!!!!!" \(\*u\*)/

"Arf arf!" mula sa bintana ng kwarto ko ay ginreet ko ang sambayanan ng magandang umaga at ang kauna unahang nagtext back este nagreply sa greeting ko ay ang aso namin si Shawtie na noon ay nakahiga sa may garden sa ibaba.

"Arf arf!" syempre nagreply din ako kay Shawtie sa doggy language, sabi ko 'hi Shawtie'. XD

Nagdiretso na ako sa may baba ng bahay para makakain na ng breakfast, may pasok pa ako ee. Kagagaling ko lang kahapon sa Laguna trip kasama ang SE at dahil nagskip ako ng ilang days sa school ay eto ako ngayon nagbabalik para pumasok.

Pag upo ko sa lamesa at naglagay ng cereal at milk sa may bowl ko ay naabutan ko dun si kuya Memo na nagbebreakfast habang may laptop sa harap nya, "Goodmorning kuyaaaaaaaaaaaa!" \*u\*

"Goodmorning bunso, what's with the good mood?" tanong nito as he sips on his cup of coffee. College student pa lang si kuya pero para ng businessman ang dating, palibhasa kasi sya ang magi-inherit ng business ni daddy kaya ganyan sya ka-severe sa pag-aaral. Minsan, I find my kuya a very boring person... masyado syang seryoso at parang may ibang mundo or para bang hindi sya taga planetang Earth. Siguro taga planeta sya nina Majinbu? \*O\*

"Wow, ganun ba ka obvious na nasa good mood ako?" ewan ko ba, since yesterday pa akong ganto. As in parang hindi na ata maalis alis pa sa mukha ko ang mga ngiti ko... haay, paano ba naman akong hindi magiging masaya pagkatapos ng nangyari samin ni Sync?

Pagkatapos kasi nun, tinanong ako ni Sync kung pede daw sya mag-try sakin... sabi nya susubukan nya daw na mahalin din daw ako, bigyan ko lang daw sya ng enough time. So why not diba? Yun bang feeling na "finally! he's giving his attention to me!", oo heaven na heaven ang feeling ko! I know it would need him time to love me back pero I'll be willing to wait for him, andito lang ako hindi ako aalis promise, iintayin ko syang ma-reach at mapantayan yung feelings ko sa kanya. At pag nangyari yun, baka sumabog na ako sa saya. \*u\*

"Something happened?" argh, bakit ba ang galing manghula ni kuya Memo? It's like I can't hide anything from him! Wait, speaking of...

"Hey kuya, bakit hindi mo sinabi sakin na magkakilala pala kayo ng Syncbabes ko?!" >\_\_<

"Haha, still with that Syncbabes thing huh? Well, hindi ka naman nagtatanong eh so why should I bother telling you?"

"You want sapak huh? Alam mo naman na idol na idol ko yun tapos hindi mo man lang sinabi sakin tapos yun nga, sya pala yung bata dati na nagpunta dito satin at syang nakakita sakin na nagmo-moment sa banyo!" >\_\_\_\_<

"Ahaha! That's exactly the whole point kaya hindi ko na sinabi sayo na magkakilala kami kasi you'll just ask further information at baka once na malaman mo yung tungkol sa banyo thing ay maging wild ang reaction mo at hindi mo na ako paniwalaan. And hey wait, how did you know about these?"

"Well, napag-usapan lang namin ni Sync."

"Ooh, I see.. nagkakaroon na kayo ng small topics huh? I guess your profiting from being their assistant eh?"

Nag-blush ako I think sa sinabi ni kuya kasi naalala ko nanaman yung moment namin dalwa ni Sync, "Well... profiting? Sort of."

"Hmm, just be careful okay? Good things come with companies."

"Huh?"

"Nothing, nothing. I'd be going, bye bunso!" niligpit nya na yung laptop nya, lumapit sakin at kiniss ako sa noo ko at naghead out na. Weirdong kuya. -\_\_\_-

Nung matapos na akong kumain at nailagay ko na sa dishwasher yung pinagkainan ko, kinuha ko na yung bag ko at nagtungo na palabas pero syempre pinet ko muna si Shawtie, hinawak hawakan ko muna sa ulo nya as he wags his tail tapos nagbabe na ako sa kanya at lumabas na ng gate ng bahay namin.

"Wooo! What a good day to take a walk!" ewan ko, iba talaga pag masaya ka nuh? As in nagiging energetic ka no matter what! Wala nga akong ganang magkotse papuntang school ngayon eh, feel na feel kong maglakad at ngumiti sa bawat taong makakasabong ko! IM JUST HAPPY, PERIOD!

Teka... nakakamatay ba ang sobrang happiness? Well, kung oo atleast mamamatay akong masaya. XD

\*\*\*

Nung nakarating ako sa school, well of course nagpasa ako ng admission slip dahil umabsent ako ng ilang araw at ganun na din si Aila pero syempre napagpaalam na kami ni manager Ree kaya tinanggap ng principal yung slip namin. Nagklase lang kami at grabe, ang hirap pala umabsent ng ilang araw dahil andami na rin namin namissed na lessons and to say na nagkaroon pala kami ng quiz nung Wednesday bale kelangan namin i-take din yun at dapat humabol din kami sa mga lessons pero sobrang hirap kasi mayroon sa Physics na hindi ko talaga maintindihan pero no choice, I have to self study it --- yan napapala ng pag-absent ee. -\_\_\_-

Nung bandang recess na, nagkwentuhan lang ulit kami ni Aila sa may canteen. Kung gaano ka-up ang mood ko ganun naman ka-down yung kanya.

"Huy, what's up coconut with you?" pagtatanong ko as I take a bite on my burger so just imagine me speaking with my mouth full. Watta manners. XD

"Haay, life parang buhay." buntong hininga here, buntong hininga there. Kanina pa sya bumubuntong hininga, ano ba problema nito? Minsan lang ito magkaganto, nako nakakatakot baka madepressed nanaman itong babaeng ito. Ayaw ko pa man sa lahat ay pag nadedepress ang bestfriend ko kasi may suicide background na sya ee. Malaki kasi ang problem ni Aila sa parents nya, laging hindi magkasundo ang mga magulang nya bale magulo sa bahay nya halos araw araw at hindi sya nakakaramdam ng pagmamahal ni nakakakuha ng atensyon sa mga magulang nya kaya prone to depression si Aila kaya nga nagturn sya sa pagrerebelde at nung hindi na talaga kinaya ay nagsuicide na pero buti nakaligtas sya at pinagpromise ko sya sakin na hinding hindi nya na uulitin yun dahil pag inulit nya yun, ido-double dead ko sya, hindi ko patatahimikin ang kaluluwa nya pag nagkataon. =\_\_=

"Ano ba kasi problema mo uy? Pera? Tyan? Menstruation cycle? Grades? Baon? Mukha mo? Ano beyyy? Tell me." panay lang kasi buntong hininga ayaw naman magspeak up, tingin nya sakín madam auring para mahulan ang problem nya sa mga buntong hininga nya?

"One plus one, Momo?"

Medyo nagtaka ako kaso out of the blue yun yung tinanong nya, as in anlayo naman kasi sa topic ng sinabi nya, "Edi two?"

"Mali, equals window."

"Eh?"

"Diba 1+1 pag dinrawing at pinagdugsong itsurang window? Kaya window ang sagot."

"O ang korni mo, tapos? Pede ka na bang isali sa bubble gang, ganun?" nakaka-sarcastic ng mood ng hindi oras itong si Aila oh, ang tino tino ko naman kasi sa pagtatanong ng problema nya tapos yung isasagot nya sakín 1+1 = window? Sapak gusto nya? I mean paano nakarating sa "window" ang usapan. =\_\_=

"Haay, life parang buhay."

"Alam mo sasakalin na kita paulit ulit ka na ha, panay pa buntong ng hininga mo. Sabihin mo nga kasi sakín ang problema mo! Namomproblema ako kakaisip kung anong problema mo eh!" =\_ =

"Eh alam mo kasi Momo, yung problema ko parang yung tanong ko lang sayo na 1+1."

"Eh?"

"Diba automatic na sagot mo ay two?"

"O tapos?"

"At ang sabi ko naman sayo ay ang sagot ay 'window'... actually both answers are right."

"O anong konek ng problema mo dito? Wag na nga tayong magpaligoy ligoy, diretsahin mo nga ako."

"Eh kasi... diba pedeng sa buhay ng tao, merong pag tinanong mo ng 1+1 automatic na isasagot ay 2 pero life is sometimes as complicated as getting an answer like a "window" to that 1+1 question... we always go for the obvious na minsan we forget to push ourselves to thinking na behind the question, there might be another answer... that the answer is not always what's there in front of us. Sometimes you have to look at the situation carefully and maybe, just maybe, you might see another answer --- another answer that no one might think of because what they only see is the obvious and the usual."

"Nosebleed, bruh!"

Napatawa sya sa reaction ko, atleast diba napatawa ko sya? Para kasing matandang pensyonada ang itsura ee. =\_ =

"Baliw ka talaga, Momo!" XD

"Eh naman kase nuh, andami mong satsat pero hanggang ngayon hindi mo pa rin nasasabi problema mo sakín. Ang churvaloo mo much." =\_ =



"Eh ano kasi..."

Sasabihin nya na ata sakin kaso biglang tumunog yung cellphone ko...

Ringtone: What does it take by Davedays

♪ *I woke up  
In the middle of the night  
Out of luck  
With this girl on my mind  
She got away now  
I'm trying to explain how* ♪

"Hala may natawag," naputol tuloy yung paguusap namin ni Aila dahil kinailangan kong kunin yung cellphone kong tumutunog sa aking bulsa.

"Who's calling?" tanong ni Aila at nakitingin sya sa screen ng phone ko.

*Kevin Sy calling...*

Yung mata nya nanlaki, as in like this --> -\_- este like this pala --> O \_\_\_\_\_ O

"IS THAT KEVIN SY OF RUNAWAY CALLING?!!!"

"Ashuuushuuuuuuuu." halos mamurder ko na bibig ni Aila para lang matakpan ito dahil bigla na lang syang napasigaw sa may canteen, nagsilingunan nga mga tao samin. I just hope hindi nila naintindihan yung sinigaw ni Aila or if ever naintindihan nila sana they would just think that she was just kidding or something like that. Ingay naman kasi nitong bruhang itetch. -\_-

"adbhasgdhavgdvgdvabdjabs!!!" sinusubukan nyang magsalita kahit takip takip ko ng kamay ko ang bibig nya.

Pinakawalan ko rin naman ang bibig nya tapos pinunas yung palad ko sa may sleeve ng uniform nya kasi may laway nya, "Eew, laway mo."

"Che! Ikaw ba naman biglang takpan ang bibig ko, pasalamat ka nga hindi kita kinagat ee!"

"Eh ikaw ba naman biglang sumigaw! Ingay mo teh!" =\_ =

"Eh paano akong hindi sisigaw eh tinatawagan ka ni Kevin Sy ng Runaway... teka si Kevin Sy nga ba yan na leader ng Runaway o kapangalan lang?" Ay oo nga pala, hindi ko pa ata nakekwento kay Aila ang tungkol kay Kevin. Pakshet lang,

ang dami kasing nangyari nitong mga nakaraang araw kaya nakalimutan ko na si Kevin. -\_-

♪ *I fell inlove*

*That's what I like to call it  
But not enough  
It's like I never saw it  
Drifting away I am  
Finding words to say  
But it all goes  
Whoa(x8) ♪*

"Saglit, kekwento ko sayo mamaya ang lahat. Sagutin ko lang itong call." kasi kanina pa ring ng ring eh nakikipagdakdakan pa rin ako, kawawa naman yung nasa kabilang line sa pagiintay XD

Sinagot ko na nga yung call at itong bestfriend ko talagang dinikit ang tenga sa may cellphone ko para marinig nya rin yung usapan namin, chisoserang palaka ito. "Hello Kevin, napatawag ka?" syempre low voice lang ako kasi nga baka may makarinig na kausap ko ang leader ng bandang Runaway, mamaya ay may superfan pa dyan ng bandang yun at kuyugin ako at hablutin ang cellphone ko. -\_-

"Momo, how're you doing?"

"Ayos lang." tumawag lang ba ito para mangamusta? Istorboooo. -\_-

"Nakakaistorbo ba ako?" "Hindi naman,"ahaha, ang plastic ko. Joke lang, syempre hindi sa pagiging plastic, nagpapagood manners lang ako alangang diretsuhin ko yung tao na sabihin kong "OO NAKAKAISTORBO KA BABYE" o diba mas masamang ugali yun? Sometimes kelangan mo lang talagang maging plastic kasi hindi naman sa lahat ng pagkakataon nakakasama ang pagiging plastic, andyan yung tinatawag na "matutong makisama ng matino sa kapwa".

"Glad to hear that. Umm, wala lang, after kasi ng date este nung lakad natin nung Sunday sa EK, hindi ka na nagparamdam..." nagparamdam? Bakit ako magpaparamdam? Multo ba aketch para magparamdam? Wuuu.

"huwat? Lumabas kayo nung Sunday? EK? As in Enchanted Kingdom? Nagmeet kayo? What the heck---dfsjafgsfagfvs." sinupalpal ko sa kanya yung palad ng right arm ko para tumahimik sya. Paano kasi nakiki-epal sa kin habang may kausap ako sa telepono, excuse me iisang tao lang ako, iisa lang bibig ko kaya one person at a time naman oh. Ang mainipin naman nitong si Aila ee, e-explain ko naman sa kanya later ang laht, cant she wait? =\_=

"And yeah, uhh... I kinda missed you."

"Shaddup!"

"EH?!" sabay pa kaming nag-"eh?!" ni Kevin kasi ako napasabi ako ng "Shut up!" pero para kay Aila yun na nangungulit pa rin habang kausap ko si Kevin sa phone kaya medyo nairita ako at na-voice out ko yung salitang "Shut up!" pero it turned out na parang intended ito kay Kevin kahit hindi naman. =\_= Tapos nabigla din ako sa sinabi nya, he kinda missed me? HANUDAW? O.O

"S-shut up? A-ah, s-sorry..." parang disappointed yung voice nya. "Hala Kevin, no that's not what I meant... ano, hindi kasi... ano..." amfufu, paano ko ba i-e-explain na hindi para sa kanya yung "shut up!" at para sa bestfriend ko yun na nag-e-eavesdrop sa usapan namin at the moment at nangungulit sakin? =\_ =

Eto namang katabi kong bruha, bumubungisngis kasi natatawa sya sa flow ng usapan namin ni Kevin kasi nga nasabihan ko ito ng "shut up!" kahit para naman talaga sa bruha katabi ko iyon. ARGHHHHH. Minsan sarap sapakin nitong si Aila, isa't kalhating abnormalin din kasi ee. =\_ =

"Ah, wala yun. Don't worry, maybe it's better na magshut up na nga lang ako so yeah, I'll end the call na..."

"WAIT!"

"Yeah?"

Teka... bakit ko nga ba sya pinigilan sa pagbaba ng phone call? =\_ =

Well, ayaw ko naman kasing manatili sa isip nya na binastos ko sya at sinabihan ng "shut up" anuh. I'm not that kind of an ill mannered person. =\_ =

"Momo, you still there?"

"Ehh... yeah," amfufu ever... ano na sasabihin ko ngayon? Wala ako maisip... blank, blank and blank ideas.

"You have something to say?"

"E-eh? Ano... ah, wala." =\_ =

"Ohh," he really sounds disappointed and somewhat offended. Oh dear, kasalanan ito ni Aila, I feel guilty tuloy na na-offend ko ata sya. Syempre naman kasi malaki rin utang na loob ko kay Kevin tapos iti-treat ko na lang sya ng ganto? That's not really fair, and to say na hindi pa ako fully nakakabayad ng utang na loob ko sa kanya kahit hindi naman nya talaga ako sinisingil pero kasi ang utang na loob ay utang na loob pa rin.

"Umm, ano Kevin!"

"Yeah?"

"Ano..." ano... wala akong masabi. Anak ng pechay, baka maweirduhan na yung tao sakin kasi kanina pa ako "ano" ng "ano"... Wala man kasi masabi pero ayaw ko talagang i-end nya na ang call dahil sa na-offend ko sya. =\_ =

"Say Momo," ay gulay mo! Nakakabigla naman kasi nagsalita bigla sya, "Are you free this afternoon?"

Am I free this afternoon? Free? Hindi ako for sale. Nyehehe. Joke, ang korni. Washuuu. =\_ =

"Yeah, I think so. Why?" wala naman kasing work ngayon sa SE ee, well sa ngayon ha kasi hindi pa naman natawag saakin si manager Ree. Tsaka I think rest muna ang Syntax Error sa public, kelangan nilang magpa-cool down after ng issue nung last concert na may mga nakaposts na pictures nina Zeke, Iris at Sync sa may big screen ng concert hall.

"Umm... Pede ka bang ma-invite manuod ng small gig namin later?" Bigla akong tinignan ng masama ni Aila na parang sinasabi 'what-the-heck-maka-runway-ka-ba-o-ano-di-ba-rival-yan-ng-syntax-error'.

Hindi ko man sya masisisi kung ganun ang tingin na pinupukol nya saakin kasi as far as she knows I don't like Runaway since rival band nga ito ng Syntax Error at madalas nga namin dati makaaway ang mga fans ng Runaway kasi all out support kami sa SE. Kaya alam ko malaki ang pagtataka ni Aila saakin kung bakit at ano ang ginagawa ko at kausap ko ang leader ng rival band ng pinakamamahal naming Syntax Error. Pero siguro maiintindihan nya rin once na maikwento ko na sa kanya ang whole story, malalaman nya rin siguro na Kevin Sy's not that bad as a person.

"Sure, anong oras?" manunuod lang naman ng gig ee, kahit hindi ako talagang nakikinig sa songs nila hindi naman siguro ako mamamatay kung pupunta ako at makikinuod. For the first time, manunuod ako ng live performance ng Runaway? Nakakatawang isipin na noon, halos ikasuklam ko ang bandang yan dahil nga rival sya, alam nyo naman ang fan na tulad ko basta rival ng favorite band ko wala na akong pake kahit anong klase pa ang rival nya basta automatic na "panget" na agad ang tingin ko dun kahit hindi ko pa sila napapakinggan. XD

**Well, everything changes.** Saka wala naman ginawang masama saakin ang Runaway kaya I think I should also give them the chance to receive a support from me, afterall naging mabait naman ang leader nila saakin.

"Mga 4pm sa may \*\*\*\* club, do you want me to pick you up?"

"Ah wag na, alam ko naman yung place. I'll go there na lang on my own para hindi kita maistorbo baka kasi kelangan nyo pa ng preparations para sa performance ng gig nyo."

"Ok, but ako maghahatid sayo pauwi okay? Para makabawi ako."

"Sure, no problem."

After some while, natapos din yung call.

"Okay, spill it girl. Anong meron sa inyo ng leader ng Runaway, aber?"

"Waleyyyy." -\_-

## **Voice 29: Rival**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

"WE LOVE RUNAWAY!"

"RUNAWAY IS LOVE FOREVER!"

"RUNAWAY ALL THE WAY! JUST ONE WAY TO RUNAWAY!"

Err... alam nyo yung feeling ng nakaka-OP sa paligid? Well, andito kasi ako sa isang club kung saan magpeperform ang Runaway... diba nga may gig daw sila sabi sakin ni Kevin? Well, it's not just a gig... parang gig with the fans pala ito kaya naman punong puno ang place ng Runaway fans. Kabi kabila ang mga nakasulat na support ng fans, meron sa cartolina o sa manila paper or sa tarpouline mismo or poster or mayroon ngang sa may t-shirt mismo. Feeling ko ako lang yung namisplace dito kasi parang ako lang yung hindi "fan" ng Runaway na nandito.

Ano ba magagawa ko, invited lang naman ako. Mabuti pang dito na lang ako sa may isang gilid umupo para tahimik ang kaluluwa ko dito. Ingay kasi ng mga fans kahit wala pa ang Runaway sa stage ng club. -\_\_\_-

Nagugutom ako, mabuti pang maka-order na muna sa padaan daan na waiter. Umorder ako ng hamburger at isang coke kasi naman hindi na ako nakapagmeryenda sa bahay eh paano kasi pagkauwi ko pagkatapos ng klase at 1pm ay kumain ako ng lunch tapos siguro dahil na rin sa pagod at puyat na inabot ko nung nagbakasyon sa Laguna ay nakatulog ako sa sobrang antok. At pagkagising ko nakita ko mag-fo-four pm na pala eh may promise nga ako kay Kevin na pupunta ako sa gig nya kaya nagmadali dali na akong makapunta dito.

Sasama daw dapat si Aila kasi alam mo naman yung babaeng yun, pagkatapos kong makwento sa kanya ang tungkol kay Kevin ay na-curious agad at pinagduduhan ako kaso may project pa pala sya sa club nya sa school para sa hapon. Grabe talaga yung babaeng yun kung magduda. Anubey, hindi ibig sabihin na rival na sila ng SE ay masama ng makipagkaibigan ako, mabait naman si Kevin ee.Sya pa nga nagligtas kay Sync eh kaya sabi ko kay Aila wag na syang maging mean sa Runaway. =\_ =

"UWAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!!"

Ay shet, sakit lang sa tenga nung nagsigawan ang mga fans. Napatingin tuloy ako sa stage, kaya naman pala umingay lalo kasi lumabas na ang Runaway. Ayun na sila Kevin at mga kagrupong nya, kumakaway sila sa fans habang pumepwesto na sila sa may stage. Well, tutugtog lang naman sila diba? Ibig sabihin pede ako magmulti tasking, nakikinig habang kumakain kasi gutom na talaga ako. -\_\_\_-

"Hi everyone, how are you all doing?"

Actually hindi ako nakikinig, mas concentrated ako sa pagkain. Ansarap kasi ng burger sa place na ito, ngayon lang ako nakakain dito. Yummy. \*u\*

"Well, we're gonna perform this new song entitled "Fix You"."

Asan ba yung ketchup? Gusto ko maraming ketchup yung burger. \*u\*

"And this song is dedicated to someone special to me,"

\*Munch, munch, munch\*

Ansarap talaga ng burger nila, maka-order na nga din ng french fries para complete set na.

"Manong waiter, isa nga din pong fries yung large po!" feeling nasa jollibee lang ee. XD

Good thing club house sya at may mga waiter na nagseserve ng foods while may nagpeperform. Pero medyo awkward kasi feeling ko ako lang yung baboy sa lugar na ito, ako lang ata yung nakain kasi lahat sila busy at nakatutok sa bandang Runaway na nasa stage. Di bale nasa sulok naman ang table ko kaya wala naman siguro makakapansin saakin.

"I met her in different circumstances, well let's say different & WEIRD circumstances... at first, she's just an irritating girl who I always came across with but then one night, we met again and **who would have thought that after that night, her picture while sleeping got stuck in my head.**"

Yeyy, dumating na yung order kong fries. Mailagay yung fries sa loob ng burger tapos lalagyan ko ng maraming maraming ketchup. Yum yum! Isasawsaw ko din yung fries sa coke! Ansarap talagang kumain pag gutom. \*u\*

"I like this certain girl and I dedicate this song to her..." ang sarap talaga ng burger nila dito, makabalik nga ulit dito next time pag naglilihi ako sa burger, so juicy kasi ng meat nila eh, "I dedicate this to Momoxhien."

asdfghjkl.

Kamuntik na akong mabilaukan sa pagkain ko ng burger ko kasi nabigla na lang ako ng namatay ang ilaw sa place at saakin lang napunta ang spotlight bale kitang kita ng mga tao sa club ang katakawan ko, kakagat pa naman sana ako sa burger ko kasi dahil nabigla nga ako at biglang may tumapat ng spotlight saakin ay napatigil ang bibig ko sa pagkagat sa burger.

Nahihiyang binaba ko yung burger ko sa may table at ngumiti sa mga tao dun. Teka... bakit ba may nakatapat na spotlight saakin? Anong meron? Nanalo ba ako sa lotto or sa raffle draw nila? Bakit may spotlight ako? Anong kinalaman ko sa spotlight? Palibhasa kasi masyado akong naging busy sa pagkain hindi ko na napakinggan mga sinasabi ni Kevin sa may stage. - \_\_\_ -

Ang tahimik tuloy tapos lahat sila nakatingin saakin tapos pagtingin ko kay Kevin, natatawa sya saakin tapos kumaway pa sya at sinabing, "This song is for you."

Napatturo ako ng sarili ko gamit ang hintuturo at nagtatakang tinanong, "Eh? Sakin?"

Tumango lang si Kevin at nagstrum na ng guitar nya at nagsimula na silang tumugtog.

Now Playing: Fix You by Coldplay (Secondhand Serenade Cover)

♪ *When you try your best, but you don't succeed  
When you get what you want, but not what you need  
When you feel so tired, but you can't sleep  
Stuck in reverse*

*And the tears come streaming down your face  
When you lose something you can't replace  
When you love someone, but it goes to waste  
Could it be worse? ♪*

Teka... bakit ansama ng tingin sakin ng mga fans? Kung hindi masama ang tingin, parang hinihugahan at kinikilatis naman nila ako sa mga titig nila. Yung iba naman waley pakelam sakin basta nakikinig pa rin sila sa idol nila... pedeng ganun na lang din yung iba? Yun bang wag na lang silang tumitig sakin at manuod na lang sila sa Runaway? Err... ang awkward kasi ee, hindi ako makabalik sa pagkain ko pag may mga nakatingin sakin. >,<

Mabuti pa ngang makinig na nga lang din ako performance ng Runaway. Psh.

♪ *Lights will guide you home  
And ignite your bones  
And I will try to fix you*

*And high up above or down below  
When you're too in love to let it go  
But if you never try you'll never know  
Just what you're worth*

*Lights will guide you home  
And ignite your bones  
And I will try to fix you ♪*



Dedicated daw sakin yung song? Weh? Kaya nya ba ako pinapunta sa gig na ito? Bakit naman dedicated sakin? Siguro alam nyang never pa akong nakakapakinig ng songs nila or nakaka-attend ng gigs/concerts nila dahil alam ni Kevin na maka-Syntax Error ako kaya naman inaasar nya ako by dedicating a song to me. Yun bang parang bumabawi sya sa ginawa ko sa kanya dati nung nag-EK kami, nung dinala ko sya sa kwarto ko na punong puno ng SE stuff at pinapanuod ko pa sya ng show ng rival band nya. Hahaha! Baliw din 'tong si Kevin, tama ba naman na bawian ako? Arfff. -\_\_-

♪ *Tears stream down on your face*  
*When you lose something you cannot replace*  
*Tears stream down on your face*  
*And I... ♪*

Maganda naman yung voice ni Kevin eh, pero ang sad naman nitong song na dedicated sakin parang may patay ee. Lullaby ba itetch? Washuuu. Gusto ko medyo rock yung song, maaga pa para matulog. Nakakaantok kasi talaga yung song kahit I admit na maganda talaga sya. -\_\_-

♪ *Tears stream down on your face*  
*I promise you I will learn from my mistakes*  
*Tears stream down on your face*  
*And I...*

*Lights will guide you home*  
*And ignite your bones*  
*And I will try to fix you ♪*

"Yeeyyyy! Galing galing!!!" o sige kunwari natuwa ako dun sa kanta kaya nakipalapak ako kahit medyo halos makatulog na ako sa kanta. Hindi ko kasi type yung sobrang sad songs na tulad nun. -\_\_-

\*\*\*

Saglit lang naman pala yung gig nila eh, mga 1hr lang kaya naman nung natapos na yun sabi sakin ni Kevin magbibihis lang daw sya sa may backstage at intayin ko na lang daw sya sa kinaupuan ko dahil sya na daw maghahatid sakin pauwi. Hindi nanaman nya ako kelangan ihatid pauwi ee, pede naman ako magjeep papunta samin kaso makulit sya ee ini-insist nyang ihatid ako. Okay fine.

Nagsisi-alisan na yung mga tao sa may club, grabe halos naubos ang laman nito nung matapos ang gig ng Runaway, ang mga pinunta lang ata ng tao dito ay ang Runaway ee kaya punong puno kanina. Lakas naman ng benta ng banda nila, sabagay kasing sikat din naman nila ang SE ee kaya nga "rivals" ang tawag sa kanila sa music industry.

Habang nagiiintay ako dun at nakaupo, naglagay ako ng headset sa magkabilang tenga ko at nakinig ng music sa may ipod ko na halos puro Syntax Error songs ang alam. Ganto ako lagi pag nagiiintay, nakikinig sa favorite musics ko. :P

"What does it take to get you, if I ever met you... hmmm~♪" paminsan minsan naghu-hum ako habang nakikinig, masarap kasing sabayan yung chorus ng kanta. Pero nasa kalagitnaan ako ng kasarapan sa pakikinig sa ipod ko nang bigla biglang may humigit ng headset sa may tenga ko at syempre nabigla ako at nilingon yung humigit ng headset ko.

"Hey, what's with you? Bakit mo biglang hinigit headset ko?"

"Hoy ikaw," nakacross arms yung girl tapos may dalwa pang girls behind her, siguro alalay nya, friends nya or pets nya, who cares. "Diba ikaw yung girl sa mall dati?"

"Huh?"

"Yung umaway samin dati at nanglait sa Runaway, yung may concert sa mall dati yung Syntax Error, ikaw yun! Hindi ako pedeng magkamali, blonde lang yung buhok mo nun pero I'm totally sure na ikaw yun! I can never forget the face of an idiot who insulted my beloved Runaway!"

"Pinagsasabi mo?" tinaasan ko sya ng kilay kasi hindi ko talaga alam ang sinasabi nya. Wait lang, ako daw yung babae na nanglait sa Runaway dati tapos blonde hair daw ako? Tapos may concert daw sa mall dati ang SE tapos nakipagaway daw ako sa kanila... teka... may nangyari bang ganun? Subukan kong alalahanin... Hmmm....

\*TING!\*

Parang naaalala ko na!

Mini flashback:

(HYSTG / Denny's note: Flashback from Voice 2: Blonde Girl)

"Tekang, yan yung Syntax Error diba? Yan ba bago nilang kanta?"

"Yucks and baduy. Tapos feeling pa sila na matatalo nila ang Runaway? Mas magaling pa rin talaga ang Runaway, pwet lang ang Syntax Error."

**ANONG SABI NILA?! HINDI BA AKO NAGKAKAMALI NG PANDINIG?! NILAIT BA NILA ANG SE♥LOVE KO?! AT IKINOMPARA PA NILA SA BANTUTING BANDANG RUNAWAY?! WALANG PEACE AND CALM! GYERA AT DUGO ANG MANGYAYARI SA MGA BINITAWAN NILANG SALITA AGAINST MY BELOVED SYNTAX ERROR!**

"Hay nako waste of time lang talaga sila," tumalikod na yung dalwang babae pero dahil sa SE-BLOOD na nananalaytay sakin ay hindi ko sila hinayaang umalis. Hinigit ko silang parehas sa mga buhok nila at dahil dun napa-aray sila at lumingon sakin.

"Hey! How dare you pull our hair!"

"HOW DARE YOU MO DING LAIT LAITIN ANG SE HA?! GUSTO MONG MAKALBO NG HINDI ORAS?!"

"So you're one of these freakazoid fans ng bobong syntax error?" tinaasan ako ng kilay nitong dalwang Avatar na 'to.

"Anong tinawag nyo sa Syntax Error?!" naninigkit na yung mga mata ko. + \_\_\_\_\_ +

"B-O-B-O." at talagang ini-spell pa nila? Talagang sinusubukan nila ang temper ko ah. =\_\_=

"Bobo?! Sino kayo?! Oo bobo kayo! Bakit maka-ano ba kayo? Mga fans ba kayo ng Runaway ha?! Nung bulok buluking bandang yun?!"

"Sinong tinawag mong bulok?!" hah! Nahuli ko din sila, mga anti-SE nga 'tong mga 'to at maka-Runaway. Malaki talaga ang feud between SE at Runaway fans dahil best rival sa music industry ang dalwang banda ito. Laging nagkakatalo sa ratings, hitcharts at ranking ang dalwa. Pero of course, mas prefer ko ang SE♥LOVE ko noh! Ayaw ko sa Runaway, mukha silang mga maangas at mayabang. =\_\_=

"Yang kaderder na Runaway! Bulok! Bulok! Saging na bulok! Ipakain na sa mga unggoy!" pinoprovoke ko pa sila. Sila naman nagpanimula eh, kung ayaw nila sa SE eh bakit andito pa sila at nakikinuod?! Mga leche! >\_\_<

"Kapal mo eh! Tignan mo nga yang Syntax Error, pangalan pa lang ang bantot bantot na! Sino ba naman magpapangalan sa banda nila ng isang mathematical term? Bagay sa kanila pangalan nila, isa silang malaking ERROR sa music industry!"

Pigilan nyo ako, ingungudngod ko na sa floor 'tong mga avatar na 'to, "HOY! HOY! Atleast ang SE♥LOVE ko marunong gumamit ng mathematical terms hindi tulad ng Runaway! Napakabantot ng name! Runaway? Oo, mga runaway sila! Mga duwag, mga walang binatang kaya dapat mag-runaway na nga sila. As in, shuupiiii shuupiiii!" niwave ko pa kamay ko na parang nagpapaalis ng aso.

"Aba! sumusobra ka na ah! Gusto mo ng away?!"

*"Aba! Hinahamon nyo ako? Suntuksan gusto nyo? Ano ano?!" tinaas taas ko sleeves ng damit ko, "ARF ARF! GRRRR!"*

*"Ohmygosh sister, may rabies ata yan. Wag na nating patulan!"*

*"Naku uu nga im so scared na. Tara na! Eek!"*

*"Hoy bumalik kayo dito! Grrr! Mga duwag, mga runaway nga kayo! Duwaaag!"*

End of flashback.

"Ahhh! I know, now I remember kayo yung mga panget na Avatar creatures noon!" sabay turo ko sa kanila at na-amaze kasi naalala ko pa yung pangyayaring yun kahit matagal meaning wala pa akong alzheimers, yey!!!

"What did you just call us?!!!"

"Avatar creatures?!"

"HOW.DARE.YOU! Sabihin mo nga, anong ginagawa mo dito sa teritoryo ng Runaway fans?!" ah talaga, teritoryo ito ng mga Runaway fans? Akala ko simple gig place lang ito. Sayang masarap pa man din burger dito pati fries. O\_O "And to say na kilala ka pa ng Prince Kevin namin?! At dinedicate nya pa ang song nya sayo kanina?! Who are you?! Diba maka-Syntax Error ka and you even insulted Runaway that time, eh paanong nangyaring parang magkakilala kayo ni Prince Kevin?! May masama ka sigurong balak sa beloved prince namin noh?! May balak kang sirain ang banda nya siguro? Siguro espiya ka mula sa Syntax Error fansclub!"

Ay jusko, ginawa naman nila akong katulad ni Iris? NO WAY!

"Hey, hey. Pasensya naman kung nasabi ko dati yung mga salitang iyon sa Runaway dati, eh kasi kayo naman may kasalanan! Kayo nangunang manlailait sa beloved Syntax Error ko kaya gumanti lang ako at pinagtanggol ang SE sa mga panlalait nyo! Pero hindi din ako anti-Runaway kaya wag nyong isipin na espiya ako nuh! I'm not a fan nor an anti, okay? Friend ko si Kevin!" - \_\_\_\_\_ -

"LIAR!"

"Shet naman eh, ayaw nyo maniwala edi wag." --- \_\_\_\_---

"Hey, what's going on here?" bigla, mula sa likod ko narinig kong magsalita si Kevin tapos yung mga babaeng nasa harapan ko na humigit ng headset ko parang namutla kasi siguro iniisip nila isusumbong ko sila sa idol nila na inaaway nila ako na syang friend ng idol nila. Pero syempre dahil mabait ako at alam ko ang feeling na mapagalitan ng idol mo dahil laging ginagawa sakín ni Sync yun ay hindi ko sila isusumbong pero...

joke lang yun. Isusumbong ko pa rin sila, aba ano sila sinusuwerte! Bwahahahaha. >:D

"Eh kasi Kevin, akala nila hater mo ako kasi fan ako ng Syntax Error." pero joke lang talaga, hindi ko sila isusumbong, e-explain ko lang kay Kevin yung situation in a good way na hindi sila masisira sa idol nila. Hindi naman ako ganung ka-bad eh, "Ayaw nilang maniwala na friends tayo."

"Eh kasi hindi kayo mukhang friends, mukha kayong more than friends. Bwahahah."

"Hoy ano ka ba pare, manahimik ka nga!" namula si Kevin at hahampasin sana ng gitara yung isa sa mga kaband member nya. Kahit ako nabigla dun sa sinagot ng kabanda nya, eh leshe naman ee, tama ba namang magsabi ng tulad ng ganun? Arghh, nahihya din tuloy ako. - \_\_\_\_-

"Joke lang pre, haha. Mga girls," yung nagjoke kanina, hinarap nya yung fans, "Maniwala kayo na friend sya ni Kevin, special sya kay Kevin kaya wag nyo syang aawayin okay?"

"Yes Prince Denver!" so Denver pala ang name ng sira ulong nagjoke. Drummer ata sya kung tama pagkakatanda ko. - \_\_-

"Sorry Princess Momo," hala, ang bigla ko naman sa change of attitude ng fans. Basta yung idol lang nila ang nagsabi, nagbabago bigla ang ugali. Nag-bow at nagsorry pa sila sakín tapos tinawag pa nila akong "princess"? WOAHH. -\_-

Sabagay kahit ako magiging ganun, basta sabihin lang ni Sync ay gagawin ko. Pasensya, obsessed ee.

Pero wala naman kasi talaga dapat ikainis ang fans ng Runaway sakín kasi wala naman akong balak sirain ang iniidolo

nilang banda nuh, wala yun sa ugali ko. Wala akong dugong Iris. - \_\_-

Speaking of that octopus, after that incident sa resort wala na akong narinig sa kanya. As in nagdisappear na sya na parang bula, gusto ko sanang tanungin si Sync pero I think hindi ito yung right time na kulitin ko sya tungkol kay Iris dahil I know nasasaktan pa rin sya dahil dito. Iintayin ko na lang na maghilom na yung mga sugat nya sa puso at hihintayin ko na rin na mahulog na sya ng tuluyan sakín, kasi sabi nya susubukan nya daw mahalín ako at naniniwala akong susubukan nya talaga. I'm willing to wait, kahit abutin pa ng 10yrs bago sya mainlove sakín basta magiintay ako. ♥\_\_\_\_♥

\*\*\*

Nung lumabas na kami, humiwalay na si Kevin sa mga kagrupò nya at didiretso na sana kami sa parking lot para sumakay sa kotse nya nang biglang may tumawag sa kanya.

"Kevin, wait!" paglingon namin, nakita ko ang isang lalaking na sa tingin ko nasa edad 25-30. Naka-jeans at white shirt lang ito at gwapo sya infairness! haha.

"Oh manager, ano yun?"

WAHHH. Manager? Manager ng Runaway ba? Wow, ang bata naman! Sabagay bata rin naman si manager Ree, mga nasa 27 pa lang ata si manager Ree ee.

Lumapit samin yung tinawag ni Kevin na manager tapos tumingin sya sakín, tinitigan ako... ansama naman ng tingin nitong isang 'to sakín, hindi po ako drug pusher, inosente po ako wag nyo po akong titigan ng ganyan. - \_\_-

"Ah manager, si Momo nga pala. A friend of mine."

"Oh, I see." bakit ba ganto makatingin itong manager na ito? Sasapakin ko ito, medyo naasar na ako sa tingin nya ee. - \_\_-  
"Hi Momo, I'm Runaway's manager. Nice to meet you."

"Nice to---" meet you. Hindi ko na tinuloy pagsasalita ko kasi bigla na syang tumalikod sakín tapos hinila si Kevin sa isang

gilid palayo ng konti sakin tapos nagusap sila. Nice talking, pare. - \_\_ -

Hindi ko masyadong rinig usapan nila pero who cares, wala akong balak mag-eavesdrop sa usapan nila. - \_\_ -

Pero pag tinitignan at pinagmamasdan ko manager ng Runaway parang may naaalala ako sa kanya... ewan ko pero parang may kamukha sya? Kahawig ata? Ah ewan, paranoid much lang siguro ako.

Hindi rin naman sila nagtagal at bumalik na sakin si Kevin tapos umalis na yung manager nila, "Pasensya na ah Momo, sinabi lang kasi sakin ni manager yung program na aattend-an ng Runaway."

"Program? Anong program?" pagtatanong ko habang sumasakay na kami sa kotse nya.

"Meron kasing battle of the bands series sa MSX, eh kasali kaming Runaway..." ini-start na nya ang engine ng kotse tapos pinaandar nya na ito, "Kung hindi ako nagkakamali, kasali rin ata ang Syntax Error?"

"Ah talaga?" hindi ko pa alam eh, maitanong nga kay manager Ree yung tungkol dun. Wow naman kasi diba, battle of the bands tapos sa MSX pa? Eh yung MSX ay sikat na network station ng mga music, dyan nagkakaroon ng Music Awards every year --- parang MTV style pero local version. Exciting naman yun, lagi akong nanunuod sa MSX ee. Ang alam ko last year, nagka-award din ang Syntax Error eh -- band of the year. Sobrang saya ko nga nun at dahil sa sobrang saya at gusto ko magcelebrate sa pagkapanalo ng SE ay nilibre ko nga ng watermelon si Aila noon. Summer time kasi nun kaya watermelon. \*u\*

"So, sinong susupport mo kung saka sakali Momo? Runaway or Syntax Error?"

"Syntax Error." diretsuhang sagot ko, like hello honest lang. Atsaka alam nya naman na yun isasagot ko dahil alam nyang idol ko ang SE.

"Eh kami? Walang support?"

"Magkano bayad?"

"Hahaha! So kelangan pala bilhin ko support mo? Ahahaha!"

"Oo naman, walang libre sa panahon ngayon."

"Hahaha, ikaw talaga." tapos may sinabi pa sya eh kaso sobrang hina na parang binulong nya lang kaya hindi ko narinig at naintindihan, *"Magkano ka kaya..."*

"Eh? Anong sabi mo?"

"Wala, wala." ^ \_\_\_\_ ^

Weirdo, bubulong bulong tapos wala daw. -\_\_-

"Hindi mo ba talaga kami susuportahan kahit konti lang?"

"O sige na nga, konti lang ha."

"Hahaha! Paanong konti?"

"Mga 1% support."

"Hindi pedeng kahit 50%?"

"Wow, adik ka aa. Andami nun edi kalhati na lang natira sa Syntax Error? Ayaw ko nga."

"40%?"

"Andami pa din nun." -\_-

"Osya, 20% na lang. Please?"

"Oy, ang lakas mong tumawad aa. May tax ang support ko." -\_-

"Naman ee, kahit 15%? Last na."

"Ayoko, 10% na lang. That's final, wala ng aangal. Hindi ko na kayo susuportahan pag umangal ka pa."

Nagheave out sya ng sigh at ngumiti, "O sige na nga, hindi talaga ako mananalo sa Syntax Error when it comes to you huh?"

"Aba syempre, idol ko sila ee. Number #0 fan nila ako." ^ \_\_\_\_ ^

*"Buti pa sila..."*

\*\*\*



The next day, tinawagan ako ni manager Ree ang sabi nya sakín may practice daw ang Syntax Error. May comeback ang Syntax Error sa Sunday at i-ke-clear na rin nila sa comeback na yun ang issue na kumalat na. Iba iba na ngang tipo ng issue ang nagsilabasan ee, kahit yung iba hindi na totoo. Nakakatakot pala talaga ang media world lalo na ang internet, kung anu anong story mga nagsilabasan. Grabe, yung iba sobrang exaggerated. Ang panget tuloy ng image ng Syntax Error ngayon, sa bawat magazines na nakikita ko sirang sira ang pangalan nila. Bwisit kasi si Iris ee. Pero I'm glad na kahit papaano, ngayon maayos na ang grupo ang kulang na lang ay maayos din sila sa public at sa fans.

Pagpasok ko sa may usual practice room ng SE, nakita ko na ang banda dun. Andun si manager Ree na as usual nasa may telepono at may kausap. Hindi pa sila nagsisimula sa practice nila, nagcocomputer pa nga si Mirko ee.

"Momo!" kinawayan ako ni Ate Corrine na noon ay katabi si Zeke at mukhang sweet na sweet sila aa. Oo nga pala, nililigawan na ni Zeke si Ate Corrine ayun na rin kay Ate Corrine. Naikwento nya kasi na nagka-aminan na daw sila ni Zeke, konting ligawan stage tapos sigurado na daw si Ate Corrine na sasagutin nya si Zeke. Yeee. Sinong may magaalang may good result din pala ang nangyaring gulo sa Syntax Error at sa pakiki-epal ni Iris diba? Kung hindi siguro nangyari yung mga gulong yun baka forever na lang nagmamahalan ng patago yung dalwa at baka amagin na lang ang nararamdaman nila para sa isa't isa pag nagkataon, I'm happy for them kasi nagakaaminan na rin sila finally! Nakakatuwa nga kasi parehas naman pala silang may gusto sa isa't isa noon pa man kaso parehas pala naman natotorpe. Talaga naman oh ang pagiging torpe walang nararating.

"Hello sa inyo!" pag-greet ko sa kanila pagpasok ko at pagkapatong ko ng bag ko sa isang gilid kasi kagagaling ko lang sa school, nagdiretso na kasi ako dito eh kasi nga sa school nagkaroon ako ng guitar practice hanggang 3pm. Yeah, remember kumakanta at nag-gi-gitara din ako? Pero yung akin hobby lang at katuwaan, wala akong balak sumali sa banda or whatsoever. Hindi ako nagpe-perform, pang hanggang kwarto lang ang performance ko. Minsan kumakanta at nag-gi-gitara ako sa may church malapit samin for free service but other than that, wala na.

"Si Sync?" pagtatanong ko kasi napansin ko wala pa ito sa practice room.

"Ah, si Sync? Asan nga ba iyon?" tinanong ni Ate Corrine kay Zeke.

"Uh, ewan ko. Lumabas eh, dumating na kanina dito eh. Mirko," tinawag ni Zeke si Mirko na noon ay busy sa pagcocomputer, "Alam mo kung saan nagpunta si Sync?"

"Ah, nasa taas ata sa may rooftop. Check mo dun Momo if you want." sagot ni Mirko ng hindi man lang tinatangal ang tingin sa screen ng computer. Ano naman kaya pinagkakaabalahan nun sa computer? Ohwell, mapuntahan na lang si Sync. \*u\*

"O sige, puntahan ko lang sya. Hindi pa ba kayo magpa-practice?"

"Hindi pa, mamaya pa mga after 20minutes. Tinatamad pa kami ee." sabi ni Ate Corrine. Nye, tinatamad? Hahaha. Sabagay, tao rin naman sila pedeng tamarin pag minsan. XD

"Ah okay, pabalik ko na lang si Sync dito after 20minutes ok?" pagkatapos nun, lumabas na ako sa practice room.

Aakyat na sana ako sa rooftop para tignan kung andun si Sync pero nung may madaanan akong vendo machine sa hallway ng building, naisip kong bilhan muna si Sync ng favorite nyang Gatorade Blue. \*u\*

Pagkatapos ko syang bilhin, umakyat na ako at nasa may pinto pa lang ako rinig na rinig ko na ang tunog ng gitara. Sigurado si Sync yun, sya lang naman siguro tutugtog sa rooftop at a time like this. Bago ko buksan ang pinto, inayos ko muna ang buhok ko at sinuklay ito gamit ng daliri ko, kumuha ng tissue para punasan ang mukha ko kung sakaling oily tapos naglipgloss muna ako at inayos ko na rin ang uniform ko atsaka lang ako lumabas ng rooftop.

"Hi Sync," napatigil sya sa pagtugtog ng gitara at lumingon sakín.

"Hello Momo," paglingon nya sakín ay nginitian nya ako and he taps the floor, "Halika, upo ka sa tabi ko."

Dati, sa gantong sitwasyon sisimangutan nya ako, sisigawan nya ako at palalayasín nya ako pero....

Nag-hello sya sakín, nginitian nya ako at pinapatabi nya ako sa tabi nya.

Kinikilig ako, PERIOD. Kung dati masama ang ugali sakín ni Sync pero nainlove pa rin ako sa kanya paano pa kaya ngayon na nginingitian nya na ako? Baka lalo akong mainlove sa kanya, baka sobrang mainlove ako sa kanya na lahat na ng pagmamahal na pede kong ibigay ay maibigay ko sa kanya.

My feelings for him grow second after seconds and I'm afraid I will not be able to stop it.

### **Voice 30: Pain or Regret**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

Lumapit ako at umupo sa tabi nya, halos nahihya pa nga ako eh kasi ito yung first time na uupo ako sa tabi nya na sya yung nag-ask sakin mismo. Ito yung unang beses na pinalapit nya ako sa kanya, gusto kong ngumiti at ipagsigawan sa mundo na kinikilig ako pero syempre minaintain ko ang "kunwari normal" na face expression kasi syempre magmumukha akong tanga kung ngingiti ngiti ako sa harap ni Sync, isipin nya pa nababaliw ako --- actually, nababaliw na talaga ako, baliw na baliw sa kanya. XD

"Kamusta?"

"A-ayos lang," nakatungo lang ako habang nakasandal ang likod ko sa pader at pinaglalaruan ko lang yung gatorade sa kamay ko tapos bigla kong naalala, "Ah, ito nga pala, gatorade para sayo."

"Ah, salamat. Nag-abala ka pa."

"Wala yun, basta ikaw."

Binuksan nya lang yung gatorade tapos uminom sya dun tapos tinakpan nya ulit at pinatong sa tabi nya at inabot muli yung gitara nya.

"Simula ng makabalik tayo sa Manila, hindi pa ako nakakatulog... puro hanggang maikling idlip lang ako." now that he mentioned it, napansin ko nga na madilim ang paligid ng mata nya at ang laki ng eyebags nya at mukhang pagod na pagod ang mga ito. :O

"Hala, bakit? Hindi ka dapat nagpupuyat Sync, I heard na kasali din daw ang SE sa battle of the bands na magaganap sa MSX at dahil sa nalalapit na yun dapat marami kang energy at para magka-energy ka kelangan matulog ka ng marami! You need to rest!"

“I can't,” pinatong nya yung ulo nya sa may pader at pinikit ang mga mata nya, “Do you know that when you've got lots of problem to think of you tend to become insomniac?”

“I don't even know if we should still participate in that battle of the bands... we're ruined, after the last concert I'm pretty sure the fans are thinking bad about us... it's all my fault.”

“WHAT ARE YOU SAYING?!” nabigla ako kasi sinabi nyang hindi na lang daw sila magpaparticipate?! No way! I want them to participate. >,< “Hindi naman siguro ganun iniisip ng mga fans tsaka why do you have to give up? Sumali na kayo dun sa battle of the bands, sayang naman eh, minsan lang yun tapos sa MSX pa. If manalo kayo dun baka magka-chance pa kayong ibalik ang ranking nyo diba?” simula kasi nung gulong nangyari, nakakalungkot man isipin pero parang nagbabaan ang rankings ng song ng SE sa hitcharts. Paano naman kasi, exaggerated talaga ang mga chismis na kumalat. :\

“It's useless, no one will support us anymore.”

“You just offended me.”

“Huh?”

“No one? Eh anong tawag mo sakin? Ako, isu-support ko kayong Syntax Error until the end. Number #0 fan nyo ako, Sync.”

“Number #0 fan? Bakit 0?” medyo natawa sya kasi siguro bago lang yun sa pandinig nya.

“Wala lang, imbento ko lang kasi naman puro #1 fan sinasabi nila eh gusto ko mas maging lamang sa lahat ng fans nyo kaya gusto ko #0 ako para mas mataas ako sa #1.”

“Eh paano kung may #-1? Edi mas mataas na yun.”

“OA na yun.” -\_-

“AHAHAHA!” napangiti ako kasi tumatawa sya sa usapan namin.

“Salamat Momo,” sabi nya habang pinupunasan yung luha na tumakas sa mata nya dahil sa kakatawa. Nakakatuwa kasi ang babaw lang pala ng kaligayahan ni Sync kasi hindi naman ganung nakakatawa yung naging usapan namin, ni hindi nga sya joke ee pero natawa pa rin sya to the point na naluha sya sa kakatawa. Pero siguro dahil sa problemado na rin sya, nadedesperado na sya sa kasiyahan kaya even with the smallest thing ay sinusubukan nyang tumawa para gumaan man lang ang pakiramdam nya kahit saglit, “Salamat sa suporta.”

“Wala yun, andito lang ako para sa inyo.” nag-thumbs up pa ako sa kanya, “Just remember, I'm your #0 fan.” b(^\_\_\_\_\_^)^d

“Haha, ngayon ko lang napansin ang cute mo pala.”

“Matagal na ka---” napatigil ako sa pagsasalita nang marealise ko kung ano yung sinabi nya. Ang cute ko daw? Feeling ko mamumula ako ng hindi oras nito. “E-eh a-ano---”

“Momo, *pahiga*,” hindi ko na naman natapos ang pagsasalita ko kasi nabigla nanaman ulit ako dahil bigla syang humiga sa may lap ko bale nakapatong ang ulo nya sa aking hita at hawak hawak nya ang gitara nya malapit sa may dibdib at sikmura nya habang nakataas ang isa nyang paa.

Hindi ko malaman ang gagawin ko, hindi tuloy ako makagalaw kasi nga nakahiga sya sa hita ko! Ramdam na ramdam ko ang ulo nya, ang buhok nya sa aking hita kahit nakapantalon ako... sa buong buhay ko nang pang-iidolo ko sa kanya, hiniling ko lang na sana kahit ngitian nya lang ako at kawayan ay masayang masaya na ako pero kahit kelan hindi ko inasahang dadating ang araw na hihiga sya sa hita ko! Nananaginip ba ako? Kung oo, ipapakain ko sa sharks ang gigising sakin. Swear. Ayaw ko ng magising sa panaginip na ito. O\_O

“Pede ka bang kumanta para sakin, Momo?”

“E-eh?”

“Narinig ko na dati ang boses mo, diba sumabay ka sakin dati sa pagkanta ng 'Hey there Delilah'? Alam ko maganda ang boses mo.” pinikit nya yung mga mata nya, “Gusto kong umidlip kahit saglit lang, pede mo ba akong kantahan Momo?”

“H-ha? A-anong kanta?” O\_O

“Kahit ano...”

Ano ba yan, biglaan. Pinakakanta nya ako? Wala akong maisip na kakantahin. >,<

Sigurado gusto nya isang kanta na medyo soft ang dating kasi nga sabi nya diba gusto nyang matulog... ano ba kakantahin ko? Wala ako maisip talaga. >,<

Sabi naman nya kahit ano daw.... ay ewan, bahala na si batman.

"Hey hey you you I want to be your girlfriend!" kakantahin ko sana yung "Girlfriend" ni Avril Lavigne pero joke lang syempre, mukha akong tanga pag kinanta ko yun. XD

Seryoso na nga. Ano ba kasi makanta. -\_-

Ah, I know.

♪ *“Share with me the blankets that your wrapped in  
Because its cold outside cold outside its cold outside  
Share with me the secrets that you kept in  
Because its cold inside cold inside its cold inside...”* ♪

“Is that Vulnerable by Secondhand Serenade?” tanong nya habang nakapikit.

“Y-yeah.” I feel so shy, really. Feeling ko nangangatal at nanginginig ako sa pagkanta kasi ayaw kong pumiyok dahil maririnig nya for sure, I want to sing my best for him... I want him to fall into slumber and into my voice...

...or maybe to me.

♪ *“And your slowly shaking finger tips  
Show that your scared like me so  
Let's pretend we're alone  
And I know you may be scared  
And I know we're unprepared  
But I don't care “* ♪

Alam ko naman na hindi kagandahan ang boses ko pero I'm putting my all into it. Minsan lang ako mabibigyan ng tsansang kumanta para sa kanya na pakikinggan nya talaga so there's no time to dilly dally, chances should not be wasted.

♪ *“Tell me, tell me  
What makes you think that you are invincible?  
I can see it in your eyes that you're so sure  
Please don't tell me that I'm the only one that's vulnerable  
Impossible”* ♪

Tulog na kaya sya? I have no idea kasi nakapikit lang ang mga mata nya at hindi sya nagmo-move or nagsasalita. Ang totoo nyan, nabibigatan na ang hita ko sa ulo nya, medyo nangangalay na ako at gusto ko mag-move o tumayo na pero hindi ko magawang kumilos dahil ayaw kong maistorbo ang pagkakahiga nya kasi sigurado akong comfortable na comfortable na sya sa pagkakahiga nyang yan. Di bale ng hindi ako kumportable basta kumportable sya afterall he badly needs to sleep.

♪ *“I was born to tell you I love you  
Isn't that a song already?  
I'll get a B in originality  
And it's true I can't go on without you  
Your smile makes me see clear  
If you could only see in the mirror what I see”* ♪

Pinagmamasdan ko ang mukha nya na nahihimbing na siguro sa pagtulog habang kumakanta ako, pagod na pagod ang itsura ng mukha nya pero gwapo pa rin sya nevertheless. Gusto kong hawakan ang buhok nya.... dahan dahan at medyo nagaalangang binaba ko ang kamay ko papunta sa buhok nya, baka kasi gising pa sya o magising ko sya.... pero gusto ko talagang hawakan ang buhok nya...

Nung magawa kong mahawakan ang dulo ng buhok nya, ang lakas ng tibok ng puso ko, pero nagpatuloy ako hanggang



nagawa ko ng i-brush ang buhok nya ng dahan dahan gamit ang mga daliri ko na medyo nanginginig. Mukhang hindi naman ito nakaabala sa kanya kasi nakapikit pa rin ang mga mata nya at tahimik pa rin sya. Tulog na nga siguro sya.

♪ *“And you're slowly shaking finger tips  
Show that you're scared like me so  
Let's pretend we're alone  
And I know you may be scared  
And I know we're unprepared  
But I don't care “* ♪

Napapangiti akong pagmasdan ang mukha nya as I brush his hair slowly, at lalo na rin pag napipicture ko ang itsura namin dalwa. Para kaming magboyfriend mag-girlfriend kasi nga nakahiga sya sa may lap ko, kinikilig ako ng sobra sobra. Kung pedeng ganto na lang kami for the rest of the day, I won't mind kahit gaano pa nangangalay na ang mga hita ko basta makita ko lang ang mahimbing na natutulog nyang mukha ay kontento na ako.

♪ *“Tell me, tell me  
What makes you think that you are invincible?  
I can see it in your eyes that you're so sure  
Please don't tell me that I'm the only one that's vulnerable  
Impossible “* ♪

Ang pogi mo talaga, nakakaasar. :\

Gusto kong i-gift wrap ka at iregalo sa sarili ko o kaya iuwi na lang samin.

Sarap mong gawing unan at yakapin.

♪ *“Slow down boy -- you're not going anywhere  
Just wait around and see  
Maybe I am much more you never know what lies ahead  
I promise I can be anyone, I can be anything  
Just because you were hurt doesn't mean you shouldn't bleed  
I can be anyone, anything, I promise I can be what you need”* ♪

Hindi naman siguro masamang mangarap na balang araw hahawakan mo din ang kamay ko diba?

Na balang araw ako na magiging laman ng isip mo...

Na siguro pagdating ng panahon, sakin mo naman ide-dedicate ang mga kanta mo?

At ako na yung babaeng mamahalin mo?

♪ *“Tell me tell me  
What makes you think that you are invincible?  
I can see it in your eyes that you're so sure  
Please don't tell me that I'm the only one that's vulnerable  
Impossible”* ♪

Tapos na ako sa kanta at tinitigan ko ng maigi ang mukha nya, hindi ko na napigilan ang bugso ng damdamin ko. Hindi ko na namalayan na yumuyuko na pala ako para mapalapit sa labi nya at manakawan sya ng halik habang natutulog.

Haaay Syncbabes, akin ka na lang pede?

*“...bakit Iris. Mahal kita.”*

Napatigil ako nung ilang inches na lang ako sa mga labi nya dahil bigla syang nagsalita at binanggit ang pangalan ng babaeng alam ko ay mahal nya pa... Akala ko gising sya pero nung nilayo ko ang mukha ko at tinignan sya, wala sa itsura nya ang gising... nananaginip ata sya at hanggang sa panaginip, si Iris pa rin.

Akin ka na lang pede? Hahahahahahaha, sa tingin ko hindi pede. Asa ka, Momo. :\

Lagi na lang si Iris, lagi na lang sya. Kelan ba magiging Momo? Pag naging color pink na siguro ang uwak.

“Iris... si Momo ang kasama mo hindi si Iris, bakit sya ang napapanaginipan mo. Batukan kita dyan ee.” asar na sabi ko kahit alam kong hindi naman nya maririnig dahil tulog sya. Gusto ko tuloy kunin yung gitara nya at ipukpok sa kanya para magising na sya sa katotohanan na andito sa tabi nya yung babaeng nagmamahal sa kanya, asar kasi naduduling pa sya at sa iba pa napapatingin. -\_\_-

Ilang minuto rin kaming ganun, na nakahiga at natutulog lang sya sa may hita ko at pinagmamasdan ko lang sya. Tumigil na rin ako sa pagkanta dahil alam kong tulog nanaman sya. Maya maya, kinailangan ko na syang gisingin dahil may practice pa sila ng banda nya. Medyo nahirapan pa nga sya sa paggising dahil mukhang nasarapan sya sa pagtulog dahil nga diba ilang araw na syang walang tulog, kawawa naman sya dahil pagod na pagod sya. Ayoko pa nga sana syang gisingin pero kasi hahanapin na sya ng mga kagrupong kung hindi pa sya babalik sa practice room.

Nagdiretso na kami sa practice room at nagsimula na silang magpractice, may bago silang kantang pinapractice at ang sabi nila yun daw ang ipeperform nila sa first round ng MSX. Mga 4 rounds ang meron sa battle of the bands at may 5 nominated bands ang kasali dun, bawat round may isa ng isa na matatanggal hanggang sa dalwa na lang ang matitira at yun na yung tinatawag na “face off” at ang mananalo dun ay may award syempre. Bukod sa title na makukuha, sure na tataas pa ang rankings ng banda at ng songs sa hitcharts at ilang weeks din ife-featured ang MVs ng winner band sa MSX channel. Bale, iba ang impact pag nanalo ka dun kasi lalakas at tataas ang popularity mo sa public at mas maraming tatangkilik sa band at songs mo.

Nandito lang ako sa isang sulok at nakaupo habang pinagmamasdan ko silang magpractice, medyo awkward pa sila sa isa't isa lalo na sina Sync at Zeke dahil kagagaling lang nila sa away pero I'm sure pag tagal tagal babalik din yung dating pagsasamahan nila kasi magkaibigan naman sila at hindi rin nila matitiis ang isa't isa. Basta ang mahalaga, ngayon ay maayos na kahit papaano at wala ng octopus na umaaligid sa kanila na maninira sa kanila though natatakot ako na baka anytime bumalik si Iris.

Nung matapos ang practice, pinauwi na rin ako ni Manager Ree pero ako na rin yung nag-imis sa kalat ng practice room bale ako ang huling lumabas. Pero nung naglilinis na ako ng mga kalat, nakita ko yung ininuman ni Sync na gatorade na ngayon ay wala ng laman, yung gatorade na binili ko sa kanya, tinapon ko lahat ng basura at kalat na nandun maliban sa bote ng gatorade na iyon dahil nilagay ko ito sa bag ko at ini-uwi.

“Ito ang boteng ininuman ni Sync,” siguro ang creepy ko ng tao, masyado na akong baliw na baliw kay Sync. Para kasi syang drugs, nakakaadik. Pero sana nakakaadik man sya, hindi sana sya nakakasama sa puso. Sana.

\*\*\*

**- Aila's POV -**

I feel so sad... ewan ko kung bakit, alam nyo ba yung feeling na kahit wala namang nangyayaring masama sayo bigla bigla makakaramdam ka na lang ng unexplainable loneliness? Haaay.

1+1 = window.

Masyado na akong na-attached sa philosophical theory ko na yan, ewan ko kung papaano nabuo yan sa isipan ko basta isang araw nakatitig lang ako sa may bintana ng kwarto ko dahil malungkot nga ako at boom, naisip ko na lang yang 1+1 theory chuchu. Waley lang, kadramahan ko lang siguro sa buhay.

Medyo tahimik na nga sa bahay these past few days kasi wala si papa, ilang araw ng hindi nauwi eh paano pinalayas nga ni mama diba? Pero sus, babalik din yun sigurado, alangan naman iwan nya sarili nyang bahay diba? Ewan ko ba sa mga magulang ko, hindi ko maintindihan kung anong pinagaawayan nila palagi... nambabae kasi madalas si papa pero kasalanan din naman kasi minsan yun ni mama, paano naman kasi lahat na lang ng bagay na gawin ni papa kahit gaano kaliit ay laging pinupuna ni mama at laging sinusumbatan si papa kaya siguro ayun napagod na si papa kay mama kaya naman nambabae to release his stress sa work pati na rin sa pagbubunganga ni mama. Nakakaasar lang kasi sa mga magulang ko, kung kelan tumanda saka naging mga isip bata. Nasa right age na sila para isipin na hindi na lang sa kanila umiikot ang mundo, na meron silang anak na dapat respetuhin din naman nila kasi feeling ko wala rin silang respeto sa kanila kasi kung may respeto sila sana hindi sila nagsisigawan ng halos araw araw sa loob ng bahay kung saan alam nilang andun ang anak nila. For almost 10yrs, ganyan sila, kaya bata pa lang ako ang pagaaway nila ang kinalakihan ko na.

Nakakapagod talaga... gusto ko na lang magpakamatay pero nangako na ako kay Momo na hindi ko na uulitin ang yun. Haay, si Momo na lang talaga ang motivation ko para mabuhay. :(

“Haaayyy,” pang-isang libong buntong hininga ko na ata ito para sa araw na ito ee, ang lungkot kasi talaga at hindi ko maintindihan kung bakit. Ang lungkot lungkot ko, nagsimula ito nung sumakay ako sa kotse ni Mirko...

“Nagugutom ako.” sa totoo lang, nakakagutom ang sobrang kalungkutan... “Gusto kong kumain.” :(

Teka... speaking of pagkain, andun kaya si koya noodles sa 7/11? Hindi ko na ulit yun nakita, promise ko pa man din sa kanya na ipagluluto ko sa ng dinner para hindi na lang puro instant ang kinakain nya kasi sabi nya hindi naman daw sa marunong magluto kaya sa 7/11 sya nagdidinner.

“Hmm... siguro wala namang masama kung itatry kong i-check kung andun sya. “ tumayo na ako sa kama ko at nagdiretso sa kusina para magprepare ng pedeng lutuin. Simple lang naman at mabilis lang ang niluto ko, nagsaing lang ako ng kanin at nagprito ng spinach fillet for two people, isa para sakin at kung saka sakali isa para kay koya noodles.

Mga 7.30 nagdiretso na ako sa 7/11 na may hawak na plastic bag na naglalaman ng dalwang binalot. Pumasok ako sa may 7/11 at nagpalingon lingon para hanapin sya pero wala pa sya dun... lumabas na lang ulit ako ng 7/11 at sa gilid dun ay umupo ako para magintay ng mga 30minutes pa para magbakasaling dumating sya.

Hindi nga ako nagkamali kasi after 20minutes, dumating sya with his same usual outfit, all covered with eyeglasses, cap and even a mask. Bakit kaya sya nagco-cover ng mukha ano? Siguro panget sya o kaya nasunog yung mukha sa muriatic acid o kaya nakulam yung mukha nya kaya nagkanda butas butas? Hala, siguro grabe yung meron sa mukha nya kaya nya tinatago ito... kawawa naman sya kung ganun. >,<

“Koya noodles!” nabigla sya kasi pinigilan ko sya nung nasa malapit na sya sa pinto ng 7/11.

“Uy, ikaw pala ate slurpee!” ang weird talaga ng boses nya, masyadong malalim na ewan. “Nice to see you again.”

“Hehe. Wag ka ng pumasok, halika may dala akong pagkain.” tinaas ko yung plastic bag na dala ko na may lamang binalot para ipakita sa kanya tapos hinila ko sya sa kamay para dalhin sa isang gilid dun malapit sa 7/11 tapos nauupo kami.

Pinatong ko yung plastic bag sa pagitan namin at nilabas ko yung mga binalot, “Wow, talagang nagdala ka ng dinner? Hindi ko akalaing totooanin mo yung sinabi mo dati.”

“Oo naman nuh, pero nagalala nga ako na baka wala ka ngayong gabi ee kaya baka masayang yung niluto ko pero luckily dumating ka. Antagal ko na rin kasing hindi nakakabalik dito sa 7/11.”

“Ah talaga? Ako din eh, what a coincidence ngayon na lang din ulit ako nakabalik dito kasi naging busy ako these past few days.”

“Ohh ganun ba, ito oh yan ang binalot para sayo,” inabot ko sa kanya yung binalot nya at binuksan nya ito.

“Wow, spinach fillet? I can't even remember when was the last time I ate such! Hmmm! Mukhang masarap ito ah, ikaw ba ang nagluto?”

“Oo naman, madali lang naman yan eh, de prito kasi. Hehe. Teka,” may kinalkal ulit ako sa may plastic bag at nung makita ko ito ay inabot ko sa kanya, bote ng mang tomas, “Try mo itong mang tomas sa spinach fillet.”

“Mang tomas? Sa spinach fillet?” parang hindi sya makapaniwala at naweirduhan sya sa sinabi ko.

“Bakit? May nasabi ba akong out of the world?”

“Eh kasi...” napakamot sya ng ulo kahit may saklob sya, “Never heard about dipping spinach fillet into mang tomas... it sounds like a weird combination...”

“Ano ba, try it! Masarap kaya, I assure you!”

“Wag na, thank you na lang ate slurpee pero kasi parang hindi sya masarap.”

“Natikman mo na ba?” = \_\_ =



“Hindi pa,”

“Hindi mo pedeng sabihing hindi masarap ang isang pagkain hangga't hindi mo pa natitikman.”

“Eh mukha kasing hindi masarap...”

“Pag kumakain ka ba, mata ang ginagamit mo?”

“Hindi, bibig...”

“Oh yun naman pala eh, so why would you care for the appearance? Eh kung hindi naman mata ang ginagamit sa pagkain kundi bibig kaya bago mo sabihing hindi masarap, idaan mo muna sa bibig mo at ngayain mo at lunukin hindi yung titignan mo lang tapos huhusgahan mo na.”

“Woah, you're that insistent to make me eat spinach fillet with mang tomas huh?” medyo natatawa sya.

“Oo, favorite ko kasi ang spinach fillet na may mang tomas at naasar ako pag sinasabi ng mga tao na hindi ito masarap at weirdong combination daw ito sa pagkain eh hindi pa naman nila natitikman, wala silang karapatang laitin ang favorite food ko.” -\_\_\_-

In the end nagawa ko din syang pakainin ng spinach fillet with mang tomas at nasarapan nga sya.

“O diba sabi ko sayo masarap ee, sa susunod wag mata ang gamitin ok? Use your sense properly.”

“Opo, maam.” XD

Nagpatuloy lang kami sa pagkain, nakakatuwa kasi nung nakasama ko ulit si koya noodles nakalimutan ko na yung lungkot ko, para bang nawala syang parang bula. Ewan ko, basta ang gaan gaan ng pakiramdam ko pagdating sa kanya kahit he's just a mere stranger na nagtataklob ng mukha. - \_\_\_ -

“Teka koya noodles, bakit ka nga pala nagtataklob ng mukha ha? Nasabugan ka ba ng time bomb sa mukha at nasunog yang mukha mo kaya tinatakpan mo? Or panget ka lang talaga?” pero para namang hindi kasi nung kumain sya kinailangan nyang Tanggalin ang mask nya sa may parteng bibig ee bale nakita ko ang half of his face... nothing weird naman eh? Hindi naman mukhang nasunog sa muriatic acid or whatsoever ang mukha nya, infact ang kinis nga ee... so bakit nya tinatago? Baka naman may inferiority complex sya? Yun bang sobrang walang confidence sa sarili at ayaw magpakita sa mga tao? Ay ewan. Weirdo talaga ni koya noodles. - \_\_\_ -

“Haha, ang inconsiderate mo naman magsalita! Hahaha! Pero secret ko na yun kung bakit ako nagtatakip ng mukha.”

“Andaya naman, sabihin mo na sakin please.”

“Saka na pag sigurado na akong pede kong sabihin sayo ang sikreto ko.”

“Hmff, sige na nga. Magiintay ako.” sabi ko sabay subo ng kanin.

“Bakit ka nga pala nandito? Diba sabi mo you usually hang out here pag may problema ka especially sa bahay nyo? May nangyari ba ulit?”

“Wala naman, I just felt like going here today para i-meet ka at yun nga para ipagluto ng dinner.”

“Wow, ganun ba. Salamat ah?”

“Wala yun... ah oo nga pala, koya noodles naranasan mo na ba yung bigla bigla, out of the blue, makakaramdam ka ng sobrang sadness na hindi mo alam kung saan nanggagaling?”

“Hindi ko alam... hmm... ewan, siguro dati... bakit?”

“Wala lang, kasi kahapon bigla akong nakaramdam ng ganun tapos hanggang ngayon ganun pa rin... hindi ko na nga maintindihan ang sarili ko eh kung bakit ako nakakaramdam ng kalungkutang ito...”

“May nangyari ba?”

“Wala naman... pero kasi alam mo ba koya noodles, may nameet akong lalaki, “ I can't say na si Mirko ng SE yun kasi baka mamaya fanatics din pala itong si koya noodles o kaya naman isipin nya antaas kong mangarap o kaya nababaliw na ako at nagiimbento akong nililigawan ako ng isang superstar. -\_- “tapos itong lalaking ito, nagtapat sakín ang sabi may gusto daw sya sakín tapos gusto nya daw ako maging girlfriend kaya nililigawan nya ako...”

“Oh tapos?” nakikinig lang sya sakín.

“Tapos... hindi ko sya mahal pero crush ko na sya...”

“Don't worry, matutunan mo rin siguro syang mahalín kung pagbibigyan mo díba? Siguro as time passes by baka may madevelop kang feelings sa kanya...”

“Yun yung kinatatakot ko koya noodles...”

“Ha?”

“I've never been inlove... o kaya nagka-crush. I know weirdo ako pero ganun talaga, I've never developed any certain feelings for the opposite sex pero ngayon, for the first time may lumapít na lalaki sakín at nagsabing may gusto daw sya sakín etcetera etcetera tapos ang sweet sweet nya pag kasama ko sya at dahil dun, sa kauna unahang beses sa buhay ko, nagform ako ng crush sa isang tao – sa kanya. At natatakot ako na baka lumalim pa ito.” -\_-

“Ha? Hindi ba maganda kung lalalim pa itong nararamdaman mo sa kanya? Since diba ikaw na nagsabi na may gusto din naman sya sayo so what's wrong kung magkagusto ka rin sa kanya?”

“What's wrong is... I'm not certain kung may gusto rin talaga sya sakin... baka kasi mamaya niloloko lang nya ako.”

“What do you mean?”

“Alam mo kasi koya noodles, saglit pa lang kami nagkakakilala pero nagkagusto na sya sakin... I find it really weird... tapos feeling ko kasi, may iba syang gusto... feeling ko wala syang gusto sakin... kaya ayaw kong lumalim pa ang nararamdaman ko para sa kanya kasi baka sa huli ako lang maging kawawa...”

“Natatakot kang masaktan, ganun ba?”

Tumango ako sa tanong nya.

“Eh hindi ka ba natatakot manghinayang?”

“Eh?”

“Wala lang, kasi paano kung may gusto talaga yung tao sayo diba? At paano kung sya na pala yung lalaking makakapagpasaya sayo? Dahil na lang ba sa takot na masaktan ka, lalayo ka na lang sa kanya? Isasawalang bahala mo na lang ba yung namumuong damdamin mo para sa kanya? Sa tingin mo, what should you fear most, pain or regret?”

“Both?”

“Haha, playing safe ka ah. Sometimes mas in danger ang mga taong playing safe.”

Playing safe nga ba ako? Haay, hindi ko kasi talaga alam kung dapat nga ba akong magtiwala kay Mirko... oo, aaminin ko, gusto kong mainlove dahil ang sabi nila masaya daw yun at masarap sa pakiramdam... ugh, ang hirap magdalaga at lumandi, bwiset. -\_\_-

\*\*\*

**- Momo's POV -**

Sunday.

Ito na yung first night ng battle of the bands ng MSX network.

Andito ako sa network building nila, kasama ko si Aila. Nasa may backstage kami pati na rin ang Syntax Error na nagpe-prepare na ng instrument nila tulad ng iba pang banda sa may backstage, limang sikat na banda ang nakapaligid samin at ibang staff na rin. Nakita ko nga ang Runaway eh pero ewan ko lang kung nakita ako ni Kevin, mag-ha-hi sana ako pero wag na lang muna baka kasi busy sila sa pagpeprepare, magi-start na kasi yung show any moment.

“Goodevening everyone!”

Nag-lights on na at nagka-ilaw na ang sign sa may taas na may nakasulat na “ON AIR” which means nag-start na ang show. Maririnig mo na rin ang sigawan ng mga audience na nagsidatingan para manuod ng live.

“We present you MSX's 20\*\* most awaited battle of the bands between 6 outstanding bands in the music industry! So are we all ready to rock and roll to the beat?!”

Nagresponse ang mga tao sa pagsigaw ng malakas at sa pagpalakpak sa tanong ng host, “WOOOOOOOOOOOOOOOOO!!!”

Grabe, bakit ganun, hindi ako kasali pero kinakabahan din ako. >,<

### **Voice ♪ 31: Tayong dalwa lang**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

“RUNAWAY! RUNAWAY! RUNAWAY!” grabe ang lakas ng cheer para sa Runaway nung matapos itong magperform, halos mabingi ang tenga ko sa kinauupuan ko. Kanina pa nagsimula ang 1st round ng battle of the bands, pangalawang nagperform ang Runaway at katatapos lang nila. Pumalakpak naman ako nung matapos sila, diba nga kasi sabi ko susupport ko sila kahit 10% lang? Pede na yung palakpak sa 10%.

Sila na talaga madaming fans kasi kahit pabalik na sila sa backstage, hiyawan pa rin ang fans tapos andami pang posters at kung anu anong chuchus na may nakasulat ng "Runaway". Grabe, feeling ko isa sila sa mga great contender sa contest na ito... pero SYNTAX ERROR pa rin ako! Ipagpepray ko talaga na manalo sila, kung kinakailangan umakyat ako ng tuktok ng bundok at mag-alay ng pechay at saging with matching monkey dance para manalo ang SE ay gagawin ko. >,<

"Woo, that was one hot performance wasn't it?" nagsigawan nanaman ang fans as a response sa host ng MSX, hindi ba sumasakit ngalangala nila? Di nga kasi daig pa nilang nakalunok ng megaphone, "Thank you Runaway, now here's the next band to perform... the very intriguing Syntax Error!"

Ewan ko kung feeling ko lang 'to o sadyang biglang parang tumahimik ang crowd at mangilan ngilan lang palakpak ang naririnig... Argh, what happened?! Wala ba ang mga fans ng Syntax Error dito ngayon?! Wala bang nanunuod? Asan sila? Anong nangyari?! Kadalasan all out support ang mga fans lalong lalo na ang SE♥LOVE na official fansclub ng SE!

"WOOOO!!! GO SYNTAX ERROR!" wala akong pakelam kahit pinagtitinginan ako ng mga tao dahil ako lang yung kabukod tanging tumayo, sumigaw at pumalakpak ng malakas nung tumungtong na sa stage ang SE. "GO SYNTAX ERROR! YOU GUYS ARE THE BEST! WOOOO!!!"

Antae ng mga fans na nagback out dahil lang sa mga chismis sa SE? Antae nila, promise! >\_<

Kitang kita ko tuloy na kahit nakangiti ang banda sa may stage, alam ko na pilit lang yung mga ngiting yun. Siguro nasaktan din sila at nadisappoint na walang sumusuporta sa kanila... pero andito pa rin ako! I'LL SUPPORT THEM NO MATTER WHAT!!!

"GO SYNTAX ERROR! WOOOO! THE BEST BAND EVER!!! WOOO! KAYO BET KO! GO GO GO! KAYA NYO YAN!"

Nginitian ako ni Ate Corrine mula sa stage at nag-wink saakin, the rest of the band ay nagpeprepare ng instruments nila. Pinagmasdan ko si Sync, siguro sa buong banda sya ang pinakadisappointed at pinakanalulungkot sa situation nila... sigurado sinisisi na naman nya ang sarili nya. Haay Sync, wag kang malungkot, just do your best, just perform to your heart's content at ipakita mo sa mga tao na hindi kelanman sumusuko ang Syntax Error. Kung iniwan ka man ng mga tao, try to conquer their hearts again and gain back the fans' trust through your songs and maximum performances.

NOW PLAYING: I CAN'T EXPLAIN IT BY SHOW ME THE SKYLINE (ACOUSTIC)

♪ *"Rumor has it, she's a mess*

*Across the room you'd never guess  
by the way she moves and the way she's dress  
She never fails to impress  
I took one look and I got her eyes  
She's got me hooked and there's no surprise  
It's like a game so I roll the dice  
but I'm feeling weak I need to try "* ♪

Nagstart na silang kumanta, pumalakpak muli ako yun bang palakpak na sobrang lakas na feeling ko pagkatapos nito mamumula ng sobra ang palad ko but who cares, I'd be more than willing to give them a hand!

♪ *" I can't explain it I'm wrapped around you finger  
but I'm loving every minute  
I can't believe I'm happy, girl are you happy?  
I hope I don't wake up I ruin it all  
I can't explain it "* ♪

Well, I'm not pretty sure if my presence and support is enough to encourage them to continue pero... sana makatulong man lang ako sa kanila. Ang hirap naman kasi maging isang simpleng fan lang... kung may magagawa nga lang ba ako na mas higit pa sa pag-upo at pagpalakpak lang. Haaay.

♪ *"Your body moves in perfect time  
I got a feeling I can make her mine*



*All I need to do is pull this right  
I'm moving closer and I pull my hands on her hips  
I'm barely breathing I still taste her lips  
I must dreaming It's like a game so I roll the dice  
but I'm feeling good and I won't think twice*

*Can you feel it baby, everytime we kiss  
Everything around us slowly seems to not exist" ♪*

Natapos na magperform ang Syntax Error at syempre, nag-cheer pa rin ako sa kanila hanggang sa huli. Pagkatapos nun, pagbalik ng SE sa backstage, tumakbo agad ako dun para puntahan sila kasi hindi lang naman audience ang trabaho ko dito, kelangan ko din sila i-assist bilang personal julalay nila.

"You did a great job, guys!" naabutan kong kino-compliment sila ni manager Ree.

"We failed, we will fail and we will always fail. This is all my fault!" nabigla ako sa reaction ni Sync, dahil imbis na matuwa sa compliment ni manager Ree ay nagalit ito pero hindi sya sumigaw kasi nasa backstage pa rin naman sila pero nasa tono naman ng boses nya na galit sya. Sabagay, ang dating din kasi ng compliment ni manager Ree ay parang consolation lang. Kasi maglolokohan pa ba? Halata namang nawalan ng supporters ang SE. :(

"Sync, calm down. This is no one's fault," lumapit si Zeke sa kanya to comfort him.

Nagheave out ng deep sigh si Sync, "Thanks pare. Pero guys at manager, mauna na ako. Uuwi na muna siguro ako sa condo. I feel so tired."

Hindi na nag-intay ng response si Sync at nagdire-diretso na ito sa paglabas ng building. Dahil worried ako kay Sync, sinundan ko sya.

"Wait lang Sync!" hindi nya ako pinapakinggan at dire direktso lang sya sa paglalakad. "Aalis ka na? Hindi mo ba muna aantayin matapos ang program or atleast antayin man lang ang announcement ng mga makakapasok sa top 4?"

Bigla syang tumigil sa paglalakad dahilan para maabutan ko sya, "It's useless, siguradong tanggal na agad kami." "Ha?! Paano mo naman nasabi?! Ang pessimist mo naman!"

"Obvious naman eh, kita mo nga walang nagsupport samin kanina! Wala ng tumatangkilik samin! We're now just a bunch of losers, so what's the point of staying there and wait for the announcement?!"

Sinampal ko sya.

"Araykupo! Araykupo!" halos magtatalon ako sa sakit pagkasampal ko sa kanya.

"Oh? Bakit ikaw ang nasaktan? Hindi ba dapat ako masaktan kasi ako sinampal mo?" nagtatakang tanong nya habang nakahawak pa rin ang kamay nya sa pisnging sinampal ko.

Tumigil ako sa pagtalon talon tapos pinakita ko sa kanya ang dalwang palad ko, "Ang sakit eh! Ang lakas ng impact ng sampal ko sayo eh kanina pang mahapdi at mapula ang mga palad ko kaya sobrang sakit nung sampalin kita."

"Anong nangyari sa mga kamay mo? Bakit ganyan sila kapula? Hala, namamaga pa ata!" O\_O

"Kapapalakpak."

"Ha?"

"Palakpak ako ng palakpak para sa inyo at hindi lang basta palakpak, yung palakpak na sobrang lakas para naman marinig sa buong room dahil gusto kong ipakita sa inyong Syntax Error ang wagas na suporta ko sa inyo. Sync naman, wag kang mawalan ng pag-asa, babalik din ang mga fans, I assure you. Saka andito naman ako eh, #0 fan nyo forever and ever. Kung kelangan mang-chainsaw ako ng kamay ng iba para may pumalakpak pang iba sa inyo, gagawin ko."

"Halika nga!" nabigla ako kasi bigla nya akong hinila sa may wrist ko at kinaladkad palabas ng network building at pumara ng taxi. Pinasakay nya ako dun at sumakay rin sya dun tapos sinabi nya sa driver yung address ng condo.

"Sync, bakit kasama ako sa condo?"

"Gagamutin natin yang sugat mo!"

"Alin? Sugat? Anong sugat?" nagtatakang tanong ko pero bigla nyang hinawakan ulit yung kamay ko.

"Ayan, yan oh!"

"Ahhh. Itong kamay ko... wala man sugat ah? Mapula lang at medyo paga pero wala syang sugat."

"Ganun na din yun! Kelangan malagyan ng yelo yan, mamaya mapaano pa yan!"

"OA mo naman, mawawala rin ito!" -\_-

"Wag kang makulit, gagamutin natin yan!"

"Yessir." ang bossy. -\_-

\*\*\*

Sa may condo, hala ayun hinila nanaman nya akong parang pusa... basta na lang ako kinakaladkad eh, para bang trolley bag ako. XD

"Upo ka dyan," pinaupo nya ako dun sa may upuan sa may kusina sa may table na sa tingin ko kinakainan nila. Umupo rin sya sa tabi ko, "Akin na kamay mo."

Inabot ko naman ito sa kanya at pagkaabot nya ay pinatungan nya ito ng bag of ice, "Ayyyyyay."

Medyo napa-aray ako pero hindi dahil masakit na masakit sya, medyo parang kumiroto lang kasi diba nga mapula yung palad ko tapos biglang napatungan ng malamig para tuloy feeling ko may tumutusok sa palad ko, ganun yung feeling.

"Masakit ba?"

"Medyo kumikirot lang sya."

"O kita mo, tapos sasabihin mong wala kang sugat."

"Hindi man yan sugat eh. Ang kulet." =\_ =

"Sinabi na ngang parehas lang yun eh."

"Oo na nga." -\_-

"Sa susunod, wag kang masyadong pumalampak ng malakas, baka mamaya pumutok pa yang kamay mo, dumugo pa yan."

"Pede ba yun?"

"Malay mo! Basta wag mo ng uulitin ito!"

"Hindi pede, paano ko kayo susuportahan?!"

"Hindi ko kelangan ng suporta mo o ng palakpak mo!" mao-offend na sana ako kung walang kasunod pero may kasunod na bumuhay ng kilig blood na nanalaytay sakin, "Kung masasaktan lang ang mga kamay mo! Ayaw kong makipagholding hands sa panget ang kamay..."

"E-eh?"

"Diba sabi ko tetry kong mainlove sayo at suklian ang pagmamahal mo sakin? Eh paano ako maiinlove sayo kung panget at namamaga ang kamay mo!"

"E-eh?" bakit ganun, feeling ko parang nabibingi ako kahit hindi... o siguro lahat ng sinabi nya was just too good to be true? Na parang namamali lang ako ng rinig kahit alam kong hindi o sana nga hindi...

"ANG BINGI MO! O AYAN ANG YELO, HAWAKAN MO HANGGA'T HINDI PA NAWAWALA ANG PULA PAGKATAPOS ILAGAY MO SA KABILANG KAMAY PARA YUNG ISA NAMAN ANG MABIGYAN NG TREATMENT!" tapos tumayo na sya nun na parang naiiritang nahihya at tinalikuran na ako at naglakad papunta ata sa kwarto nya? Ewan.

"Uy, anong sabi mo!" gusto kong ulitin yung sinabi nya, gusto kong i-make sure na hindi ako nagkamali ng dinig... gusto ko ulit marinig yung mga sinabi nya...

"WALA! PALINIS KA NG TENGA MO! ANG LAKI MONG BINGI! DYAN KA NA NGA!" tapos pumasok na sya sa kwarto nya at nagsara ng pinto pero ilang saglit lang din ay lumabas sya muli pero this time may hawak na syang damit... damit?

"Anong gagawin mo?"

"Maliligo!"

"SAMA!"

"ANO?!!!!!"

"Wala, wala. Joke lang. Sige dito lang ako." :D

"Don't even dare, stay put or else..." he gave me a deadly stare atsaka lang sya pumasok ng banyo. Joke lang naman eh, hindi naman talaga ako sasama unless he invites me(joke lang XD) pero hindi ako mamboboso so hindi na kelangang i-deadly stare nya pa ako. XD

Habang nasa banyo pa si Sync, tumayo na ako sa kinauupuan ko at nagdiretso ako sa may sala nila kung saan andun ang tv, binuksan ko ito at inilipat sa MSX. Live kasi yung battle of the bands kaya gusto kong panuorin para malaman kung ano na ba ang nangyayari sa contest. Sakto lang ako kasi announcing na pala nga mga makakapasok, bale magtatanggal sila ng isang banda. Super crossed na yung fingers ko at super nagwi-wish ako na wag sanang matanggal ang SE.

"Congratulations SoarFlight!" nakapila lahat ng banda sa may gitna ng stage at ang sino mang matawag ay aalis sa pila at uupo sa isang gilid na nakalaan para sa mga makakapasok for the next round.

"We will also see Runaway on the next round! Congratulations!" wow, sabi ko na. No doubt na makakapasok sila, ang ganda rin naman kasi ng performance nila + audience impact pa na = sure win. Haay. apat na lang natitirang banda, makakapasok kaya ang SE? Mukhang kinakabahan sina Ate Corrine, Zeke at Mirko habang magkakaakbay sila.

"Let's give around of applause for BottledSpine and Tear! You guys are in for the next round!"

"Now, we have two bands left. Only one band can proceed, but who will step to the next level? And who will have their last song tonight? Syntax Error or SkyLight?" Ayan na, ayan na... i-a-announce na, kinakabahan ako.... "We'll know about that soon after the break so stay tune on MSX!"

Ampoooooooooteeeek.

This is what I hate with tv contests. Talagang sinasadya palagi nilang mag-commercial sa intense part, talagang gusto kang patayin sa heart attack eh! Ayaw pang i-announce na lang kaagad, pabitin effect pa sila! Asar asar! Gusto ko ng malaman eh! Kinakabahan kasi talaga ako kung makapasok ba ang SE o hindi... pero sana talaga. :(

Pero dahil ang tagal ng lesheng commercial, bumalik na muna ako sa kusina para itapon na yung yelo na medyo tunaw na. Hindi ko na sya kailangan kasi hindi na naman masyadong pulang pula ang mga palad ko, okay na siguro sila. Nagkalkal din ako sa ref nila kung anong pedeng makain o maluto dahil ako ay nagugutom talaga, as in! Kasi hindi pa ako kumakain ng dinner, nagmeryenda lang ako kaya gutom na ako ngayon. Ipagluto ko na rin kaya si Sync? Baka gutom na rin sya?

"We're back!"

"Ay kalabaw!" sinarhan ko na muna yung ref at nagtatakbo ako sa may tv dahil narinig kong nagsisimula na ulit yung show. Mamaya na lang siguro ako magluluto pagkatapos nito, tapos tatanungin ko na rin si Sync kung gutom sya at ipagluluto ko sya. Feeling at home ako noh? XD

"So we're left with two bands... who will be the qualified band to be MSX's top band of the year?" may drumrolls effect pa eh, hindi ba nila tatantanan ang pagpapakaba sa kin? Kelan ba nila iaannounce yang pechay na makapasok sa top 4! Asar eh, ang tagal tagal i-announce, maghahyperventilate na ako sa kaba dito, mamaya nyan ma-epilepsy pa ako! -\_\_-

"So here it is... let's congratulate...." please Lord, please.... papakabait na ako, hindi ko na lalaitin yung mongoloid sa kanto ng bahay namin, hindi ko na kakalimutang pakainin ang aso naming si Shawtie at promise kahit gaano pang nakakadiri ang mga ipis, hinding hindi ko na sila papatayin dahil living creature din sila at may rights mabuhay sa mundong ibabaw basta lang po please... sana makapasok ang SE....

"SYNTAX ERROR!!!"

Yung parang nag-idle ka for a moment tapos....



Nagdire diretso na ulit sya pabalik ng banyo. Basa na din ako kasi diba nga niyakap nya ako... hindi ko idedeny na sobrang kinikilig ako sa bigla nyang pagyakayap... kaso feeling ko mano-nosebleed ata ako sa ginawa nya kasi niyakap nya ako ng topless sya at basang basa pa sya! My goodness, bakit biglang uminit sa condo? Wala bang aircon? Pinagpapawisan ako ng malamig eh. >\_\_<

Maya maya ay lumabas na sya ng banyo and this time, may suot na syang damit... sayang, miss ko na agad ang half naked body nya este joke lang. XD

"Nako, nabasa rin ata kita." pinagmasdan nya ako na para na ring basang sisiw kasi niyakap nya ako ee. -\_- /kinikilig pa rin ang lola nyo

"Ah wala ito."

"Saglit lang, kukuha ako ng damit sa kwarto ni Corrine para makapagpalit ka."

"Hala wag na! Nakakahiya naman tsaka baka magalit si Ate Corrine pag pinakelaman natin ang mga damit nya."

"Sus hindi yun, kilala ka naman ni Corrine kaya okay lang sa kanya yun. Halika," wala na akong nagawa kundi sumunod sa kanya sa kwarto ni Ate Corrine, kumuha sya sa cabinet nito ng isang simpleng t-shirt at inabot sakin, "T-shirt lang naman nabasa sayo nuh? Osyang, magpalit ka na dito, sarhan mo yung pinto."

Lumabas na nga sya pagkatapos, at naiwan ako sa kwarto ni Ate Corrine para magpalit. Nung makatapos akong magpalit ng t-shirt, nilibot ko ang paningin ko sa kwarto at naggala gala ng konti out of curiosity tapos may nakita akong mga picture frames na nakahilera sa mahabang glass cabinet. Sobrang daming pictures at nakakatuwang tignan silang lahat...

"Teka..." napatigil ako sa isang certain frame dahil feeling ko nakita ko si Aila sa picture...

Dahil sobrang nagtaka ako kung bakit kasama ni Aila si Ate Corrine sa isang picture ay kinuha ko ito at nilabas sa may istante para makita ng malapitan, tinitigan kong mabuti yung picture... sa unang tingin parang si Aila pero... hindi pala, kamukha lang nito. Sino kaya ito? Siguro kaibigan ni Ate Corrine, kahawig talaga ni Aila, akala ko nga sya, kasi sa unang tingin parang sya talaga.

"Maibalik na." baka kasi masira ko pa, magalit pa sakin si Ate Corrine. >.<

Lumabas na rin ako nun pagkatapos at nakita kong nakaupo na si Sync sa may sofa.

"Congratulations!" paguulit ko as I remember na nakapasok sila sa top 4.

"Don't you think it's too early to congratulate me?"

"Ano ka ba," lumapit ako sa kanya at umupo sa tabi nya tapos hinampas ng mahina ang braso nya, "Masyado kang OA eh, atleast nakapasok na kayo sa top 4 yun yung importante! May chance pa kayong pagbutihan ang performance nyo sa next round."

"Sabagay. Hmm. Tara,"

"Ha? Anong tara?"

"Tara, kain tayo sa labas."

"Ha? Kain sa labas? Anong kakain sa labas?"

"Edi kakain sa labas? As in eat outside?"

Nagets ko sya syempre pero ang hindi ko magets bakit kami kakain sa labas?

"Eh? Hindi ko magets?" napakamot na lang ako ng ulo.

"What I mean is, since nakapasok kami sa top 5 unexpectedly, gusto ko sanang magcelebrate dahil I admit I'm very happy sa result kaya for celebration, gusto ko sanang ilibre ka ng dinner outside... in a restaurant, in a fast food chain, o sa kariderya basta kung saan mo gusto. It's up to you."

"Dinner? Tayo? Tayong dalwa lang?"

"Yeah? Wala naman yung iba eh, tsaka for sure kakain din sila sa labas like always libre ni manager Ree. So I guess we need to celebrate din diba? So saan mo gustong kumain?"

"Teka... dinner? Tayong dalwa lang talaga?"

"Gusto mo magsama tayo ng kapitbahay...psh, oo nga eh, tayong dalwa lang, kulet." sarcastic na sabi nya. -\_-

"Edi parang... *dinner date*?"

## **Voice 32: Ang cute mo kasi**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- Momo's Voice -

"Edi parang dinner date?" yung mga mata ko parang malalaglag na kasi hindi talaga ako makapaniwala na he's inviting me na magdinner with him sa labas. O\_O



"Dinner lang, remove the word 'date'." -\_-

"Pfuuu. Sige na nga, dinner lang." -\_- eh ganun din naman yun diba? Date din yun kasi kami lang dalwa ang kakain as in kaming dalwa lang at wala ng iba pa at tapos ininvite nya pa ako meaning date yun. Instant date kumbaga. -\_- Basta, basta, kahit isipin nyang mere dinner lang ito for me "DINNER D-A-T-E" ito. Bwahahaha. :D

"Tara na," tumayo na sya ng sofa.

"Ganto na lang tayo?" I mean yung outfit namin. -.-

"Oo? Kakain lang naman tayo ee." date 'to eh tapos ang baduy baduy ng suot natin, di bale na nga. -.-

Lumabas na kami ng condo at nagelevator pababa ng parking lot.

"Bakit tayo pababa ng parking lot?" pagtatanong ko habang nasa elevator kami.

"Kukunin natin yung kotse ko."

"Wow, may kotse ka?" O\_O

"Oo, anong tingin mo sakín pulubi?"

"Hindi naman. Eh kasi lagi kayong nakasakay sa isang van tapos si manong driver ang laging nagdadrive, its just that I've never seen you drive at pati yung kotse mo."

"Ahh, eh mas convenient kasi para samíng grupo na sa isang kotse na lang sumakay."

"Aahh," wow na-e-excite na ako kasi for the first time makakasakay ako sa kotse ni Syncbabes my love! Ahaha. Hmm.. Ilang babae na kaya napasakay nya dun? Nakasakay na kaya dun si Iris? Argh, hindi pede! Amff, naiinggit ako kung nagkataong nakasakay na nga si Iris dun kasi mas nauna sya sakín. >,< Pero di bale, atleast makakasakay din ako. \*u\*

Pero habang nagiintay kami sa may elevator na ma-reach ang ground floor ay biglang nag-shake ng konti yung elevator kaya naman na-out of balance tuloy ako at dahil dun (hindi dahil sa nangmamanyak o nananching ako) ay napakayakap ako kay Sync na katabi ko.

"Woah, what was that." sabi nya habang inaalalayan akong makatayo ng ayos. Sayang, ang sarap yumakap sana sa kanya. :P

"Hala, sudden earthquake ba? Nagshake kasi bigla yung elevator ee, baka nagkalindo!"

"Naku, wag naman sana. Nakakatakot pag ganun, ang tagal naman nitong elevator na bumaba sa ground floor." ah. nasa 5th floor nga pala ang condo ng SE eh currently nasa 2nd floor pa lang ang elevator. -.-

\*BOOGSH. DUUGSHHH.\*

"AAHHHHHHH!!!" napasigaw ako kasi parang naalog kami sa loob ng elevator at nagfi-flicker yung lights ng elevator at pagkatapos ng ilang segundo ay tumigil ng biglaan ang elevator dahilan para tumumba ako sa may sahig at ganun din si Sync, (take note, napayakap ulit ako sa kanya, in times of danger kinikilig pa rin ako hahaha) at sa pagtigil ng elevator ay namatay ang ilaw.

"Ahh, sobrang dilim. Sobrang dilim." promise hindi ako ng mamanyak pero napapayakap talaga ako ng mahigpit na mahigpit kay Sync dahil sa malaki ang takot ko sa dilim... Seryoso, hindi ko kayang tumagal ng matagal sa madilim na lugar. Y\_Y

"Momo, ayos ka lang ba?"

"Hindi! Hindi ako ayos! Natatakot ako, ang dilim!" pede na sigurong mapunit ang damit ni Sync sa higpit ng hawak ko dito, "Ilabas mo ako dito, please! Ilabas mo ako." :(

Feeling ko maghi-hysterical na ako sa takot. Hindi ko na talaga kaya, ang dilim, wala akong makita.

"Calm down, Momo."

"I can't! Takot ako sa dilim!" >\_<

"Sshh," naramdaman kong hinawakan nya ako sa magkabilang balikat, "Breathe in, breathe out."

Sinunod ko sya, nag-breathe in breathe out ako kahit feeling ko anytime babagsak na ang mga luha ko. Tae, para akong bata. Pero ano ba magagawa ko? Natatakot talaga ako. :(

"Wag ka ng matakot okay?" nilabas nya yung cellphone nya sa kanyang bulsa at dahil dun nagka-ilaw mula sa screen nito. Lumiwanag kahit papaano dahil sa ilaw ng cellphone.

"Shet, bakit ba walang signal palagi sa loob ng elevator."

"Nothing to do, malapit tayo sa ground floor eh kaya weak ang signal." medyo nagagawa ko ng mag-calm down dahil may ilaw nanaman na tho every now and then namamatay yung ilaw at kelangang pindutin palagi yung cellphone para magkailaw muli.

"Saglit lang," pinabitaw nya ako sa hawak ko sa t-shirt nya at tumayo para lumapit sa pinto, tapos sinubukang buksan but to no avail he announces **"We're trapped."**

Yesss!!!

Este, ano bang reaction yun, diba dapat mag-panic ako dahil trapped kami dito? Pero bakit parang kinilig ata ako kasi kami lang dalwa dito ni Sync. Hindi ako normal. --

"I guess we're left with no choice," bumalik si Sync sa tabi ko at umupo, "It's either maghintay tayo na bumalik ang power or dumating ang mga pedeng tumulong satin maglabas dito."

I heave out a sigh, "Ganun na nga. Sayang naman yung dinner date." :(

"Dinner lang sabi yun, walang date."

"Sayang talaga, first date ko pa man din sana yun sayo."

"Hindi nga sabi date yun."

"Okay lang kasi sakín na wag makakain pero yung pinanghihinayang ko talaga eh yung date. Haaay."

"Ang kulit nitong isang 'to, sabi ng dinner nga lang. Psh. Bahala ka na nga kung anong gusto mong isipin." --

Halos isang oras na rin kaming nagiintay dun sa loob ng elevator pero wala pa ding nadating na tulong at hindi pa rin bumabalik ang tower.

"Ano kaya sa tingin mo ang nangyari?"

"Siguro biglang nagbrown out?"

Bigla napaisip ako, "Bakit tinatawag na brown out ang brown out kung hindi naman brown ito diba? Dapat black out."

"Well, different meaning kasi ang black out at brown out."

"Don't speak scientific with me." dahil gets ko na ang gusto nyang i-explain, for sure he'll give me the definition of black out and brown out, "What I want to say is, whatever reasons... darkness is always black kaya pag nagkapower shortage dapat black out ang itatawag nila kahit anong circumstances pa sya, hindi pedeng "brown" out dahil maling mali sa logic."

"Shut up, pilosopong logic naman yan."

"Totoo naman eh."

"Ewan ko sayo, gutom lang yan." -.-

"Actually, gutom na nga ako." Y\_Y

"Ako din," tapos tumingin sya sa cellphone nya, "mag-e-eleven pm na. Hindi pa ba dadating sina manager Ree at yung tatlo? Ang tagal naman nilang kumain at bumalik dito sa condo."

"Wala ba kayong neighbors dito sa condo nyo?"

"Meron, pero ewan ko nga ba kung bakit walang nadating dito. Siguro walang nakakaisip na baka sakaling may na-stuck dito. Or baka tulog na rin sila para mag-aksaya pa ng panahon sa brown out."

"Naman... paano na yan? Antagal magkapower muli, gutom na ako. Pede ka bang kainin?"

"H-hoy!"

"De joke lang." =\_ =

Ganun lang kami sa loob ng elevator, nakasandal habang nakaupo sa sahig.

"Ang sarap kumain ng hamburger." nagstart na akong mag-imagine, "Yung maraming ketchup tapos tatlong meat pa at may french fries sa loob."

"Tapos gusto ko rin ng chicken joy, yung bagong luto at malutong lutong pa, sasabayan mo pa ng kanina na may sabaw ng gravy.. Hmmm. Yummy!"

"H-hoy ano ka ba, lalo akong nagugutom sa mga sinasabi mo!"

Natawa ako, "Sabi nila wala daw masamang mangarap."

"Wala nga kaso kung wala ka namang mararating sa pangangarap mo, itigil mo na. Tingin mo sa pangangarap mong yan may bigla biglang susulpot na chicken joy dyan sa harap mo?!" -\_-

"Psh. Parang nangangarap lang," I pouted, "Pag ako nakapagpalabas ng jollibee chicken joy, ki-kiss mo ako!"

Nataken aback sya sa sinabi ko, well kahit ako din naman eh. Nag-automatic lang syang lumabas sa bibig ko. --

"W-weh? Asa namang makakapagpalabas ka ng chicken joy. Sige nga,"

Pumayag sya sa consequence ko? I-ki-kiss nya nga ako pag nakapagpalabas ako ng chicken joy? O\_O

Well. pumayag lang siguro sya dahil alam nyang impossible naman kasi akong makapagpalabas ng chicken joy dito sa elevator.

"Ayaw mong maniwala ha," dahil alam kong may chicken joy talaga ako, confident ako. --

"Saglit lang," nilabas ko yung cellphone ko at nagkalkal doon.

"Oh? Anong gagawin mo sa cellphone mo?" tumawa sya, "Ano yan tatawag ka ng chicken joy through your cellphone? Just give up, walang chicken joy na a-appear."

"Meron sabi," nung makita ko na yung hinahanap ko sa cellphone ko ay hinarap ko ito sa kanya, "OH AYAN CHICKEN JOY! TO BE EXACT, JOLLIBEE CHICKEN JOY YAN! SPICY FLAVOR PA!"

Nanlaki yung mga mata nya nung makita nya yung screen ng cellphone ko pero nilayo lang rin ito agad sa kanya, "Don't be stupid, picture lang naman yan, that's not the real thing."

"Pero ang usapan pag nakapaglabas ako ng chicken joy, walang sinabing pag nakapaglabas ako ng real thing."

"Eh andugas, picture lang naman yan eh!" ang pinakita ko kasi sa kanya ay yung picture ng chicken joy na kinain ko nung isang araw sa jollibee, may ugali kasi akong picture-an ang mga pagkain ko bago sila kainin.

"Kahit na! Usapan ay usapan, kiss ko!" >.< di bale ng blunt towards him, ano pa ba sense ng pagpapakipot at torpe right? Kung alam naman na nya ang feelings ko para sa kanya. I've got nothing to hide sa kanya dahil naamin ko naman na eh, I guess mas magiging madali para sakín kung magpapakatotoo na lang ako diba?

"Ayoko nga!"

"Andaya mo! Andaya! Pumayag ka eh, we had a deal! I showed you a chicken joy!"

"Psh, fine." nabigla ako kasi nilapit nya nga ang mukha nya sakín... say what? I-ki-kiss nya talaga ako? I can't believe it, pumayag na talaga sya sa deal namin? OMG. Alam ko, hindi ito yung first kiss namin pero I feel so excited talaga kaya naman pinikit ko ang mga mata ko, inihaba ang nguso at hinintay ang labi nya na dumikit sa labi ko...

EH?!

Napamulat ako ng mga mata ko ng maramdaman ko ang pagdampi ng labi nya, pero hindi sa labi ko... kundi sa noo ko!

"Wala naman sa usapan na dapat sa labi diba?" he smirks. Argh, kung naisahan ko sya sa chicken thing, naisahan nya din ako sa kiss. >,<

"Hmf! Sa noo, ano ako lola nya? Psh." I mumble to myself.

"May sinasabi ka?"

"Oo, meron. Ang korni mo!" -\_-

"Eh?!"

"Ang korni mo, sa noo... ano ako lola mo?!" -\_-

"H-hindi... pero you're not either my girlfriend for me to kiss you on the lips."

"Sabagay..." malungkot na sabi ko. Oo nga naman, hindi naman nya ako girlfriend. Masyado akong nadadala sa emosyon ko at nakalimutan ko na yung FACT na yun. F\*ck fact. -\_-

"Kelan..." naibulong ko mag-isa.

"Ha?"

"Kelan kaya ako magiging girlfriend mo..." malungkot kong sabi na alam kong nagpabigla sa kanya kahit nakatungo lang ako at hindi nakatingin sa kanya. Pero binawi ko rin yung sinabi ko at humarap sa kanya at ngumiti at nagpeace sign, "Joke lang!" ^\_\_\_\_^v

\*Chu~!\*

Feeling ko natulala ako kasi bigla bigla, nilapit nya ang mukha nya at saglit na hinalikan ako sa labi.

"A-ah sorry," parang nabigla rin sya sa ginawa nya at yumuko at napakamot ng batok, *"It was just that you were too cute that I wasn't able to help myself."*

\*ting!\*

With that awkward atmosphere, the lights went back and the elevator door opened, "Guys, ayos lang kayo?"

Bumulaga samin ang SE at si manager Ree tapos may kasama silang isang mama na naka-uniform ata ng janitor, siguro maintenance guy sya sa condo nila.

"Nagkaroon ng saglit na power shortage sa bandang area natin, katatapos lang namin magdinner sa labas at pagbalik namin dito sa condo nakita naming brown out at sira rin pala yung generator. Nung umakyat na kami sa condo at pagkakita naming wala ka dun ay kinontak ka kaagad namin sa cellphone mo kaso hindi ka namin makontak. We thought lumabas ka pero nasa parking lot pa yung kotse mo, hindi namin alam kung nasaan ka so we thought baka naman na-stuck ka sa elevator kaya nag-ask kami ng maintenance staff ng condo na buksan ang elevator and at the same time, naayos na rin nila ang generator." pag-e-explain ni Mirko pagkabalik namin sa unit nila.

Hindi ko pa rin nakakalimutan yung biglaang paghalik ni Sync sa labi ko kanina sa elevator. Ang cute ko daw? Ang saya saya ko sa simpleng compliment. :")

Hindi rin nagtagal, nagpaalam na ako sa kanila na uwi na ako kasi ayaw ko naman makaistorbo na sa kanila dahil dis oras na ng gabi. Mag-a-alas onse na eh. Pero pinahitad ako ni manager Ree kay manong driver na noo'y pauwi na rin daw naman sa kanila at saktong naman daw na ang bahay ko ay madadaan sa paguwi nito. Hindi ko na tinanggihan ang offer na ito dahil sa ayaw ko na rin naman magtaxi pa sa gantong oras, nakakatakot, baka ma-rape ako, alam nyo na sobrang cute ko baka mahalikan ulit ako. Ahihi. Napapabungisngis ako mag-isa dito pag naaalala ko talaga sinabi ni Sync,

*"It was just that you were too cute that I wasn't able to help myself."*

Ako ng cute. Hahahaha. Hindi makaget over, bow.

At isa pang bagay na hindi ako makaget over ay bago ako tuluyang umalis ng condo, hinabol ako ni Sync sa may pinto at inabot sakin ang cellphone nya, "Can you put your number here?"

Nabigla ako syempre pero of course, nilagay ko ang number ko dun. Pedeng wag ng matapos ang gabing ito?



Kasi unang una, nakapasok ang SE sa MSX's first round.

Pangalawa, hinawakan ni Sync ng maraming beses ang kamay ko at ginamot nya pa ito.

Pangatlo, nakita ko syang halk naked. (Ahem.)

Pang apat, niyaya nya akong mag-dinner date! (O sige na nga, 'dinner' lang) Kahit hindi natuloy pero okay lang, masaya pa rin ako kasi niyaya nya ako. \*u\*

Pang lima, na-stuck kami sa elevator na kami lang dalwa. (That's a positive thing for me :P)

Pang anim, hinalkan nya ako sa noo. \*u\*

Pang pito, hinalikan nya ako ng biglaan sa labi at sinabihang ang cute ko daw kasi. <3333

Pang walo, hiningi nya ang cellphone number ko!!! (>///<)

PEDENG WAG NG MATAPOS ANG ARAW NA ITO? PLEASE? Ang daming magagandang bagay na nangyari, sobrang saya ko... ang araw na ito ang isa sa mga araw na hindi ko makakalimutan. Haaay. Ang lakas ng kilig powers ko. :''')

\*\*\*

Pagka-uwi ko, nagbihis muna ako ng pambahay at nagtali ng buhok sabay bumaba sa may kusina at nagkalkal ng pagkain. Tulog na kasi mga tao kaya ayaw kong mangistorbo ni kahit ng katulong, siguro naman merong natirang pagkain dito, magkakalkal na lang ako kesa sa mangistorbo pa ako ng taong natutulog na. May nakita naman ako sa ref na may pagkain sa pinggan na nakacover sa cellophane. Kinuha ko ito at ini-init sa microwave.

Pagka-init ko nun, umupo na ako at sinimulan ng kumain. Aba, gutom na rin ako nuh! >\_<

Nasa table din sa tabi ko ang cellphone ko, I don't usually eat with my phone on the table dahil bad manners daw yun pero ngayon ko lang naman gagawin ito atsaka kasi excited ako... may hinihintay akong call or text man lang.

Diba hiningi nya ang number ko? So siguro naman ibig sabihin nun ite-text nya ako o tatawagan diba? Haaay, actually pedeng ako na ang tumawag sa kanya kasi binigay nya rin sakín ang number nya pero that wouldn't make anything special kung ako yung unang tatawag o magtetext... mas masarap sa feeling yung sya yung unang ko-contact sakín. \*u\*

\*munch munch munch\*

*"I woke up in the middle of the night*

*out of luck with this girl on my mind*

*she got away now*

*im trying to explain how..." ♪*

Kamuntik na akong mabulunan kasi biglang tumunog yung cellphone ko, nagmadali dali akong kunin ito pero medyo nadisappoint ako ng makita ko kung sino ang tumatawag, akala ko si Syncbabes na pero hindi pala...

*Kevin Sy calling...*

"Psh. Si Kevin lang pala."

## **Voice 33: Manager Luke**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- MOMO'S VOICE -

*Kevin Sy calling...*

Nye, si Kevin lang pala akala ko si Sync na. Hindi ko sinagot yung call eh kasi nga diba naghihintay ako ng call or text man lang from my Syncbabes? Baka mamaya tawagan ako nun eh busy yung phone ko, ayoko nga! I don't want to miss the chance na makausap ko na finally sa phone ang pinakamamahal kong idol.

Nag-end din naman yung pagring ng cellphone ko pero maya maya habang kumakain ako ay tumunog nanaman ito kaya naman nagmamadaling tinignan ko ang cellphone ko and to my disappointment again si Kevin Sy nanaman. Ano ba kelangan nito? Tawag sya ng tawag baka mamaya nan magkasabay pa sila ni Syncbabes! Masagot na nga ito at ng matapos na agad.

"Hello Kevin?"

"Momo! Finally, sinagot mo din yung call. Tumatawag ako sayo kan---"

"Yeah, yeah. Bakit ka pala napatawag? May importante ka bang sasabihin? Kasi kung wala matutulog na ako, inaantok na kasi ako." sinungaling, hindi pa ako matutulog.. kumakain pa nga ako ng dinner eh pero gusto na talaga matapos itong call nya dahil ayaw kong maging occupied ang phone ko dahil may inaantay nga akong tawag. ♥\_\_\_♥

"Ah ganun ba," parang nadisappoint yung boses nya, "Sige goodnight na lang. Gusto ko lang sana magthank you sa pagpalakpak mo kanina para samin, nanalo nga pala kami... wala lang, sinasabi ko lang kahit walang nagtatanong."

Bakit feeling ko nagpapaawa si Kevin sakin? I mean yung tono ng pagsasalita nya sa telepono parang sinasabing "sige, ganyan ka naman, tutulugan mo lang ako. sige parang hindi ka kaibigan. magkalimutan na.". Parang ganun kasi ang dating sakin nung boses nya eh o siguro dahil sa guilty lang talaga ako sa pagsisinungaling ko na matutulog na ako kahit hindi pa. -.-

"Saglit lang Kevin, kung tatawag ka sa may landline na lang namin. Bawal kasing ma-occupied ang cellphone ko ngayon."

"Bakit?"

"Basta, explain ko sayo sa landline." binigay ko sa kanya yung number ng landline namin at binaba ko na yung call at hindi rin nagtagal ay tumunog na yung telepono namin na nakasabit sa may pader ng kusina kung saan kumakain ako ngayon. Wireless naman sya kaya pede kong dalhin sa table habang kumakain ako.

"Hello Kevin." sabi ko pagkabalik ko sa kinauupuan ko at pagkasagot ko sa telepono, yung cellphone ko naman ay nasa may table habang nagiintay pa rin ako na sumulpot sa screen ang mga salitang "*Syncbabes calling...*" o kaya "**1 message received**, from: Syncbabes".

"Oh bakit pala kelangang landline?"

"Haay, o sige magiging honest na ako sayo. Hindi pa talaga ako matutulog at ang tunay nyan kakauwi ko lang at kumakain pa lang ako ngayon ng dinner pero kaya ko sinabing matutulog na ako kasi ayaw kong kausap ka... pero wag kang ma-offend, hindi lang ikaw pero ang totoo ay i don't want to talk with anyone right now dahil ayaw kong maging occupied ang phone ko kasi may hinihintay akong tawag."

"Oh, ganun ba. Kaninong tawag ang hinihintay mo?"

"Edi kanino pa? Yung tawag ng beloved Sync ko." ♥

"So nag-exchange na pala kayo ng numbers?"

"Yup, at alam mo ba Kevin sobrang saya ko nung hiningi nya sakin yung number ko! Halos maghyperventilate na ako sa kilig!" sa pagkekvento lang nun ay kinikilig ulit ako. >.<

"Ahh talaga..."

"Yup, yup! Tapos alam mo ba kanina nagbrown out tapos nastuck kaming dalwa ni Sync sa elevator!"

"Oh eh bakit parang masaya ka eh na-stuck na nga kayo? Hindi ba dapat natakot ka?"

"Syempre kasi kami lang dalwa nandun, as in kami lang talaga! Natakot din naman ako pero ngayong safe na kami, pag iniisip ko ulit yung moment na yun ay kinikilig ako!"

"Halata ngang kinikilig ka..."

"Ano ba naman Kevin, ang walang gana mo naman kausap. Nagkekvento ako sayo tapos ganyan lang mga sagot mo sakin... Show some enthusiasm naman." -.-

"Ah wala..."

"Anong wala? Ang labo mo naman kausap," sumubo ako ng pagkain at ngumuya saglit tapos nagtanong, "Sya nga pala,

bakit ka ba napatawag?"

"Eh kasi may sasabihin sana ako..."

"Ano yun?"

"Momo, ano I think I li---"

♪~ *I woke up in the middle of the night*

*out of luck with this girl on my mind*

*she got away now ~♪*

"Wait lang Kevin," hindi ko na napatapos magsalita si Kevin kasi biglang tumunog yung cellphone ko at pagkasilip ko sa may screen nakita ko ang mga katagang **"1 message received"**.

Binuksan ko kaagad ang message na ito at tuwang tuwa ako ng mabasa kong mula ito kay Syncbabes.

"Tinext nya ako Kevin!" tuwang tuwa kong balita kay Kevin na kausap ko pa rin sa landline.

"Anong sabi?"

"Goodnight."

"Yun lang?"

"Plus smiley."

"Yun lang nga? Goodnight at smiley? Ang korni."

"Anong ang korni ka dyan! Nakakakilig kaya! Nag-goodnight sya sakini tapos may smiley pa! Ang cute nga nung smiley nya eh, yung ginamit nyang eyes ay asterisks tapos yung bibig ay yung letter "u". --> \*u\*

"Ah yun ba, ang panget naman nun."

"Weh! Cute kaya, from now on ito na ang favorite kong smiley at ito na palaging gagamitin kong smiley mapatext or chat. Teka lang Kevin, magreply lang ako." kinlick ko na yung "reply" button sa message ni Sync pero nung magtatype na ako hindi ko maisip ang ilalagay ko.

"Kevin, anong magandang ireply?"

"Saan? Sa goodnight ba?"

"Yup."

"Goodbye."

"Weh! Di nga, yung seryoso." -.-

"Edi goodnight din, ano pa ba. Simpleng text lang hindi mo pa kayang replyan mag-isa."

"Eh nanghihingi lang po kaya ako ng advice, hindi lang kasi ito simpleng text, importante at espesyal na text ito para sakini kaya gusto kong pag-isipang maigi ang irereply kahit sa isang "goodnight" lamang. Hmm, alam ko na tetext ko," nagsimula

na akong magtype sa cellphone ko, "Goodnight din Sync, sweet dreams sayo. Pahinga kang mabuti ha? Para may energy ka bukas sa practice nyo. Ayan Kevin, natype ko na plus may smiley din sa dulo! Ahihi."

"Ewan ko sayo." bakit ganto 'tong isang 'to? Parang ang taray na ang ewan ata bigla bigla. --

"Problema mo? Inaano kita, bakit ang taray mo." --

"Wala."

"Weh di nga?"

"Oo nga. Congratulations na lang sa Syntax Error, nakapasok sila for the next round." --

"Oo nga! Ang galing galing nila nuh? Ansaya saya ko at nakapasok sila!"

"Halata nga eh, todo cheer ka kanina eh." --

"Nakita mo? Ahaha! At dahil sa todo cheer kong iyon hindi na-waste ang effort ko at napansin ako ni Sync!"

"Papansin." --

"ANO?! Hoy Kevin Sy, ano ba problema mo at ganyan ka makasagot ha?" -- medyo nainis na ako kasi pinagbigyan ko na nga ang call nya at tinatry kong maging energetic sa usapan pero ewan ko ba dito kay Kevin kung bakit ang e-ewan ng mga sagot nya sa bawat sinasabi ko, "Meron ka bang menstruation ngayon ha?"

"Wala."

"Eh bukas?"

"Wala."

"Katatapos mo lang ba?"

"Wag ka ngang asar, hindi ako babae para magkamenstruation period." --

"Ito naman hindi mabiro, ano ba kasing meron at mukhang wala ka sa mood? Saka bakit ka nga ulit napatawag? Naantala ka kasi kanina nung nagtext si Sync."

"Wala, kalimutan mo na. Goodnight na lang."

"O sige," napakamot ako ng ulo, "Goodnight."

\*\*\*

**- KEVIN'S VOICE -**

"Wala, kalimutan mo na. Goodnight na lang."

"O sige, goodnight."

Ini-end ko na yung call after that. So simpleng goodnight lang para sakin? Samantalang sa text ni Sync Mnemosyne, may sweet dreams pa? At may "pahinga kang mabuti ha? Para may energy ka bukas sa practice nyo." Bakit sakin, isang

simpleng goodnight lang? Si Sync lang ba may practice bukas? Ako din naman ah! Nakakaasar, ako yung tumawag sa kanya pero mas natuwa pa sya sa isang simpleng "goodnight" text lang mula sa Sync na yun, edi kung alam ko lang pala na mas matutuwa sya sa simpleng text sana hindi na lang ako tumawag at tinadtad na lang sya ng "goodnight".

"Argh!" hinagis ko ang sarili ko sa aking kama at ganun na din ang cellphone ko at pinatong ko ang braso ko sa aking noo habang nagiisip, "Bakit ba ako nagkakaganto? Bakit ba naiinggit ako kay Sync Mnemosyne?"

"Ano bang meron sayo, Momoxhien Clarkson? Hindi ka naman kagandahan, baliw ka naman, ang isip bata mo pa pero bakit ganun? Bakit sa tingin ko, nagkakagusto na ako sayo ng sobra sobra? Kinulam mo ba ako?"

"Asows, pare antok lang yan! Itulog mo na!"

"Ay tae ka Denver!" nabigla ako at napabangon sa pagkakahiga ko ng marinig ko ang mapang-asar na boses ng kaband mate kong si Denver the drummer, kinuha ko nga yung unan at hinagis sa kanya na noo'y nasa may pintuan ng kwarto ko, "Ang epal mo kahit kelan!"

"Eh todo drama ka dyan eh, sayang hindi ko na-videohan pwede ng gawing music video sa mga susunod na kanta natin! BWAHAHA."

"Pakamatay ka na." -.-

"Mauna ka, susunod ako. HAHAHA."

"Gagu, ano ba kelangan mo at andito ka sa kwarto ko?" hindi talaga kami magkakasama sa isang bahay pero as of now, ang buong banda ay nasa bahay ni manager Luke dahil sa may early practice kami bukas at kelangan gumising agad at umalis para makarating ng maaga sa pagpapactice-an namin which is out of Manila pa, may i-me-meet kasi kaming trainer something. At oo, may tig isa ang bawat miyembro ng Runaway ng kwarto sa bahay ni manager at yes you can imagine that his house is very very big. Aside from being our manager, he's also a producer and he has produced lots of movies and music related videos already. Our manager is a very high personality, he's rich and known to the media though kahit kaming minamanage nyang bands ay walang masyadong alam sa kanya because aside from being quite reserved ay napakamysterious nya. He talks to us only about the band but never did we feel like a family to him, ewan ko ba, sobrang misteryoso nyang tao. Basta isang araw nagpeperform lang kaming Runaway sa pipitsuging bar ng tito ni Jake, guitarist namin tapos bigla na lang nilapitan ni manager Luke yung banda namin tapos tinanong nya kami na sadyang nagpabago ng buhay ng banda naming Runaway, "*Would you guys like to be famous?*"

"Wala lang, manghihiram lang sana ako sayo ng charger ng cellphone, nakalimutan ko ata sa bahay namin yung akin." pumasok na syang tuluyan sa may kwarto ko at nagkalkal na sa bag ko. Tamo itong isang ito, daig pa may-ari ng bag kung makakalkal ng bag ko eh. Hindi talaga makapagintay na ako na ang magbigay sa kanya ng charger, ugali talaga nitong isang ito naku! Buti na lang sanay na ako sa kanya. -.-

Pagkatapos makuha ni Denver yung charger ng cellphone ay umupo sya sa higaan ko sa tabi ko tapos tinignan nya ako at nginitian, ngiting parang asong ulol na nangaasar.

"Titingin tingin mo? Sundutin ko mata mo eh." --

"Yeeee." sabay siniko siko nya ako sa gilid ko, "Dalaga na sya."

\*SPANK!\*

"Aray, makasapok naman ito parang wala akong ulo." pagrereklamo nya.

"Tae ka. Tigilan mo nga ako sa pang-aasar, bagay lang sayo yang sapak na natamo mo. Laki mong umepal, umalis ka na nga sa kwarto ko at nakuha mo nanaman ang kelangan mo."

"Eto naman, ang laking pikon. Joke lang, peace yo!" sabay nagpeace sign pa sya na parang hiphopper style. Abnormal talaga 'tong isang 'to, napukpok nya ata ng drumstick nya ang ulo nya kaya ganyan ang level ng kaabnormalan, malala na.

"Yung Momoxhien ba yun nanaman ang iniisip mo?"

"Hindi, pagkain ang iniisip ko."

"Weh, sipain kita dyan eh. Rinig na rinig ko kadramahan mo dyan kanina eh. Ano ba nangyari? Kwento ka naman dude."

"Wala, nababaliw lang ata ako. Nagkakagusto ako sa isang babaeng walang pakelam sakin."

"Nakakatawa lovelife mo pare, HAHAHAAAAA."

"Anong nakakatawa? Tadyakan kita dyan eh." ganto lang talaga kaming mag-usap, brutal.

"Eh kasi isipin mo, andaming babaeng baliw na baliw at naghahabol sayo, isang ngiti mo lang nalalaglag na panty nila pero sa huli kung sino pa yung taong mahal mo ayun pa yung walang pake sayo. Sa dami daming nagpapansin sayo, sino bang magaakalang yung taong mamahalin mo ang sya pang hindi makakapansin sayo? NAKAKATAWA TALAGA! HAAAAHA!"

"Napakasarcastic mo, gugulpuhin na talaga kita. Hindi ka nakakatulong sa problema ko." --

"Sino bang may sabing tumutulong ako sa problema mo? Pinakwento lang kita, wala akong sinabing tutulong ako. BWAHAHA."

"Gagu ka talaga." tapos nagbuntong hininga na lang ako, "Pero tama ka, nakakatawang nakakainis. Mas pipiliin ko pang hindi maging isang sikat na tao basta lang mapansin ako ng taong gusto kong mapansin ako."

"YAKSSS. PAPAN SIN KA PALA EH."

"Tae ka, tumigil ka na nga. Kanina ka pa ha, namumuro ka na." ang hirap talagang kausap nitong si Denver pag problemado ka kasi yang taong yan, wala sa bokabularyo nyan ang magseryoso kaya maasar ka lang pag yan kausap mo lalo na pag gusto mong makipagusap ng seryoso. --

"Hinde na pare, seryoso na talaga, hahaha," sabay tawa, "Mahirap naman kasi eh, tama bang sa number #1 fan ng Syntax Error ka mainlove? Alam mo namang rival band tayo sa kanila eh."

"Sa media lang naman yun eh pero wala naman talagang tunay na rivalry between us and Syntax Error." naiinis na ako sa rivalry thing na ito, ewan ko ba kung bakit ang tingin ng mga tao sa bandang Runaway at Syntax Error ay rivals. Hindi naman kami nakikipagpaligsahin sa Syntax Error, we're just playing our songs for the fans and for ourselves and that's all. We have no intention to be number 1 or to top Syntax Error, we're just plainly keeping to our own rhythm. --

"Wala kang magagawa, yun na yung tagline satin eh, 'The Rivals' and you just have to live with it."

"That sucks."

"Yeah, especially when you're inlove with their number#1 fan."

"Kelangan talaga paulit ulitin at ipamukha sakin?"

"Hindi naman, wala naman akong sinabing inlove ka kay Momo na idol na idol si Sync Mnemosyne ng Syntax Error at sa tingin ko hindi lang idol ang tingin nya dito kundi mahal nya rin ito. Hindi, hindi ko talaga pinamumukha sayong malas ka at nainlove ka sa babaeng kahit kelan hindi magkakagusto sayo unless lilipat ka ng banda at magiging miyembro ng Syntax Error." >>:DDD

Sarcastic na mapang-asar, Denver Quizon -- Runaway's drummer. Ewan ko kung paano ako nakatagal na kaband member at kaibigan ang isang yan. --

"Ewan ko sayo pare, pakamatay ka na." tumayo na lang ako at lalabas na sana ng kwarto.

"Saan ka pupunta Kevs?" pagtatanong nito.

"Sa labas, magpapahangin!"



"Gusto mo ng hangin?" tumayo ito at nakahawak sa may parehas na gilid ng pants nya at nagbabantang ibababa ito habang nakangiti na parang asong ulol. "Bibigyan kitang hangin."

"HEH! ABNORMAL!" sabay takbo ko na palabas ng kwarto, alam ko na kasi balak gawin nun. Sigurado ang tinutukoy nyang "hangin" ay ang utot nya. Ang lakas talaga ng pahed nung isang yun sa utak. -\_-

Lumabas ako sa may garden ng bahay ni manager Luke, may small garden dito at sadyang nakakarela na maglakad lakad. Sa gitna ng garden na ito ay mayroong maliit na fountain na may mga ilaw sa paligid. Siguro pag yumaman pa ako ng konti, pagpipunan ko ang isang bahay na may garden na katulad nito dahil gusto ko yung mga lugar na nakakarela tulad nito dahil nakakasulat lang ako ng kanta pag relaxed ako at masasabi kong hindi nakakarela ang view at atmosphere sa condo ko kaya nakakafrustrate magsulat ng new songs. -\_-

Naglalakad ako nun habang nakapamulsa, nagre-refresh ng isipan nang bigla bigla may narinig akong pamilyar na boses.

"Good, just let Syntax Error in. I want them to reach the finals too," teka, boses ni manager yun ah? Hinanap ko kung nasaan nangagaling yung boses at sa isang parte ng garden, nakita ko si Manager na nakaside view mula sa kin habang may kausap ito sa telepono at naninigarilyo, "Yeah, I don't care if they don't get enough fans or audience, just let them in even if they get the lowest scores. Just pull out the band who's near with their score. Don't worry, I'll pay all of you and I'll make sure things would go smoothly so just do what I told you guys to do. Am I clear?"

"Hey manager," nagstep out ako mula sa pinagtataguan ko ng marinig ko yung mga sinasabi ni manager sa kausap sa telepono, "What's the meaning of this?"

"Wait, I'll call you later." ini-end nya yung call at tinago yung cellphone sa may bulsa at inihagis yung sigarilyo sa may lupa at inapakan at pagkatapos ay nilingon ako, "You sure you want to know?"

## **Voice 34: Dedicated to you**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -

"Sure ka ba Aila, hindi ka sasama? Pede ka naman manuod ng practice nila eh. Saka sige ka baka hanapin ka ni Mirko. Ayeeee." sabay siko ko sa kanya, nangungulit lang. (<\*w\*< )

"Weh, wag ka nga Momo!" pagtulak nya naman sakin.

"Kung makatulak naman ito, kinikilig ka lang eh." ~( a\_\_a~)

"Di ah! Basta Momo, next time na lang. May kelangan akong i-meet ngayon eh."

"Sino?"

"Stepsister ko."

"Ooh. Ngayon na ba yun?"

"Yup, kauuwi nya lang daw eh."

"Ahh, o sige na nga. Shupii ka na!"

"Gege, bye! Kita na lang tayo bukas!" tumakbo na sya at nagwave naman ako sa kanya habang palayo na sya sakin.

"Bye bye!" ♥~~ \ ( ^ ^ , )

Nung makaalis na si Aila, nagsimula na rin akong maglakad papunta sa may United Park. Isang maliit na park yun kung saan may malalapit na cafe bar and etc. na nakapalibot dun which means maraming tao dun. Anong meron? Well, dun lang naman magla-live performance slash live practice ang Syntax Error.

Ang 2nd round ng MSX battle of the bands contest ay bukas na, binigyan ang bawat bands ng 7days allowance to practice their songs at ito na yung last day ng practice. Bale nakapagpractice na kahit papaano ang SE, yung new song ang ipanlalaban nila at kahapon nagkalat na kami ng posters and other announcement stuff about sa live performance slash practice ng SE. Ang balak kasi ngayon ng SE ay while practicing they'll try to earn back fans na din by giving free performance in public before the day of the contest.

Excited ako ngayon, todo effort kasi kaming nagdikit ng mga posters sa kung saan saang parte ng syudad para may mga manuod ng public practice ng SE sa may park. \*u\*

Medyo late na nga ako kasi ang oras ng practice nila ay 5pm, a quarter late na ako kasi nagkaroon kami ng practice sa school for our play project kaya ayun. Psh. Di bale, aabot pa naman ako kahit late. Siguro marami ng tao dun, naku siguradong nasa likod na lang ako makakapanuod, magkakandahaba haba nanaman ang leeg ko nito sa panunuod

mamaya. >.<

## Sa may United Park....

DEEENG~ DEEENG~

"Huh? Tapos na ba ang practice?" nagtatakang tanong ko nung lumapit ako sa SE na nakaupo dun sa may pavement na may mga mukhang parang nalugi. Teka, anong nangyari? Bakit walang tao? Saka bakit ganto mga itsura nila? (?\_?)7

"Anong oras na ba? Akala ko mga 15minutes lang akong late," sinilip ko yung wristwatch ko, "bakit walang tao? Tapos na ba? Hala, sira siguro itong relo ko, teka nga mai-adjust. Anong oras na ba?"

"Tara na lang kayang umuwi," biglang tumayo si Sync at sumunod naman sa kanya ang grupo.

"Teka lang, paano ang practice?" paghahabol ni Manager Ree.

"Let's just forget about it," malungkot na sabi ni Ate Corrine. Teka, anong meron? Hello, ini-ignore lang nila ako! \*kaway kaway\* Pansinin nyo ako, yuhuuu!

"Uy, wala akong magets. Bakit ganyan mga itsura nyo? Atsaka yung practice? Asan yung mga tao? Teka, bakit uwi na kayo? Explain nyo naman sakin," napapakamot na lang ako ng ulo kasi wala akong magets.

"Walang dumating," malungkot na ngumiti si Mirko, "Proprio niente." (Wala talaga)

"Meron pero kakaunti tapos nagsi-alisan din, yung iba umalis na kasi nakita nilang walang tao at hindi na nila na-feel manuod at yung iba kami na ang nagpa-alis." si Zeke naman this time ang sumagot.

"HAAAA?! Bakit nyo pinaalis? Kahit konti atleast diba may dumating?"

"Na-appreciate naman namin sila kaso talagang nadisappoint lang kami Momo," biglang tinakpan ni ate Corrine ang mukha nya habang hawak hawak pa rin ang drumsticks nya at bigla na lang syang umiyak, "Nakakadisappoint ng sobra sobra, siguro kasi masyadong naging mataas yung expectations namin for this day kaya sobrang sakit na lang ng konti lang yung dumating. Oo, dapat nagpapasalamat kami kasi may dumating pa rin pero iba kasi yung feeling na nasanay na kaming maraming sumusuporta samin at alam naman naming uunti sila dahil sa mga trahedyang nangyari pero hindi namin inakalang sobra sobra naman yung pag-unti nila, as in isang total blow for us ang pagbaba ng SE."

"I'm not running for the popularity, hindi ako nadisappoint dahil sa hindi na kami sikat or something like that, nadisappoint ako kasi nawala na lang bigla yung mga taong uma-appreciate sa music namin," hirap na hirap na si Ate Corrine magsalita at inakbayan sya ni Zeke para patahanin pero iyak pa rin sya ng iyak, "Sila inspiration kong tumugtog pero bakit bigla na lang

silang nawala? I miss them already!"

"Tahan ka na, mahal ko." tinanggal ni Zeke ang mga kamay ni Ate Corrine na naka-cover sa may mukha nito at pinunasan ang luha nito ng panyo nya.

"Let's just forget about it manager," lumapit si Sync sa may poste dun na may nakapagkit na poster ng tungkol sa live performance sana nila ngayon at pinilas nya ito dun at tinapon sa may basurahan.

Gets ko na kung bakit walang tao at kung bakit malungkot sila. Ano ba pede kong gawin? Ayokong malungkot sila. Ano ba pedeng gawin ng number #0 para mapasaya ang mga idol nya? Ano nga ba?

"TEKA!" tumigil silang lahat sa paglalakad at lumingon sakín ng may pagtataka dahil sa bigla kong pagsigaw, "Tuloy ang practice! Tuloy ang performance!"

Anong pedeng gawin ng number#0 fan? Marami, maraming marami.

"Hindi mo ba narinig yung mga sinabi namin? Uuwi na kami." medyo naiinis na sabi ni Sync.

"Wag muna kayong umuwi, magprepare na kayo. Give me 15 to 20minutes, babalik ako at tuloy ang practice."

"Momo ano b--"

"PLEASE, your number # 0 fan Momoxhien Clarkson believes and will believe in your music so please, kahit ngayon lang kayo naman ang maniwala sakín. 15 to 20 minutes lang ang ina-ask ko."

Nagkatinginan sila at hindi rin nagtagal ay nagsitanguan at bumalik at sinimula na nilang ayusin ang mga gamit nila, "We believe in you."

Ngumiti ako at tumakbo habang sinisigaw sa kanila, "Babalik ako, promise!"

Tumakbo ako ng tumakbo sa paligid ng park, naghanap ng mga tao at kinausap sila, "Hey kilala nyo ba ang Syntax Error?"

"Yup, why?"

"May live and free performance sila ngayon sa may center ng United Park, gusto nyo bang manuod?"

"H-ha? Eh ano hindi naman kami fan..."

"Pede manuod kayo kahit ngayon lang? Please bigyan nyo sila ng chance at pakinggan nyo sila kahit ngayon lang, you guys might like them. Pakinggan nyo lang kahit ngayon lang at pag hindi nyo nagustuhan, pede kayong umalis agad. Please, give them a chance. Wala naman bayad yung performance nila eh, try nyo lang. Wala naman mawawala sa inyo diba?"

"Ehh..." napakamot yung kausap ko tapos tumingin sya sa mga kasama nya, parang naghe-hesitate sila.

"I'M BEGGING YOU." yumuko na ako to plead,"Give them a chance. Ngayon lang, please."

"Uhh... s-sige na nga,"

Inangat ko ulo ko at kamuntik ko na silang mayakap sa tuwa pero syempre nagpigil ako, "YEHEY! THANK YOU PO. DUN PO MALAPIT SA MAY FOUNTAIN, ANDUN PO SILA. DIRETSO LANG PO KAYO DUN, MALAPIT NA SILANG MAGSTART. THANK YOU PO TALAGA!" <3333

Pumasok pa ako sa mga near coffee bar, pastry shop and other shops para i-announce sa mga tao na manuod naman sila ng practice ng SE. Sobrang pakikiusap na ang ginawa ko at natutuwa ako sa tuwing may napapakiusapan naman ako.

Meron din akong na-meet na mga familiar faces sakín, yung mga natatandaan kong SE fan na member ng SE♥love fansclub. Kumakain sila ng cake sa isang pastry shop.

"Bakit ayaw nyong manuod?" nagtatakang tanong ko sa kanila, "Diba kasali kayo sa fansclub?"

"Nag-quit na kami dun, tsaka wala na rin naman ata yun kasi yung mismong officers na ang nag-quit kaya nakakawalang gana. Saka isa pa, ayaw na rin namin sa Syntax Error, ang sama nila eh. Nag-aagawan ng girlfriend tapos andami pang bad things about them na nababasa namin sa internet, nakakadismaya kaya umayaw na kami."

"WHAT?! NANINIWALA KAYO SA RUMORS? Sinisiraan lang nila ang SE! Wag nga kayong ganyan! Akala ko ba mga fans kayo pero bakit ganyan kayo, nagpadala kayo agad agad sa rumors? WALA KAYONG KARAPATANG TAWAGING FANS IN THE FIRST PLACE!"

"Hey don't shout! Ano ba kelangan mo? Leave us alone please."

"May live performance ang SE ngayon sa park,"

"So?"

"Nakikiusap ako sa inyo," yumuko ako halos hinihinal na dahil na rin sa pagod ng patakbo takbo para maghanap ng mga taong pedeng imbitahan manuod, "Forget about the rumors, diba minahal nyo naman ang music nila? Please give them one more chance, please watch their performance today kahit ngayon lang. Please listen to their voices and see if they're still worth your admirations guys. Pakinggan nyo ulit sila, please."

Katulad nung iba medyo naghe-hesitate sila nung una pero sa huli napapayag ko rin sila at nagpunta sila sa may park. Tinignan ko yung orasan ko, lagpas 20minutes na, mag-o-one hour na nga ata akong nagpapaikot ikot para maghanap ng makikinig sa Syntax Error. Mabuti pang bumalik na ako sa park, kung saan saan na ako nakapunta eh.

### **Now Playing: I'll Take My Chances by The Click Five**

~♪ *You and I*

*We never had it easy baby  
We had to work so hard  
And everytime it feels like we're gonna make it  
That's when it falls apart, but ~♪*

Palapit pa lang ako pero naririnig ko na ang boses nila, nag-start na pala ang practice. Nung nakalapit na ako mismo sa practice place, hindi ako makapaniwala sa nakita ko... sobrang daming tao, punong puno yung park. May maliit na stage(platform) na binuo ang SE at buti na lang kahit papaano may stage at mas elevated sila ng konti sa mga audience kasi kung hindi mahirapan akong makapanuod sila kasi nasa dulong dulo na ako sa sobrang dami ng tao. Sa tingin ko nga hindi ako makakalapit sa kanila hangga't hindi natatapos ang performance.

"Momo, oh bakit nasa likod ang #0 fan?" nabigla ako kasi habang nanunuod ako ng concert mula sa likod ay biglang may tumabi saakin at nagsalita, paglingon ko nakita ko si kuya Memo at may mga kasama pa syang ibang lalaki -- mga kaibigan nya siguro.

"Kuya Memo! Anong ginagawa mo dito?!" O\_O

"Nanunuod,"

"Woww. Di nga? Fan ka na rin ng SE? Unbelibabels!" (Unbelievable)

"Haha! Hindi ako fan, nakikinuod lang."

"Oh, yan ba little sister mo Memo?" yung isa sa mga lalaking kasama ni kuya ay lumapit saakin, gwapo ito pero halatang womanizer ang tae este taong ito kasi biglang lapit agad saakin with his killer smile, "Ako nga pala si Seven, you must be gorgeous?"

"Momo pangalan ko, hindi gorgeous." -\_-

"Seven, my bunso is out of the line so don't even dare." sabay tulak ng mahina ni kuya Memo dun sa Seven.

"Behlat!" sabay pagdilal ko dun sa Seven habang nakasilip mula sa likod ni kuya Memo.

"Psh. Sige na nga, kapatid mo naman. I'll make her as an exemption in my collection."

"Good."

"Psh, sabi ko na eh womanizer, playboy, chickboy, heartbreaker, macho dancer, stripper, gay entertainer, manyak, pedophile at rapist ka."

"ANO?! OKAY NA YUNG UNANG DESCRIPTIONS MO TAPOS NAPUNTA SA MACHO DANCER AT IBA'T IBA PANG NAKAKAEWAN NA DESCRIPTIONS?!"

Nagsitawanan sina kuya at yung iba nya pang kasama pero syempre maliban kay Seven dahil sa pang-aasar ko sa kanya. Binehlatan ko nga ulit sya.

"Teka nga pala kuya Memo, mga kaibigan mo sila?" pagtuturo ko dun sa mga kasama nya, andami nila eh puro lalaki.

"Kaibigan din sila ni Sync."

"Ooh. Wow, friendship support. Paano nyo nalaman na may performance sila ngayon?" \*u\*

"Sa posters syempre."

"Ahh." \*u\*

"Cross, andaming babae oh. Tarang mangisda sa sea of girls dito," biglang umakbay yung babaerong Seven dun sa mukhang masungit na lalaki na tinawag nyang Cross.

"Ikaw na lang, hindi ako interesado. May CB na ako."

"Tss, simula ng maging kayo ng Eya na yan naging boring ka na. Agawin ko sayo yun eh." -\_-

"Subukan mo lang, magiging ipis ka at aapakan kita ng aapakan."

Siguro girlfriend nung Cross yung CB o Eya ba yun, buti pa yung Cross loyal hindi katulad nitong Seven na ito parang ewan lang talaga. Tsk.

"O so ano bunso," nabigla naman ako kasi bigla ulit akong kinausap ni kuya Memo ignoring his friends with him, "Bakit nasa likod ang #0 fan? Hindi ba dapat nasa front row ka?"

"Hehe, long story kuya," napakamot na lang ako ng ulo, "Pero it doesn't matter naman kung nasa likod ako o nasa unahan, you don't need to measure the distance to hear their voices."

"Sabi mo eh," ngumiti si kuya Memo pero why do I always feel weird when kuya Memo smiles? Yung kuya ko kasi, he always has those mysterious smiles that makes you shiver all of a sudden. Ah ewan, imagination ko lang siguro, napaparanoid lang siguro ako. -\_-

**MONDAY. 2ND ROUND OF MSX BATTLE OF THE BANDS.**

Ito na ang nakakabang 2nd round, kahapon nagwork out ang performance practice nila at nakakatuwa kasi ngayon kahit hindi man kasing dami ng dati ay kahit papaano marami na ring taong dumating para i-support ang SE ngayon. May mga banners akong nakikita at may mga fans na nagsisipalalapak na at nagchi-cheer sa SE nung umakyat sila ng stage.

Ang saya saya ko kasi bumalik na ang ilan sa mga fans. Salamat naman at worth the pain yung kahapon. Masaya ako para sa mga idol ko. Syempre, kahit may mga fans ng pumapalapak para sa kanila ay todo palakpak pa rin ako kahit alam kong mamaya sasakit nanaman ang mga palad ko sa sobrang pagpalakpak pero who cares, I love SE... I love Sync.

"Goodevening," tumigil ang palakpakan at sigawan naming mga fans ng SE nung magsalita si Sync sa mic nung nasa may stage na sila, it's their turn na kasi to perform. Akala ko kakanta na sila pero nag-speech pa si Sync, "I know this is a contest and not our concert but I'd like to see it our way, that maybe this is our concert and we want to forget about the concept of winning or losing because we would like to savor this moment wherein people got back their trust to us and to our music. We might win, we might lose tonight but what's important is you guys are there for us and that's enough for us to return home with a smile on our faces like winners do."

Yumuko si Sync and then he chuckles, "Ehem, this song & performance is dedicated to someone who has been there with us no matter what issues and troubles we had. This is dedicated to a bee like type of person, the more you push her away the more she follows you and it has been like that between me and her. It's all thanks to her that we're here, standing in front of all of you and still having the spirit to sing. Number #0 fan, you refrained us from being voiceless so listen to this song we dedicate to you."

### **Still Playing: I'll Take My Chances by The Click Five**

*"You and I  
We never had it easy baby  
We had to work so hard  
And everytime it feels like we're gonna make it  
That's when it falls apart, but..."*

Iniangat ni Sync ang ulo nya at nagtama ang aming mga mata as he starts singing the song. Ako, imbis na pumalakpak or magcheer ay natulala na lang dun habang nakatingin pa rin sa mga mata ni Sync. Hindi ako makapaniwala sa mga narinig ko, they dedicate this song to their number # 0 fan?

### **Ako yun diba?**

*"Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances with you  
Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances with you*



*Every night I think about the mistakes I've made  
I try to change my ways  
(Nothing's gonna change my ways)  
And I don't mind all the little games we play  
And all the foolish things you say, cause"*

Hindi ko mai-explain ang nararamdaman ko, feeling ko naguumapaw yung kasiyahan ko. Ilang beses ko ng narinig ang kantang ito dahil sa lagi akong nandun sa practice nila pero kahit ilang beses ko ng napakinggan yung kanta, feeling ko ngayon parang ngayon ko lang sya narinig at sobrang naiinlove ako sa kanta at mas lalo akong naiinlove sa kumakanta.

*"Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances with you  
That's what I'm gonna do  
Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances with you*

*Love is what you make it  
So give it one more try  
Cause I get turned down when you're not around  
I just can't take it all..."*

They dedicate this song to me... it's my first time to have a song dedicated to me and I feel like crying sa sobrang saya, ang OA ko pero yun talaga nararamdaman ko. Nadagdagan pa ang kasiyahan ko kasi all the the time na kinakanta ni Sync ito ay nakatingin lang sya saakin, hindi na naalis ang tingin namin sa isa't isa... Ang bilis ng tibok ng puso ko, hindi ako makagalaw sa kinauupuan ko...

*"You and I*

*We never had it easy baby  
We've both been hurt before  
(Both been hurt before)  
And only time will tell us if we're gonna make it  
There's no way to be sure, but*

*Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances with you  
That's what I'm gonna do  
Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances with you  
You know it's true"*

The song, the way he looks at me, the dedication and his voice... they take my breath away. What am I gonna do? I'm totally falling inlove with this leader every millisecond.

*"Oooooooooohoo*

*Baby I'll take my chances with you  
That's what I'm gonna do  
Oooooooooohoo  
Baby I'll take my chances  
I'll take my chances  
With you..."*

\*\*\*

Natapos yung 2nd round ng contest at nakapasok ulit ang SE! Sobrang saya ko at syempre pati ang grupo, sabi nga ni manager tara daw magcelebrate sa may condo ng SE at maginuman, sagot daw ni manager ang beer at pagkain, oorder daw sya ng pizza at kung anu ano pa! Buti na lang 18yrs old na ako kaya pede akong makisali sa little celebration nila. Mwahaha. Mga kids, wag iinom hangga't minor pa okay? Unless may parents consent. Mwahaha. XD

Nagsi-alisan na ang mga tao since tapos na yung program, babalik na lang daw ulit after 7days for the next round. Paalis na rin sana kami eh kaso bigla namin nakasalubong ang Runaway sa may parking lot, actually magkatabi palang naka-park yung kotse ng SE at Runaway, ngayon ko lang napansin. -\_-

Hindi naman talaga dapat magpapansin ang SE at Runaway pero akong salarin kasi bigla akong tinawag ni Kevin Sy. Ay tae, lagot na. -\_-

"Momo!" lumapit sakin si Kevin, tatakbo na sana ako palayo kaso syempre mahahalata ako pag ganun kaya nginitian ko sya ng pilit.

"Uy Kevin, hehe." -\_-

"Nanalo kami,"

"He-he," pilit yung ngiti ko talaga, "Oo, kita ko. Congrats, siges alis na kami." -\_-

Aalis na talaga eh kaso biglang nagsalita yung manager ng Runaway, remember yung masama ang tingin sakini nung dating nagpunta ako sa gig ng Runaway at nameet ko sya sa may parking lot dun? Yun, sya yun. Bakit ba lagi ko itong nami-meet sa parking lot? Woo. XD

"Congrats Sync,"

Wow. Kilala nya si Sync? Ay tungeks syempre, kahit papaano naririnig rin naman siguro ng manager ng Runaway ang tungkol sa SE at ang members nito dahil rival band naman sila. Pero hindi yun eh, nagtataka ako kasi kinongrats nya? Eh bakit parang magkakilala sya kung maka-congrats sya?

"What do you want?!" teka... bakit ini-snob ni Sync yung manager ng Runaway? I mean snob naman talaga si Sync pero... bakit parang inis yung mukha nya edi ba good mood naman sya kanina? Err...

"Nothing, I was just congratulating you." bakit ansama makangiti nitong manager na ito. -\_-

"Oh really? Well thank you," teka bakit ang sarcastic nila towards each other? Alam ko rival bands sila pero hindi naman sila magkaaway diba? O magkaaway ba sila? Ay ewan.

**"You're welcome, little brother."**

Pabiling cottonbuds, lilinisin ko lang tenga ko parang nabingi ata ako. Anong tinawag ng manager ng Runaway kay Syncbabes? Little brother? Di nga? Weh? Joke ba yun? O\_\_O

"Uy Mirko," pabulong na siniko ko si Mirko na noon ay katabi ko, "Ano daw?"

"ha?" hindi naman nagets ni Mirko yung tanong ko.

"Bakit sya tinawag na little brother?"

"Perche sono fratelli."

"Ano? Na-e-alien ka nanaman, magtagalog ka nga."

"Kasi magkapatid sila, fratelli equals brothers. Ok?"

"Weh, di nga seryoso? Walang halong joke? Totoo?"

"Si." (Yes)

AHAHAHA. Mababaliw ako, bakit ngayon ko lang nalaman na magkapatid ang leader ng SE at manager ng Runaway? (ò\_\_ò )

### ***Voice 35: Young, Foolish and Inlove***

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

**- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -**

Umalis din kami agad pagkatapos ng tensyon sa pagitan nina Sync at ng manager ng Runaway na uhh... Kapatid nya. Hindi ko na nga nagawang magtanong dahil ewan ko ba kung bakit pero parang nawala yung happy atmosphere nung pagkapasok sa next round ng contest at napaltan ng nakakaewang katahimikan sa van.

Ano bang meron kina Sync at sa kapatid nito? Naku-curious ako. (>m<)

"Guys, hey celebration time tayo remember?" mula sa tabi ng driver's seat ay lumingon samin si manager Ree at sinubukang ibalik yung right mood, "Anong gusto nyong pizza? Oorder tayo dyan sa malapit na pizza house!"

"Wuu! Quattro stagione please! Grazie!" (Thanks!) (♥\_\_\_\_♥) nangunguna si Mirko sa pag-order, halatang type na type nya ang pizza palibhasa Italian thing ang pizza eh.

Nagsi-order na kami at ang sabi, idedelivery na lang daw mga pizza namin sa may condo once maluto kaya naman nagdiretso muna kami sa may 7/11 to buy some light beers. Bawal daw kasing maginom ng husto sabi ni manager para daw iwaw sa headache kinabukasan dahil may practice pa sila sa hapon. Kaya ayun mga light beers lang binili namin, tamang tama ayoko rin naman kasing maglasing nuh kahit nasa age na ako, kasi may pasok pa ako bukas kahit pedeng late ako pumasok dahil may clubbings lang naman bukas.

### **Sa condo ng SE...**

"Yeah, cheers!!!" sabay sabay namin inangat ang mga baso naming may lamang beer at nagcheers kami. \(\*u\*)/

"Kainan na tayo, tagal na rin nating hindi nakakain ng pizza! Wuu!" tuwang tuwang pumutol na si Mirko ng slice sa pizza nya at kumagat, "Hmm! Che bontá! Pizza, mi sei mancato tanto!" (Ansarap! Pizza, namiss kita sobra!)

"Iba talaga pag pizza, sawa na ako sa luto ni Corrine eh. Bawal ka pa mag-asawa Corrs, nasusunog pa luto mo eh,"

"Che!" binato ni Ate Corrine yung unan mula sa sofa kay Mirko na nasambot naman ng huli. Ang kulit lang nilang magasaran, para talaga silang pamilya.

Kumakain kami sa may living room ng condo nila at nakaikot kami sa small table dun sa pagitan ng tv at sofa, nakaupo lang kami sa sahig tutal malinis naman.

"Tunay naman! Sawa na ako sa sunog, nagpoprotesta ako! Nyahahaha! " :D

"Edi wag kang kumain! Psh!" >(σ.σ)<

"Wag ka naman ganyan, masarap naman ang luto ng mahal ko eh," sabay akbay ni Zeke kay ate Corrine.

"Binobola mo naman ako mahal ko eh,"

"Oy oy, dadali nanaman kayong dalwa. Hindi kayo nilalanggam, iniipis na kayo kaya tigil tigil nyo yang smoochies nyo."

"Tama ka dyan manager, grabe maka-PDA yang dalwa samantalang noon nung hindi pa nagkakaaminan nagbabatukan pa yang dalwang yan, tamo ngayon kulang na lang maghalikan sa harapan natin. BWAHAHAHA."

"Napaka mo Mirko!" \(>>\_\_<< \ )

"Oh oh, mamaya magkapikunan kayo ha." natatawang sabi ni Sync habang umiinom sya, napatingin tuloy ako sa kanya, ang cute cute nya kasi talaga eh... "May dumi ba ako sa mukha?"

"H-ha?" nabigla ako kasi nasa tabi lang naman ako ni Sync at nahuli nya akong nakatingin sa kanya habang umiinom sya.

"Bakit ka nakatingin sakin?"

"H-ha? W-wala," sabay kuha ko ng baso ko at yumuko habang umiinom, I heard him chuckle. Eee, nakakahiya, halata tuloy na may pagnanasa ako sa kanya. ( />.<\ )

Kumain lang kami ng kumain at nagkwentuhan din, masayang masaya kaming lahat at sigurado akong sobrang masaya ang SE ngayon kasi alam nilang kahit papaano naka-move forward na sila mula sa trahedyang nangyari sa kanila. Nakakatuwa nga kasi ayos na sina Zeke at Sync, mukhang nababalik na yung dating samahan nila. Sometimes I wonder, asan na kaya si Iris? Bigla kasing nawala yung isang yun, not that I want to see her again it's just that nacu-curious ako kung saan na napunta yung isang yun.

"Guys, let's play a game!" energetic na pagpo-propose ni Mirko.

"What game?"

"Spin the bottle!"

Wow. Yun yung game na iikot mo yung isang bottle sa gitna ng table at kung kanino man magi-stop yung dulo ng bottle ay siya ang taya at ang parusa sa taya ay either "TRUTH" or "DARE".

"Sige! Laro tayo!" ay parang bata si manager Ree, sya pa yung nangungunang nag-agree kay Mirko. Hahaha! Ang kulet!

Sinimulan na namin yung paglalaro, tinanggal namin yung mga laman ng table at pinatong sa may sahig at naglagay ng empty bottle sa may gitna ng lamesa at nagsimula na kaming maglaro ng spin the bottle habang kumakain.

"Ok, game, ito na ah," pinaikot na ni Mirko yung bottle and hinintay namin itong mag-stop.

"Truth or dare?" nag-stop kay Ate Corrine yung bottle.

"Umm, dare."

"Matapang na babae ito ah," tatawa tawang sabi ni Mirko na halatang may binabalak, "Wait lang. May dare akong ibibigay sayo."

Biglang tumayo si Mirko at nagpunta sa may kusina tapos parang may kinuha sya sa isang cabinet at pagbalik nya nakita namin na may dala dala syang bottle ng hot sauce tapos kinuha nya yung baso ni ate Corrine na may half pang laman na beer tapos binuhos nya yung maraming hot sauce dun tapos binalik yung baso kay Ate Corrine, "I dare you to drink that."

"What? Tae ka ba, kadiri naman ito Mirko!"

"Kaya nga dare eh! Alangang madali ang ipagagawa ko sayo, para saan pa't tinawag na 'dare' yung game."

"Psh, sige na nga!" nag-gulp si Ate Corrine at iinumina nanya na sana pero biglang inagaw sa kanya ni Zeke yung baso at siya ang uminom nun, as in binottoms up nya lahat lahat ng laman nung baso! O\_O

"Oy madaya, bawal mag-pahelp sa dare!"

"Wala ka naman sinabi eh, nagawa ko na kaya sorry na lang." sabi ni Zeke pagkapatong nya ng basong wala ng laman sa may table.

"Mahal ko, okay ka lang? Hindi mo dapat ginawa yun, para sakina naman yun eh."

"O-okay lang ako, I can't bear to see you drink such a thing--- uff." bigla bigla parang nasusuka si Zeke, napatakip tuloy sya ng bibig at tumakbo sa may banyo na syang sinundan naman ni Ate Corrine. Siguro nasusuka si Zeke, sino ba namang hindi masusuka sa pinainom ni Mirko diba? At siguradong maanghang rin yun based na rin sa pamumula ng mukha ni Zeke.

"BWAHAHAHAHA. ANG SAYA TALAGA NG GAME NA ITO! BWAHAHAHAHA!" tawa naman ng tawa si Mirko sa nangyari kay Zeke. Baliw talaga oh. --

Hindi rin nagtagal ay bumalik na sina ate Corrine at si Zeke na medyo nahimasmasan na ng konti, kumakain nga ito ng ice cubes mula sa ref eh siguro para mawala yung anghang sa bibig nya. Pero ang sweet ah, he took the risk of drinking ate Corrine's glass of dare just to save her from suffering. Ang sweet sweet, naiinggit ako. (>.<)

Sana kami din ni Syncbabes ganun. Ayyyy nangarap? XD

"Okay, ako naman mag-spin ng bottle," since si Ate Corrine ang naging taya so its her turn to spin it at nung ini-spin nya ito ay nagstop kay Zeke.

"Truth or dare?"

"Truth."

"Mahal mo ako?"

"Hindi kita mahal dahil mahal na mahal kita."

"Wait lang, may baygon ba tayo sa bahay? Nakakadiri na itong dalwang ito eh, iipisin na tayo sa sobrang PDA." pangaasar ni Mirko.

"Heh, manahimik ka. Inggit ka lang!" kinuha na ni Zeke yung bottle at sya naman ang nag-spin nito at saktong nagstop kay Sync.

"Truth or dare?"

"Dare." wow, dare ang gusto nya! Ano kaya ipapagawa ni Zeke sa aking Syncbabes? \*u\*

"Teka, halika dito pare," biglang hinigit ni Mirko si Zeke at may binulong at habang bumubulong ito ay natatawa si Zeke.

"Hoy hoy, ano yung binubulong mo Mirko? Madaya, walang suggestions dapat!"

"Bwahahaha! Sync," tawang tawa yung dalwa na syang hindi namin magets kung bakit, ano kaya pinagbulungan nila? "I dare you to do a sexy dance!"

"WHAT?! Ulo! Mga sira ulong ito oh."

"Wala, do it! DO IT! DO IT!"

"SEXY DANCE! SEXY DANCE! SEXY DANCE! BWAHAHAHA!"

Ang kulit nung dalwa talagang nagchi-cheer pa at paulit ulit na hinihikayat si Sync na gawin yung dare habang tawa sila ng tawa. Mga lalaking ito talaga oh. -\_-

"Wag ng KJ Sync!" aba pati si manager Ree nangaasar din? Ang kulit talaga nila! Ahaha!

"O sige na nga, psh! Patay ka sakín Mirko pag ikaw ang sumunod!" sabay tumayo na si Sync at magsasayaw na sana pero pinigilan sya ni Mirko.

"Wait wait, music please! BWAHAHAHA!" sabi nito habang kinukuha ang cellphone sa bulsa at nagpatugtog ng What Goes Around Comes Around by Justin Timberlake.

Ininom muna lahat ni Sync ang laman ng baso nya at pinatong ito sa table pagkatapos at umayos na para magsimulang sumayaw.

Sasayaw na talaga sya pero umepal ulit si Mirko...

"Teka lang teka lang,"

"Oh ano nanaman? Kanina ka pa." -\_-

"Do the dare with Momo!"

"WHAT?!" O\_\_\_O sabay pa kami ni Syncbabes, not that I'm against it nabigla lang talaga. XD

"Oh c'mon Sync, wala man lang ba tayong fan service? I mean gift man lang natin kay Momo for her unlimited support for us, do it for our #0 fan!"

"Yeah, tama. Sayaw lang naman diba?" pangungulit din ni Zeke. Talaga 'tong dalwang ito! Gusto ko pero syempre I'm shy. / (>\_<)\

"Psh, okay fine."

"Okay, start!"

Tumingin sakin si Sync, hala anong gagawin ko? Ako'y kinakabahang ewan. >\_<

"May I?" inabot nya yung kamay nya sakin.

"E-eh?"

"Dali Momo, take it." bungisngis ni ate Corrine habang tinutulak ako. Wala na akong nagawa kundi kunin ang kamay ni Sync at tumayo, hinigit naman ako ni Sync palayo sa circle namin at binitawan ako pagkatapos para sumayaw.

*"Hey girl, is he everything you wanted in a man?  
You know I gave you the world  
You had me in the palm of your hand  
So why your love went away  
I just can't seem to understand  
Thought it was me and you babe  
Me and you until the end  
But I guess I was wrong..."*

He starts dancing at sinasabayan nya rin yung kanta. Ako naman parang tuod dun sa harapan nya habang sinasayawan nya, sina Mirko naman panay lang ang cheer, "Wooo! Go Sync! Seduce Momo! BWAHAHAHA!"

Seduce me? Eh kahit hindi na sya sumayaw o kumanta, seduced na seduced na ako sa kanya. Ngiti pa lang nya pamatay na, paano pa itong sinasayawan nya ako? Sexy dance pa? Hala, mano-nosebleed ako nito. Mygoodness. >\_<

*"Don't want to think about it*

*Don't want to talk about it  
I'm just so sick about it  
Can't believe it's ending this way  
Just so confused about it  
Feeling the blues about it  
I just can't do without ya  
Tell me is this fair?"*

He starts swaying from left to right tapos he walks to me as he sways at yung feeling na ang lapit lapit ng mukha nya sa mukha ko as he dances and sings at the same time? Tapos sobrang matutunaw ata ako sa tingin nya! Ay shet, yung oxygen ko nawawala, he's taking my breath away! Grabe lang, ang sexy naman ng nilalang na nasa harap ko. Hahalikan ko ito, hindi pala re-rape in ko na ito kaya pigilan nyo ako. Somebody tie me down para hindi ako makagawa ng krimen dito. Omegash lang. >\_<



"Raise the shirt, dude! Be sexier than you can be! Boo! Ang kj ng sayaw mo, raise the shirt! Show some abs! BWAHAHAHA!"

Mirko naman ehhhh. Ang asar mo. >\_<

"Baliw talaga oh," narinig kong sabi ni Sync habang nangingiti. Ohemgee. He smiled habang nakatingin saakin, matutunaw ako nito! Arghhh. (>\_<)

*"Is this the way it's really going down?"*

*Is this how we say goodbye?  
Should've known better when you came around  
That you were gonna make me cry  
It's breaking my heart to watch you run around  
'Cause I know that you're living a lie  
That's okay baby 'cause in time you will find..."*

MAJOR ALERT: MY NOSE IS GOING TO BLEED.

Paano kasi he raised his shirts as he dances eh ang lapit lapit nya tapos pinatong nya pa yung hands ko sa shoulders nya. Habang sumasayaw sya ay nakatingin lang kami sa isa't isa, the way he looks its like his eyes are taking me with him. I feel so hot all of a sudden at parang feeling ko kami lang dalwa ang nandito, its like we have built some certain connection between the two of us... or feeling ko lang ito? Ewan ko ba pero ang sarap kasi talaga sa pakiramdam na makita mo ang sarili mong reflection sa mga mata ng taong mahal mo.

Sync Mnemosyne got my heart away.

*"What goes around, goes around, goes around  
Comes all the way back around  
What goes around, goes around, goes around  
Comes all the way back around  
What goes around, goes around, goes around  
Comes all the way back around"*

*What goes around, goes around, goes around  
Comes all the way back around..."*

"Oy oy, porn na yan, tama na! Tama na! Awat na!!!" nawala yung atmosphere na nabubuo between us nang for the nth time umepal nanaman si Mirko at nang-asar. -\_-

Syempre ini-stop na ni Mirko yung music at bumalik na ulit kami sa pagkakaupo dun sa circle ng table, it's Sync's turn naman to spin the bottle and it stopped kay Manager Ree. Wala pa rin ako sa Earth, nandun pa rin ako sa pangyayari kanina. Hindi sya maalís alís sa isipan ko. Nawala na nga ako sa game eh, hindi ko namalayan ang nangyayari kasi nga lumilipad pa rin ang utak ko sa mga pangyayari kanina. Ang bilis bilis kasi ng tibok ng puso ko.

"Truth or Dare, Momo?"

"H-ha?" saka lang ako nabalik sa Earth nung sakín pala napatapat yung bottle.

Si Mirko pala yung nataya before me kaya sya magtatanong sakín ng truth or dare.

"Truth na lang, ayoko sayo pag dare eh." baka kasi mamaya kung anu nanamang kaweirduhan ipagawa nyan. Sasagot na lang ako sa tanong kesa makipagdare sa kanya. -\_-

"Truth ha? O sige, hmmm." sinubukan nyang mag-isip, "Wala akong maisip! HAHAHA! Mag-dare ka na lang Momo!" XD

"Ayoko nga! Behlat!" :P

"Hmm. Wala talaga akong maisip... Ano... ummm.. Ganto na lang, sagutin mo yung tanong ko, kaya mo bang magalit sa taong mahal mo?"

"Hindi, syempre." ang dali naman ng tanong nya.

"Eh paano kung niloko ka lang nya?"

"Uhh... Meron naman siguro syang dahilan kaya hindi muna agad ako magagalit sa kanya. lintindihin ko muna sya."

"Eh paano kung pangsariling dahilan lang? Paano kung malaman mong bukod sa niloko ka nya ay hindi ka naman nya pala minahal kahit kelan at ginamit ka lang pala nya?"

Napaisip ako... Hindi naman ako yung tipo ng tao na nagagalit kaagad agad at napaisip ako sa tanong na yun, kahit kelan hindi ko pa naman naranasan yung maka-encounter ng taong lolokohin lang ako at gagamitin kaya hindi ko alam kung anong feeling nun. Syempre alam kong masakit yun pero hindi ko alam kung gaano kasakit... nakakadala ba iyon ng galit? Hindi ko alam.

"HAHAHA! Pang-showbiz ka naman Mirko, andami mong tanong. Tapos na yung akin nuh!" dinaan ko na lang sa tawa yung tanong ni Mirko dahil hindi ko ito masagot, "Osya ako na magiikot ng bottle."

\*\*\*

### **Maghahatinggabi na ng matapos kami sa little celebration.**

Inuman, kainan, laro, kulitan at kwentuhan lang naman. Nakakatuwa nga eh, kung pede lang hanggang umaga kaso kelangan na daw umalis ni manager Ree at maaga pa daw sya bukas at marami pa syang aasikasuhin. Nagpaalam na rin naman ako pagkatapos sa Syntax Error na uuwi na rin ako pero nag-offer sakin si Sync na ihahatid nya daw ako at syempre kinilig ako. BWAHAHA. :D

"Nako, hindi ba ako nakakaistorbo sayo?" sabi ko pagkaupo ko sa tabi ng driver's seat ng kotse nya. Pa-echeng pa ako, kunwari ayaw magpahatid at nahihiya kuno pero ang totoo kinikilig ang kaluluwa ko at nagre-rejoice. XD

"Hindi ah, wag kang mag-alala. Okay lang sakin." ini-start nya na yung engine ng kotse nya at nagdiretso na kami papunta sa bahay ko pero nung malapit na malapit na ako sa bahay namin bigla syang lumiko na syang pinagtaka ko.

"Ano Sync, yung bahay ko dun," tinuro ko yung way sa bahay ko, "Hindi dito, mali tayong daan."

Bigla nyang itinigil yung kotse nya sa isang gilid, yung way ng pagpreno nya ng kotse ay biglaan kaya sumubsob ako ng konti pero buti na lang naka-seatbelt ako at hindi ako nauntog.

"Momo,"

"Yeah?" pagtingin ko sa kanya nabigla ako kasi palapit ng palapit yung mukha nya sa mukha ko, napapaatras tuloy ako at tuluyang napasandal ang ulo ko sa may pinto ng kotse.

Inangat nya yung kamay nya at ipinatong sa may salamin ng pinto ng kotse, sa may pagitan ng ulo ko kaya naman parang nakulong ako sa kanya, "A-ano yun Sync?"

Hindi ko mahinuha kung anong pumapasok sa isip ni Sync o kung anong gusto nyang gawin. Nagtataka ako kasi bukod sa hindi nya ako diniretso sa may bahay ay itinigil nya pa ang kotse dito at bigla nyang nilapit ang sarili nya sakin.

"Momo..." bigla nyang hinawakan ang baba ko at iniangat ang mukha ko at sa panlalaki ng mga mata ko ay bigla nya akong hinalikan.

Hindi lang basta halik, matagal ito habang hawak hawak nya pa rin ang baba ko. Napapikit ako ng aking mga mata at feeling ko malulunod ako sa halik nya. Wala akong ideya kung bakit bigla bigla nya akong hinalikan pero ang sarap sa pakiramdam, sinandal ko na lang ng tuluyan ang ulo at likod ko sa may pinto ng kotse at kumapit sa balikat nya habang tinutugon ko ang mga halik nya kahit hindi ako marunong humalik. Sinusundan ko lang ang bawat ginagawa nya, feeling ko nauulit yung halikang nangyari samin noon sa may hotel sa Laguna nung nasaktan sya kay Iris pero pakiramdam ko naman this time

hindi nya ako hinahalikan dahil lang kay Iris diba? He's over her na diba? Sana nga ganun, kasi gusto ko akin na lang sya. Gusto ko mahal in nya ako katulad ng pagmamahal ko sa kanya.

Nung bumitaw kami sa isa't isa ay parehas kaming naghahabol ng hininga pero habang naghahabol kami ng hininga ay parehas kaming nakatingin sa isa't isa, para bang naguusap ang aming mga mata at bigla bigla ay nagsalita sya, "**I want you to be mine tonight. Sleep with me.**"

*I am young, foolish and inlove. I've never thought about the consequences that awaits me.*

## **Voice 36: Dont wake me up**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

**- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -**

Play the video of Momo's voice singing Vulnerable -->

<http://www.youtube.com/watch?v=oooGmlDemoA>

(Thanks kay Kathryn Donato)

**07.15 AM**

**MNEMOSYNE'S HOUSE**

*"Share with me the blankets that you're wrapped in  
Because it's cold outside, it's cold outside  
Share with me the secrets that you kept in  
Because it's cold inside, it's cold inside..."*

I watch his face as he sleeps peacefully, it feels so warm wrapped around his arms as I lay my arm on his broad chest.

*"And your slow shaking finger tips  
Show that you're scared like me so  
Let's pretend we're alone  
And I know you may be scared  
And I know we're unprepared  
But I don't care..."*

Tinaas ko yung hintuturo ko at hinawakan ang tip ng ilong nya, nag-creased yung forehead at yung bandang ilong nya dahil

sa ginawa ko pero nakapikit pa rin ang mga mata nya. Napatawa tuloy ako.

*"Tell me, tell me*

*What makes you think that you are invincible?  
I can see it in your eyes that you're so sure  
Please don't tell me that I'm the only one that's vulnerable  
Impossible..."*

Inulit ko ulit, hinawakan ko ulit ang dulo ng ilong nya at kumunot uli ang noo at bandang ilong nya, "Hmmm..."

Umiling iling pa sya. Natatawa talaga ako kasi ang cute cute nya.

Lumapit ako sa may bandang tenga nya at kinanta ang favorite part ko ng kanta,

**"I was born to tell you I love you..."**

"Hmmm!!!" napamulat sya siguro dahil sa kiliti o bigla ng pagkanta ko sa may tapat ng tenga nya, lumayo sya saglit pero nung malaman nyang ako yun ay tinulak nya ng mahina ang noo ko gamit ang daliri habang nakangiti sakin, "Ikaw talaga, ang bigla ko naman sayo..."

Ngumiti ako sa kanya at pinagpatuloy ang pagkanta,

*"Isn't that a song already?  
I get a B in originality  
And it's true I can't go on without you  
Your smile makes me see clearer  
If you could only see in the mirror what I see..."*

*And your slow shaking finger tips  
Show that you're scared like me so  
Let's pretend we're alone  
And I know you may be scared  
And I know we're unprepared*

*But I don't care...."*

Nilagay ko ang kamay ko sa may leeg nya at yumakap sa kanya, nilapit ko ang mukha ko sa kanya hanggang sa magdikit na ang mga ilong namin at ang aming noo habang pinagpapatuloy ko ang kanta,

*"And your slow shaking finger tips*

*Show that you're scared like me so  
Let's pretend we're alone  
And I know you may be scared  
And I know we're unprepared*

*But I don't care*

*Slow down boy your not going anywhere  
Just wait around and see  
Maybe I'm much more  
You never know what lies ahead  
I promise I can be anyone I can be anything  
Just because you were hurt doesn't mean you shouldn't bleed  
I can be anyone anything I promise I can be what you need..."*

"Ahahaha!" naputol ako sa pagkanta at napatawa kasi naramdaman ko ang pagdantay ng binti nya sa may binti ko at sabay kiniliti ako sa may gilid ko, malakas pa man din kiliti ko dun, "Wag, may kiliti ako dyan! Ahahaha!"

Pilit kong lumalayo sa kanya dahil sa sobrang nakikiliti na ako pero hindi ako makatakas kasi inipit ng binti nya ang mga binti ko kaya naman wala akong nagawa kundi hampasin lang sya sa may dibdib nya habang tawa ng tawa, "Sync, hahaha, tama na, ahahaha!"

Tinigil nya din naman ang pagkiliti sakín at halos hinihingal ako dahil sa kakatawa, dahil sa panginigiliti nya ay nagkunwaring nainis ako at hinampas ko sya sa dibdib nya habang nakalabi pa, "I hate you." (-3-)

"Weh? You hate me? Hmmm..."

"AHAHAHA! ANO BA! HAHAHAHA!" bigla nya nanaman akong kiniliti, hindi ako mapakali sa pagkakahiga ko kasi hindi ako makawala sa pagkakiliti nya.

"You hate me pala ah? Sige, kikilitiin kita ng kikilitiin!"

"AHAHAHA! Joke lang, AHAHAHA. I -- hahahaha I love you!hahaha! Tama na, hahaha! Sync! HAHAHAHA!"

"Ano? Hindi ko narinig yung sinabi mo? You hate me?"

"HINDI! HAHAHA. I LOVE YOU! HAHAHA I LOVE YOU I LOVE YOU I LOVE YOU!!! AHAHAHAHAHAHA!!!"

Tinigil nya ang pagkiliti at bigla bigla ay niyakap ako, "Will you be my girlfriend?"

Nabigla ako sa narinig ko at tinulak ng konti si Sync para makawala ako sa yakap nya at ma-meet ko ang mga mata nya, "Sync.... pede kang suntukin?"

"Eh?"

"Wala lang, para malaman ko ba kung nanaginip lang ba ako o totoo na ito..." hindi kasi talaga ako makapaniwala na narinig ko yung mga salitang yun... na niyayaya nya akong maging girlfriend nya. Naiiyak ako sa tuwa...

"Nakakatakot ka naman eh, bakit mo ako susuntukin. Hahaha. Totoo ito Momo," tapos hinalikan nya ako sa may labi, "Totoo ito, hindi ka nanaginip. Lahat ng nangyari satin kagabi, totoo din yun. At itong nararamdaman ko para sayo, totoo din ito. Mahal na kita Momo... totoo nga ang sabi mo, hindi ka mahirap mahalín."

"UWAAAAA!" T\_\_\_\_\_T

"Oh, teka... bakit ka umiiyak? Hala, anong ginawa ko? May nasabi ba akong mali? Uy, wag kang umiyak oh... please..." nagpa-panic sya habang tinatangal yung mga kamay kong nasa may mata ko at pinupunasan ang mga luha ko.

"Eh.. huhu... kasi... huhu... ano... huhu..."

"Tek, teka, wala akong maintindihan..." >\_< panay kasi ang singhot at iyak ko kaya ang gulo ko lang magsalita.

Huminga muna ako ng malalim para makapagsalita ako ng ayos, "Naiiyak ako kasi gawa mo, naiinis ako sayo... binigla mo naman ako pero at the same time pinasaya mo ako. Akala ko talaga hindi mo na ako magagawang mapansin, sabi ko kasi isang hamak na fan lang naman ako... alam mo yun electric fan lang ako... huhu."

"Tahan na electric fan..." natatawa nyang sabi habang sinusuklay ang buhok kong tumatabing na sa aking luhaang mukha.

"Promise Sync, hindi ko inasahang dadating ang araw na ito na mamahalin mo rin ako... Nung mga panahong sinabi mo kasi saking susubukan mong mahal in ako, hindi ko inakalang totooanin mo pala... na talagang susubukan mo. Akala ko kasi malabong mahal in mo ang isang tulad ko, sino lang ba naman ako? Isang baliw na baliw sayo. I thought my feelings for you weren't loud enough to reach you but I'm so thankful that finally you've heard them and responded to them. I don't feel voiceless anymore, thank you for listening Sync. Thank you. And yes, I want to be your girlfriend kahit wife na nga eh!"

"Hahaha!" pinalo nya ulit yung noo ko habang natatawa, "One step at a time."

"Psh..." kunwaring pagtatampo ko, "Sige na nga. Tek, ano palang date na ngayon?"

"Hmm... December 1,"

"Wait... December na? Wow! Nakakatuwa, at the first day of December naging tayo." hindi ako makaget over sa kasiyahan ko, talaga bang boyfriend ko na ang dating hinahangaan ko lang sa malayo? Nababaliw na ngang siguro ako kasi um-oo na agad ako kahit walang ligawan o kung anuman, I just want to grab the chance immediately kasi baka mamaya mawala pa. Atsaka gusto kong maniwalang mahal nya na talaga ako... gusto kong maniwala sa kanya pagkatapos ng mga nangyari samin kagabi.

Yeah, I gave in.

We did it.

I lose it.

But it's all because I love him...

Mahal na mahal ko si Sync Mnemosyne and I'd be willing to give him everything.

"Sync... ulitin mo nga sak in na mahal mo ako..."

"Mahal kita..."

"Hindi mo ako niloloko diba? Tootoo yan diba?"

"Oo naman, are you doubting me?"

"Hindi naman... pero para lang kasi talagang panaginip."

"Ang kulit, hindi ka nga nanaginip..." sabay kurot nya sa pisngi ko.

Tinulak ko yung kamay nya na kumurot sa pisngi ko, "Umm... Sync, kung sakaling panaginip lang ito please wag mo akong sasaktan ha para hindi ako magising sa magandang panaginip na ito. Wag mo akong sasaktan, please."

Tinitigan nya lang ako ng ilang saglit bago sumagot, "Oo naman, hindi kita sasaktan..."

"Promise?"

"Promise..."

**"Naniniwala ako sayo, Sync."** niyakap ko sya ng mahigpit pagkatapos nun.

Habang nakayakap ako sa kanya ay ramdam ko ang paghaplos nya sa buhok ko habang kinakantahan nya ako, yung Taking Chances ang kinakanta nya. Yun yung kinanta nya sa second round ng MSX battle of the bands, yung dinedicate nya sakin. Ang sarap sa tenga ng boses nya, ang sarap pag hinahaplos nya ang buhok ko habang kinakantahan nya ako at lalo na pag nakayakap ako sa kanya at naka-unan ang ulo ko sa may hubad nyang dibdib.

### **Dug-dug Dug-dug.**

Hindi lang boses nyang kumakanta ang naririnig ko pati na rin ang boses ng puso nya, paulit ulit ang sinasabi nito pero kahit ganun feeling ko ang mga sinasabi ng puso nya ang kahit kelanman hindi ko pagsasawaan pakinggan.

"Sync..."

"Hmmm?"

"Hindi ko pagsisihan yung ginawa natin kagabi diba?"

"Hindi, promise ko sayo..."

"Sigurado? Siguradong sigurado? Kasi hindi ko na mababawi yung nawala sakin kaya sana lang talaga hindi ko pagsisihan iyon..."

Bigla bigla umangat si Sync sa pagkakahiga at dahil dun napaangat din ako, "Wait,"

Bigla ay humarap sya sa may study table sa tabi nya at may kinalkal dun, maya maya ay humarap ulit sya sakin na may hawak na maliit na box, "Para maniwala kang hindi mo pagsisihan..."

Binuksan nya yung box at nilabas ang isang silver ring na may mga nakapilang kumikinang na bato sa may gitnang parte nito, bigla nyang kinuha ang right hand ko at nilagay ito sa may palasingsingan ko, "Dahil girlfriend na kita at patunay na mahal kita."



Pinagmasdan ko ng maigi yung singsing at...

"Sync, nakakainis ka!" sabay yakap ko sa kanya ng mahigpit. Maiiyak nanaman ako, nagiging crybaby na ako nito sa sobra at naguumapaw na kasiyahan.

"Ikaw talaga. Hehe, nagugutom ka na ba? May pasok ka pa diba?" sabi nya as he releases himself from my hug.

"Umm, oo may pasok ako pero kahit mga 10-11 na ako pumasok kasi clubbings lang naman kami ngayon. Hindi man nagche-check ng attendance yung sa club na sinalihan ko."

"Oh ganun ba, pero pumasok ka na rin. Ihahatid kita."

"Talaga? Ihahatid mo ako?" (♥u♥)

"Yup, but before that kumain muna tayo. Dyan ka muna, I'll prepare breakfast, give me 20-30minutes. Manuod ka muna ng tv, okay?"

"Wow, magluluto ka ba?"

"Yup, o sige. Dyan ka lang ha, wag kang maninilip sa kusina, dadalhin ko na lang pagkain dito pag tapos na."

"Aye aye boyfriend!" ang sarap sabihin ng salitang 'boyfriend'. \*u\*

"I'll be back," nakangiti nyang sabi at humalik sya sa forehead ko at nagstep out na from the bed para pumuntang kusina at magluto. Ako naman naiwan dun sa may kwarto nya, tumayo na rin naman ako sa higaan kahit medyo masakit ang bandang ibaba ko dahil na rin siguro sa first time ko yung kagabi pero kahit papaano nagagawa ko pa din naman makapaglakad pero paika ika nga lang. Suot suot ko yung t-shirt nya na hanggang tuhod ko habang nakakalat pa rin sa may sahig ang mga damit namin.

Naglibot ako sa may kwarto nya, nakakatuwa kasi nasa mismong bahay nya ako. I mean nasa bahay ako ng mga Mnemosyne... dito nya ako dinala eh para daw solo lang kami, wala naman ang parents nya dito, actually wala ngang tao sa malaking bahay na ito. Nasa abroad daw ang parents nya ngayon for business reasons tapos yung kapatid nya... ewan, hindi ko na naitanong ang tungkol sa kapatid nya.

Sana ako lang yung babaeng dinala nya dito sa bahay nya, ang sarap ng feeling pag ganun.

Nung malibot ko na yung kwarto ni Sync at wala pa rin sya ay medyo nainip na ako kaya naisipan kong lumabas na at puntahan na sya sa ibaba sa may kusina pero habang naglalakad ako sa may corridor may namataan akong kwarto sa may bandang dulo ng pasilyo ng bahay, nakaka-agaw pansin lang yung kwarto kasi nakabukas ito... nakalimutang sarhan?

Out of curiosity ay lumapit ako dun at pumasok, madilim dahil sarado ang mga bintana kaya naman binuksan ko ang switch ng ilaw at nabigla ako ng makita ko ang kwarto, magulong magulo ito. Yung mga ilang gamit ay nasa may sahig, hindi maintindihan, parang dinaanan ng tsunami ang kwarto. Ano ba naman yan, kaninong kwarto ba ito? Ang gabok gabok pa, parang isanglibong taong hindi nagalaw eh. -\_-

Naglibot pa ako ng konti sa loob ng kwartong iyon at habang naglalakad ako ay nakarinig ako ng "crack"... may naapakan

ata ako at nabasag o nasira ko. - \_\_\_ -

"Ay sorry po!" kinuha ko kaagad yung naapakan ko, isang picture frame na nabasag dahil ata inapakan ko o talagang basag na sya? Teka... bakit ba lagi na lang ako nakakabasag ng frame? - \_\_\_ -

Tinanggal ko yung picture sa may frame kasi puro bubog na yung frame tapos pinagmasdan ko yung picture.

"Teka... parang ito yung kapatid ni Sync... si manager Luke... wow, ang bata bata pa nya dito sa picture ah! Eh sino itong tatlo pa?" may kasama yung si manager Luke dun sa may frame na dalwang lalaki at isang babae, yung isang lalaki dun may hawak na drumsticks... wait banda ba ito? May band si manager Luke?

"Teka... parang may kamukha yung girl... teka..." sinusubukan kong isipin kung sino ba kamukha nung girl sa frame, may kahawig kasi talaga, "Manager Ree?" O \_\_\_ O

"Momo, anong ginagawa mo dito?!" nabigla naman ako kasi biglang may lumapit sakin at inagaw yung picture na hawak ko.

"Sync, si manager Ree yung nasa picture diba? Tapos yung manager ng Runaway na kapatid mo yung andyan din diba? Magkakilala sila?"

"Haay, ang kulit mo. Sabi ko maghintay ka na lang sa kwarto ko eh."

"Sync, kwento mo sakin." makulit talaga ako. -\_-

## **Voice 37: Let Go**

"Yung kuya ko at si manager ay nasa iisang banda dati, si manager Ree yung singer ng band pero si kuya yung leader at guitarist. Pero matagal na yun, college pa sila nun."

"Oh I see, so what happened? Bakit wala na ngayon?"

"Maraming nangyari Momo, mabuti pang wag mo ng malaman. Tara na, " nakita kong ginusot nya yung picture at tinapon dun sa isang waste basket dun sa may gilid at hinigit na ako sa kamay palabas ng kwarto, "Lalamig yung friedrice na niluto ko."

Kahit marami pa akong gustong itanong pinigilan ko na lang ang sarili ko kasi kita naman sa mukha ni Sync na ayaw nyang magkwento kaya naman inalis ko na lang ang isip ko tungkol dun sa picture, "Wow, friedrice? Ikaw nagluto talaga?"

"Yup, mahilig ka ba sa friedrice?"

"Oo! Super favorite ko ang friedrice, addicted ako dun."

"That's good, specialty ko yun eh." he winks at me. Okehh, kahit boyfriend ko na sya hindi pa rin ako makapaniwalang hawak hawak nya ang kamay ko, nagwi-wink sya sakín at pinagluluto nya ako ng breakfast at suot suot ko ang t-shirt nya. This is too good to be true! >.<

Pagkatapos namin kumain ay naligo at nagbihis na ako, good thing I still have my uniform from yesterday with me. Pinagpag ko na lang yung skirt ko at sinuot ko na lang yung extra t-shirt ko sa bag. At pagkatapos nun we head to their garage, ang laki ng bahay nila. Doble ata ng amin! >\_\_<

"Wear this," nabigla ako kasi bigla nya sinuot sakín yung helmet at inayos ang tali nito, "We'll ride my motorbike, na-miss ko na iyon eh. Matagal ko ng hindi nagagamit, okay lang ba?"

"Sa motor mo? Oo, okay lang sakín." wow,hindi lang sa kotse nya ako nakasakay kundi makakasakay din ako sa motor nya.  
\*u\* <3

Nung nailabas nya na yung motor nya from the garage ay tinulungan nya akong umangkas dun sa may likod nya at, "Kumapit ka ha?"

At syempre kumapit nga ako sa may bewang nya, chansing? hahaha. Perfect dream nga ito, dati hanggang drawing lang sa imagination ko na nakasakay ako sa motor at nakayakap sa bewang ni Sync habang nagda-drive ito pero alam ko sa sarili ko na I'm past my imaginations... this is not one of my hallucinations anymore, totoo ito... ang sarap sa pakiramdam.

Dinantay ko ang ulo ko sa may likod nya, "*Sync, pinapasaya mo ako.*"

"HA? MAY SINASABI KA?" hindi nya narinig yung sinabi ko kasi maingay yung takbo ng motor.

Lumapit ako sa tenga nya at nilaksan ang boses ko, "MAHAL KITA SABI KO."

Hindi na sya umimik nun pero okay lang, basta mahal ko sya... mahal na mahal ko.

"*Andito na tayo, babe.*"

"E-eh?" napatingin ako sa paligid at saka ko lang namalayang nasa may tapat na pala kami ng gate ng school ko. Natawa tuloy ako kasi nagde-daydream na pala ako the whole time na nakasakay ako sa may motor nya.

Bumaba na kami at tinanggal nya yung helmet sa ulo ko.

"Gising babe," natatawang sabi nya at sabay sampal nya ng mahina at pabiro sa aking pisngi kunwa'y ginigising ako.

"Wag," sabay alis ko ng kamay nya, "Wag mo akong gigisingin dahil ang ganda ganda ng panaginip ko ngayon, tinatawag mo akong babe at boyfriend na kita at may singsing pa ako kaya sasakalin kita pag ginising mo ako sa panaginip na ito."

"Haha, ang cute cute mo talaga gusto sana kitang i-kiss bago ako umalis kaso hindi ko pedeng tanggalin ang helmet ko baka may makakita sakin..." oo nga naman, sikat nga pala sya baka mamaya may dumaang fans, kuyugin pa sya. --

"Ang hirap pag sikat ang boyfriend eh," pagbibiro ko sabay halik ko sa may helmet nya sa may bandang bibig, "Bye bye babe, magkita na lang tayo ulit mamaya babe. I love you babe."

"Ilang beses mong sinabi yung word na babe ah? Paulit ulit?" XD

"Haha! Natutuwa lang ako, sige na babe. Ingat ka!" sabay talikod ko at aalis na sana pero nabigla na lang ako kasi hinila nya ako pabalik at pagkakita ko sa kanya ay natanggal nya na pala yung helmet nya at dahil dun ay hinalikan nya ako sa labi.

"Bye babe." nakangiti nyang sabi at sinuot muli ang helmet at sumakay na sa motor nya at umalis.

Natulala naman tuloy ako dun sa kinatatayuan ko. Bakit ba sa tuwing hinalalikan nya ako feeling ko palaging first kiss ko iyon? Haay, ang sarap mainlove.

\*\*\*

End of Class... Sa may corridor...

"Momo, bakit ba parang kanina ka pa dyang lutang?"

"Huy babae, hoooooyyyyy..."

"Yuhuuuu Momo gising...."

"HOYYYYY!!!"

Bigla bigla sinapak ako ni Aila. -\_-

"Aray ko naman Aila, inaano kita dyan bakit mo ako sinapak. You're so baaaad." -\_-\_-

"Kasura ka naman kasi eh, kanina pa kita kinakausap dyan eh parang hindi mo naman ako naririnig at parang lumilipad yung utak mo."

"Wow, may flying brain ba? Amazing!" \*O\*

"HEH! Wag ka ngang pilosopa. Ano ba kasi nangyari sayo at ngiting ngiti ka dyan habang nakatingin ka sa kawalan, para ka tuloy dyang luka lukang naglalakad sa may corridor."

"Umm, halika may sasabihin ako sayo," tumigil kami sa paglalakad at hinila ko sya sa braso para makabulong ako sa may tenga nya, "Boyfriend ko na si Sync."

"WHAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAT?!" <--- oh akala nyo yan ang reaction ni Aila? Akala nyo nabigla sya ng sobra sobra dahil boyfriend ko ang sikat na leader ng SE? HINDI.

Eto talaga tunay nyang reaksiyon ---> Sinapak nya ako, oo sinapak nya ako. "Magtigil ka nga sa pangangarap mo, hindi ka na nagsawa. Ewan ko sayo, baliw ka na talaga." - \_\_\_ -

Hindi sya naniniwalang kami na, sino nga ba naman maniniwala? Eh kung dati, halos araw araw kong sinasabi kay Aila na boyfriend ko si Sync, hindi lang boyfriend kundi asawa. Remember Syncbabes nga tawag ko sa kanya dahil sa isa akong addict na fan, ang idol ko tinuturing kong automatic imaginary boyfriend kaya ayun hindi ako sineryoso ni Aila. - \_\_\_ -

"Tunay nga Aila, maniwala ka!" >\_\_<

"Weh, kwento mo kay batman baka maniwala." - \_\_\_ -

"Namaaaaan eh." nagpout ako sa kanya kasi ayaw nyang maniwala pero bigla kong naalala yung ring kaya pinakita ko ito sa kanya, "Look!"

"Oh, I'm looking na, singsing... anong meron?" ('\_')

"Kay Sync galing yan!"

"Look," pinakita nya sakín yung kamao nya, "Kay Aila galing ito, gusto mo suntok?" pero hindi nya naman ako sinuntok kundi tinampal nya lang yung noo ko pero mahina lang naman, "Stop dreaming Momo, gumising gising ka nga. Abnormal ka talaga kahit kelan."

"Eeeeeee!!! Tunay nga talaga, promise! Ibigay ko sayo lahat ng Syntax Error collections ko from CD to posters kahit pati yung doll figures nila kapag nagsisinungaling ako sayo! Hindi ito works of imagination lang Aila, this is not fiction this is reality! Tunay na ito promise! Kahit ako hindi makapaniwala kaya lutang pa rin ang utak ko pero itong ring na ito," tinaas ko ulit yung ring at pinagmasdan ito sabay ngumiti, "Sa tuwing nakikita ko ito saka ko lang talaga nagagawang maniwalang totoong ang lahat ng nangyari, na itong ring na ito ang patunay na boyfriend ko na talaga yung lalaking matagal ko ng gusto."

"Seryoso ka talaga Momo? Mamatay ka man? Peksman?" O \_\_\_\_\_ O

"Oo, mamatay ka man." ^ \_\_\_\_ ^

"UWAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!!! PAANONG? DI NGA? SERYOSO? MAGKWENTO KA BRUHA KA! WALA KA MAN LANG SINASABI!!!!"

"Kanina ko pa sinasabi sayo, ikaw ayaw maniwala eh." - \_\_\_ -

\*\*\*

Kinuwento ko kay Aila yung mga nangyari habang naglalakad pa kami sa corridor since malayo pa naman kami sa schoolgate at oo, sinabi ko sa kanya na may nangyari samin ni Sync. Medyo pinagalitan ako ni Aila, sabi nya bakit daw ako nakipag-ganun kaagad eh ang bata bata ko pa daw. Ang sabi ko naman, "Nangyari na eh saka good result naman diba? Nagmamahalan na kami ngayon. Kami na nga eh." \*u\*

Pero pinagalitan nya pa rin ako, para kasing nanay yung isang iyon eh. Sabi nya napakabata ko pa daw para doon saka bakit basta basta ko na lang daw binigay ang virginity ko, dapat daw ikasal muna ako and the such. Or atleast man daw nagpaligaw muna ako or kinilala ko muna daw ng husto si Sync, ang bilis daw kasi masyado... masyado daw akong nagpadala kaagad. Basta andami nyang sermon pero sa lahat lahat ng sermon nya may isang bagay na medyo bumagabag bigla sakin...

"Gumamit ba kayo?"

"Ng ano?" hindi ko ma-gets yung tanong nya.

"Nung alam mo na!"

"Kung alam ko edi sana hindi ko na itinanong kung ano, diba?" - \_\_\_ -

"Nung ano nga! Yung ano! YUN!"

"Eh ano nga yung YUN?" - \_\_\_ -

"CONDOM! Kung gumamit kayo ng condom o kung ano mang protection!" - \_\_\_ -

"H-ha? Hindi, kelangan ba nun?"

"ANAK NG PUSA ITONG BATANG ITO! SUSMARYOSEP, SABI KO NA EH MASYADO KA PANG BATA PARA DYAN EH! Tamo hindi mo man lang alam ang tungkol dun! Hindi mo ba naisip na baka mabuntis ka ha? Tsss!"

"M-mabuntis? Ako? Hindi naman siguro, isang beses lang naman eh."

"Yun nga eh, baka sa isang beses na yun matyempuhan ka pa! Naku Momo, hiling ko lang talaga ay hindi mangyari yun. Sasakalin kitang babae ka pag nagkataon!"

"OA mo Aila, hindi naman siguro yan! Wag ka ngang ganyan, hindi ako mabubuntis nuh."

"Tss. Sana nga!"

Sana nga... nawala sa isip ko yung posibilidad na iyon... paano nga kung magkaganon? Hala, wag naman sana... Bigla, nagtindigan ang mga balihibo ko sa balat kahit hindi ako balbon. -\_-

Habang iniisip ko yung mga nakakatakot na thoughts na iyon ay nadistract ako kasi paglabas namin sa gate ng school ay napansin naming may grupo ng mga babae na ang iba doon ay schoolmates namin at ang iba ay taga ibang school kasi iba uniform nila... basta yung mga babaeng yun parang nagkakagulo sila sa isang "something" or "someone" dun sa may malapit sa isang kotseng itim.

"Ano kaya iyon? Bakit pinagkakaguluhan? Anong meron?"

"Baka may nagtitinda ng talking fishball kaya sikat."

"Weh, korni mo Momo. Tignan natin?"

"Hmmm, hindi ako interesado, uuwi muna ako sa bahay para makapagpalit kasi mamayang gabi pupunta ako sa practice ng SE at para na rin makita ko ang boyfriend ko! Hihi!" ♥\_\_♥

"Sige na nga, mabuti pa ngang umuwi na tayo." lumiko na lang kami ni Aila at hindi na nakihalubilo pa dun sa nagkakagulong mga babae na hindi namin mamalayan kung ano ba pinagkakaguluhan. Ohwell.

"Aila, kamusta nga pala half sis mo?"

"Ah si Ate Vi---"

"Hey, hindi nyo man lang ako pinansin." ang bigla namin parehas ni Aila kasi mula sa likod namin ay may umakbay samin at paglingon namin...

"MIRKO!" kaya naman pala eh... sya yung pinagkakaguluhan kanina sa may gate, sorry naman hindi namin napansin kasi nga andaming tao eh. -\_\_-

"Anong ginagawa mo dito?" pagtatanong ko.

"Mangingidnap ng babae, pede?" naka-smirk na sabi ni Mirko at alam kong si Aila ang tinutukoy nya.

"Sure, may bayad," sabay lahad ko ng palad ko, "Pengeng pambiling pagkain, iyo na yung bestfriend ko." (\*w\*)

"Oy walangya ka Momo! Ibugaw mo ba naman ako." asar na sabi ni Aila. -\_\_-

"Joke lang, sige na Aila sumama ka na kay Mirko, kanina ka pa ata nya inaanatay oh. Kawawa naman... Yeee." sinisiko siko ko pa si Aila habang tini-tease ito kay Mirko, alam ko namang crush nya na rin naman si Mirko. Nililigawan sya ni Mirko, nakakatuwa pag naging sila kasi ako boyfriend ko na si Sync at masaya pag boyfriend nya na rin si Mirko tapos si Zeke at Ate Corrine mag-boyfriend girlfriend din! O diba, partner partner kami? Kulang na lang si Manager Ree, sila ni manong driver partner, pwede! Joke lang! XD

\*\*\*

### - AILA SANTIEZ'S VOICE -

In the end sumama na ako kay Mirko, ikaw ba naman ipagtulakan ni Momo, halos madapa na nga ako kakatulak nya sakín kay Mirko eh. Ang kulet talaga nung babaeng iyon, haay naku. Pero worried ako sa kanya ha lalo na nung malaman kong may nangyari sa kanila ni Sync, I can't believe na nakapag-give in na agad si Momo ng alam nyo na... nung "ano" nya. I mean she's too innocent and I did not expect that from someone like her, haay sabi nga nila things happen to those you least expect na mangyari. I just wish wala talagang bad results yun, Momo's too young... Argh, masyado kasing naive yung babaeng yun sarap tuloy batukan. -\_\_-

"Aila, yuhuuu. Hello? Heyyyy. Ci sei?" (are you still with me?)

"H-ha? O-oo, oo!"

"Weh? Ang layo ng takbo ng isip mo eh!"

"Wala, saan nga ba tayo pupunta?"

"Naglunch ka na ba?"

"Hindi pa, katatapos lang ng klase namin eh nung dumating ka," half day lang naman kasi kami palagi, minsan lang whole day pag may practices and other exemptions.

"Good, I'll bring you to a good Italian restaurant, what can you say about it?"

"Ah sure..." labas sa ilong na sabi ko. Ayaw kong makita talaga ngayon si Mirko, may naaalala lang ako.

"Kanina ka pang ganyan, bakit parang ang tamlay mo? May problema ba, principessa?" (princess)

"Stop calling me that."

"Calling you what?"

"That."

"I don't remember calling you THAT. Hindi naman THAT ang name mo."

"Pilosopo, seryoso ako. Stop calling me 'principessa' and the such. Nakakainis lang."

"Ha? Bakit? May nagawa ba ako? May masama ba kung tawagin kitang princess?"

"Oo, hindi ako prinsesa at alang wag kang maging sweet sakín at sabihing may gusto ka sakín kung wala naman talaga." diniretsa ko na sya, sa tingin ko tamang diretsuhin ko na lang sya kesa papaniwalain ko ang sarili ko sa mga bagay na hindi naman nage-exist --- katulad ng sinasabi nyang pagmamahal sakín. Hindi nya ako mahal, wala syang gusto sakín at alam ko kung sino ang gusto nya, alam ko rin kung bakit nung una pa lang sinabi nyang nagustuhan nya na ako kahit hindi naman kami ganung magkakilala dahil kamukha ko **SIYA**. Kaya nya ako nilalapitan palagi at kaya sya sweet sakín at kaya gusto nya akong ligawan ay dahil hindi AKO ang nakikita nya SAKIN kundi SIYA.

"Eh? Hindi kita magets Aila?" patingin tingin sya sakín habang nagda-drive ng kotse nya, katabi nya kasi ako na nasa may passenger's seat. Diretso lang ang tingin ko sa daan, ayaw kong tumingin sa kanya baka umurong lang dila ko.

"Mirko, hindi ako si Viency... ako si Aila. Alam mo yun?" pagkasabi ko nun nabigla na lang ako sa malakas na pagpreno ng kotse, kamuntik na akong masubsob sa windshield ng kotse buti na lang nakaseat belt ako.

"Who told you about her?!" parang magkahalong bigla, galit at hinanakit ang tono ng boses ni Mirko habang nakasubsob ang mukha nito sa may kamaong nakapatong sa may manibela.

"About Viency? About your lost girlfriend?" tumingin ako sa may bintana at sinandal ang ulo ko dun, "Half sister ko sya kaya naman magkahawig kami, kaya nga nililigawan mo ako eh diba?"

Nag-flashback sakín yung araw na na-meet ko si Viency, ang aking half sister na napag-alaman kong girlfriend pala ni Mirko.

**\*\*\*FLASHBACK\*\*\***

"Sure ka ba Aila, hindi ka sasama? Pede ka naman manuod ng practice nila eh. Saka sige ka baka hanapin ka ni Mirko. Ayeeee." sabay siko ko sakín ni Momo, ang kulet. Katatapos lang kasi ng klase nila at gusto nya akong isama sa practice ng SE, may public performance slash practice daw sila eh, gusto ko naman manuod kaso may appointment na ako sa isang tao eh.

"Weh, wag ka nga Momo!" tinulak ko nga sya, ang kulit lang. -\_\_-

"Kung makatulak naman ito, kinikilig ka lang eh." ~( a\_\_a~)

"Di ah! Basta Momo, next time na lang. May kelangan akong i-meet ngayon eh."

"Sino?"



"Half sister ko."

"Ooh. Ngayon na ba yun?"

"Yup, kauwi nya lang daw eh."

"Ahh, o sige na nga. Shupii ka na!"

"Gege, bye! Kita na lang tayo bukas!" nagwave goodbye na ako sa kanya at tumakbo na palayo. Dadalawin ko na yung half sister ko sa may hospital, dun kasi sya nagi-stay... galing syang America dahil nagpa-opera sya dun ng binti nya dahil nagkaroon sya ng car accident 3-4yrs ago at ngayon lang naayos yung nadamaged nyang binti at nakakalakad na sya ngayon dahil sinimentuhan na ito sa loob. Pero kahit nakabalik na sya sa Pilipinas ay nasa hospital pa rin sya kasi dahil sa nangyaring car accident, hindi lang pala binti kundi nagkahead fracture din sya at prone to bigger damages kaya nagu-undo pa sya sa maraming kaewanan sa hospital para masigurado ang safety nya at para na rin ma-avoid na lumala yung fracture na hanggang ngayon hindi pa rin magamot gamot. Ang malala pa dahil sa lumalang head fracture, nadadamay pati ang pandinig nya at unti unting humihina ang pandinig nya hanggang sa hindi na sya makarinig ng tuluyan.

Oo, bingi ang half sister ko. Yun ang sabi ni Papa.

Oo nga pala, kaya ko nalaman ang tungkol sa half sister ko ay si papa ang nagkwento sakin... ito pala yung secret na tinatago nila sakin ni mama. Isang gabi kasi nagaaway sila(as usual) pero dahil hindi na ako nakatiis ay pumagitna na ako sa kanila at binigyan ko sila ng tig-isang frying pan para ipangpukpok nila sa isa't isa. Sa inis ko pati, sinigawan ko na sila at pinagalitan ko na kasi daig pa nila ang bata kung umasta... lagi na lang silang nagaaway hindi na nila ako iniintindi. Basta hindi ko na ikekwento yung kadramahan sa bahay, basta nauwi na lang sya sa kumalma na kaming tatlo at umupo sa may table sa kusina at nag-usap ng mahinahon tungkol as problema ng pamilya hanggang sa nagtapat na nga sakin sina mama at papa tungkol kay Viency, sa aking half sister.

Ang sabi kasi noong hindi pa ako pinapanganak ay nagkaroon daw ng affair si papa sa secretary nya sa opisina at nabuntis nya ito, nalaman ito ni mama at nagalit sya ng sobra pero pinatawad nya rin naman si papa at sinabi nya ditong wag na wag na ulit imi-meet yung secretary at lalo na yung naging anak nila dun. After 3yrs ay nagbuntis si mama sakin at naging smooth ang takbo ng pagsasama nila ni papa pero yun nga nung 5yrs old ako nahuli ni mama na binabalikan pa rin pala ni papa ng patago yung dati nyang secretary at sinusustentuhan nito ang anak nito doon. Yun pala yung madalas nilang pinagaaway, may ibang babae talaga si papa.

"Eh sino ba talaga ang mahal mo papa, si mama o yung babaeng yun?" nabigla sina mama at papa sa diretsuhang tanong ko, "Pumili ka papa, sasaktan mo ng isang beses si mama o habambuhay mo na lang syang lolokohin?"

"Aila anak, ano pinagsasabi mo!" naiiyak si mama sa mga tanong ko at si papa naman nakatulala lang, hindi malaman kung ano o paano sasagot.

"Mama, mahal mo si papa diba?" tinignan ko si mama pero tumingin din ulit ako kay papa, "Pero sa tingin ko hindi ka na nya mahal, napipilitan lang syang makisama sayo kasi andito akong anak nya at tayo ang legal na pamilya nya. Hindi ba tama ako, papa?"

"H-ha? A-ano..." tumungo si papa at hindi pa rin makasagot...

"Wag na tayong maglokohan dito, papa kung hindi mo na mahal si mama sabihin mo na lang! Wala rin naman kasing sense

kung araw araw uuwi ka sa bahay at tatabi kay mama sa pagtulog kung sa buong araw naman yung babaeng yun ang kinatatagpo mo! At mama kung alam mo namang niloloko ka lang ni papa bakit patuloy ka pa ring nagpapaloko? Bakit kumakapit ka pa rin kay papa? Mama naman, kung ayaw na sayo ng tao wag mo ng pagpilitan... pakawalan mo na si papa, mama..." palipat lipat ang tingin ko sa kanilang dalwa, "Diba gusto mo ng umalis papa? Gusto mong makapiling na yung babaeng yun kasi simula't simula pa lang, sya naman talaga ang mahal mo at alam mo sa sarili mo na nagkamali ka ng pinakasalan?"

"Matanda na kayong parehas, alam nyo na kung anong dapat... at alam nyo sa mga sarili nyo na kahit anong gawin nyo, sira na ang pamilyang ito... wala ng pagmamahalan dito."

"Ano pang silbi ng pagpipilit sa isang bagay na sira na? Kahit siguro pumuti pa ang uwak, hindi na mabubuo pa ang pamilyang ito... pakawalan nyo na ang isa't isa kesa araw araw na lang para kayong aso't pusa na nagaaway."

"Oo, pangarap ko ang magkaroon ng masayang pamilya... pinangarap kong balang araw babalik tayo sa dati na masaya tayong kumakain ng hapunan at nagkekwentuhan tulad ng isang buo at masayang pamilya pero kung ganto lang din naman, kung talagang wala ng pag-asa at kung puro batuhan at sigawan na lang ang maririnig ko gabi gabi... mas pipiliin ko pang wag ng makamit yung pangarap na yun at maghiwalay na lang kayo. I think that'll be the best decision, wag na nating pagpilitan ang hindi na pwede pare parehas lang kasi tayong nasasaktan."

Pagkatapos nung kadramahan ng gabing iyon ay sa tingin ko pinagnilayan nina mama at papa yung sinabi ko dahil after some days ay nagusap usap ulit kami at sinabi sakín nina mama at papa na napagdesisyonan na nga nilang maghiwalay. Sabi ni mama, isusuko nya na daw si papa at ibibigay ito sa taong makakapagpasaya talaga dito. Si papa naman sabi nya he wants to remain friends kay mama, atleast man lang daw hindi mawala yung pinagsamahan nila kahit papaano at para na rin pag minsan mabisita ako ni papa. Ito na nga siguro yung pinakatamang desisyon, masakit man syang tanggapin pero siguro pag minsan sa pag-let go we will find our happiness. Hindi naman kasi lahat ng bagay pedeng atin o pedeng mapasa-atin, may mga bagay na hindi lang talaga para satin at kelangan nating bitawan ito kahit gaano pa man natin gustong maangkin. Parang pakikipaghilahan lang yan ng laruan sa kalaro eh, kung walang bibitaw sa inyo in the end baka masira lang yung laruan parehas lang na walang makinabang.

Di naglaon ay nasanay din naman kami sa sitwasyo ng pamilya at unti unti na namin itong natatanggap.

Hindi na si papa nakatira samin kundi dun na sa babae nya pero minsan ay dumadalaw sya samin at sa minsang yon ay natanong ko ang tungkol sa half sister ko who's 3yrs older than me. Viency ang name nya at kinuwento sakín ni papa ang unfortunate incident nito at dahil dun sinabi ko kay papa na gusto ko syang mameet, gusto kong dalawin ang half sister ko sa hospital.

Nangyari naman iyon at nagkita kami ng kapatid ko, nasurprised ako kasi magkahawig kami ng half sister ko or let's say Ate Viency ko. Meron nga lang syang mole sa malapit sa left eye nya but the rest parang pinagbiyak na bunga kami ika nga ni papa, siguro dahil na rin nakuha namin parehas ang mas maraming genes ni papa kasi hawig din kami kay papa eh.

Nakilala ko rin ang mom ni Ate Viency at mabait naman ito medyo nahihya lang sya sakin pero para sakin wala naman yun eh. Iniwan din naman kami nina papa sa may hospital room bale kami lang dalwa ni Ate Viency dun sa room nya, may hawak akong notebook and pen para makapagusap kami ni Ate Viency dahil nga bingi ito. Pero nakakapagsalita naman si Ate Viency yun nga lang hindi nya talaga ako naririnig pero minsan she can read what I'm saying through my lips pero mas madali para sa kanya kung isusulat ko na lang yung mga sinasabi ko.

Kahit papaano nagkakaintindihan naman kami ng paganun ganun. Gumaan agad ang loob ko sa kanya, wala naman akong galit sa kanila dahil walang sense kung magagalit ako diba? Hindi naman nila kasalanan kung hindi nag-work out ang family namin, sadyang hindi lang kami para sa isa't isa.

Nakabukas yung tv dun at parehas kaming nanunuod nung wala na kaming mapagusapan, napalipat sa may music channel at biglang pinalabas yung music video ng Syntax Error.

"Aila," bigla nya akong tinawag habang nakatingin pa rin sya sa may tv screen.

"Hmm?" tumingin ako sa kanya para malaman nyang narinig ko ang pagtawag nya sakin.

"Maganda ba yung tunog ng gitara nya?" sinundan ko kung saan nakaturo ang mga daliri ni Ate Viency at nakita kong nakaturo ito kay Mirko na syang basist ng SE.

Kinuha ko yung notebook at pen ko at nagsimulang isulat ang sasabihin ko, "SI MIRKO NG SE? YUP, MAGANDA. Y?"

"Wala lang, alam mo ba lagi ko silang pinapanuod pero hindi ko sila naririnig... gusto ko silang marinig... marami kasi nagsasabing maganda daw ang pagtugtog nila... naiinggit ako sa mga nakakarinig sa kanila... gusto ko silang marinig... gusto ko marinig yung gitara nya..." nakaturo pa rin sya kay Mirko.

"ATE, FAN KA DIN NG SE? AKO DIN EH. SI MIRKO BA BIAS MO?" sinulat ko sa may notebook, napansin ko kasi laging si Mirko tinuturo nya kaya siguro ito ang "bias" nito or "favorite" nito sa banda.

Umiling si Ate Viency, "I'm not a fan."

Nagtaka tuloy ako at magsusulat pa lang ako pero nagsalita na ulit sya, "I'm not a fan but I'm one of those who have heard their music even before they became public figures..."

"Aila... would you believe me if..."

Nabitin ako kay Ate Viency kasi hindi nya tinuloy yung salita nya kaya nagsulat ako, "IF?"

"If I say na... naging boyfriend ko sya?" tinuro nya si Mirko at nanlaki ang mga mata ko at hindi ako makapaniwala sa sinabi nya. Bigla syang tumawa pero may tumulong luha sa mga mata nya kahit tumawa sya, "Nevermind, haha. Sabi ko na eh, sino bang maniniwala sakin. Sikat na kasi sya, ang layo layo nya na sakin, ang hirap nya ng abutin... marami ng taong humahanga at tumatawag sa pangalan nya kaya sigurado he wouldn't hear my voice anymore... with all those voices around

him, how could he even recognize mine? I'm deaf but rather than hearing nothing, I feel more voiceless."

"I DON'T GET YOU." dahil sa naguguluhan ako yun na lang yung naisulat ko sa may notebook. Yung mga sinasabi nya tapos umiiyak pa sya, anong meron?

"Nevermind, siguradong hindi ka maniniwala sakin." nakangiti nyang sabi saakin sabay pahid ng luhang tumulo.

Umiling ako at nagsalita, "Maniniwala ako sayo."

Alam ko na hindi nya narinig yung sinabi ko pero siguro naman nabasa nya yung galaw ng mga labi ko kaya yumuko sya at nagkwento, "Kilala ko ang Syntax Error, I know them personally... Well, si Mirko at Corrine lang talaga ang kilala ko ng husto. Yung dalwa, sina Zeke at Sync, hindi ko sila masyadong ka-close."

Medyo nabigla ako dun.

"Pero nakilala ko sila bago pa sila sumikat, mga 3yrs ago yun eh... nagtatrabaho ako sa may 7eleven bilang cashier girl, part time job ko sa gabi yun kasi gusto kong makatulong kay mama kahit papaano sa mga gastusin sa bahay at sa tuition ko na rin."

Nakinig lang ako.

"Tapos isang normal na gabi lang iyon nang pumasok sina Mirko at Corrine sa may 7eleven... bumibili ata sila nun ng pagkain para sa banda nila kasi may practice ata sila nung mga panahong iyon. Nagsasapakan pa nga yung dalwa habang namimili ng mga pagkain, ang kulit nilang magtalo napagkamalan ko pa nga silang magboyfriend-girlfriend pero hindi pala, magkaibigan lang pala sila. Tapos nung nasa counter na sila at habang nire-register ko na yung mga pinamili nila na medyo marami ay kinausap ako ni Mirko..." bigla syang tumawa na parang may naalalang maganda, "Sabi nya saakin, miss have we met? Sumagot ako ang sabi ko hindi siguro kasi hindi naman pamilyar saakin ang mukha nya. Pero pinagpilitan nya at sinabing, 'miss nagkita na tayo, im sure. ikaw ang future girlfriend ko. miss, pengeng number'... Yun yung banat nya saakin, nabigla nga ako at medyo nainis sa kanya kasi halatang babaero sya at flirt type of guy pero ngayong binabalik balikan ko ang pangyayaring yun sa isipan ko ay natatawang nalulungkot na lang ako. Yun kasi yung unang beses ng pagkikita namin."

Nagpatuloy lang ako sa pakikinig kahit parang may masama akong pakiramdam sa kwento nya...

"Madalas silang bumalik dun, minsan kasama nya si Corrine o si Zeke o kaya si Sync pero mas madalas ay mag-isa lang sya. Noon kasi yung pinagpapraktisan nila ay malapit lang sa 7/11 na pinagtatrabahuhan ko kaya naman meryenda, hapunan at kung anu ano pa ay dun sila bumibili. Sa madalas na pagpunta nyang yun lagi nya akong kinukulit at kung anu anong mga sinasabi nya, puro mga pambobola. Nung una tinatarayan ko lang sya pero aaminin ko nung pagtagal ay kinikilig na ako sa kanya hanggang sa hindi ko alam kung papaano nangyari at naging close din kami sa kabila ng mga pambobola nyang ginagawa, siguro dahil sa natuto na akong makisabay sa pambobola nya kaya naman ayun naging friends kami kahit papaano. Isang beses inimitahan nya akong manuod ng practice nila at naulit iyon ng maraming beses hanggang sa naging close pa nga kami ni Corrine eh dahil sya lang naman ang girl member sa bandang iyon. Medyo snobbish kasi si Sync at si

Zeke naman hindi pero, umm, hindi rin kami naging close ewan ko kung bakit."

May nabubuong teorya sa aking isipan... paano kung.... paano kung....

"Kung ikekvento ko pa sayo ang buong storya baka abutin tayo ng bukas..." lumingon sya muli sakín at ngumiti, "To make story short, nadevelop kami sa isa't isa ni Mirko hanggang sa niligawan nya ako at naging kami. Pero... hindi happy ending ang samin."

Naging sila ni Mirko? Ayan na nga eh, may hinala na ako... feeling ko masasaktan ako.

"Naikwento sakín nun ni Mirko na may lumapit daw sa kanilang isang certain Ree Park na nagpromise sa kanilang pasisikatin ang band nila, tuwang tuwa si Mirko nun dahil finally makikilala na rin ng maraming tao ang mga musika nila at syempre tuwang tuwa ako para sa kanya pero bago ko pa man maabutan na lumabas sa tv ang mga musika nila ay naaksidente ako. Galing kami nun ng probinsya ni mama, sya yung nagdadrive nung kotse ng bigla bigla nabangga kami sa isa pang kotse noon na ang sabi ay lasing daw yung driver. Gabi kasi noon eh. Masyadong grabe ang nangyaring insidente at ang lakas ng pagkakauntog ng ulo ko sa windshield ng kotse at dahil sa untog na yun ay nagkaroon ako ng temporary amnesia at kinelangan akong operahan ng maraming beses para maligtas yung buhay ko. Thank God parehas naman kaming naligtas ni mama kahit ganun ang nangyari pero yun nga lang dahil sa nagkatemporary amnesia ako nakalimutan ko ang tungkol kay Mirko at sa banda nya. Umalis din kasi ako nun at nagpunta sa Amerika dahil dun sinuggest ng doktor ko dito sa Pilipinas na mas magagamot daw ang malalang sugat ko."

"Mga halos isang taon din bago ko nabalik ng tuluyan ang alaala ko at pagbalik ko ng Pilipinas huli na ako... sikat na sila, tumutugtog na sila sa may tv at napapakinggan na din sila sa radio. Nasa mga billboards na rin ang pictures nila at sa tuwing nakikita ko ang picture ni Mirko sa may billboard unti unting pumasok sa isip ko na... ang layo nya na sakín, hindi ko na sya maabot pa. Feeling ko kahit wala syang amnesia, hindi nya na ako naaalala, ngayong sikat na sya at marami ng nakakakilala sa kanya... maalala nya pa kaya ako? Okay na sana eh, makukuntento na lang sana akong pakinggan sya pero yun nga... nung papakinggan ko sila sa tv, wala akong marinig, sinubukan kong laksan yung tv, tinodo ko pa nga ang volume eh pero ang hina... sobrang hina lang ng naririnig ko hanggang sa wala na akong marinig ng tuluyan."

Biglang umiyak si Ate Viency, tinakpan nya ang mga mukha nya habang umiiyak at pinagpapatuloy ang kwento. Dahil sa umiiyak sya ay medyo nahihirapan akong sundan ang storya pero pinipilit ko pa ring intindihin ang kwento, "G-gusto kong marinig ang pagtugtog nya sa gitara nya... gusto ko ulit marinig ang musika nya... gusto kong marinig pati boses nya... gusto ko ulit syang makita... Mahal ko pa sya... mahal ko pa..."

Nasasaktan ako, sa storya nya at para sa sarili ko. Mahal nya si Mirko at may gusto naman ako kay Mirko. Ang liit ng mundo... sa dinami dami ng tao kapatid ko pa pala ang mahal ni Mirko. Naiintindihan ko na kung bakit, alam ko na kung bakit parang ang bilis naman ng pagkakagusto sakín ni Mirko... yun ay dahil kamukha ako ni Ate Viency. Sigurado may nararamdaman pa rin si Mirko para kay Ate Viency kasi kung hindi, bakit nya ako liligawan diba na syang kamukha ni Ate Viency. At alam ko na rin kung bakit sinabi nya sakín noon na nakakarelate sya sa kanta ng The Script na "The Man Who Can't be Moved". Sa tingin ko, unti unti ng lumilinaw ang lahat sakín...

"Bakit hindi mo sya puntahan, ate? Bakit hindi ka ulit magpakita sa kanya?" I tap her shoulder para lumingon sya sa notebook ko na may nakasulat ng mensahe ko.

"Para saan pa? Siguradong hindi nya na ako mahal or worst baka hindi nya na nga matatandaan kung sino ako, masasaktan lang lalo ako pag ganun. Tama na lang sigurong panuorin ko sya sa tv o tignan sa magazines."

Nagsulat ulit ako sa notebook ko at pinakita sa kanya ang gusto kong sabihin, "Eh paano kung mahal ka pa nya?"

"Eh paano kung hindi? Saka isa pa hindi ko alam kung paano sya mapupuntahan, masyado syang sikat at pribado ang mga impormasyon tungkol sa kanya."

Yumuko ulit ako para magsulat sa notebook ko at ng matapos iniangat ko ito para ipakita sa kanya at ngumiti ng isang ngiting alam ko sa sarili kong hindi tunay, "Believe me, mahal ka pa nya. At alam ko kung saan mo sya makikita..."

"Saan?" nabigla sya sa sinulat ko na para bang hindi makapaniwala.

"**Doon pa din.**" yun ang mga katagang sinulat ko sa notebook ko na sadyang nagparamdam saakin ng sobrang sakit. Alam ko kung sino si Mirko, alam ko kung sino ang mahal nya at sigurado akong hindi ako iyon.

Ayon sa kantang The Man Who Can't be Move,

*"People talk about the guy that's waiting on a girl*

*There are no holes in his shoes but a big hole in his world."*

... the man who can't be moved? Siya nga iyon.

**\*\*\*END OF FLASHBACK\*\*\***

"Sabihin mo saakin, anong ibig sabihin mo na half sister mo sya? Teka..." lumingon muli ako kay Mirko at nginitian sya.

"Mirko or rather koya noodles, stop fooling me... huli na kita eh, you're always there sa 7eleven every night waiting or lets say assuming that maybe one day you'll see her again in the same place where you first met her, diba? Then you saw me... and thought that I was her but immediately realised that I'm just someone who is a look alike of her... first you ignored me but then when our paths crossed for a lot of times, you decided that maybe I can be a good replacement of her."

"Aila..."

"Shut up," tinapat ko sa kanya ang right palm ko to stop him from speaking, gusto ko ako lang ang magsalita at pakinggan nya, "Listen Mirko, I might look like her but I'm not her. Have you ever thought of what I might feel once I knew about this? Do you know what a replacement mean? Do you know what it feels like to be JUST a replacement? I don't want to replace anyone, Mirko. **I don't.**"

Binaba ko yung right palm ko at binuksan ang pinto ng kotse at bumaba doon at bago ko tuluyang sarhan ang pinto ay ngumiti ako sa kanya at sinabi, **"7.11pm at 7eleven, she'll be waiting. And oh, magdala ka ng notebook at ballpen."**

Hindi ko na sya inantay pang maka-imik at tumakbo na ako palayo, enough dramas basta nasabi ko na sa kanya ang dapat sabihin.

\*\*\*

#### **- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -**

"Asan si Mirko, susugudin ko, papakainin ko ng bulalakaw iyon ---- ARAY! Bakit mo naman ako sinapak Aila?" bigla bigla na lang kasi nya ako sinapak, battered bestfriend na ang dating ko nito ah. (YmY)7

"Huminahon ka nga, wala ka namang bulalakaw paano mo ipapakain dun." pagsusungit nya sakin, "Saka isa pa wag na, wala naman mararating kung aawayin mo pa yung tao saka okay lang naman sakin..."

"Anong okay lang sayo? Eh inubos mo na nga yung tissue ko kakaiyak dyan! Kulang na lang maghubad ako dito para gawin mo na ring pampunas ng luha mo yung damit ko!" andito kasi kami sa may starbucks nina Aila pati na rin ni Ate Corrine. Tumawag kasi sakin si Aila na umiiyak at yun nga nagkita kita kami dito at kinuwento samin ni Aila ang tungkol kay Mirko at kay Viency na half sister ni Aila. Medyo napa-wow na lang talaga ako para kasing sa mga teleserye mo lang mapapanuod ang mga ganung pangyayari pero hindi ko inaasahang pede palang mangyari sa tunay na buhay iyon. Naawa tuloy ako sa bestfriend ko kasi bukod sa broken family na sya, brokenhearted pa sya.

"Tahan na Aila," pagaalo ni Ate Corrine kay Aila. May alam rin pala dito si Ate Corrine, kilala nya pala si Viency at noon pa man daw nung makita nya si Aila ay inakala nyang si Viency ito nung una pero hindi nya sinabi samin na may kamukha si Aila. At natatandaan nyo yung picture na nakita ko sa kwarto ni Ate Corrine? Yung half sister pala talaga ni Aila ang kasama nya dun, close friends daw sila noon, kaya naman pala nung unang tingin ko kala ko si Aila yun pala half sister nya na. Haay, bakit ba ang liit liit ng mundo? >\_<

"So ano na, magkikita sila maya maya sa may 7eleven?" pagtatanong ko kay Aila, sabi nya kasi ini-organized nya na daw ang pagkikitang muli ng kapatid nya at ni Mirko.

"Yeah. Nakiusap ako sa mom ni Ate Viency na humingi ng permiso sa hospital na palabasin sya sa ganung oras at pinayagan naman sya... tapos nasabi ko na rin kay Mirko na pumunta sya sa 7eleven sa ganung oras. Magkikita na rin sila after a long while."

"Aila... question lang..." medyo naku-curious kasi ako, "Tanga ka ba?"

"EH?! BAKIT?! MAS ENGOT KA!" asar na sabi nya.

"Eh kasi bakit mo binigay yung taong mahal mo? Bakit pinagtatagpo mo pa sila kung mahal mo si Mirko?"

"Haay, hindi ako tanga Momo. Ginagawa ko lang ang tama."

"Anong tama dun kung nasasaktan ka?"

"Momo, hindi naman sa lahat ng pagkakataon na ang tama ay masarap sa pakiramdam kaya nga mahirap gawin ito kasi masakit."

"Eh? Ewan ko... pero kasi bestfriend," pinalo ko yung braso nya, "Para sakín pag nasasaktan ka, mali yun."

"Aray ko, bakit ka naman namamalo ng braso!" sabay bigla nya akong niyakap, "Ayos lang yun Momo."

"Ayos nga lang yun pero hindi ka naman ayos..."

"Maayos din ako... saka alam mo ba sa tingin ko tama talaga ginawa ko kasi bakit ko ipagpipilitan ang sarili ko sa taong hindi naman ako ang nakikita tuwing sinasabihan akong mahal nya ako diba?"

Humiwalay sya sa pagkakayakap sakín tapos pinahidan ang mga luha nya at ngumiti sakín, "Atsaka isa pa, pinakawalan ko na sya bago pa ako tuluyang mahulog sa kanya."

Kinuha nya yung tinidor nya at kumuha ng malaking parte sa may cake na inorder nya at sinubo yun at kahit puno ang bibig nya at tumutulo na halos umaagos na ang mga luha nya sa mga mata nya ay nagsalita sya, "**Minsan kelangan nating tanggapin na hindi para satin yung taong mahal natin.**"

"UWAAAAAA~~!!" at muli ay humagulgol sya ng iyak na dahilan para magsitinginan ang mga kalapit namin sa loob ng coffee shop pero hindi nya pinansin ito at patuloy pa rin sa pagiyak, nilalabas lahat ng hinanakit at dismayang nararamdaman.

"Para ka namang bata eh, halika nga dito." hinigít ko sya sakín at niyakap ng mahigpit.



\*\*\*

That night nung nakahiga na ako sa may kama at nanunuod ng horror sa may tv sa kwarto ay biglang nag-ring yung cellphone ko.

*Kevin Sy calling...*

"Ikaw nanaman?" sabi ko habang tinitignan ang pangalan nya sa screen ng cellphone ko. Bakit ba ito tawag ng tawag? Istorbo. Psh. -\_-

"Yeah?" sabi ko pagkasagot ko ng phone.

"Kamusta ka Momo?"

"Okehh lang..." sabi ko habang nilipat ko yung channel ng tv, ang baduy kasi nung horror na pinapanuod ko, ang bading nung bidang lalaki.

"Ahh... Umm... Anong ginagawa mo?"

"Nanunuod, nakain." bakit ba walang magandang palabas ngayon. -\_-

"Ahh... Anong kinakain mo?"

"Marshmallow." ah ito maganda itong palabas na ito, dito na lang. Binitawan ko na yung remote at pinatong sa may tabi ko sa kama.

"Wow, penge."

"Nye, ayoko nga."

"Ang damot mo naman... hmm... mahilig ka sa marshmallows?"

"Hindi masyado.."

"Eh bakit mo kinakain?"

"Ewan... masarap eh saka natatakam ako simula kahapon pa. Nakakadalwang balot na nga ako simula kanina kahit hindi ko naman favorite ito." medyo weird nga eh, ewan ko para akong naglalaway sa marshmallow. Hindi naman talaga ako mahilig dito basta nung nakita ko lang ito sa commercial sa tv kanina, sabi ko gusto kong kumain nun kaya ayun kahit gabi na lumabas ako para bumili sa may malapit na maliit na grocery store sa may amin at bumili ng dalwang pakete nito at kanina ko pang pinagtitripang kainin. -\_-

"Hahaha! Ganun ba, para ka naman nagliliihi nyan sa marshmallow!" susubo pa lang sana ako ng marshmallow pero napabitaw ako kaya naman nalaglag yung marshmallow pabalik sa supot nito.

"Ganun ba, para ka naman nagliliihi nyan sa marshmallow!"

Nung sinabi yun ni Kevin bakit parang kinabahan tuloy ako bigla?

"Momo, uy andyan ka pa ba? Hello? Hello?"

"H-ha? Oo, oo. Andito pa." sinarhan ko na yung balot ng marshmallow at inilayo sakin, pinatong ko sa may sidetable ko. Parang natakot tuloy ako... ano nga kaya, nagliliihi ba ako? AH HINDI! OA LANG AKO! SAKA HELLO, ANG BILIS NAMAN NG SYMPTOMS PAG GANUN KAYA RELAX LANG MOMO! >\_\_<

"Umm... magkwento ka naman..."

"Ha? Anong ikekwento ko?"

"Ano... yung mga bagay na tungkol sayo.. yung nangyari sayo nitong mga nakaraang araw... kahit ano basta magkwento ka lang..."

"Hmm..." napaisip ako, ano ba pedeng ikwento? "Ah! May ibabalita ako sayo Kevin!"

"Ano yun?"

"KAMI NA NGA PALA NI SYNC!" <3

"E-eh?"

"KAMI NA! Boyfriend ko na sya." pero syempre hindi ko ikekwento details, binabalita ko lang sa kanya. <3

"T-talaga? Wow, congrats. Kelan pa?"

"Kahapon lang." \*u\*

"Ah ganun ba... masaya ka ba naman?"

"Oo naman, bakit hindi diba?" \*u\* <3

"Oo nga naman... bakit hindi..."

"Umm..." ang awkward bigla, wala akong masabi. - \_\_\_ - End call na please? Ayaw ko naman pagbabaan ng telepono yung tao pero wala na akong masabi... uhh... (>\_\_<)

"Ano Momo,"

"Yes?"

"Yayain sana kitang manuod ng practice namin bukas... okay lang ba?"

"Eh? Anong oras? Ano kasi may practice din bukas ang SE..."

"SE nanaman..."

"Eh? May sinasabi ka?" hindi ko kasi narinig yung huli nyang sinabi, ang hina.

"Wala wala, anong oras ba ang tapos ng practice nila?"

"Mga 5pm."

"Sakto, practice pa namin hanggang 7pm. Pede ka bang pumunta? Please? Kahit isang beses ka lang manuod ng practice namin, just try to hear us kung okay na ba yung nabuo naming kanta. Please, please?"

"Haay, sigé. Susubukan ko, pupunta ako after ng practice ng SE. Saan ba?"

"Sa may \*\*\*\* place."

"Okehh."

Ano pa nga ba magagawa, nakakahiya naman tanggihan yung tao sa simpleng request nya. Bakit sakín pa kasi nagre-request manuod ng practice nila eh andami dami nilang fans na willing manuod sa practice nila, ay ewan ko ba sa Kevin na iyon! - \_\_\_ -

\*\*\*

The next day...

**- SYNC MNEMOSYNE'S VOICE -**

"You really need to go?" pagtatanong ko kay Momo after our band practice.

"Yeah, may pupuntahan pa ako."

"Hatid na kita dun, gusto mo?"

"Thank you pero wag na, kita na lang tayo bukas okay?"

"Well okay, ingat ka," i kiss her on the forehead, "Bye babe."

"Bye!" at umalis na agad sya. Saan naman kaya pupunta iyon?

Nag-ayos na lang muna ako ng mga gamit ko. Habang nagaayos ako tinawag ako ni Zeke, "Dude, sabay ka na ba sa paguwi sa condo o may pupuntahan ka pa?"

"Wag na, pasabi kay manager na dala ko yung motor ko ngayon. Mauna na lang kayo, uuwi na lang ako mag-isa."

"Okay."

Hindi nagtagal ay umalis na rin naman sila, nagpunta muna ako sa may shower room ng practice room namin para magrefresh ng konti at makapagpalit ng pinawisang damit. Ako na lang yung naiwan dun kaya naman nung nakatapos na

akong maligo at magpalit ay ni-lock ko na yung practice room at bumaba na papunta sa may parking lot para puntahan ang motor ko pero hindi pa ako nakakalapit sa may motor ko ay may kotseng itim na biglang tumigil sa tapat ko na syang ikinabigla ko.

Nagbukas ang bintana ng kotse sa may passenger's seat at nakita ko si Iris na nakangiti saakin, "Congrats kayo na pala ni Momo."

"Iris!" nakaramdam ako ng galit pero bukod dun... parang bigla ko syang na-miss, simula kasi nung pangyayari sa resort hindi ko na alam kung saan sya hahanapin dahil bukod sa hindi ko sya mahanap ay hindi ko rin sya ma-contact.

"I think your new girlfriend is flirting in \*\*\*\* club. Mind if you join? HAHAHA!" pagkasabi nya nun bigla nya akong hinagisan ng mga pictures at pinatakbo na yung kotse at umalis na sila.

Hindi ko nagets yung sinabi nya pero nung makita ko yung mga pictures na hinagis saakin ni Iris parang nakaramdam ako ng matinding galit...

Pictures ni Momo na kasama si Kevin Sy, leader ng Runaway. Momo, even you?! Manloloko!

## **Voice 38: A song for you**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -

"Momo, dumating ka!" tumigil sa pagkanta si Kevin as soon as makita nya akong papasok sa may club na pinagpapraktisan nila, walang tao dun kundi sila lang ng mga kabanda nya.

Hindi ako maka-imik dahil kagat kagat ko ang labi ko habang nagbabagsakan ang mga luha ko, pinahiran ko ang pisngi ko at tumingín ng direktso sa kanya at dahan dahang tumango ng dalwang beses.

"Momo, ano---" hindi ko na sya pinakinggan pa at tumalikod na ako habang nakatakip ang kamay ko sa aking bibig at nagpipigil ng hikbi habang tumatakbo palayo.

Habang tumatakbo ako at umiiyak, nakahawak din ako sa tyan ko... naiisip ko yung baby na unti unting nabubuhay sa loob ng tyan ko.

Sasabihin ko pa lang sa kanya eh pero paano na ngayon? Pag sinabi ko ba ito sa kanya, papahalagahan nya ba miski man lang yung bata? O mawawalan lang rin sya ng pakelam dito? Hindi ko matatanggap na marinig muli sa mga bibig nya na wala syang pakelam ni sakín o sa baby.

Naiinis ako sa mga luhang ito, nanlalabo ang paningín ko at nahihirapan akong tumakbo kaya ayan tuloy hindi ko napansin

na may kable pala sa daan sa may backstage na siguro ay para sa mga sistema ng mga teknolohiya ng studio, natalisod ako dito sa mga kableng ito. Iyak ako ng iyak pagkadapa ko, ang sakit kasi eh hindi lang ng tuhod kong nagasgasan sa pagkakatadapa ko kundi ng puso ko.

"Here," habang nakaluhod pa ako sa sahig at umiiyak ay bigla bigla may nag-abot ng panyo sa aking gilid at pag-angat ko ng aking paningin, hindi ko inaasahan ang taong nag-aabot sakin ng panyo. Hindi ko pa man naabot yung panyo ay hinawakan nya na ako sa may braso at tinayo, hindi pa ako nakakaimik o nakaka-angal ay hinawakan nya na ako sa may braso ko at hinigit ako palabas ng building,

"Come with me, Momo."

## **Voice 41: Welcome to the band**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- LUKE MNEMOSYNE'S VOICE -

"Momo, sa--"

"Oops, where are you going?" sumandal ako sa gilid at hinarang at tinaas ang paa ko sa may pinto para harangan si Sync habang nakapamulsa ako.

"F \*ck off you bastard! Get out of the way!"

"Bakit, susundan mo sya? What for, para magsorry? Para mag-explain? She heard everything, what's there to explain?"

"What do you want, why did you do it if you knew she was there?!" hinawakan nya ako sa kwelyo ko na galit na galit.

"Why did I do what? I didn't do anything, you're the one who told those things by yourself, it's not my fault if she ran away like that, it's actually yours," tinanggal ko yung kamay nya aking kwelyo at sinikmuraan ko sya ng malakas na syang ipinanlambot nya, **"I'll take away all things that is important to you."**

And I hit him again that cause him to lose consciousness, I pull and put him to a chair and leave him there closing the door as I run to search for Momo.

I have a big plan that will surely be entertaining.

\*\*\*

Not so far, I found Momo lying on the floor and crying. Maybe she fell but who cares.

"Here," lumapit ako sa kanya at inabot ang panyo ko. Inangat nya ang paningin nya at nabigla sya ng makita ako, naisip kong mabuti pang dalhin sya sa ibang lugar kaya naman tinayo ko sya at hinigit sa braso nya, "Come with me, Momo."

"H-huh? Saan? Tekang lang..."

"I'm sorry about what happened but I have to tell you something very important, come with me." she believed me and allowed me to pull her to my car.

"Momo," nabigla sya ng magsalita ako nung makaupo na kami sa kotse ko, ako sa may driver's seat at sya sa passenger's seat. Nakayuko lang sya nun habang pinupunasan yung luha nya gamit ang palad nya, "I'm sorry about what you heard..."

"You're sorry?" tumingin sya sakin na parang naiinis, "Pero ikaw nga nagprovoke sa kanya na sabihin yung mga bagay na iyon eh, you knew I was there and listening pero bakit hinayaan mo pa rin syang sabihin ang mga bagay na yun..."

"Bakit, mas pipiliin mo bang hindi marinig ang mga bagay na yun? Hindi ba dapat nagpapasalamat ka sakin kasi kahit papaano nakalaya ka na sa kasinungalingang pinaniniwalaan mo? Akala mo may pag-asa ka sa kanya noh? Akala mo minamahal ka na nya dahil naging girlfriend ka na nya? Sa tingin ko Momo tama lang na narinig mo lahat ng mga iyon atleast ngayon hindi ka na parang tangang naniniwala sa mga bagay na ipinaniwala sayo ni Sync."

Naiyak nanaman ulit sya sa mga sinabi ko, "Pero sinabi nya sakin... sabi nya pinagaaralan nya na akong mahal, sabi nya konti na lang matutunan nya na akong mahal..."

"Pinagaaralan?" natawa naman ako sa term na iyon, "Pinagaaralan bang mahal ang isang tao? Anong katangahan yun?"

"Wag mong tawaging katangahan yun!" sinigawan nya ako, "Dahil yung tinatawag mong katangahan, yun lang tanging kinapitan kong pag-asa."

Bigla bigla tinignan nya yung singsing sa kamay nya, "Akala ko may pag-asa... akala ko pwede kami... akala ko mamahalin nya ako... binigay nya pa nga sakin itong singsing na ito..."

"Anong meron dyan sa singsing na iyan?"

Ngumiti sya habang tumutulo ang mga luha sa pisngi nya, "Binigay nya sakin itong singsing na ito at sinabi nyang ito daw ay para maniwala akong hindi ko pagsisihan yun... at sabi nya patunay daw ito na girlfriend nya na ako at mahal nya ako."

"Ahh!" umiyak sya ng umiyak, "Andami nyang sinabi, sa lahat ng mga sinabi nya hindi ko na alam ang paniniwalaan ko."

"You believe in that ring?" nabigla si Momo ng biglang may nagsalita sa likod nya at mas nabigla sya nang paglingon nya ay nakita nya si Iris. Kasama ko talaga kanina pa si Iris at pinaghintay ko sya dito sa kotse, hindi nya alam ang nangyayari pero sa tingin ko ay nakakaramdam naman sya kung anong meron at kung bakit andito si Momo sa kotse at umiiyak.

"Iris! A-anong ginagawa mo dito?" hindi makapaniwala si Momo.

Nginitian sya ni Iris habang nakapatong ang siko nya sa may balikat ng aking upuan at nakapatong ang ulo nya sa kamay nya, "You think that ring makes you special?"

"H-ha?" alam kong may binabalak si Iris sa mga ngiti nyang iyon pero hindi ko pa lang alam kung ano pero may tiwala ako kay Iris na maganda ang plano nito. I picked her as one of my toys because I knew she's very smart and useful.

"That ring is familiar to me, you know?" inabot nya ang kamay ni Momo at pinagmasdan ang singsing, "This ring is my ring."

Binawi agad ni Momo ang kamay at nabigla, "A-anong sinasabi mo!"

"Maniwala ka, akin yan. He gave that to me but I think when I slept in his house, I removed that and forgot it there. Didn't have the chance to retrieve it kasi nga nahuli na ako ni Sync na niloloko lang sya." she smiles.

Nanlaki yung mga mata ni Momo sa bigla sa mga sinabi ni Iris, parang hindi talaga sya makapaniwala. Ako naman hindi ko alam kung tunay ba ang kwento ni Iris o sinasadya nya lang gumawa ng kwento na alam nyang makakapanakit sa kay Momo pero kung anuman, nagugustuhan ko ang takbo ng storya.

"Momo, galit ako kay Sync... alam mo ba kung bakit?" umiling sya sa sinabi ko, "Kasi dahil sa kanya, nawala ang bandang pinapahalagahan ko noon. Sinira nya ito, gumawa sya nga kwento at pinag-away away nya kaming magkakabanda kaya dahil sa kanya watak watak na kami ngayon at nawala ng tuluyan ang bandang pinakaiingatan ko. Nasira ang pangarap kong tumugtog ng dahil sa kanya, galit ako sa kanya Momo. Inagaw nya sakín ang pangarap ko at gusto kong iparamdam sa kanya ang ginawa nya sa akin, gusto kong sirain din ang banda nya lalong lalo na ang tugtugin nya. He hurt you too and fooled you, you saw what a bad guy he is so like me I know you think he deserves to be punished. So help me Momo, help me bring him down. It's not right that we're the only one suffering, he must suffer too and he must suffer much much more."

"Yeah, be one of us Momo." Iris added.

Yumuko si Momo at humawak sa tyan nya na hindi ko na intindihan kung para saan pero maya maya umimik sya with a very cold but decisive tone, **"I'm no longer his #0 fan, not anymore."**

And a triumphant smile flashes to my face and my plan is about to be actualized, "Can you sing, Momo?"

"I dunno, I think so. Why?"

"Runaway might be needing a female member, you want to become famous?"

"I don't want to be famous, I want to voice out my anger."

*"Welcome to the band."*

Oh Sync, isn't it sweet to have your once supportive fan as a rival now? Prepare yourself.

## **Voice 42: But In Exchange**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -

"ANO? YOU'RE JOINING RUNAWAY? HOY BABAE! ANONG PUMAPASOK DYAN SA KOKOTE MO, NAIINTINDIHAN KONG GALIT KA KAY SYNC AT AKO DIN GALIT DIN AKO SA KANYA PERO HINAY HINAY KA LANG, SERYOSO KA BA DYAN SA SINASABI MONG IYAN?!" halos mabingi ako habang pinapagalitan ako ni Aila sa may kwarto ko habang nagpapalit na ako ng damit. Naka-uniform pa kasi ako at may usapan pa kami ni manager Luke na susunduin nya ako dito mamayang mga alas 4 para madala ako sa practice ng Runaway at ipakilala sa kanila as a new member.

Naikwento ko na kay Aila ang lahat ng nangyari kahapon at sobrang nagalit din sya kay Sync, gusto nya na nga itong puntahan at sugudin pero pinigilan ko siya, ang sabi ko ako ng bahala kay Sync. Ako na ang bahalang gumanti sa panloloko at pananakit nya sakín, sasali ako sa banda na syang kilala bilang karibal nila at gagawin ko lahat para talunin sya sa final round ng MSX. I hate him, I hate him so much.

"Oo, seryoso ako Aila." sabi ko sa kanya habang sinusuklay ko ang buhok ko. Kaku-kwento ko lang sa kanya ang tungkol sa pagsali ko sa Runaway, "This is to show him that my love for him now is gone and all there is now is anger."

"That's not true, you still love him and that's the reason why you are angry. You still love him and you just hate what he did to you. Don't do this Momo, joining the other band is a very stupid decision."

"Ano ba Aila, kanino ka ba kampi? Sakin o kay Sync?"

"Sayo, pero sa tingin ko kasi Momo wala kang mapapala kung gagawin mo ito. Ano ba makukuha mo kung sakaling sumali ka sa kabilang banda at makipagpaligsahan sa kanya? Kung matalo mo man sya, magiging masaya ka ba pagkatapos nun?"

Ayaw kong pakinggan si Aila, ayoko dahil natatakot akong umurong sa desisyong nabuo ko na... Ayaw kong makinig sa kanya, ayaw kong makinig sa kahit sino gusto kong makinig lang sa sarili ko...

"OO MAGIGING MASAYA AKO KUNG MASASAKTAN DIN SYA! Magiging masaya ako!"



"Eh paano sina ate Corrine, si Mirko at si Zeke? Hindi lang si Sync ang masasaktan mo dito Momo, maraming madadamay... naisip mo ba yun?"

Sarado ang isip ko, wala akong naririnig.

"Wala akong pakelam, Aila. Aalis na ako," tumalikod na ako sa kanya at kinuha ang bag ko para umalis na.

Nasa may pinto pa lang ako at palabas na ng kwarto ko nang magsalita muli sya, "Your anger will just hurt you more, it will never make you happy Momo. Forgiveness will."

Sinarhan ko na lang ang pinto at umalis na. Wala akong naririnig, wala.

Wala na din akong pakelam kahit kanino, all I want is to have my revenge.

\*\*\*

### **Runaway's practice place**

"Guys, guys stop the practice," sabi ni manager Luke as he enters the room, ako naman nagstay sa labas dahil gusto ni manager Luke na pa-surprise effect daw. Actually kinakabahan ako, tatanggapin kaya nila ako? Lalong lalo na ni Kevin... naalala ko pa yung inakto ko sa kanya noon, tinaboy ko sya at sinabing magkalimutan na kami baka mamaya galit sya sakin... wag naman sana.

"Oh manager, ikaw pala," tumigil sila sa pagtugtog at tumuon ang atensyon nila kay manager Luke.

"Guys, diba sabi ko sa inyo may new member kayo?"

"Ah oo, yung makakasali samin sa final round ng MSX? Sino nga pala iyon manager? Kelan ba namin sya makikilala para naman makapagpractice na kami sa new song, medyo maikli rin kasi yung 1month na binigay na palugit ng MSX kaya medyo kelangang magsimula ng praktisin yung kanta."

"Relax lang, makikilala nyo na sya. Actually kasama ko na sya ngayon."

"Wow talaga? Asan manager?"

"Momo, pasok ka na." narinig ko na ang pagtawag ni manager Luke sa aking pangalan kaya naman pumasok na ako at pagkapasok na pagkapasok ko ay nabigla silang lahat at narinig ko pa ang pagbagsak ng drumsticks ni Denver.

"Momo, anong ginagawa mo dito?" hindi makapaniwalang tanong ni Kevin.

"Ako ang new member nyo, female vocalist."

"Oh, ayan ha. Nakilala nyo na sya, well... I think kilala nyo na talaga sya, kayo na bahalang magturo sa kanya ng song at ng mga dapat nyang gawin. I have to leave dahil may importanteng bagay pa akong gagawin, magkita na lang tayo bukas guys. Bye." pinatong saglit ni manager Luke ang kamay nya sa balikat ko at nagkatinginan kami saglit at nagkaintindihan na kami sa tingin na yun kaya umalis na rin sya pagkatapos.

Naiwan ako dun na pinagmamasdan ng Runaway na noo'y hindi pa rin talaga makapaniwala at naguguluhan na rin.

"You gotta be kidding right?" bumaba ng stage si Kevin para lapitan ako, "Why are you joining our band?"

"Ayaw mo?" malamig na tanong ko.

"Eh hindi naman sa ayaw ko," napakamot sya ng batok, "Pero... bakit sasali ka? For what reasons?"

"For all reasons." lumagpas ako sa kanya, "So when are we gonna start the practice?"

"Momo, can we talk?"

"After practice maybe." sabi ko sa kanya ng hindi tumitingin. Nagu-guilty, kinakabahan at lahat lahat na ay nararamdaman ko pero pinipigilan ko ang sarili ko at sinusubukang ipakita sa lahat ang isang "matapang at walang pakelam na Momo".

Inunahan nya ako sa may stage, kinuha ang gitara nya at nilagay ito sa may case at lumapit muli sya sakin at hinawakan ang kamay ko, "Let's talk now. Guys, practice is over. Bukas na lang ulit!"

"Wait Kevin--" aangal pa lang ako ay dire direktso nya na akong hinila palabas ng practice room.

"Ano ba Kevin, bitawan mo nga kamay ko!" pinigilan ko sya sa pagkaladkad nya sakin at binawi ang kamay ko sa pagkakahawak nya.

"Sabihin mo sakin kung anong meron," seryosong tanong ni Kevin.

"Anong meron? Wala! Anong sasabihin ko sayo, bakit tinapos mo na agad yung practice? Hindi pa nga ako nakakasimula!"

"Sabihin mo sakin Momo kung anong meron!" nabigla ako sa biglang pagtataas nya ng boses, nasa may parking lot na kami nun kaya naman nag-echo yung pagtataas ng boses nya.

"Ano ba sinasabi mo! Hindi kita maintindihan!"

"Bakit ka sumali sa banda namin?"

"Sa gusto ko, bakit masama ba?" medyo naaasar kong tanong, bakit ba andami dami nyang tanong?!

"Bakit nga?!" parang naiinis din sya, ano ba problema nya ha? Ayaw nya ba akong sumali sa banda nya?

"It's none of your business, pakelam mo pa ba ha?!" nagtaas na rin ako ng boses.

Pero sa bigla ko ay lumapit sya sakin at tinulak ako sa may pader at pinatong sa pader ang dalwa nyang braso sa magkabila ko at kinulong ako habang mataman na tinignan sa mga mata, "There must be a deep reason why you're joining our band."

"Wala," umiwas ako ng tingin, "Wala nga sabi."

"MOMO!" sinigawan nya ako, "Pede ba, sabihin mo sakin?! Masama ang pakiramdam ko sa bigla bigla mong pagsali sa banda namin kung gayong alam mong karibal na banda kami ng Syntax Error... May nangyari ba? May nangyari ba sa inyo ni Sync?"

Natumpak ni Kevin at sa tingin ko sa naging reaksyon ng mukha ko ay nahalata na ni Kevin ang tunay kong dahilan kaya yumuko sya.

"Sinaktan ka ba nya? Anong ginawa nya sayo, Momo?"

"Wala, wala!" sinubukan kong itulak si Kevin para makaalis na ako dun, ayaw kong magsabi ng kahit ano sa kanya, akin na lang ito, gusto kong sarilinin lang ito, bakit ba nakikiepal pa sya! "Tabi dyan Kevin, gusto ko ng umalis! Tabi sabi dyan!"

Tinulak ko sya ng tinulak but he just won't budge pero mas nabigla na lang ako ng tinaas nya ang kanang kamay nya at akmang susuntok, akala ko sakin pero dun pala sa may pader sa aking gilid. Ang lakas ng pagkakasuntok nya, rinig ko ang pagtama ng kamao nya sa pader at pagtingin ko nanlaki ang mga mata ko ng makita ang pagtulo ng dugo mula sa kamao nya, "Anong ginawa nya sayo Momo?! Sabihin mo sakin! Please, sabihin mo ang lahat lahat sakin!"

"Kevin, y-yung kamay mo..." hinawakan ko yung kamay nyang duguan habang nararamdaman kong unti unti ng lumalabas nanaman ang mga luha saking mga mata, "Kevin, y-yung kamay mo..."

Napatakip na lang ako ng bibig ko dahil sobrang naiiyak nanaman ako habang yung isa kong kamay ay nakahawak pa rin sa kamay nya, natutuluan na nga ng luha ko ito. Naramdaman ko ang kaliwang kamay ni Kevin na humawak sa may pisngi ko at gamit ang kanyang hinlalaki ay pinupunasan nya ang aking luha sa aking pisngi, "Sinaktan ka ba nya?"

"Kevin," kumapit ako sa shirt nya at dinantay ang ulo ko sa dibdib nya at nagsumbong na parang bata na inaway, "Kevin, mahal ko sya pero hindi nya ako mahal... Kevin, ang sakit, umasa ako eh... Binigay ko ang lahat lahat sa kanya pero nawala

lang ng halaga ang lahat ng iyon, he took me for granted! I hate him!"

"Sshh," pinunasan nya ng pinunasan ang mga luha ko tapos inaya nya ako, "Wag tayo dito, tara na muna sa kotse ko."

Tumango ako sa kanya at nagpatianod na lang. Sumakay kami sa kotse nya at pinaandar nya na ito,

"Saan tayo pupunta?" pasinghot singhot ko pang tanong.

"Gusto mo mag-ice cream?"

"H-ha?"

"Tarang mag-ice cream, may alam akong ice cream parlor na may masarap na ice cream." ngumiti sya sakín habang nagda-drive, may pag-aalala sa mukha nya.

Nag-aalala sakín si Kevin... pinagmasdan ko yung kamay nya, tumigil na ang pagtulo ng dugo pero makikita pa rin ang mga gasgas dito at konting dugo. Masakit siguro iyon, hindi ko alam kung bakít sya nagaalala ng lubos para sakín kung gayong hindi naman ako naging isang mabuting kaibigan sa kanya, ni hindi nga kami close eh at isa pa, tinakwil ko sya pero mukhang nakalimutan nya ang tungkol dun.

Dinala nya nga ako sa isang ice cream shop, nagsaklob pa sya at shades para lang makaiwas sa atensyon ng mga tao. Luckily walang nakapansin sa disguise nya at malaya kaming nakabili ng ice cream at naglakad sa may sidewalk habang naguusap.

Naglakas loob akong ikwento na rin sa kanya ang tunay na dahilan ko sa pagsali sa banda nila, kahit sya nagalit kay Sync pagkatapos maranig ang kwento ko. Katulad ni Aila, gusto nya rin agad puntahan ito at sugudin pero pinigilan ko rin sya... gusto ko ako lang ang mananakít kay Sync dahil ako ang sinaktan nya.

"Sabi ko na nga ba eh, isa't lagpas kalhating gago yung isang yun! Tapos nagawa nya pang pagbintangan noon na manloloko ka? The heck is wrong with him! Ang lakas ng loob nya, I'd really want to punch him in the face right now!"

"No, don't touch him. Don't ever do that Kevin, he did not physically hurt me so I don't want him to get hurt physically but I want him to get hurt emotionally so we'll get even."

"But are you sure about joining the band? You think it's the best decision for this?"

I did not answer and just eat my ice cream.

Natapos na kaming kumain ng ice cream at maglakad lakad pati na rin sa paguusap tungkol sa problema ko kaya naman bumalik na kami sa kotse. Papaandarín nya na sana ang kotse pero pinigilan ko sya at kinuha ang kamay nya, "Saglit lang Kevin."

"Ha?"

Nilabas ko ang panyo ko at tinali ito sa kamay nyang may sugat, "Thank you for your concern, thank you kahit dati sinabi ko na sayong wag mo na ulit akong kausapin..."

Ngumiti ako ng mapait, "Tinakwil kita dahil ang laki ng takot ko noon na magalit sakín si Sync... haha, ang dami kong bagay na ginawa para sa kanya... mga bagay na siguradong para sa kanya ay walang kwenta... bakít ang tanga ko Kevin? Bakít umasa ako diba? Noon pa man malabo na na magkaroon ako ng pag-asa sa kanya, I should've seen this coming but still I decided to become an optimistic fool... too optimistic that it hurts this much."

"...this much." ah, hindi ba ako mauubusan ng luha? Daig ko pa ang gripo, naiinis na ako sa matang ito! Dudukutin ko na ito para hindi na ako umiyak, ayoko na, nakakapagod umiyak. Please stop crying, Momo.

"Momo," siya na yung tumapos sa pagtatali ng panyo ko sa kamay nya dahil hindi ko na nagawang tapusin ito sa pag-iyak ko, "Hindi ka naman aasa ng ganyan kung hindi ka nya binigyan ng motibo para umasa, wag mong sabihing tanga ka hindi mo kasalanan ito. Hindi ikaw ang tanga dito Momo, si Sync... ang tanga nya dahil nagawa nyang pakawalan at balewalain ang isang tulad mo."

*"Nasa kanya ang babaeng gusto kong makuha pero ginago nya lang, how dare him..."*

"Kevin?" hindi ko narinig ang mga huling sinabi nya dahil sobrang hina at parang sa sarili nya lang binubulong habang nakatungo sya.

"Momo, I won't let you join the band." bigla nyang sabi ng may desididong tono.

Nabigla ako dun sa sinabi nya so I argue, "Pero Kevin! Akala ko ba napagusapan na natin ito---"

"NO MOMO, YOU CAN'T JOIN! Ako na ang gagawa ng gusto mong gawin, I'll do it for you! Tatalunin ko sya sa final round, aagawin ko lahat ng fans nya at pababagsakin ko ang banda nya. I'll kick him out of the music industry kung yun ang gusto mo, ako ang gagawa ng lahat ng yun para sayo!"

"But you don't understand Kevin, gusto kong ako ang gumawa nun para sa sarili ko! I won't be contented if other's would do it for me, a--" napatigil ako sa pagsasalita at napahawak sa bibig ko dahil bigla bigla ay parang nakaramdam ako ng pagsusuka.

"Momo? Are you okay?"

"Hmmm!" tinaas ko kamay ko to tell him 'wait' tapos bumaba ako ng kotse nya at sinundan nya ako. Naghanap ako ng pinakamalapit na basurahan sa may parking lot at dun sumuka.

"Momo, hey anong nangyayari?" tanong nya habang hinihimas himas ang aking likod para matulungan ako sa aking pagsuka.

"Oh f \*ck! What's happening?!" nagpa-panic na si Kevin pero hindi ako makasagot dahil sumusuka pa rin ako.

Nung makatapos na akong sumuka ay pinunasan ko ang bibig ko gamit ng aking kamay at tumingin sa kanya ng mataman, "Kevin, let me join your band. I want to take revenge not only for myself but also for my baby... Kevin, I'm pregnant."

Nanlaki ang mga mata ni Kevin at halos hindi makapaniwala sa sinabi ko, "No, Momo. Tell me you're just kidding, you're not pregnant... No, you can't be."

"I am." nginitian ko sya dahil malungkot ako. Ang tanga noh? Malungkot na nga ngumingiti pa, inaasar ko lang sarili ko.

"That bastard!" nabigla ako kasi tinulak nya ako sa may balikat ko hanggang sa napasandal ako sa may pader habang sinisigawan nya ako at galit na galit sya, "You can't be pregnant! Anong ginawa sayo nung hayop na yun?! Hindi ko matatanggap ito, binaboy ka nya! Walangya sya!"

"Hmmm!!!" nabigla ako kasi bigla nya akong hinalikan, hindi lang basta halik, isang marahas na halik ito na halos mahirapan akong huminga dahil hindi ako makaalis sa hawak nya kahit itulak sya.

"Kevin," umiiling iling ako para maalis ko ang labi nya sa labi ko para makapagsalita ko, "Ano ba, hmm! Bitawan mo ako! Hmmm! Ano ba!!!"

He then left my lips and told me,

"Momo, isasali kita sa banda ko but in exchange, **you must fall inlove with me.**"

Parang nabingi ata ako sa narinig ko, fall inlove with him?

"Hindi ko na matatanggap pang tratuhin nyang basura ang babaeng pinapahalagahan ko. Mahalin mo ako Momo dahil sakín hindi mo na kelangang umasa pa, hindi mo na kelangang umiyak pa... dahil ako, mahal kita."

He's confessing to me? Mahal nya daw ako? Ito ba ang dahilan ng lahat kung bakít ang bait bait nya sakín noon? Kung bakít palagi nya akong kinukulit? Bakít hindi ko napansin ang nararamdaman nya para sakín, bakít hindi ko napansin yun?

Pero sabagay, kay Sync lang kasi umiikot ang mundo ko noon, nakalimutan ko na tuloy na may iba pa palang planeta.

"If you let me in your band and in exchange I have to fall inlove with you, maybe I'm okay with that pero Kevin magiging panakip butas ka pag nagkataon, magagaya ka lang sakín at ayaw kong iparamdam rin sayo yun dahil hindi masarap sa pakiramdam ang maging isang panakip butas."

"Okay lang Momo, handa akong masaktan basta para sa kapakanan mo. Nagkamali akong hayaan ka lang sa walang kwentang lalaking iyon, kung alam ko lang sana noon pa man inagaw na kita sa kanya."

Bigla nyang hinawakan yung tyan ko at tinanong ako, "Gaano na katagal ito?"

"Isang buwan na."

"Alam nya na ba?"

Umiling ako.

"Hindi mo sinabi?"

Umiling ulit ako, "Bago ko pa man sabihin sa kanya narinig ko na mula sa mga bibig nya na wala akong importansya sa kanya kaya bakít ko pa sasabihin sa kanya ang tungkol sa bata kung ako na mismo walang importansya sa kanya ano pa kaya yung bata diba? Siguradong hindi nya lang ito tatanggapin."

"Paano pag nalaman nya at kung saka sakali ay magkaroon sya ng pakelam tungkol dyan sa bata?"

"Malabo yun. Pero kung magkagayunpaman, hindi ko hahayaang mahawakan nya ito. Akin lang itong bata, akin lang."

"Balak mo syang buhayin?"

"Oo naman, kahit galit ako kay Sync ay wala naman kasalanan itong bata atsaka wala na rin akong pakelam sa magiging husga sa kinang mga tao pag lumaki ang tyan ko, buo ang desisyon ko na bubuhayin ko ito. Papalakin ko ito, binigay ko ang lahat lahat kay Sync at hindi na ako nagtira pa para sa sarili ko kahit katiting... ito na lang ang meron ako, itatapon ko pa ba?"

Bigla akong niyakap ni Kevin. "If you'll let me, I can be the father of the baby."

Nalungkot ako sa sobrang kabaitan ni Kevin kaya sinuntok ko sya ng mahina sa dibdib nya habang nakayakap sya sa kinang, "Kung mahal mo nga ako, sana kasi inagaw mo na lang talaga ako sa kanya noon bago pa man ako mahulog ng sobra sobra sa kanya ng ganto edi sana hindi ako nasasaktan ng ganto."

Naiinis ako, hindi kay Kevin kundi sa sarili ko. Minsan na nga lang kasi magmahal, dun pa sa taong sasaktan lang ako. Kung ganun nga lang ba **kadali** magpalit ng nararamdaman, mamahalin ko na agad agad si Kevin dahil atleast sya mahal nya ako.

### **Voice 43: Face Down**

From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

- SYNC MNEMOSYNE'S VOICE -

"Hindi ko makontak si Momo, ano ba yan. Sync, alam mo ba kung asan si Momo?" nabigla tuloy ako ng lapitan ako ni manager Ree habang nasa isang sulok ako ng dressing room.

"H-ha?"

"Sabi ko kung may alam ka kay Momo? Hindi nagpaparamdam eh, nagkikita ba kayo o nagkakausap man lang? Teka nga Sync, napapansin ko nung isang araw ka pang nai-spaced out dyan ah."

"Oo nga manager Ree, sa practice nawawala rin sa concentration yan si Sync, wala man sinasabi yan samin kung anong problema nya," pagsingit ni Ate Corrine.

"Oo nga dude," nilapitan naman ako ni Zeke at hinawakan sa may balikat, "Ano ba problema? Bakit nagkakaganyan ka?"



"H-ha?" hindi ako makaimik, ang totoo nyan ilang araw ko na iniisip si Momo. Simula nung araw na tumakbo sya palayo sakín hindi ko na sya nagawang makontak pa, laging nakapatay ang cellphone nya at hindi na muli syang nagpakita sakín o sa practice man lang ng Syntax Error. Gusto kong makipagusap sa kanya.

"Dude, speak up. We're a family here so dont hide something to us." pagudyok sakín ni Mirko.

Yumuko ako, "Momo heard me say such terrible things."

Kinuwento ko ang nangyari sa kanila, simula sa napagusapan namin ni kuya Luke hanggang sa pagtakbo palayo ni Momo at pagsuntok sakín ng kapatid ko.

"That jerk Luke!" galit na sigaw ni manager Ree, "He's really insane! I'd punch him right in the face when I see him!"

"Calm down manager," Corrine taps her on the back, "Sync, nakausap mo na ba si Momo after that?"

"No, havent seen and talked to her after. Im quite worried," nasabunot ko ang sariling buhok sa inis, "Why did I say such stupid things, for sure she hates me now. Im so stupid! I'm so stupid! So stupid!"

"Maybe," tumabi sakín si Zeke at kumapit sa balikat ko, "Yeah pare, maybe you are stupid or maybe not... I think you're just confused with your feelings, I can't blame you if you still love Iris but next time find the right words. Hurtful words are sometime sharper than a knife, Momo might be emotionally dying right now. Save her before other does. Give up on Iris, Momo has been there for you... You have all the reason to love her back, don't wait for the time that you might regret taking her for granted. Don't waste her love. Time to open your eyes."

\*\*\*

"Hello to both bands, Syntax Error and Runaway," andito kami ngayon sa conference hall with Runaway dahil may interview session for the final round ng MSX.

"So how do you guys feel that you are in the final round?" tanong parehas samin nung isa sa mga nagiiinterview.

Nasa magkabilang side kami ng Runaway, tig-isang table na mahaba at may mga mic sa tapat. Nagbigay kami ng kanya kanyang sagot sa tanong.

"Syntax Error," one of the interviewers focus to us, "After a career crisis due to confidential issues, how did you guys pass through it and gain back the trust of the public especially the fans?"

Nagkatinginan kami pero mas nakatutok lang sakin ang ibang members na para bang nagaalangan sila kung papasagutin ba ako o hindi.

Nalungkot ako bigla pero ngumiti ako at sumagot sa tanong nila, "With the help of a fan, our number zero fan."

"Number zero? You mean number one?"

Umiling ako, "No, number zero. It's her term."

"Oh, so what did she do for you guys?"

"She never left our side especially my side even after pushing her away several times. Without her maybe we're long gone already, her support is outstanding."

"Wow, so who's this number zero fan?"

"Remember the crazy girl with a sadako look who entered the stage on the night of our concert?" napangiti ako as I remember that night, I was singing that time and I was left speechless after seeing her. I was irritated but remembering it now makes me want to laugh. That, indeed, is worth reminiscing.

"Her name is Momo, a fan every idol would ask for."

"You're smiling when you mentioned about her, she must be someone dear to you?"

"I dont know, I guess she's special."

They ask a few more question and switch their attention to Runaway after.

"We heard you guys have a new member that will also compete in the final round?"

"Yeah, a female vocalist." Kevin answers.

"Wow, will she show up today?"

"Yes, of course." tumayo si Kevin at lumapit sa may pinto malapit sa kanila at binuksan ito.

Lumabas ang isang babae dun na nakasaklob, nakashades at nakakulot ang mahabang buhok. Mukha syang pamilyar pero hindi naman siguro sya yun.

"She's our new member," sambit ni Kevin ng makaupo na silang parehas.

Tinanggal nung babae ang saklob at shades nya, "Hi. I'm Momoxhien, Runaway's new female vocalist, pleased to meet you all."

"Aren't you the same Momo... I mean if I can remember it right, you're Syntax Error's fan?" pagtatanong ng isa sa mga interviewer.

**"I was."** nagkaroon ng commotion sa loob.

Nagsalubong ang tingin namin at nginitian nya ako. What's the meaning of this? This is just some sort of dream right? It can't be possible, no way!

Natapos ang interview with lots of confusion in the mind of the interviewers at pati na rin saming buong banda. Pero pagkatapos na pagkatapos ng interview, tumayo agad ang buong Runaway pati si kuya Luke at dumiretso na agad sila sa pintong malapit sa kanila at paalis na.

Tumayo agad ako at tumakbo para malapitan si Momo at pigilan sya sa braso, "Momo."

Binawi agad nya ang braso nya, "Hey, don't touch me."

"Let's talk." seryosong saad ko.

Tinaasan nya ako ng kilay, "My mom told me not to talk to strangers, they're dangerous."

"Momo, please lang oh. I'm sorry, I'm sorry about all the horrible things I've said but please give me a chance to have a talk with you alone." nagsusumamo na ako sa kanya pero parang wala syang ni katiting na intensyon na pagbigyan ako.

"I'm busy, may practice pa kami. Bye." tinalikuran nya na ako pero pinigilan ko ulit sya sa braso nya.

"Momo, don't do this to us... to me. I'm sorry Momo, really I am. Listen to me..."

But before I could wait for an answer from her, someone grabs my hand and pull it away from Momo's arm --- it's Kevin Sy.

**"You pushed her away, there's no turning point now."** tinalikuran nya ako at umakbay kay Momo na noo'y nakatalikod na rin sakin ng wala man lang imik. Naglakad na silang palabas habang pinagmamasdan kong unti unting nagsasara ang pinto sa harap ko.

Pakiramdam ko pinagsarhan na din ako ng pinto ni Momo, anong ginawa ko? Feeling ko may nawala sakin na napakaimportante at kahit kelanman hindi ko mapapaltan.

Yung taong nagtatyaga sakin sa ugali ko, yung taong inintindi ako hanggang sa huli sa kabila ng kagaguhan ko at yung taong kahitkelan hindi umalis sa tabi ko kahit ilang beses kong pagtulakan... wala na, umalis na at nagsawa na. *Bakit kung kelan nawala na sya parang saka ko lang napagtanto ang halaga nya?*

\*\*\*

**- MANAGER REE'S VOICE -**

"I can't believe this!" feeling ko maghi-hysterical na ako sa harap ng mga bata, ng SE habang nasa dressing room kami. Natapos na ang interview and it really shocked me to see Momo on the other side.

It's so unbelievable, sa lahat lahat ng pedeng maging new member nila, si Momo pa? Si Momo na sobrang fan ng Syntax Error? I know may naging problems between her and Sync pero may kutob ako na may nag-udyok kay Momo dito, mabait na bata si Momo alam kong kahit nasaktan sya ng sobra ay kaya nyang magpatawad, ilang beses na ba syang inaway ni Sync diba? Pero this time, sigurado akong may nagtulak sa kanyang huwag magpatawad at magpadala sa galit, si Momo ay hindi tipo ng taong marunong magtanim ng galit sa isang tao pero kung may ligaw na kaluluwang umaaligid sa kanya... AY NAKU TALAGA! May hinala na ako kung sino yang ligaw na kaluluwa na yan!

"LUKE!" biglang sigaw ko, "I swear I'm gonna punch him right in the face!"

Galit na lumabas ako ng pinto, I can hear SE calling for me para pigilan ako pero HINDI, hindi ako magpapapigil, it's time na masuntok yung sira ulong Luke na iyon.

Hinanap ko ang dressing room ng Runaway at walang katok katok na pumasok ako dun kaya naman nabigla silang lahat sa bigla kong pagpasok.

"Manager Ree," sambit ni Momo. Hindi pa rin talaga ako makapaniwala na parte na sya ng Runaway, wala akong galit sa bandang ito pero inis ako sa isip bata at makasarili nilang manager!

"Oh look who's here to pay us a visit," ngingiti ngiti pang sabi nitong Luke na ito, luluklugin ko pagmumukha nito eh! Argh!

"Let's talk, ALONE."

Nag-smirk sya at sinenyasan ang banda nya na lumabas, "Sige, labas na muna kayo. Mauna na kayo at may appointment pa ako sa magandang dilag na ito."

Sinunod naman sya ng banda nya at lumabas na sila, nagkatinginan pa kami ni Momo nung dumaan sya sa gilid ko para lumabas.

Nung magsara na ang pinto nagsalita si Luke at nilapitan ako with a seducing look, "So what do you want to talk about in private? Maybe we can talk about that in my house, specifically in my room."

"MUKHA MO!" susuntukin ko sana sya pero nakaiwas sya at nahawakan ako sa bewang ko mula sa likod ko, "HOY BITAWAN MO AKONG SYOKOY KA!"

"Woah, woah. The little tigress has not change hasn't she?"

Ayaw nya pa rin akong bitawan sa bewang ko imbis ay hinigpitan nya pa ang hawak nya sakín, "Ano ba, bitawan mo sabi ako, gigilitan kita ng leeg pag hindi mo ako binitawan! ISA!"

"Dalwa," nabigla ako kasi bigla syang bumulong with such voice sa aking tenga that gave me goosebumps.

"Tatlo," parang nanghina ang tuhod ko when he lightly bit my left ear, "I miss you."

Biglang tumibok ng malakas ang puso ko, yung galit at inis ko kanina ay napaltan ng lungkot, bumabalik lahat ng alaala, yung pinagsamahan naming dalwa...

"Come back to me..." naramdaman kong tumaas ang kamay nya mula sa bewang ko hanggang sa may malapit sa aking dibdib at niyakap ako ng mahigpit at naramdaman ko rin ang pagdantay ng ulo nya sa aking kaliwang balikat. Ang lapit nya at naaamoy ko ang pabango nya na kelanman hindi nya pinaltan.

Nanghihina ako... gusto kong mag-give in pero...

"Stop it!" nagpumiglas ako at sa lahat ng pwersang meron ako ay tinulak ko sya palayo sakin bago pa man ako tuluyang sumukong muli sa kanya.

Mukhang nabigla sya sa ginawa ko.

"Anong binabalak mo Luke? I heard everything from Sync, tapos ngayon nasa banda mo na ngayon si Momo? After Iris, pati si Momo? Anong balak mo ha?"

"Alam mo naman kung ano, tinatanong mo pa." nagbago yung mapagsumamong tono ng boses nya kanina, nabalik ito sa dati na malamig na tono.

"Bakit ganyan ka sa kapatid mo? It's not his fault if---"

"SHUT UP! How many times will you defend him? IT'S HIS FAULT, IT'S HIS!"

"Baliw ka na talaga? Paano nya magiging kasalanan yun kung dad nyo ang may kagustuhan nun? Wala naman kamuwang muwang yung kapatid mo eh tapos sinisisi mo lahat sa kanya?"

"Dapat lang isisi lahat sa kanya, he now has what I want and it's unfair! I want to get even."

"Napaka-childish mo kahit kelan! Pinaghirapan nya kung anong meron sya Luke, hindi nya kasalanan yun. Sya pinagtanggol nya ang pangarap nya, ikaw isa ka lang duwag na hindi man lang nagawang ipagtanggol kaming mga kabanda mo sa dad mo. Tapos ano ngayon, magpapatuloy ka pa rin dyan sa kaduwagan mo at sisirain mo ang pangarap ng kapatid mo dahil lang sa hindi natupad yung iyo?"

Naiinis na naiiyak ako, "You are not the same guy I used to love that's why there's no point of coming back to you."

Tumalikod ako sa kanya pero bago umalis ng tuluyan nagsalita muli ako, "You are so pathetic."

Matagal ng gustong sirain ni Luke ang bandang Syntax Error or let's say ang banda na nabuo ng kapatid nya dahil sa INGGIT. Oo, mababaw na dahilan lang isang simpleng pagka-inggit lang ang dahilan ng lahat ng ginagawang kaguluhang ito ni Luke. Naiinis ako sa kanya, napaka-isip bata nya!

Noon kasi may banda rin kami at mahal na mahal ni Luke ang pagtugtog pero hindi sang ayon ang ama nya sa pagtugtog na ito dahil gusto nitong pamahalaan ni Luke ang kompanya ng pamilya nila. Pero dahil nga mahal ni Luke ang pagtugtog ay nakipagmatigasan sya ng ulo sa ama at pinilit ipagpatuloy ang pagtugtog hanggang sa ang ama nya na mismo ang gumawa ng paraan para mabuwag ang banda namin. Ginawa nito ang lahat para hindi na kami makatugtog, binantaan kaming mga kamiembro ng banda nya ng ama ni Luke. Sinabing pedeng sirain ang pamilya namin o sirain ang mga kabuhayan ng aming mga magulang, nung panahon na yun yung dalwang kamiembro namin ay ang mga magulang ay nagtatrabaho under the company of Luke's family kaya naman wala na kaming nagawa kundi buwagin ang banda dahil ayaw namin mamatay sa gutom ang dalwang kamiembro naming iyon.

Nagalit si Luke nun pero wala na syang nagawa kundi tanggapin ito at pamahalaan ang kumpanya ng ama pero nabuhay muli ang galit sa puso ni Luke ng malaman nya na bumuo ng banda ang kapatid nya at higit sa lahat, suportado pa ito ng ama. Doon nagselos at nainggit si Luke, naisip nya na bakit sya noon hindi pinayagan pero pagdating sa bunsong kapatid ay sinuportahan ng ama? Naniniwala akong unfair nga ang ginawa ng ama nila sa kanya pero nadisappoint ako kay Luke kasi umakto syang parang bata... lahat ng sisi at galit ay binato nya sa nakababatang kapatid at simula't sapol gumawa sya ng paraan para mabuwag ang banda ng sariling kapatid...

Boyfriend ko noon si Luke for almost 5yrs already pero nagdesisyon akong makipaghiwalay na sa kanya simula ng magbago sya ng dahil sa inggit na meron sya para sa kapatid. Hindi ko maatim na makitang sinisira nya ang sariling kapatid kaya naman ako na mismo ang gumawa ng paraan para protektahan si Sync, kinuha ko ang banda nila at tumayong manager nila sa gayong paraan mailalayo ko sila sa paninira ni Luke.

Pero hanggang ngayon patuloy pa rin sya sa pagsira sa kapatid... kelan ba sya titigil?

Nami-miss ko na yung dating Luke na minahal ko, ang laki talagang pagbabago ang nagagawa ng inggit. Kelan ba mapapagtanto ni Luke na wala naman kasalanan sa kanya ang kapatid nya para gawin ang lahat ng ito?

\*\*\*

**- MOMOXHIEN CLARKSON'S VOICE -**

"Momo, ano..."

"Ayos lang ako." sagot ko kaagad kahit hindi pa man nya ako naitatanong, obvious na yun naman ang itatanong nya pagkasakay namin sa kotse nya.

"Ows di nga? liyak na yan oh."

Sinapak ko nga sya, pang-asar eh. - \_\_\_ -

"Hindi, hindi ako iiyak! Ano ka ba! Wag mo akong pilitin baka umiyak nga ako." - \_\_\_ -

"Joke lang, wag kang umiyak. Hahalikan kita pag umiyak ka." - \_\_\_ -

Alam kong nagbibiro lang sya pero nabigla pa rin ako dun at nakaramdam ako ng total awkwardness kaya hindi na ako umimik.

Naramdaman ko na lang ang kamay nya sa ulo ko na gumugulo sa buhok ko, "Andito lang naman ako eh, wag kang matakot magsabi saakin ng nararamdaman mo. Hindi ko man maiintindihan pero makikinig ako, hindi man ako makakapagbigay ng nakakagaang advice, dito lang rin ako sa tabi mo at makikinig sayo kahit 24/7 ka pa magsabi ng nararamdaman mo."

Habang hawak hawak ko yung ulo ko na ginulo nya ay ngumiti ako sa kanya, "Ang bait bait mo Kevin, sa sobrang bait mo saakin nagtataka na tuloy ako sa puso ko kung bakit hindi nito magawang tumibok para sayo imbis ay doon pa ito tumitibok dun sa taong hindi mabait saakin."

"Masokista ka kasi eh." pagbibiro nya.

Haay Kevin, kung nasasabihan lang talaga ang puso pinagsabihan ko na ito na ikaw na lang ang mahalina.

Matapos ang araw na yun, nagsimula na rin kami sa practices. Tinuro na saakin ni Kevin ang kanta, ito ay isang kantang sinulat nya pala... yung kantang yun sinulat nya talaga para saakin, at nung binasa ko ang lyrics ay saktong sakto sa aking nararamdaman.

Pinag-aralan ko ang kanta, tinuruan nga din ako ni Kevin na tugtugin ito sa gitara kahit hindi naman ako mag-gi-gitara sa araw ng contest. Sabi nya para daw kung gusto ko man ito tugtugin sa bahay ay matutugtog ko ito ng may gitara habang kinakanta at tama nga sya napakinabangan ko nga ang tinuro nya dahil isang gabi nung sobrang nakakaramdam ako ng lungkot ay naisipan kong tugtugin ito sa may kwarto ko.

Umupo ako sa may tabi ng bintana ko, yung bintana ko kasi may konting space dun na pede akong umupo na parang nakahiga na rin habang nakasandal sa pader at hawak hawak ang gitara ko.

Sinimulan ko ng i-strum yung guitar.



**(FACE DOWN BY RED JUMPSUIT APPARATUS --- KATHRYN DONATO'S COVER VERSION**

**Listen to her voice here: <http://youtu.be/Nf1lqgWJ0U4>**

**or at the side if you're reading in wattpad--->**

**Thank you Kathryn for this cover, lots of love <3 )**

*"Hey, girl you know you drive me crazy  
one look puts the rhythm in my hand.  
Still I'll never understand why you hang around  
I see what's going down."*

Umuulan noon, tinignan ko ang langit... nakikiramay sakin, malungkot din ang langit... ang lungkot... sinandal ko ang ulo ko sa may bintana habang tumutugtog, bumabalik sakin ang alaala nung gabing yun. Yung binigay ko ang sarili ko sa kanya ng buong buo, puso, isip, kaluluwa at katawan.

*"Cover up with makeup in the mirror  
tell yourself, it's never gonna happen again  
You cry alone and then he swears he loves you."*

He told me he loves me... he told me I'll never regret that night. I believed you, liar.

*"Do you feel like a man when you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend, one day this world's going to end  
as your lies crumble down, a new life she has found."*

Do you remember when you accused me of fooling you when you saw those pictures? I did not get angry with you but instead I tried to understand your pain.

*"A pebble in the water makes a ripple effect  
every action in this world will bear a consequence  
If you wade around forever, you will surely drown  
I see what's going down."*

Then you brought me to your house and asked me not to hurt you, to not hurt you like how Iris hurt you. And so I promised to you that I would never hurt you... All I want was not to get you hurt but what did I get in return? Not even a dot of your love, absolutely nothing in return. How can you be so selfish?

*"I see the way you go and say you're right again,  
say you're right again  
Heed my lecture."*

*Do you feel like a man when you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend, one day this world's going to end  
as your lies crumble down, a new life she has found!*

*Face down in the dirt, she said,  
"This doesn't hurt", she said,  
"I finally had enough."*

How dare you say those words? How dare you make me believe? How dare you give me false hopes? ...how dare you hurt me? What did I even do to you to hurt me this badly, I don't deserve this.

*"Face down in the dirt, she said,  
"This doesn't hurt", she said,  
"I finally had enough."*

All I did was to love you with all my heart, I don't deserve this not really. I gave you everything and did not leave anything for myself and maybe that's my fault... I forgot to leave even a little for myself.

*"One day she will tell you that she has had enough  
It's coming round again."*

I had enough of this stupidity.

*"Do you feel like a man when you push her around?  
Do you feel better now  
Well I'll tell you my friend, one day this world's going to end  
as your lies crumble down, a new life she has found..."*

I'll get over you, I will. I want to. I won't be the same Momo anymore, I won't be there to understand you anymore. I have finally understood that a selfish and self centered guy like you doesn't deserve my love. You've pushed me hard enough that I won't come back anymore even if you try pull me back again. Goodbye.

*"Do you feel like a man when you push her around?  
Do you feel better now as she falls to the ground?  
Well I'll tell you my friend, one day this world's going to end  
as your lies crumble down, a new life she has found"*

Nung matapos ko na yung kanta, tumayo na ako sa pagkakaupo ko at pinatong sa may gilid malapit sa bintana yung gitara ko at babalik na sana ako sa higaan ko ng marinig ko ang isang sigaw mula sa baba ng bahay namin.

"MOMO!!!"

Tumingin ako mula sa bintana para makita kung sino ang tumawag sakin, pinunasan ko pa nga ang bintana ko dahil hindi ko makita ng maayos ang mukha ng taong tumawag sakin mula sa baba at labas ng bahay namin.

Nabigla ako at nakita ko si Sync na basang basa ng ulan, "MOMO! LET ME TALK TO YOU PLEASE!"

Bigla bigla ay may kumatok sa may pinto ng kwarto ko at pumasok si kuya Memo, "May baliw sa baba, hinahanap ka."

"Tulog na ako." dumiretso ako sa may higaan ko at nahiga dun at nagtaklob ng kumot.

"MOMO! PLEASE! MOMO!" naririnig ko ang mga sigaw nya kahit nakahiga na ako sa kama kaya naman pilit tinatakpan ko ang tenga ko ng aking mga kamay at pati na rin ng unan.

"Edi hayaan na lang natin syang magsisigaw sa baba." yun lang ang sinabi ni kuya Memo at dumiretso na sa may pinto ng kwarto ko, "Goodnight."

Pinatay nya na ang ilaw at sinarhan ang pinto ko. "MOMO!!!"

"Manahimik ka, manahimik ka. Wala akong naririnig." paulit ulit kong sinasabi sa sarili ko habang nakahiga sa kama ko at nakatago sa ilalim ng kumot ko. Mapapagod din sya kasisigaw, aalis din yan.

\*beep beep\*

Nabigla naman tuloy ako dahil nagvibrate yung cellphone ko na nakapatong sa side table ko, nakasilent kasi ito at nakavibrate mode lang. Sinilip ko ito at nakita kong tumatawag sakin si Aila kaya sinagot ko.

"Hello Aila?"

"Momo, sorry alam ko sinabi mo sakin wag sasabihin kahit kanino... ayaw sana kitang pangunahan pero nadulas ako kay Sync... nasabi ko sa kanyang buntis ka at sya ang ama..."

I'm not sure of what I feel right now. I don't want to repeat the same mistake of telling you I love you when it wasn't even true so right now I'll just tell you that you are special to me and I'll keep hanging on in this feeling because it feels great but it'll feel greater if you'll just forgive me but I know that's impossible but hey, it sounds fair right? That before I pushed you away when you love me, now it's your turn to push me away now that I feel something for you already. Atleast this way I'll know how much you have suffered being pushed away by the person you love.

I want you to be happy and I don't want you taking revenge and using your beautiful voice to a not so good reason... I like your voice, no let me correct that, your voice is a voice that will leave a listener voiceless. So please sing for a happy reason

like you always do, okay? In compensation, I quit in the band and I left. You won't see me again and I won't cause you pain anymore... I won't try to forget you, I'll take you as a lesson... I would never take a person for granted anymore because I'll never know if that person will mean to me in the future.

Forgive me Momo, I regret everything.

Please be happy, Momo. That's all I want now after making you cry.

I wish you find that person that will make you happy and will never ever take you for granted, your selfless love deserves someone way way better than me.

Please be happy, please.

- Sync

-----

Anytime pede ng mapunit itong letter dahil basang basa na ito ng mga luha kong kanina pang tumutulo habang binabasa itong sulat niya.

"Bestfriend, tahan na oh," pati si Aila naiyak na rin dahil sakin. Nagkaayos na kami, hindi naman daw ako matitiis ni Aila atsaka sabi niya hindi niya daw ako magagawang iwan sa gantong panahon na dumadanas ako ng paghihirap. At nagpapasalamat ako sa kanya kasi kung pati siya mawawala sa tabi ko, sino na lang iiyakan ko? Sino lang lalabasan ko ng mga nararamdaman ko? All I need right now is a friend's shoulder to cry on.

Alam niya na rin ang tungkol sa nangyari sa Syntax Error at nalungkot din siya dito. Inaasahan kong makakarinig ng mga sumbat sa kanya tulad ng "sinabi ko na sayo" o kaya "pinigilan kita pero anong ginawa mo" pero miski isang sumbat ay wala akong natanggap sa kanya. Inintindi ako ni Aila at dahil dun lalo akong naiyak, I'm a bad person and I deserve a bad treatment but it's the other way around kaya lalong naguguilt ako sa mga ginawa ko.

Nung galit ako hindi ko naiisip ang mga possibilites, wala akong pakelam nun sa mga pedeng mangyari, basta sarado lang ang isipan ko at ang gusto ko lang gawin nun ay ang maghiganti para mapawi ang sobrang sakit na nararamdaman ko. Pero ngayong nakita na ng mga mata ko ang resulta ng ginawa ko, unti unting nalulusaw ang galit sa aking puso at napapaltan ng matinding pagsisisi at kalungkutan.

Hindi kasi ako nakinig, nagpadala ako sa galit katulad ng sabi sa hula. Pero kung titignan hindi naman ito nangyari dahil sa hula kundi dahil din saakin. Hindi ako kontrolado ng kung anumang hula kundi kontrolado ko ang sarili ko kaya nasa saakin ang lahat ng paraan para mapigilan mangyari ang hula pero in the end mas pinili ko pa ring mangyari ito. Nagpadaig ako sa galit at ngayong nalusaw na ang galit ko sa puso, saka ko lang napagtanto na... mahal ko pa rin siya, nasaktan lang ako masyado at natakpan lang ito ng galit pero deep down... mahal ko pa rin talaga siya... mahal na mahal.

At ngayon wala na siya, this time it's not him who pushed me away... it's me who pushed him away, away from me.

\*\*\*

Nagdaan ang ilang araw, napagdesisyonan ko ng mag-quit na rin sa bandang Runaway at nag-drop out na rin ako sa school dahil sinabi ko na sa parents ko na ipagpapatuloy ko na lang ang pag-aaral ko sa may London kung saan andun ang mga grandparents ko at ipagpapatuloy ko na lang din ang pag-aaral pagkapanganak ko na rin. Hindi ko rin naman kasi makakayanang pumasok sa school na may lobong tiyan at sa sakit na nararamdaman ko ngayon parang hindi ko ata makakayanan na madagdagan pa ito ng sakit na mararamdaman ko sa mapangutyang mata ng mga tao at sa mga sasabihin nilang masasakit na salita.

Ang hirap ng mundo, ang hirap mabuhay kaya kung hindi ka magpapakatatag... talo ka.

Bago ako nagpaalam ay nakipagkita muna ako kay Kevin, sa lalaking alam kong kagaya ko ---na nagmamahal ng taong pinagtutulakan lang pero kahit ganun ay patuloy pa rin niyang minamahal. Parehas lang kami ni Kevin pero ayokong parehas din kami ng kahihinatnan, ayokong ulitin kay Kevin ang nangyari sakin. Tama na ang isang tao na lang ang makaramdam ng gantong sakit.

"Aalis ka na talaga?"

Tumango ako sa tanong niya, alam niya na ang tungkol sa naging desisyon ko kahit pati yung sulat ni Sync alam niya rin.

"Iiwan mo ako?"

"Oo, pati ang puso mo Kevin, iiwan ko dito. Ayokong sumama ang puso mo sakin," hinawakan ko ang kamay niya at nilagay ito sa may kaliwang dibdib niya kung saan nakalocate ang puso niya, "Leave an important thing to the right person."

Tapos binitawan ko yung kamay niya at ngumiti sa kanya, "And I'm not the right person, Kevin."

"Pero Momo---"

Hindi ko siya pinatapos at umiling na lang ako, "Kevin, gwapo ko, mayaman ka, sikat ka, mabait ka, mapagkalinga ka, sweet ka, very thoughtful at grabe... napaka-ideal guy mo at sigurado maraming babaeng nagkakagusto sayo kaya ano ka ba," hinampas ko pa siya ng mahina at pabiro sa may braso niya at tumawa kuno, "Don't waste your time on me!"

Hinawakan niya yung kamay ko matapos ko siyang hampasin sa braso, "Ayoko ng iba, Momo. Pwede bang ikaw na lang, please?"

"Pinahihirapan mo naman ako Kevin eh," nakangiwi kong sabi, "Aalis na ako at katulad ng sinabi ko sayo, hindi ko isasama ang puso mo sa pag-alis ko Kevin."

Dahan dahan kong tinanggal ang kamay ko sa pagkakahawak niya at tinignan siya ng diretso sa mga mata, "I tried to set my attention to you but attention is way different from love, Kevin. I just can't love you not because you're not enough for me, it's just that you're not him. And you know how much I love him, still. I don't want you to wait for me anymore, Kevin. You're a very special friend to me. I owe you a lot and that's why I don't want to hurt you in the near future."

"But by saying all of these, you are already hurting me."

"Alam mo ba ginagawa sa para magpa-vaccine?"

Nagtaka yung mukha niya sa bigla kong pagbabago ng usapan, "Huh? Nagpapaturok diba?"

"Yup, at alam mo ba kung anong tinuturok nila dun?"

"Tekang, paano ba tayo napunta sa vaccines?" naguguluhang tanong niya pero hindi ko siya pinansin at nagpatuloy lang sa sinasabi ko.

"Tinuturok nila sayo yung isang agent ng same microbe with the toxins ng disease na gusto mong iwasan at hindi makuha, alam mo kung bakit?"

"Ha? Ewan... ano, hindi kita ma-gets Momo."

Ngumiti ako sa kanya, "Kasi in order not to get sick, you must take a little part of the disease to get yourself immune and avoid getting the disease in the end. And that's what I'm doing right now, I'm vaccinating your heart right, giving you a little part of the pain so to avoid you from getting much greater pain in the future."

"I can't return back your love for me, I'm sorry Kevin. Let's remain friends?"

Huminga siya ng malalim at pinilit ngumiti, "I guess that's a better relationship than strangers, right?"

Tumango ako sa kanya at niyakap niya ako, "I'll try not to sneak my heart into your luggage when you go. I'll miss you."



And the next day, I left the country.

My grandparents accepted my condition and after 9 months, I gave birth to a healthy young boy and he kinda resembles Sync. I named him Blue, remembering the favorite gatorade color/flavor Sync likes.

Sync doesn't know about him because I told him that my pregnancy was a false alarm and he'll believe that the rest of his life but I think it's better that way... and I don't even know where in this world he is right now.

I have conquered the sadness and I am not filled with any anger anymore, just a little regret. I have already forgiven Sync in my heart a long time ago.

And my baby Blue is the rainbow after those storms in my life. He's my happiness, my everything. I became a single mom but that didn't stop me from continuing my studies, it's very important for me to finish studying for my future and also for the future of my son. For the meantime, my grandparents are taking care of Blue whenever I'm in school.

I took the Education course, I want to be a teacher so I can teach my future students what I have learned in life --- that anger will take you to revenge and revenge might be sweet but it's never the solution. And also, I'd want to teach my future students that love, no matter what circumstances, forgives.

This year I just finished my second year in school, I'm already 22yrs old and it has already been 4yrs since I last visited Philippines and I badly miss the sunny country. And so I decided to go back and pay a little visit, after all I miss my bestfriend, internet and chats are not enough for us for I can't feel her warmth and I can't hug her. - \_\_ -

Then there are also other people I want to see again.

2yrs ago, I got in contact with Ate Corrine, Zeke and Mirko. Nagmeet sila ni Aila nung bumalik sina Ate Corrine at Zeke sa Manila dahil uuwi pala si Mirko galing Italy. Kaya naman kinuwento ni Aila ang tungkol sa kin at sa paninirahan ko sa London at pati na rin sa baby kong si Blue. Alam na nila, ano pa ba dapat kong itago? Pero kahit sila nanghihinayang kasi kahit sila walang naging contact kay Sync eversince dahil miski numero ng telepono nito ay walang iniwan si Sync sa pagalis nito. He completely disappeared.

At dahil dun nagkakausap kami nina ate corrine, zeke at Mirko via chat and humingi na rin ako ng sorry sa kanila at nagawa naman nila akong patawarin right there and then. Naiyak pa nga ako ng makausap ko si Ate Corrine, I badly want to hug her that time.

Pero matapos ang iyakan session, natuwa naman sila at na-entertain na makita si Baby Blue sa webcam kasi nagko-crawl na siya at the age of 2... naiinip pa nga ako noon kasi ang tagal niyang lumakad pati magsalita, hanggang "mimi" pa lang ang nasasabi niya... "Mimi" as in "Mommy", ganun ang pagpo-pronounce nya at kahit i-korek ko ay ayaw niyang baguhin, hala edi "Mimi" na nga lang. Parang ang panget pakinggan pag pinagsama pangalan ko sa tawag sakín ng baby ko, just imagine --- Mimi Momo. Parang ba-be-bi-bo-bu lang eh. --

"BESTFRIEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEENDDDDDDDDDDDDDDDDDDDDDD!!!" malamang sa malamang, pagkatungtong na pagkatungtong ko sa airport at pagkakitang pagkakita sakín ni Aila ay gusto na akong sunggaban niyan at yakapin slash ipitin ng mahigpit pero hindi niya magawa dahil baka masuffocate sa kanya si Blue na karga karga ko. Nakakapaglakad nanaman ito kaso pagod sa biyahe kaya medyo inaantok pa kaya naman kinarga ko na, grabe nga feeling ko superwoman ako kasi bukod sa may karga na akong baby may suot pa akong backpack na may laman ng lahat ng chechebureche ng baby ko, alam nyo na mga diaper, gatas, pampalit, polbos at kung anu ano pa.

"Ito na ba si Blue, aba ang gwapo gwapo at ang cute cute talaga ng pamangkin ko," sabi ni Aila habang kinukuha niya sa kamay ko si Blue para kargahin niya din. Ginawa kong tita si Aila ni Blue kahit wala siya sa binyag, pede naman daw yun eh basta may substitute lang.

"Ilang taon na ito, 4 na diba?" pagtatanong ni Aila habang tuwang tuwang karga ang pamangkin.

"Yup, 4yrs old na pero bulol pa din. Mimi pa rin tawag sakin." - \_\_\_ -

Tinawanan ako ni Aila, "Hahahaha! Mimi Momo!"

"Che! Wag ka nga, pakigaya ka pa kay Blue eh." - \_\_\_ -

"Mimi... pokemon... pokemon..." natawa ako bigla kasi nagising na si Blue at kinukusot ang mga mata habang tinuturo si Aila, si Aila naman naguguluhan.

"Ano daw, pokemon?" pagtatanong sakin ni Aila.

Tawa pa rin ako ng tawa, "He means 'who's this pokemon' meaning who are you daw! hahaha! Napapanuod niya kasi sa tv yung pokemon at syempre alam mo naman mga bata pag may mga naririnig, kaya ayun for asking someone who is he or she, he'll just simply utter "pokemon" since he can't say the whole sentence yet."

Natawa si Aila after my explanation, "Aba, aba itong batang ito. I'm your aunt, Blue. Call me Tita Aila, okay? And I'm not a pokemon. HAHAHAAAA!" XD

"Girls, okay na yung mga gamit ni Momo sa kotse. So let's go?" biglang dumating si Mirko para yayain na kaming umalis ng airport. Siya kasi yung kumuha ng mga bagahe ko at naglagay sa kotse niya habang nagchichikahan pa kami ni Aila dito.

"Thanks Mirko, sige tara na." sabi ko habang nagdiretso na kami sa kotse ni Mirko. Siya kasi maghahatid sakin pabalik sa bahay kung saan may welcome party na ginawa ang parents ko.

"Ayan na ba si Blue? Such a cute boy, mana sakin, cute din!" nagdahan dahan ako ng lakad para nasa likod nila akong dalwa, sa likod nina Mirko at Aila habang karga karga pa rin ni Aila si blue at pinipisil naman ni Mirko ang pisngi ng anak ko. From behind, they look like a happy family. Nakakainggit tuloy, siguradong paglaki ni Blue maghahanap siya ng tatay pero ano na lang kaya ang sasabihin ko? Hanggang ngayon natatakot pa rin akong harapin yung araw na itatanong sakin ni Blue kung asan ang tatay niya.

Oo nga pala, hindi sina Aila at Mirko. They're just friends kaya magkasama sila.

Pero even if they both deny it, makikita mo naman sa mga mata nila na parehas silang inlove sa isa't isa kahit hindi nila aminin.

Namatay na yung kapatid ni Aila na si Viency 2yrs ago, nag-undergo ito sa isang operation dahil lumalala na ang fracture sa ulo nito at hindi lang hearing sense nya ang nadadamay pati na rin ang eyesight niya at sobrang nanghihina na rin ito kaya nagdecide silang ipa-opera na ito but unfortunately hindi naging successful ang operation and she died.

I was so sad I wasn't able to go back in the country to comfort Aila dahil nung mga panahong yun I was taking my midterm exams and chances of going back was so little so I was just left comforting her on the computer screen.

Pero hindi lang si Aila ang nagsuffer sa pagkawala ng half sister niya kundi pati na rin si Mirko dahil nga mahal ni Mirko ang half sister ni Aila. And because they both lost someone important to them, they became each other's shoulder to lean on... and because of that, Mirko learned to move on and so is Aila with the lost of her half sister.

Thing is... in the process of comforting each other, they felt a greater feeling for each other. Actually si Aila matagal nanaman siyang may gusto kay Mirko pero sinubukan niya ng ibaon sa limot ang nararamdaman para magparaya dati sa kapatid pero dahil nga sa comforting stage na dinaanan nila ay bumangon ulit ang nararamdaman niya para kay Mirko and it even grew bigger.

On the other side, Mirko learned to look at Aila's eyes for real. He learned to see Aila as AILA herself and he fell inlove. He confessed it to her and asked her if he can court her but Aila rejected him because she's too afraid that he doesn't see her as HER.

Na-traumatized na kumbaga si Aila, hindi niya na magawang maniwala kung totoo pa ba sinasabi ni Mirko. She's afraid of getting hurt again that's why she doesn't give Mirko any chances anymore. Pero sabi ni Mirko, he won't give up, if it takes a lifetime for him to prove to her that he really loves her for real this time, he'll do it.

Kaya ayun, 2yrs ng nanliligaw si Mirko kay Aila. Actually illegal nga panliligaw niyan eh, hindi nga siya pinapayagan ni Aila pero nangungulit pa rin ito. Pero sa tingin ko nanaman, nawawala na unti unti ang doubt ni Aila sa true feelings ni Mirko at konting konti na lang magiging happily ever after na rin sila.

Buti pa sila noh? Konting tulak na lang happy na.

At ang pinakamaganda pang balita sa lahat ay hindi lang sila ang magiging happy na kasi kaya talaga ako umuwi dahil invited ako sa isang kasal.

IKAKASAL NA SINA ATE CORRINE AT ZEKE!

Awww. Finally, ikakasal na rin yung dalwang yun. Sa hinaba haba man nga daw ng mga napagdaanan, ayan ngayon sila at ikakasal na. I'm so happy for them. <3

At si manager Ree? Ayun, happy family na sila ni manager Luke. May anak na nga din silang babae eh, magtu-two years old na. Nagkaayos din yung dalwa, actually nagbago na si manager Luke at nagsorry na rin siya sakín at gustuhin man daw niyang magsorry sa kapatid ay kahit siya walang ideya kung asan kaya ito ngayon.

Talagang wala ng nakarinig pa kay Sync pamula noon.

Haay, aaminin ko na hanggang ngayon ay siya pa rin.

Kahit nakalimutan na ng mga tao ang Syntax Error dahil sa mga ibang bandang nagsulputan, para sakín buhay pa rin sila sa isipan ko. Masakit pa rin hanggang ngayon para sakín na ako talaga yung naging dahilan ng pagkawala nila, kahit ba sabihing hindi naman na galit sakín ang mga miyembro ay hanggang ngayon nasasaktan pa rin ako at hindi matanggap ang pangyayaring iyon.

Move on.

I tried but it's not as easy as you think.

Two words is completely different from a hundred of memories and a thousand of regrets.



"Oh Momo, natutulala ka diyan!"

"H-ha?" nabigla ako nung tawagin ako ni Aila mula sa front seat ng kotse habang nasa likod ako ng kotse katabi si baby Blue na natutulog nanaman ulit.

"Haay naku, gutom ka na noh? Hayaan mo at marami naman handa kaming ginawa sa bahay mo. Naku, andaming nakamiss sayong bruha ka!"

Nginitian ko lang siya, "Talaga? I can't wait."

Tapos sumandal ako sa may bintana at tumingin sa labas.

"ibwa geogi, dangsin ap-e baeg beon jeondalhal su issseubnida?" ♪

Habang nakatingin ako sa may labas ng bintana ng kotse ay narinig kong tumugtog ang radyo ng kantang hindi ko maintindihan, sa ibang lenggwahe ata eh.

"Teka, ano ba yang tinutugtog sa radyo? Bakit iba ata lenggwahe? Alien na ba mga singers satin ngayon?" pagtataka ko.

Natawa silang dalwa, "Hindi Momo, korean song kasi yan. Uso na kasi satin mga korean songs, nasasapawan na nga mga opms eh."

"Ay ganun? Eh ano ba yang kanta na yan?" tinutukoy ko yung kantang tumutugtog currently sa radio.

"Hear Me by MC." ngumiti sila sakin.

"Oh." yun lang yung nasabi ko.

Nakarating rin naman kami sa bahay, party party at grabe ang salubong ng mga tao sakin. Sobrang nakakamiss silang lahat. Sayang wala na si kuya.

\*\*\*

After 3days ng pagbabalik ko, niyaya ako ni Aila na maggala gala sa may mall na malapit. Sabi niya bonding day man lang daw namin after so many years of not seeing each other edi ayun pinagbigyan ko ang bruha since miss ko na rin naman siya. Kasama namin of course ang baby ko, I can't bear to leave Blue, he's my treasure. >\_<

Kung saan saan kami nakapunta, shopping dito shopping dyan. Grabe para kaming galit sa pera kung makagastos. -\_\_\_-

Di bale na paminsan minsan lang naman eh. XD

"Saglit lang Momo ah, may papakinggan lang ako." pumunta si Aila dun sa isang pila ng mga CD's at may pinakinggan dun. Nasa Odessey kasi kami ngayon, alam mo na nagtitingin tingin ng mga magagandang CD na mabibili. Ganto lang talaga kami kahit may internet na at downloadable na free songs ay mas pinipili pa din namin bumili ng CD dahil sa tunay na fans talaga kami ng music.

Ako naman hawak hawak ko si Blue sa kamay ko habang nagtitingin tingin ng CD's. Medyo nawiwirduhan nga ako kasi puro korean songs na lang ang mga nakikita ko, ganto na ba kauso mga korean songs sa Pinas? Wuu.

Pero habang nagtitingin tingin ako ng CDs, nakita ko sa isang CD na may album title na "HEAR ME" tapos nakalagay dun picture ng isang lalaki na nakatalikod at nakalagay sa pangalan niya ay MC. Bigla bigla naalala ko yung napakinggan ko sa radio, ito rin yun eh.

Sinubukan kong isalpak sa pakinigan ng CD dun sa Odessey iyong CD na iyon at pinakinggan ko. Number 1 sa album yung kanta mismong "HEAR ME" na siyang mismong title na rin ng album.

"Hmmm..." napapapikit ako habang nakahawak ang isang kamay ko sa may headset at pinapakinggan yung kanta. Nagagandahan ako kahit hindi ko naiintindihan yung kanta.

Yung boses kasi nung kumakanta... it makes me remember of someone...

Kaparehas siya ng boses ni Sync.

And the melody of the song? It's very familiar to me tho hindi ko lang talaga maintindihan yung lyrics kasi naman korean.

Pero naiinlove ako dun sa boses, alam kong imposibleng maging si Sync ito pero ang sarap iimagine na naririnig ko ulit ang boses niya. Simula rin kasi nun I didn't dare to listen to his songs anymore dahil alam kong mas made-depressed lang ako pag naalala ko ulit siya.

Pero this time... how it feels good to hear a voice like his.

"Momo!"

"Ay kabayo!" nabigla naman kasi ako dahil habang nakikinig ako bigla na lang akong tinapik ni Aila sa balikat, nakabalik na pala siya hindi ko tuloy namalayan.

"Anong pinapakinggan mo?" pinakita ko yung CD, "Ah yung Hear Me? Hehe. Type mo? Sikat yan satin ngayon, number#1 rank niyan sa mga korean songs na namamayagpag dito sa Pinas."

"Wow, talaga?"

"Yup, actually dahil sa sikat na sikat siya dito sa Pinas ay nakapagdesisyon ang company nila sa Korea na magheld ng concert dito, sa Saturday na nga iyon eh. You want to go?"

"Ha? I like the music kahit hindi ko naiintindihan but I think I'm not interested na manuod ng concert ng isang singer na hindi ko pa naman gaanong nakikilala ang mga kanta. Saka hindi naman ako fan ng korean songs, ngayon nga lang ako nakarinig eh. Hindi naman kasi trend yan sa London."

"Ano ka ba, okay lang yan Momo. Try mo lang, pogi yung singer! HAHAHAHA!" luka luka talaga itong babaeng ito, nawala lang ako natuto ng lumandi at pogi na ang hanap. - \_\_\_ -

"Pero kidding aside Momo, actually fan kasi ako niyan eh. May concert ticket na nga akong nabili para sa Saturday." :D

"Nyeeee. Adik ka oh."

"Sadya! hahaha! Sumama ka sakin Momo, please?"

"Ayoko nga,"

"Parang sasamahan mo lang ako, libre naman kita ng ticket eh, pleaseeeee?"

"Kahit sasamahan lang kita Aila ay hindi pede, hindi ko maiiwan si Blue nuh! Walang magaalaga."

"Edi isama mo!"

"Oy ano ka ba, concert yun edi hello, puyatan yun? Hindi pedeng mapuyat itong bata!"

"Jusme naman Momo, edi uuwi na tayo before ten pm okay?"

"Edi parang nagaksaya ka lang ng ticket?!"

"Dali na kasi Momo, andun naman si Mirko, ihahatid niya na lang kayo pauwi pag inaantok na si Blue."

"Eh andun naman pala si Mirko, edi may kasama ka na pala bakit pinipilit mo pa akong sumama sayo." - \_\_\_ -

"Dali na kasi Momo, ang KJ mo naman nagkaanak ka lang. Sige ka magtatampo ako sayo, ayaw mo naman kasi ata akong kasama." - \_\_\_ -

Ay ang bruha, dinnaan ako sa drama. - \_\_\_ -

"O sige na nga, basta pag inantok na si Blue, uuwi na kami ha!" ayan, in the end wala na akong nagawa kundi pumayag. Pupunta ako sa concert ng isang Korean singer na hindi ko naman kilala, what the. - \_\_\_ -

\*\*\*

I don't know why, even before the night of the said concert, I kept on listening to that same Korean song "Hear Me" even if I don't understand a fig. The song is just so soothing that it warms my heart for unknown reasons. Nawiwirduhan na nga ako sa sarili ko, ito ba effect ng korean songs na kahit hindi mo naiintindihan ay napapamahal sayo kaya ba sumikat ng ganto ang mga korean songs sa pinas? Feels so weird.

O siguro kaya ko lang ito pinapakinggan ay para naman makarelate ako kahit konti sa concert night? Ay ewan. Nakakabaliw, kahit nga si Blue tuwang tuwa na pakinggan yung kanta. Hala palibhasa kasi bata, kahit ano gusto pakinggan, pag nakahiga nga kami sa kama at nakikinig ako dun sa kanta gamit ang mp3 ko(na-download ko via internet saka na ako bibili ng cd pag nagustuhan ko talaga) ay ka-share ko si Blue sa headset ko at tuwang tuwa siyang makinig yung kanta at minsan ito yung nagpapatulog sa kanya.

\*\*\*

The night of the concert, grabe hindi ko expect na andaming fans nitong MC, yung singer ng Hear Me. Naku-curious tuloy ako sa itsura niya kasi sa labas andami niyang concert posters pero puro nakatalikod naman, shy ba siya masyado at ayaw ipakita ang mukha? - \_\_\_ -



"Wait, Aila, diba dito ang entrance?" pagtuturo ko sa may entrance ng concert hall kasi sa ibang landas kami naglalakad, parang papunta sa likod ng concert hall. -\_-

"Yup, we know pero may VIP tickets ako kaya sa backdoor ang daan natin so we could have a chance to have an autograph with MC."

"VIP tickets? Bakit meron kayo niyan?" O\_\_O

"May raffle draw kasi dati eh nanalo ako, kaya may VIP tickets ako. BWAHAHAHA."

"Nye, baka ikaw lang pede pumasok sa back door kasi ikaw lang naman nanalo, baka bawal kami. Dun na lang kami sa may entrance dadaan."

"Hindi, okay lang yan ano ka ba," bigla niya akong hinigit sa may kamay ko, "I can bring daw a friend with me at sigurado pwede na rin yan si Blue. Tara dali!"

Wala na akong nagawa kundi sumunod kay Aila sa backdoor ng concert hall, may naalala tuloy ako sa backdoor thingy. I used to enter here... yung concert night noon ng Syntax Error, I'm pretty sure na ito rin yun same place and that's the same back door I tried entering that night. Suddenly I felt sad by remembering a funny memory.

Nung nasa loob na kami, pinaghintay muna kami dun sa isang tabi sa may backstage habang inaantay namin si MC daw para sa autograph ni Aila. Ay loka lokang babae talaga ito, adiktus na dun sa MC na yun kung sinuman iyon. Bukod daw kasi sa The Script, ito na daw favorite nya. -\_-

Habang nagiiintay kami ay nakikipagdaldalan ako sa kanya habang katabi ko si Blue sa upuan, naglalaro lang yung bata ng paa niya, pasway sway yung paa niya habang nakaupo at pinagmamasdan niya iyon kaya relax lang akong nakikipagdaldalan kay Aila pero habang nakikipagdaldalan ako kay Aila...

"Momo, asan si Blue?" biglang tinuro sakini ni Aila yung upuan ni Blue na nasa tabi ko lang. Pagtingin ko ay wala na dun yung baby ko, nabigla ako, kakadaldal ko kay Aila hindi ko na napansin nakaalis na pala si Blue.

"Hala Aila, asan yung anak ko!" nagsisimula na akong magpanic. I can't see my baby! Katabi ko lang kanina yun eh!

"Wait, calm down Momo. He got to be here somewhere here, hanapin natin let's asks around. Maghiwalay tayo, dito ako sa parteng ito dun ka naman sa parteng yan. Magtanong tanong ka sa mga staff along the way na baka may nakita silang bata. Calm down okay, mahahanap natin si Blue."

Tumango ako at naghiwalay na kami ni Aila, nagsimula na akong maghanap hanap.

"May nakita po ba kayong batang ganto kaliit, mga 4yrs old po, hindi po mataba ni mapayat tama lang, tapos maputi at matangos ang ilong. Naka-blue shirt siya at nakawhite shorts tapos may backpack siyang cookiemonster ang design, baka po nakita niyo?" paulit ulit ko ng tanong yun sa bawat staff na makakasalubong ko.

"Ah oo ata, parang dun siya tumakbo kanina sa parteng yun," sinundan ko ng sinundan ang mga direksyong tinuturo nila saakin. Nagtataka nga ako eh, alam na nilang may batang pakalat kalat sa backstage eh bakit hindi pa nila pinigilan at kinuha? Atleast man lang that way makukuha agad siya pag may naghanap diba? Arghh.

"Ah, nakita ko ata na nagpunta dun," nagtanong ulit ako at tinuro ako na magdiretso pa ng konti.

"Dyan po?" pagtatanong ko ulit.

"Yeah, direktso ka lang, buksan mo yung pinto ineng," tinuro niya saakin yung pintong nakasarado, "May kumuha sa kanya eh tapos binuksan yang pintong yan at pumasok. Baka andyan sila sa loob, pasok ka lang."

"Ah salamat po."

Tumakbo agad ako dun sa may pinto kasi kinabahan ako ng marinig kong may kumuha daw kay Blue na ibang tao, hala sino kaya iyon? Sana safe and trusted person, hindi sana kung sino sino. Ano ba yan, ayaw kong may mangyaring masama sa anak ko. >\_\_<

"Blue!" sumigaw pa ako nun pagkabukas ko ng pinto pero nabigla na lang ako nang pagkabukas ko ng pinto ay nakapunta na pala ako sa may stage ng concert hall...

Yes, after the door is the stage.

And when I shouted for Blue's name, everyone heard me dahil tahimik lang lahat ng audience which is very weird kasi concert nga ito diba?

"Mimi!" pero hindi pa man ako nakakabawi sa shocked ko na mapunta sa mismong stage ay nakita ko si Blue sa may gitna ng stage at tinatawag ako, hawak hawak niya yung kamay nung isang lalaki na nakatalikod saakin at nakaluhod kay Blue para mapantayan ito.

"Mimi, mimi!" tinatawag ako ni Blue at tinuturo yung guy na hawak hawak niya ang isang kamay, "singer... cellphone... singer! Mimi!"

Pabulol bulol yung pagsasalita ni Blue pero naintindihan ko yung sinabi niya, tinuturo niya yung guy at sinasabing ito daw yung kumakanta na naririnig niya sa cellphone ko gabi gabi kasi nga diba pinapakinggan din ni Blue yung "Hear Me"?

Pero bakit kasama niya si Blue at hawak niya pa ang kamay nito?

"Ah ano..." magsasalita pa lang sana ako para bawiin yung anak ko kaso hindi pa man ako nakakapaglakad palapit ay nabato na ako sa kinatatayuan ko dahil bigla bigla sa may big screen sa may stage ay nakita ko ang mukha ko dun sa video na nagpeplay sa big screen sa stage...

yung video ko na kumakanta...

NOW PLAYING: Hear Me

(Lyrics written by HaveYouSeenThisGirL. Lyrics edited, rearranged, sang and played by Kathryn Donato or idolizeayel of youtube. Isn't she cool? She's my idol. \*u\* <3)

Author's note: Listen to the song here: [http://youtu.be/Ai3xLeDQ\\_9Y](http://youtu.be/Ai3xLeDQ_9Y)

or if a wattpad reader, view the video in the right side --->

"hey there, can i passby a hundred times in front of you?

atleast that way you might notice that I exist

but then can I also smile at you

so you can smile back at me?"

I remember that video especially that song.

That's the night I sang my dedicated song for him... for Sync.

"hey hey, listen i have something to say

your smile makes me happy

your voice makes me sing, sing, sing...

i've been always looking at you from afar

trying to catch your attention but you're surrounded by many

that no matter what i do i'll always end up here looking and dreaming for you"

Wait. Bakit pine-play ito sa concert screen? Teka, anong meron? Saka bakit may kopya sila ng video na ito? Si Sync lang ang may kopya nito dahil siya lang ang kasama ko nung gabing yun nung i-record niya ito... sa cellphone niya lang ito naka-record...

unless...

"hey hey, listen i have something to say

your smile makes me happy

your voice makes me sing, sing, sing...

You're the perfect reason to be inspired

Let me dream that one day you'll also look at me the way I look at you

Because boy, let me tell you this heart says I love you

(this heart says i love youuuu)"

Bigla bigla tumayo yung lalaking nakaluhod at nakahawak sa kamay ni Blue, kinarga niya si Blue at narinig kong sinabayan niya yung pagkanta ko sa video pero sa ibang lenggwahe... kinakanta niya yung "Hear Me" na korean song...

ngayon ko lang napagtanto... magkatono yung kanta ko at sa kantang Hear Me.

Ito ba yung dahilan kung bakit parang familiar na siya agad sakín kahit sa unang pakinig ko pa lang at kung bakit gusto ko syang pakinggan palagi kahit hindi ko maintindihan?



Kasi iba man yung language ng dalwang kanta ay parehas lang sila ng tono. And his voice, it connected me to the song.

"Unheard feelings I can't bear anymore

What should I do for you to hear them?

I think I need a loudhailer for you to hear me

To hear me what I'm saying"

Pero mas nabigla ako ng humarap sa kin yung singer ng Hear Me....

"OMG." napatakip ako ng bibig ko gamit ng aking dalawang kamay. Hindi ako makapaniwala sa taong nasa harap ko habang karga karga ang baby ko at kumakanta sa harapan ko.

"hey hey, listen i have something to say

your smile makes me happy

your voice makes me sing, sing, sing...

You're the perfect reason to be inspired

Let me dream that one day you'll also look at me the way I look at you

Because boy, let me tell you this heart says I love you

(this heart says i love youuuu)"

Unti unti ay nagpapatakan ang mga luha saking mga mata... palapit siya ng palapit sakin.

"let me tell you this heart says I love you

(this heart says i love youuuu)"

Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko, iyak na iyak ako dun. I have Sync in front me, walking to me and singing along with my song in the video. He actually saved that video in his phone? I can't believe it.

"Because boy, let me tell you this heart says I love you

(this heart says i love youuuu)

Because boy, let me tell you this heart says I love you

This heart will always say that I love you."

The video ended and so is my song for him. Tumahimik ang lahat, nakakahiya nga kasi maririnig ang hikbi ko sa sobrang katahimikan.

"Mimi, why crying?" nagtataka si Blue habang karga karga siya ni Sync.

Wait... alam na ba ni Sync ang tungkol kay Blue?

Teka naguguluhan ako... diba sabi ni Aila fan daw siya ni MC which is actually Sync pero bakit hindi niya sinabi agad sakin? Atsaka siya ang nagyaya sakin sa concert na ito... does that mean may alam sila?

"BECAUSE GIRL, LET HIM TELL YOU HIS HEART SAYS HE LOVES YOU.

BECAUSE GIRL, LET HIM TELL YOU HIS HEART SAYS HE LOVES YOU.

BECAUSE GIRL, LET HIM TELL YOU HIS HEART SAYS HE LOVES YOU."

Yung katahimikan ay napaltan ng chants from the audience, kinakanta nila yung part ng lyrics ng kanta ko na ini-edit nila into a view na parang sakin nila sinasabi yung lyrics. Nangunguna sa pag-chant slash pagkanta ay yung isang grupo sa may unahan, napansin ko na andun ang tatlong miyembro ng ex-Syntax Error, andun din sina manager Ree at manager Luke at si Aila andun din at nagta-thumbs up sakin at pati ang Runaway... si Kevin andun din at nakangiti sakin, encouraging me to face Sync. May alam sila... sila ang nagplano kaya nito?

"Momo," nabigla ako ng magsalita si Sync.

"4yrs of missing you, is that enough to be forgiven?" ibinaba ni Sync si Blue mula sa pagkakarga niya, "This boy here... is it ours? It wasn't a false alarm, right? You just didn't want to tell me about him."

Hindi ako makaimik, I'm too flooded with emotions. Bigla bigla ay lumuhod siya sakin at inabot ang kamay ko, tears start to fall in his eyes too. Binitawan niya yung mic at habang nakaluhod ay hinalikan niya ang mga kamay ko at tumingala sakin, "A second chance is what I ask. Please marry me and I promise to court you forever."

There is no room for anger nor rejection anymore. I know that we have both suffered long enough for the wrong deeds that we have done and I also know that we have both repented on it already so... I kneel to him to reach his level and look at him in the eyes, "This is the last chance, break my heart again and that's gonna be the end."

Nagliwanag ang mukha niya, "Does that mean..."

"Yes." ngumiti ako sa kanya.

"You!" nabigla kaming parehas kasi biglang sinuntok ni Blue si Sync sa may balikat nito pero syempre mahina lang yung kasi bata pa naman ito, "Why you make Mimi cry? Bad, bad."

Natawa ako kay Blue at hinigit siya palapit sa akin para mayakap ko, "Yeah, that's my baby. Protect me when daddy hurts Mimi."

"Daddy?" nagtataka si Blue.

Lumapit si Sync kay Blue at hinalikan ito sa noo, "Hi Blue, I'm your daddy and I swear I won't ever hurt your mommy again."

Matapos nun nakarinig na lang kami ng malakas na palakpakan mula sa mga audience sa concert hall, a joyous clap for a happy ending.

Hindi rin naman naglaon ay dumating na yung araw ng kasal namin ni Sync, syempre pinauna muna namin yung kasal nina ate Corrine at Zeke and the week after their wedding naman yung amin ni Sync. Sobrang balita nga sa tv yung nangyari sa concert night. It so happens pala na noon palang alam na nina Aila at ng other former SE members kung nasaan si Sync, nagstay pala ito sa Korea para magtry na kalimutan ako. He met a friend na naglead sa kanya sa Korean entertainment, naging recording artists din siya dun, kahit saan talaga habulin siya ng "music". He started composing songs... actually yung

songs pala lahat niya ay dedicated sakin. Yung pangalan niya sa Korean music industry is "MC" because it stands for my name's initials Momoxhien Clarkson. Then yung pinakanaging hit niyang song ay yung Hear Me, which was actually my song I dedicated to him a long time ago and apparently he just translated it into Korean and he changed the "boy" and "he" parts of the lyrics to "Girl" and "she". Kaya pala sikat din siya sa Pinas kasi nga diba former singer rin naman siya sa bansa? They all tried to kept his comeback here in the Philippines as a secret to me, hindi sila nagcommercial ni naglagay ng mga posters ng itsura ni Sync sa pagbalik ko. All was planned. Ni hindi nga nila ito ininterview sa tv para maiwasan na makita ko pati nga poster ng albums niya ay nakatalikod siya para daw masurpresa nga ako sa planong nakalaan para sakin nung concert night na yun. Sinadya pala nilang kunin si Blue saakin nun nung nakikipagusap ako kay Aila sa backstage para ma-lead daw nila ako papuntang stage ng concert hall.

Haaay. In the end talaga, no matter what, love will lead you to where you should be.

"Momoxhien Clarkson," humarap saakin si Sync as he reaches for my hand and he slowly put the ring on my finger, "I give you this ring, wear it with love and joy. I choose you to be my wife, to have and to hold from this day forward for better or for worse, for richer for poorer, in sickness and in health, to love and to cherish as long as we both shall live."

Napangiti ako, gusto kong umiyak dahil sa saya pero that will ruin the make up. Pero masayang masaya talaga ako... I know that today is not a dream anymore, and I don't intend to dream nor escape this reality because finally my reality is better than my dreams.

"Sync Mnemosyne," it's now my turn to reach for his hand and put the ring on his finger, "I give you this ring, wear it with love and joy. I choose you to be my husband: to have and to hold, from this day forward. For better, for worse, for richer for poorer; in sickness and in health; to have and to cherish, as long as we both shall live. And hereto, I pledge you my faithfulness to show to you the same kind of love as Christ showed the Church when He died for her, and to love you as a part of myself because in His sight we shall be one."

And as the priest announces, he kisses his bride... he kisses Mrs. Momoxhien C. Mnemosyne. And I would no longer fear the day Blue Mnemosyne will asks me who his father is because I now have my answer, Sync Mnemosyne.

After all those pains is happiness that can't be replaced.

They say when everything is not going right yet, it's not yet the ending. So today everything is already going right but I know that still, this is not the ending yet for our story just started. But no matter what circumstance we're gonna face in the future, as long as I have Sync and Blue with me, I would be ready to face anything.

My feelings finally reached the person that should hear them. I am no longer voiceless.

\*\*\*



"Happiness sometimes is not for everyone for as someone smiles, there will always be another someone weeping for those smiles. In order to have a balance in this world, one must suffer as one is happy."

- KEVIN SY'S UNHEARD VOICE -

"Hindi ka papasok sa loob?" tanong sakín ni Denver.

"Hindi na."

"Invited ka naman sa kasal ah?" nasa may tapat lang kasi kami ng pinto ng simbahan na nakasarado as the ceremony proceeds. Nakaupo kami dun sa mga 3-step stairs at naninigarilyo.

"So?" yun lang sinabi ko sabay hithit ko sa sigarilyo.

"Pa-so so ka pa dyan, sipain kita diyan eh."

"Bibig mo, linisin mo nga. Nasa tapat ka ng simbahan tapos sasabihan mo akong sisipain mo ako. Magtino ka nga, makasalan ka na masyado Denver." pang-aasar ko dito.

"Sus, nagsalita ang naninigarilyo dyan sa tapat ng simbahan."

Kumunot noo ko, "Kelan pa naging kasalanan paninigarilyo? Tantanan mo nga ako, baluga ka talaga."

"Abnormal," inagaw niya sakín yung sigarilyo sa bibig ko at tinapon sa sahig at inapakan.

"Hoy! Bastos 'to ah, bakít mo inapakan! Anak ng!"

"Dude, you don't used to like smoking so wag kang trying hard."

"Trying hard mo mukha mo, I now smoke!"

"Well yeah, para ikalma yang nararamdaman mo? Dinadaan mo sa paninigarilyo? Dude, masama sayo yan. Mabuti pa mag-inom na lang tayo!" inabot niya ang braso ko at pilit akong tinayo at kinaladkad paalis sa may simbahan.

"Ulol, manigarilyo at uminom parehas lang yun!"

"Okay lang yan, minsan lang tayo iinom! Itigil mo na yang paninigarilyo, it won't help! Magpakalunod na lang tayo ngayon! Wuuu! Inuman time pare!" pasigaw sigaw pang sabi ni Denver.

Sinapak ko nga ito dahil ang ingay, "Manahimik ka nga, ang lakas ng boses mo kita mong may seremonyas dun sa loob ng simbahan!"

"Eh malayo nanaman tayo eh!" sabagay, nakalapit na kami sa kotse ni Denver at medyo malayo na nga sa simbahan.

"Tara na dude!" binitawan niya na braso ko at sumakay na sa kotse niya, sasakay na rin ako sa may passenger's seat pero bago ako tuluyang pumasok ay lumingon muli ako sa may simbahan...

4yrs ago, I fell inlove with a girl and up until now nothing changed, I'm still inlove with her.

"Congratulations, Momo. I wish you happiness," sabay sakay ko sa kotse ni Denver. I guess she's never meant to be mine and it hurts a lot.

Now that she's happily married and with a happy family with their baby boy, maybe it's time for me to remove all hopes and just move on.

Mag-iinom? Maybe that'll help me drown my feelings for her.

I want to drown those feelings... those feelings I know will remain forever....

**...Voiceless.**

No one will care to listen.

Para sa lahat ng nagbasa,

Hinihingi ko lang po ang pang-unawa ninyo na wag sanang ipakalat, ipamigay o ipost sa ibang sito ang storyang ito. Wag nyo po sanang angkinin ang gawa at pinaghirapan ng iba. Sana po respetuhin nyo ang kwento at ang manunulat nitong storyang ito. Kung gusto nyo po syang ipamahagi sa kung anumang paraan, humingi po sana kayo ng pahintulot sakin.

Ang kopyang ito ay kinopy-paste ko lang sa kopyang meron ako sa wattpad. Wala na po akong oras para basahin ito at isa-ayos. Kung may mga typo o kung anumang uri po ng error, hinihingi ko na lang po ang paumanhin at pang-unawa ninyo.

Salamat po sa mga nagbasa. Sana po nagustuhan nyo at nagenjoy sana kayo. Wag nyo po sanang kakalimutang magleave ng message o kaya mag-comment sa aking sito. Pwede rin po kayo maglike ng fb page ko kung saka sakali.

Website: [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

Facebook page: <http://www.facebook.com/haveyouseenthisgirlstories>

Twitter: <http://twitter.com/diarynidenny>

Ayun po. Suportahan nyo rin po sana ang iba kong stories. I love you all.

- Denny / Haveyouseenthisgirl